

# HEBREO

# Sa Loob ng Tabing

***ni: Dr. Brian J. Bailey***

Isinaayos ni: Paul G. Caram

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# PAG-AALAY

Sa ating minamahal na Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo na Siyang nagbukas ng daan para sa atin upang makapasok sa loob ng tabing sa dakong Kabanal-banalan kasama ng Diyos.

At sa aking mahal na asawa na si Audrey, na ngayon sa lahat ng panahon ay nasa loob ng tabing kasama ng kanyang minamahal na Panginoon.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# MGA PAGKILALA

Nais naming ipaabot ang aming pasasalamat sa mga sumusunod:

**Kay Brian Alarid—**para sa napakahusay niyang tulong sa pagpatnugot at pagsasaayos ng manuskrito ng aklat na ito.

**Kay Bonnie Cooper—**para sa maraming oras na inilaan niya sa pagsasalin ng 1983 at 1993 na pagtuturo sa silid-aralan ng aklat ng Hebreo.

**Kay Betsy Caram, Sharon Miller, Joyce Palmer, Mary Humphreys, Leslie Sigsby, Lois Kropf, Judy Danielson, Suzette Erb, Kevin Womack—**para sa kanilang napakahusay na mga huling pagwawasto sa aklat na ito.

**To Reverend Joseph Cilluffo—**para sa napakaganda niyang pagkulay sa pangharap na pabalat.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

# PANIMULA

Masayang pagdating sa pag-aaral ng Sulat ni Pablo sa Mga Hebreo. Ang magiging tema ng ating pag-aaral ay “Sa loob ng Tabing.” Samakatuwid, ang ating pinakalayunin sa pag-aaral na ito ay hindi lamang maunawaan ang mensahe sa mga Hebreo, kundi upang *maranasan* ito. Ang temang *Sa loob ng Tabing* ay napakamahalaga. Ang tabing ay may kaugnayan sa tabernakulo ni Moises na binubuo ng tatlong mga seksyon—ang panlabas na dako, Dakong Banal at pagkatapos ay ang dakong kabanal-banalan kung saan nananahan ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang tabing ang naghihiwalay sa dakong banal mula sa dakong kabanal-banalan. Ang tabing na ito ang pumipigil sa mga tao mula sa pagpasok sa kabuuan ng presensiya ng Diyos.

Sa Lumang Tipan tanging ang punong saserdote lamang ang makakapasok sa loob ng tabing—minsan sa isang taon sa Araw ng Pagbabayad-sala. Ang Banal na Espiritu ay ipinahiwatig sa pamamagitan ng tabing na ito na ang daan patungo sa presensiya ng Diyos ay hindi pa nabubuksan. Habang ang Lumang Tipan ay may bisa pa, ang daan patungo sa dakong kabanal-banalan ay hindi pa nahahayag.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang tumigis na dugo ng Panginoong Jesu-Cristo ay kinakailangan upang mabuksan ang daan para sa atin upang makapasok sa loob ng tabing sa pinakapresensiya ng Diyos mismo. Ito ang pangunahing tema ng Hebreo, at ito rin ang dahilan na sagrado ang sulat na ito. Ang sulat sa mga Hebreo ay ipinapakita sa atin kung gaano kadakila ang bagong tipan kaysa sa lumang tipan.

## *May-Akda*

Ang unang nagiging katanungan kapag dumadating tayo sa Hebreo ay: Sino ang may-akda? Ang Hebreo ay hindi katulad ng lahat ng iba pang mga sulat na ang pangalan ng manunulat ay hindi nakalagay. Sa kadahilanang ito ay lumitaw ang haka-haka patungkol sa may-akda nito. Sa pangkalahatan, ipinapalagay na si Apostol Pablo ang manunulat ng Hebreo, ngunit ito ay hinahamon ng ibang mga iskolar ng Bibliya para sa maraming mga kadahilanan.

Bukod sa kawalan ng karaniwang pagbati ni Pablo, pinagtatalunan din na ang paraan ng Hebreo ay hindi natutulad sa ibang mga sulat ni Pablo. Gayunpaman ang mga pamamaraan ng Pahayag at III Juan ay naiiba rin, kahit pa na ang mga ito ay isinulat ng parehong may-akda. Sa pagsasantabi ng mga pagtutol na ito, sino pa kaya ang maaaring sumulat ng Hebreo kundi si Pablo? Tinatanggap naman na walang ibang may-akda sa Bagong Tipan, maliban kay Pablo, ang maaaring may kakahayang isulat ito.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Isaalang-alang natin ang iba pang mga manunulat ng Bagong Tipan—Mateo, Marcos, Lucas, Juan, Santiago, Pedro, Judas, at si Pablo. Karaniwan nang napagkasunduan na wala alinman kina Mateo, Marcos, o Lucas ang may kakayahang magsulat ng Hebreo. Para naman kay Apostol Juan, ang sulat ng Hebreo ay ibang-iba kay Juan. Si Juan ay napaka-simple, at siya ay nagsusulat mula sa kaharian ng Kapahayagan. Subalit ang Hebreo ay isang mahusay na kaisipan ng isang iskolar na hinango mula sa Lumang Tipan. Hindi ito maaaring maging si Santiago o si Judas. Napakalaki ng kaibahan ng kanilang mga sulat mula sa Hebreo.

Tiyak na hindi rin si Pedro ang manunulat, sapagkat si Pedro mismo ay kinilala na ang mga sulat ni Pablo ay nasa isang mas mataas na antas espirituwal nang sinabi niya sa atin sa Ikalawang Pedro 3:16 na ang ilan sa mga sulat ni Pablo ay "mahirap unawain." Kung naisip ni Pedro na ang iba pang mga sulat ni Pablo ay mahirap maunawaan, tiyak na siya ay walang kakayahan na isulat ang Hebreo, na siyang pinaka-kumplikado sa lahat ng mga aklat maliban sa Pahayag. Samakatuwid, kailangan nating tapusin na wala sa mga manunulat ng Bagong Tipan ang may kasanayan na kinakailangan sa pagsulat ng Hebreo, maliban kay Pablo.

Kung babalikan ang naunang panahon na kasing aga ng A.D.150, si Pantaenus ng Alexandria, isang iginagalang na guro ng kanyang panahon ay kinilala ang pag-akda ng Hebreo kay Pablo. Ito ay halos

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

nasa walumpung taon lamang pagkatapos ng kamatayan ni Pablo. Mayroon ding mga *panloob na katibayan* na pumapabor kay Pablo bilang manunulat. Sa Hebreo 10:34 ay sinabi ng may-akda,

“Sapagka't kayo'y nahahabag sa mga bilanggo.” Samakatuwid, ang manunulat ay isang tao na nabilanggo. Ito ay muling tumuturo kay Pablo, dahil si Pablo ay nabilanggo at nakapagsulat ng maraming mga kinasihang liham habang nasa pagkabihag. Ang manunulat din ay nauugnay kay Timoteo; sapagkat sinabi niya sa Hebreo 13:23, “Nais kong malaman ninyo na ang ating kapatid na si Timoteo ay pinalaya na; at kung siya'y dumating agad, kasama ko siyang makikita kayo.” Kaya naman, ang pag-akda ay muling tumuturo kay Pablo, na siyang matalik na kaibigan at espirituwal na ama ni Timoteo.

Ang istilo ng pagbabahagi ni Pablo sa mga Hebreo ay likas na kakaiba mula sa iba pang mga sulat niya sapagkat siya ay sumusulat sa mga Judio. Sa iba pang mga sulat niya siya ay pangunahing sumusulat sa mga Hentil. Sa mga sulat na iyon, palagi siyang nagsisimula sa kanyang pangalan — “si Pablo, isang apostol ni Jesu-Cristo.” Iniwasan ni Pablo na gamitin ang mga salitang iyon nang sumulat sa kongregasyon ng mga Judio. Sa halip, siya ay nagsimula sa pangalan ng Diyos: “Ang Diyos, na sa iba’t ibang panahon…” hindi magiging katanggap-tanggap sa mga Hebreo kung isinama ni Pablo ang kanyang sariling pangalan kasunod ng Diyos.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Samakatuwid, kung isasaalang-alang natin ang tinatalakay ng mga tagapakinig at isaalang-alang ang katangi-tanging karunungan at kaalaman sa kautusan ng Judio ng Lumang Tipan na ibinibigay ng sulat na ito, dapat nating ipalagay na maaaring si Apostol Pablo nga ang sumulat ng aklat na ito. Marami sa mga naunang ama ng Iglesiya ang nagpapatotoo dito. Walang sinuman maliban kay Pablo ang may kakayahang isulat ang obra maestrang ito. Hindi lamang siya ang guro ng mga Hentil, kundi ang tagapagturo din ng buong Iglesiya. Si Pablo na may natatanging kakayahan na isulat ang mga teknikal na sulat sa mga Romano, ay walang alinlangan na may kakayahan ding isulat ang Hebreo.

# ANG KABUUAN NG HEBREO

Magkaroon tayo ngayon ng isang maikling pagsusuri sa mga nilalaman ng Hebreo, na laging pinapanatili sa harapan natin ang tema ni Pablo na “Sa Loob ng Tabing.” Hinahangad ng Apostol na patunayan sa sulat na ito na ang bagong tipan ay higit na mas dakila kaysa sa lumang tipan. Kaya nga, sa Unang Bahagi si Pablo ay magsisimula sa pamamagitan ng pagpapakita ng kadakilaan ng May-Akda ng bagong tipan, ang Anak ng Diyos Mismo.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

## *Si Cristo—Nakahihigit sa mga Propeta at mga Anghel*

### ***Unang Bahagi 1:1-14***

Sa 1:1, Ipinapaalala ni Pablo sa mga Hebreo na ang Diyos ay nagsalita sa mga naunang panahon sa pamamagitan ng mga propeta, ngunit ngayon Siya ay nagsasalita sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Samakatuwid, ipinapahayag niya sa mga Hebreo ang pitong paraan na si Cristo ay nakahihigit sa mga propeta (1:1-3). Pagkatapos sa 1:4-14 ay ipinapakita niya ang sampung paraan na si Cristo ay mas higit na dakila kaysa sa mga anghel.

### ***Ang Unang Babala - 2:1-4***

Sa kabanata 2:1-14 ay mayroon tayong una sa limang mga babala sa Hebreo. Hinihimok ni Pablo, na "Bigyang-pansin" ang sinasabi ng Diyos. Maaari ko bang sabihin na ang mga babalang ito ay nakamamangha. Ang mga ito ay hindi tumutukoy sa mga makasalanan kundi sa mga banal. Ang bawat isa sa mga babalang ito ay ibinibigay doon sa mga maaaring tumalikod. Samakatuwid, malinaw nating makikita na si Pablo ay hindi naniniwala na sa sandaling maligtas, ang isang tao ay hindi na kailanman mawawala; ni si Cristo o ang mga apostol, ni tayo rin!

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

## *Narito ang Tao — si Jesus*

### ***Ikalawang Bahagi 2:5-18***

Ang ikalawang seksyon na ito ng sulat ay pinamagatan kong "Narito ang Tao—si Jesus." Ito ay ang pagpapakababa ni Cristo, na naging isang tao upang magdusa ng kamatayan: upang magdala ng maraming mga anak sa kaluwalhatian, upang sirain siya na may kapangyarihan ng kamatayan (iyon ay ang diyablo), upang palayain ang mga napasailalim sa mga pagkaalipin at takot, upang maging isang mahabagin at tapat na punong saserdote, upang maging isang tagapagkasundo para sa kasalanan at upang palakasin tayo sa ating mga tukso.

## *Si Cristo—Mas Higit kaysa kay Moises*

### ***Ikatlong Bahagi 3:1-6***

Sa pag-iisip na ang bagong tipan ay higit na mas dakila kaysa sa lumang tipan, binuo ni Pablo ang tema na si Jesus, ang tagapangasiwa ng bagong tipan, ay higit na mas dakila kaysa kay Moises ang tagapangasiwa ng lumang tipan. Itinatag ni Moises ang lumang tipan, kung saan ay naghihiwalay sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

tao mula sa presensiya ng Diyos sa pamamagitan ng isang tabing, ngunit si Cristo ay pumasok sa bagong tipan na nag-alis ng tabing.

### *Ang Ikalawang Babala - 3:7 - 4:13*

Ang Ikatlong Bahagi ay mabilis na sinundan ng pangalawang babala na huwag "magkulang sa pagpasok sa kapahingahan ng Diyos." Ito ay isa pang punto na kailangan nating maintindihan. Nag-aalala si Apostol Pablo na ang mga mambabasa ng sulat na ito ay magkulang mula sa mga layunin ng Diyos para sa kanilang mga buhay. Hindi lamang niya ninanais na ang kanyang mga tagapakinig ay makarating sa langit, nais din niya na tapusin nila ang gawain ng kanilang mga buhay dito sa lupa. Kung hindi, ay kakaunti lamang ang kanilang magiging gantimpala sa langit.

### *Si Cristo—Higit na Mas Dakila Kaysa kay Aaron*

### *Ikaapat na Bahagi 4:14 - 5:10*

Si Aaron, gaya ng maalala ninyo, ay ang unang punong saserdote ayon sa Leviticong kaayusan. Siya ang unang punong saserdote ng lumang tipan. Ang kaisipang ipinakita dito ay na ang Anak ng Diyos ay higit na mas dakila kaysa kay Aaron at sa lahat ng kinakatawan niya. Ang ministeryo ni Aaron ay tumigil sa kamatayan, ngunit ang ministeryo ni Cristo ay nagpapatuloy magpakailanman.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

### *Ang Ikatlong Babala- 5:11 - 6:20*

Ang babalang ibinigay sa seksyon na ito ay laban sa pagpapabaya at pagtalikod. Ang mga mananampalataya ng Hebreo ay naging "mapurol sa pakikinig." Sila ay nasisiyahan na at kuntento sa mga pangunahing katotohanan ng Kristiyanismo. Pinayuhan sila ni Pablo na kumilos ng mabilis mula sa mga naunang alituntunin ng pananampalataya at "magpatuloy sa kasakdalan." Sa halip na magdala ng mga halamang-gamot (ang bunga ng Espiritu), sila ay naglalabas ng mga dawagan at tinikan (ang mga gawain ng laman). Ang nakakalungkot na katotohanan ay kapag ang mga mananampalataya ay tumangging magpatuloy, sila ay manghihina at mawawala ang lahat ng kanilang kagalakan.

### *Ang Pagkasaserdote Ayon kay Melquizedek*

### ***Ikalimang Bahagi 7:1-28***

Matapos mamatay ni Cristo, ang Leviticong pagkasaserdote ay pinutol at isang bagong pagkasaserdote ayon kay Melquizedek ang itinatag.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

## *Isang Bagong Santuwaryo at isang Bagong Tipan*

## ***Ikaanim na Bahagi 8:1-13***

Maliwanag, na kung mayroong isang bagong tipan at isang bagong pagkasaserdote, dapat ay may bagong santuwaryo din.

## *Ang Dugo ni Cristo—Nakahihigit sa Dugo ng mga Hayop*

## ***Ikapitong Bahagi 9:1-28***

Ang isang tipan (o testamento) ay itinatag sa pagkamatay ng tagapagpatunay. Ang isang testamento ay hindi magkakaroon ng bisa hanggang sa ang sumulat nito ay mamatay. Si Jesu-Cristo ay ang Tagapagpatunay ng Bagong Tipan. Siya ang Isa na ipinagtipan ang lahat ng mga pagpapala ng kalangitan sa Kanyang bayan. Ngunit ang pamanang ito ay hindi nagkaroon ng bisa hanggang sa Siya ay namatay. Ang Lumang Tipan ay itinatag sa dugo, sa pagkamatay ng mga hayop. Ngunit ang dugo ng mga hayop ay hindi maihahambing sa dugo ng Diyos Mismo. Kung kaya't tiniyak ni Pablo na ang dugo ni Cristo ay mas nakahihigit kaysa sa mga hayop. Marami sa mga mananampalataya ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Hebreo ang nagpatuloy sa kanilang tradisyon ng mga pag-aalay ng hayop, ngunit binanggit ni Pablo sa kanila na sa pamamagitan ng isang alay, ay tuluyang inalis ni Cristo ang ating mga kasalanan.

### *Ang Isang Bago at Buhay na Daan*

### ***Ikawalong Bahagi 10:1-20***

Ang bago at buhay na daan ay sa pamamagitan ng tabing sa dakong kabanal-banalan kasama ng Diyos. Tayo ay hindi dapat masiyahan na manatili para sa isang relasyon sa Diyos sa labas na dako, o dakong banal, gaya ng nakahandang gawin ng marami sa mga mananampalataya ng Hebreo. Sa halip na magpatuloy sa kanilang Kristiyanong paglalakbay, marami ang namamatay sa ilang. Kuntento na silang manirahan sa isang espirituwal na talampas na kanilang nakamit at hindi na nagpatuloy sa kanilang patutunguhan. Ang destinasyon na iyon ay nasa loob ng tabing. Binuksan ni Cristo ang isang daan para sa Kanyang bayan na makapasok sa dakong kabanal-banalan, sa kabuuan ng Kanyang presensiya, sa buong kapahingahan, at sa buong kaganapan sa gulang.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

## *Ang Buhay sa Dakong Kabanal-banalan*

### ***Ikasiyam na Bahagi 10:21-25***

Ito ang pinagpalang dako kung saan ay nais nating patuloy na manatili. Dito ang ating budhi ay lubos na mapayapa, at nararanasan natin ang kabuuan ng kaluwalhatian ng Diyos. Ang buong katubusan ay masusumpungan sa loob ng tabing sa dakong kabanal-banalan.

## *Ang Ikaapat na Babala*

### ***10:26-39***

Ang pinakahuli sa aklat ay isang pang-apat na babala. Ang babalang ito ay laban sa isang sinasadyang pagkakasala at pagtalikod. Maaari nating isipin na kung may lumalago man sa ngayon, tiyak na wala ng panganib na bumalik sa dati. Ngunit nakakalungkot, na sa anumang punto sa isang buhay Kristiyano, ang isang tao ay maaaring manghina at bumalik sa dating pamumuhay.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

## *Ang Patotoo ng Pananampalataya*

### ***Ikasampung Bahagi 11:1-40***

Sa ikalabing-isang kabanata ay mayroon tayong tanyag na kabanata ng pananampalataya at mga bayani ng pananampalataya. Sapagkat ang mga mananampalataya ng Hebreo ay nagsasagawa ng napakaraming mga lumang relihiyosong ritwal, binigyang-diin ni Pablo na tanging ang pananampalataya lamang kay Cristo ang para sa kaligtasan at kasakdalan.

## *Ang Pagtitiis ng Pag-asa*

### ***Ikalabing-isang Bahagi 12:1-13***

Sa bahaging ito, hinihimok ni Pablo ang mga Hebreo na "itabi ang bawat pabigat" upang makatakbo sa tunguhin at matapos ang takbuhin.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

### *Ang Ikalimang Babala- 12:14-29*

Ang huling babala ni Pablo ay para sa mga mananampalataya na huwag pahintulutan ang kanilang mga puso na maging mapait at pagkatapos ay itakwil si Jesus. Nagbabala siya, “Pag-ingatan ninyong huwag itakwil ang nagsasalita…buhat sa langit”

## *Pag-ibig at Mabubuting Gawa*

### ***Ikalabing-dalawang Bahagi 13:1-25***

Bilang konklusyon, makikita natin na ang pag-ibig at mabubuting gawa ay mga bunga ng isang lalaki at babae na namumuhay sa dakong kabanal-banalan kasama ng Diyos.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# *Bahagi 1*

## 1:1-14 – SI CRISTO—MAS NAKAHIHIGIT KAYSA SA MGA PROPETA AT MGA ANGHEL

### *SI CRISTO—HIGIT KAYSA SA MGA PROPETA*

**1:1-3** *"Noong unang panahon, ang Diyos ay nagsalita sa ating mga ninuno sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta, subalit sa mga huling araw na ito ay nagsalita siya sa atin sa pamamagitan ng Anak, na kanyang itinalagang tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan din niya'y ginawa ang mga sanlibutan. Siya ang kaningningan ng kaluwalhatian ng Diyos at tunay na larawan ng kanyang likas, at kanyang inaalalayan ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang salita. Nang magawa na niya ang paglilinis ng mga kasalanan, siya ay umupo sa kanan ng Kamahalan sa kaitaasan."*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Sa sulat na ito ay naghahangad si Apostol Pablo na patunayan na ang bagong tipan ay mas higit sa lumang tipan. Samakatuwid, ang unang bagay na gagawin niya ay ipakilala ang *May-Akda* ng bagong tipan, ang Anak ng Diyos Mismo.

*"Noong unang panahon, ang Diyos ay nagsalita sa ating mga ninuno sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta."* Sa kabuuan ng Lumang Tipan, ang daluyan kung saan ang Diyos ay nagsalita sa mga anak ni Israel ay ang mga propeta. Ang Diyos ay nagsalita sa mga propeta para sa mga ama. Subalit ngayon pagpapatuloy ni Pablo, ang Diyos "sa mga huling araw na ito ay nagsalita siya sa atin sa pamamagitan ng Anak." Ang punto na gustong gawin ni Pablo sa mga Hebreo sa mga talata 2-3 ay na ang Anak ng Diyos ay higit na dakila kaysa sa lahat ng mga propeta. Kaya nga, upang maunawaan ang kahigitan ni Cristo sa mga propeta, si Pablo ay gumawa ng pitong mahuhusay na pahayag tungkol sa Kanya.

## ***(1) "Siya ang Tagapagmana ng Lahat ng mga Bagay"***

Ang una sa pitong mahuhusay na pahayag ni Pablo tungkol sa kahigitan ni Cristo ay na Siya ang "tagapagmana ng lahat ng mga bagay." Ang paksa dito ay mana. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mana ng isang propeta at ang mana ng Anak ng Diyos? Ang proptetang si Daniel ay sinabihan, "Ngunit humayo ka sa iyong lakad hanggang sa katapusan; at ikaw ay magpapahinga at tatayo para sa iyong gantimpala sa katapusan ng mga araw" (Dan.12:13). Ipinakita kay Daniel na ang kanyang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

mana ay isang tiyak na dako sa langit, ngunit ang Anak ng Diyos ay tagapagmana ng *lahat* sa langit. Ang lahat ay sa Anak. Ang lahat ng kapangyarihan ay ibinigay sa Kanya sa langit at sa lupa (Mt. 28:18, Fil. 2:9-11). Si Cristo ang tagapagmana ng lahat ng mga bagay. Sa kabaligtaran, ang gantimpala ng isang propeta o isang banal ng Diyos ay ang tumayo sa isang partikular na dako na itinalaga ng Diyos para sa kanya bago pa man ang pundasyon ng sanlibutan.

### ***(2) "Na sa pamamagitan din Niya'y ginawa ang mga sanlibutan"***

Ang Anak ng Diyos ay ang Kasamang-tagapaglikha ng buong daigdig. Maliwanag na sinasabi Kasulatan na nilikha ng Ama ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ((Efe. 3:9, Jn.1:3,10). Paano mo ihahambing ang Tagapaglikha sa isang propeta? Inihayag ng mga propeta na ginawa Niya ang mga mundo, ngunit ang Isa na lumikha sa kanila ay higit na dakila kaysa sa mga propeta na nagpatunay na ginawa Niya sila. Ang Diyos ay ipinahayag ni Moises bilang Tagapaglikha sa Gen. 1:26. Ipinahayag din ni Jeremias na ang Panginoon ang Gumawa ng langit at lupa (Jer. 32:17). Gayundin, tinukoy ng mga propeta ang Diyos bilang Tagapaglikha. Ngunit nilikha ng Anak ng Diyos ang lahat ng bagay, kasama na ang mga anghel at mga propeta (Col.1:15-18).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

## ***(3) "Ang Kaningningan ng Kanyang Kaluwalhatian"***

Ang Anak ng Diyos ay ang "kaningningan ng kaluwalhatian ng Ama." Si Cristo ang pinagmumulan ng lahat ng liwanag. Siya ang pinagmumulan ng lahat ng kaluwalhatian. Ang nag-iisang propeta na natikman at namalas ng kaluwalhatiang ito ay si Moises. Si Moises ay walang kaluwalhatian sa kanyang sarili. Sinasalamin niya ang kaluwalhatian na inilagay ni Cristo sa kanya habang siya ay nasisiyahan sa presensiya ng Diyos sa Bundok ng Sinai. Napakahalaga na makita ang pagkakaiba sa pagitan ni Moises at ni Cristo sa larangan ng kaluwalhatian. Ang mukha ni Moises ay lumiwanag sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang kaluwalhatian na ito ay inilagay kay Moises; hindi ito nagmula sa kanya (Ex. 34:28-35). Ang Diyos ay nangako rin sa Iglesiya ng mga huling araw na "ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo" (Isa. 60:1). Ito ay kinumpirma ni Pablo sa Ikalawang Corinto 3:7-10. Ang kaluwalhatian ng Diyos na naranasan ni Moises ay maipapamalas sa mas dakilang mga paraan sa huling araw ng *revival.*

Si Cristo ang *pinagmumulan* ng lahat ng kaluwalhatian. Ang kaluwalhatian ay hindi nagmumula sa mga propeta o sa atin. May panganib sa pag-aakala na ang kapangyarihan at kaluwalhatian ay isang bagay na naninirahan sa ating sariling kalooban. Minsan nang ako ay nasa isang kumperensya ng mga pastor sa New Zealand, may babala na ibinigay patungkol sa paksang ito sa pamamagitan ng isang propesiya. Nagbabala ang Espiritu, "Alalahanin palagi na ikaw ay daluyan lamang; hindi ikaw ang pinagmumulan." Sa loob ng maraming taon nakita ko ang mga tao na napahamak dahil inisip nila

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

na ang pinagmumulan ay nasa sarili nilang kalooban. Ang pinanggagalingan ay tanging si Jesu-Cristo lamang. Si Cristo *na nasa atin* ay ang pinagmumulan. Samakatuwid, dapat ay may pag-iingat para sa bawat isa sa atin na lumakad nang may kababaang-loob at palaging kilalanin kung sino ang ating pinagkukunan ng kapangyarihan.

### ***(4) "Ang tunay na larawan ng Kanyang likas"***

Ang bawat isa sa mga propeta ay nagpakita ng isang tiyak na aspeto ng kalikasan ng Diyos. Halimbawa, si Moises ay tanyag sa kanyang kaamuan, at si Jeremias sa kanyang pagkamahabagin. Minsan ay sinabi na si Jeremias ay may puso ng isang babae dahil ito ay napakalambot. Si Apostol Juan ay nagpamalas ng pag-ibig ni Cristo. Ipinakita ni Pablo ang katangian ng pagtitiis (1 Tim.1:16).

Gayunpaman, buong sakdal na ipinakita ni Cristo ang Ama sa *lahat* ng aspeto—labis kung kaya't nasabi ni Cristo kay Felipe, "Ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama" (Jn.14:9). Si Jesus ay isang sakdal na larawan ng Ama. Ang salitang imahe ay literal na nangangahulugan ng isang tatak o ukit.

Noong unang panahon, idinidiin ng mga kalalakihan ang selyo sa isang natutunaw na pagkit at ang eksaktong imahe ng pantatak ay lalabas sa pagkit. Ito talaga ang ibig sabihin ng "tunay na larawan ng Ama." Sa bawat detalye si Cristo ay ganap na kahalintulad ng Ama. Walang ibang makapagsasabi nito.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

## ***(5) "Kanyang inaalalayan ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang salita."***

Inulit-ulit ni Pablo ang parehong mga katotohanan na ito sa Colosas 1:15-17 kung saan ay kanyang sinabi, "Siya [Cristo] ang larawan ng Diyos na hindi nakikita, ang panganay sa lahat ng mga nilalang; sapagkat sa pamamagitan niya nilalang ang lahat ng mga bagay sa langit at sa lupa, ang mga bagay na nakikita at ang mga bagay na hindi nakikita, maging mga trono o mga pagka-panginoon, maging mga pinuno o mga may kapangyarihan—lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at para sa kanya. Siya mismo ay una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nahahawakang *sama-sama* sa kanya." Ating bulayin sa ilang sandali ang salitang ito na *sama-sama.*

Ang aking kaibigan ay nagtuturo sa klase ng mga estudyante sa isang unibersidad sa paksa ng paglikha. Sinabi niya sa mga mag-aaral: "Ang kahoy sa mesa na ito ay may sapat na atomikong lakas para pasabugin ang gusaling ito. Ano sa tingin ninyo ang magkakasamang humahawak sa mga atomo na ito? Ang mga siyentipiko ay walang ideya kung ano ang magkakasamang humahawak sa mga atomo, kung kaya tinawag nila itong *"X Factor."*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang *X Factor* ay si Cristo sapagkat ang lahat ng bagay ay nahahawakang sama-sama sa Kanya. Walang paliwanag na pang-agham. Kapag hindi alam ng mga siyentipiko ang sagot ginagamit nila ang “X.” Tanging si Pablo lamang ang may kakayahan na ipaliwanag ang “*X factor*.” Sinabi niya, “Ang lahat ng bagay ay nahahawakang sama-sama sa pamamagitan ng Salita ng Diyos.” Sa pamamagitan ni Cristo ang lahat ng bagay ay nabubuo o magkakasamang nahahawakan. Ito ay isang pambihirang katotohanan.

Ang kapangyarihan ng mga propeta ay napakalimitado lamang. Si Moises ay nagsalita sa bato at lumabas ang tubig. Si Elias ay nagsalita sa langit at bumagsak ang apoy. Ngunit ang kanilang mga kapangyarihan ay hindi maihahambing sa kapangyarihan ni Cristo, na sama-samang hinahawakan ang buong daigdig sa pamamagitan ng Kanyang mga Salita. Literal na pinatigil ni Josue ang araw sa kanyang utos. Ngunit ang mga utos ng mga sinaunang propeta ay may kapangyarihan lamang dahil sila ay hinawakan ng Salita ni Cristo. Ang mga propeta ay nagsalita sa Kanyang pag-uutos. Nang nag-utos si Josue na, “Araw, tumigil ka,” Sinabi ni Cristo, “Araw, nagsalita si Josue, tumigil ka!”

### ***(6) “Nilinis Niya ang ating mga kasalanan”***

Ang lahat ng mga propeta ay kailangang linisin ng Diyos sa kanilang mga kasalanan. Inilalapit ng kabuuan ng Isaias kabanata anim ang ating pansin dito. Sinabi ni Isaias, “Kahabag-habag ako! Ako'y napahamak sapagkat ako'y lalaking may maruruming labi, at ako'y naninirahan sa gitna ng bayan na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

may maruruming labi" ang isa sa mga serafin ay kumuha ng baga at inilapat sa kanyang bibig at sinabi, "ang iyong kasamaan ay naalis na, at ang iyong kasalanan ay pinatawad na" (Isa. 6:5-7). Ito ay ginawa sa lakas ng panghinaharap na sakripisyo ni Cristo. Kayang maglinis at magpatawad ng Diyos ng kasalanan sa Lumang Tipan sapagkat inaasahan Niya ang sakripisyo na gagawin ng Kanyang Anak sa krus. Ang mga propeta mismo ay kailangang linisin at bayaran ang kanilang mga kasalanan ng Isa na walang kasalanan. Ang pagkakaiba sa pagitan ng mga propeta at ni Cristo ay kailangang maging malinis ng mga propeta, samantalang si Cristo ang gumagawa ng paglilinis. Kaugnay nito, wala ng magiging anumang paghahambing.

### ***<u>(7) "Siya ay umupo sa kanan ng Kamahalan sa Kaitaasan''</u>***

Wala sa mga propeta ang mga hari (maliban kay Moises at David). Kay Moises, sinabi sa atin na, namuno bilang hari sa Jeshurun (Deut. 33:5). Kilala natin si David bilang isang hari. Gayunpaman, si Cristo ay hindi lamang isang hari, Siya ay "Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon" gaya ng ipinahayag ni Juan sa Pahayag 19:16. Sa Awit 24:8 Siya ay tinawag na "ang Hari ng Kaluwalhatian." Si Cristo ay hindi lamang hari sa buong Israel, Siya ay isang dakilang Hari ng buong mundo (Aw. 47:2). Ang Kanyang pangalan ay higit sa lahat ng pangalan sa langit, at sa lupa, at sa ilalim ng lupa (Fil. 2:9-11). Ang Kanyang natatanging posisyon sa kanan ng Ama ay hindi kailanman inialok sa sinumang propeta. Hindi kailanman sa anumang panahon sinabi ng Ama sa alinman sa mga anghel sa langit na, "Umupo ka sa Aking tabi" (Heb.1:13).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Sa pag-aalaala sa temang “sa loob ng tabing,” ipinapakita ni Pablo sa unang kabanata ang kadakilaan ng Isa na nagbukas ng tabing, ang natatanging Anak ng Diyos Mismo. Sa mga talata 1-3 binuksan at ipinakita niya kung gaano kalaki ang kahigitan ni Cristo kaysa sa mga propeta. Pagkatapos ay nagpatuloy siya sa mga talata 4-14 upang ipakita kung gaano kahigit si Cristo kaysa sa mga anghel. Balik-aralin natin ngayon ang pitong puntos na ginawa ni Pablo tungkol sa kahigitan ni Cristo kaysa sa mga propeta.

## ***Si Cristo ay Higit Kaysa sa mga Propeta Sapagkat:***

**1.** Ang Anak ang nagmamana ng *buong* kalangitan; ang mga propeta ay nagmana lamang ng isang *lugar* sa langit.

**2.** Ang Anak ang gumawa ng daigdig; ipinahayag lamang ng mga propeta na ginawa Niya ito.

**3.** Ang Anak ang pinaka-pinagmumulan ng kaluwalhatian; ang mga propeta ay nagkaroon lamang ng *ilan* sa Kanyang kaluwalhatian na inilagay sa kanila.

**4.** Nagpakita ang mga propeta ng ilang aspeto ng kalikasan ng Diyos; ipinahayag ng Anak ang *lahat* ng bahagi. Siya ang sakdal na replika ng Ama.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**5.** Ang mga propeta ay malikhaing nagsalita; ginawa ng Anak ang paglikha. Kahit ang mga atomo ay pinagsama-sama sa pamamagitan ng salita ni Cristo.

**6.** Ang mga propeta ay nangangailangan ng paglilinis ng kanilang mga kasalanan; ang Anak ng Diyos na walang kasalanan ang naglinis ng kanilang mga kasalanan at sa atin.

**7.** Ang natatanging posisyon ng Anak sa kanan ng Ama ay hindi kailanman inalok sa isang propeta.

## *SI CRISTO—HIGIT KAYSA SA MGA ANGHEL*

### ***(1) "Isang higit na marilag na pangalan kaysa mga anghel"***

**1:4** ***"Palibhasa'y naging higit na mataas kaysa mga anghel, palibhasa'y nagmana ng higit na marilag na pangalan kaysa kanila."*** Ang mga anghel ay gumanap ng isang mahalagang papel sa Lumang Tipan, lalo na sa pagbibigay ng kautusan (tingnan ang Gawa 7:53). Itinuring ng mga Israelita ang mga anghel na ito ng may dakilang pagkamangha (Ex. 23:20-23). Ang mga pamamagitan ng hukbo ng mga anghel ay kasama na sa kasaysayan ng Israel. Ngunit ang Anak ay karapat-dapat sa higit na karangalan kaysa mga anghel sapagkat Siya ang Isa na kumokontrol ng kasaysayan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang Anak ng Diyos ang naglabas ng kautusan, na kadalasang pinamamahalaan ng mga anghel at mga propeta. Ang Kanyang Pangalan ay mas mataas kaysa sa ibang pangalan sa langit o sa lupa (Fil. 2:9-11, Mt. 28:18). Ayon sa kaisipang Judio, ang isang pangalan ay naghahayag ng isang mahalagang katangian ng isang tao, at maaari ring magpahayag ng ranggo o dignidad. Si Cristo ay may isang higit na marilag na pangalan kaysa mga anghel sapagkat Siya ay likas na mas marilag sa lahat ng paraan.

### ***(2) "Ikaw ay aking Anak" ay hindi sinabi sa mga anghel***

**1:5 *"Sapagkat kanino sa mga anghel sinabi ng Diyos kailanman, "Ikaw ay aking Anak."*** Mayroong napakalaking pagkakaiba sa pagitan ng isang anghel na nilikha, at si Cristo na siyang mismong kabuuan ng Ama at nagmula sa Ama. Ang natatanging katawagan na ito na "Anak Ko" ay tanging para sa Panginoong Jesu-Cristo lamang. Totoo na ang mga anghel ay tinawag na "mga anak ng Diyos" sa Job 38:7. Ang Ama ay maraming "mga anak" sa pamamagitan ng paglikha o pag-aampon, ngunit Siya ay may isang Anak lamang. Sa Ilog Jordan ay malinaw na nagsalita ang Ama, "Ito ang Aking pinakamamahal na Anak." Sa Roma 1:4, sinabi ni Pablo na Siya ay "ipinahayag na Anak ng Diyos na may kapangyarihan ayon sa Espiritu ng Kabanalan [o sa pamamagitan ng Banal na Espiritu]."

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

## ***(3) Siya ang una at nag-iisang anak ng Ama***

*“Ako ngayon ay naging iyong Ama? At muli, Ako'y magiging kanyang Ama, at siya'y magiging aking Anak?”* Si Cristo ang unang naging Anak ng Ama. Sinabi sa atin sa Juan 1:18 “Walang sinumang nakakita kailanman sa Diyos. Ang Diyos na tanging Anak na nasa kandungan ng Ama ang nagpakilala sa kanya.” Dito ay may kaunawaan tayo sa kapanganakan ni Cristo (kung masasabi ko man ito) sa pakahulugan na Siya ay nagmula sa sinapupunan ng Ama. Si Cristo ay palaging nasa sinapupunan ng Ama, ngunit mayroong pagkakataon (matagal na panahon bago pa ang paglikha) nang ang Anak ay lumabas mula sa Ama. Ang espiritu ng propesiya ay inilabas ito ng napakalinaw sa Kawikaan 8:22-30 si Cristo Mismo ang nagpatotoo, “Sapagkat ako'y nagmula sa Diyos at ngayon ay naririto ako” (Jn. 8:42, 16:28), at “Ako ay nagmula sa iyo” (Jn. 27:8). Ang mga anghel ay nilikha, gayundin ang tao. Gayunpaman, ang Anak ay ang natatanging bugtong ng Ama. Ang Anak ng Diyos ay Diyos, at kapantay ng Diyos (Jn.1:1, 5:18). Ang Anak lamang ang Diyos!

## ***(4) “Sambahin Siya ng lahat ng mga anghel ng Diyos”***

**1:6 *“At muli, nang kanyang dinadala ang panganay sa daigdig ay sinasabi niya, ‘Sambahin siya ng lahat ng mga anghel ng Diyos.’”*** Inutusan ng Diyos ang lahat ng mga anghel na sumamba kay Cristo, ngunit si Cristo ay hindi kailanman nagpatirapa sa mga anghel. Ito na mismo ay isang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

sapat na katibayan ng kahigitan ni Cristo sa mga anghel. Si Cristo lamang ang karapat-dapat sambahin. Ang mga anghel at tao ay hindi kailanman dapat sambahin.

Nagbabala si Apostol Pablo sa Colosas 2:18 “Huwag ninyong hayaan na agawan [o nakawan] kayo ng gantimpala sa pamamagitan ng kusang pagpapakababa at pagsamba sa mga anghel.” Kailangan nating maging malinaw sa puntong ito dahil sa bawat *revival* ay may mga pagdalaw ng anghel, at may posibilidad na lumabis ang pagkasangkot sa mga anghelikong pangyayari sa halip na sa Panginoon. Ngayon ay may ilang isinulat na mga aklat tungkol sa mga anghel kung saan ay nagdulot ng labis-labis na paghahangad na makakita ng mga anghel. Kung naghahangad tayong makita ang sinuman, dapat nating hangarin na makita si Cristo. Ang lahat ng pansin ay dapat ituon kay Cristo, hindi sa mga anghel o sa mga tao. Ito ay isang bagay kung pipiliin ng Panginoon na magsugo ng isang anghel, ngunit ang ating hangarin ay dapat palaging nasa Panginoon at hindi sa mga anghelikong pangyayari. Gayunpaman, tingnan din natin ang positibong bahagi ng paksa ng mga anghel.

**1:7 *“Tungkol sa mga anghel ay sinasabi niya, ‘Ginagawa niyang mga hangin ang mga anghel, at ang kanyang mga lingkod ay ningas ng apoy.’”*** Sumisipi si Pablo mula sa Awit 104:4. Ang anghel ay hindi diyos. Sila ay makalangit na mga mensahero na may mga mahahalagang gampanin na dapat magawa. Ang mga anghel ay nasa ilalim ng Diyos kagaya ng mga tao. Ang mga anghel ay espiritu, at dahil sila ay espiritu, sila ay may kakayahan na baguhin ang kanilang mga sarili sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pagiging tao. Ito ay nabanggit sa Hebreo 13:2 kung saan ay sinasabing, *"Huwag ninyong kalimutan ang magpatulóy ng mga dayuhan, sapagkat sa paggawa nito ang iba ay nakapagpatulóy na ng mga anghel nang hindi nila namamalayan"* Kapag makikita mo ang isang anghel sa kanyang espirituwal na anyo, siya ay may mga kamay, ngunit tiyak rin na siya ay mayroong mga pakpak. Siya ay nadaramtan ng mga puting kasuutan. Napakaliwanag ng mga anghel, na mayroon matitinding kalakasan sa kanilang mga mukha. Tiyak na walang hindi makakapagbigay-pansin sa isang anghel kung ang nilalang na ito ay darating na may pakpak sa isang pintuan. Ang mga anghel ay may hindi pangkaraniwang kakayahan na baguhin ang kanilang mga sarili sa pagiging mga tao.

Ang kaibigan kong pastor ay naninirahan sa Scotland kasama ng dalawa o tatlong matatanda ng iglesiya. May isang pagkakataon na sila ay naglagi sa isang dakong maburol ng bansa. Mula sa kanilang kubo ay natatanaw nila ang kalayuan. Walang ibang mga bahay sa paikot. Siya at ang mga matatanda ng iglesiya ay naroon para sa isang pamamahinga, pag-aaral ng aklat ni Ezekiel. Nakita nilang medyo nahihirapan sila sa kanilang pag-aaral, nang biglang may kumatok sa pintuan. Pagkatapos nilang malugod na pinapasok ang panauhin, ay nagtanong ito, "Ano ang ginagawa ninyo?" Sumagot sila: "Pinag-aaralan namin ang Ezekiel. Ibig mo bang sumali sa amin?" at sumagot ito, "Gustong-gusto ko." Sa kanilang pagkamangha, nagsimulang buklatin at talakayin ng panauhin ang lahat ng mga mahahalagang kabanata sa Ezekiel. Makalipas ang ilang sandali sinabi ng panauhin na, "gumagabi na; kailangan ko ng umalis." Kaya ang mga kapatiran ay tumayong kasama niya at hinatid siya sa pintuan. Bawat isa sa kanila ay nagpaalam at sinara ang pinto. Nang biglang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

nasabi nila sa isa't isa, "ni hindi man lamang tayo nakapag-alok sa kanya ng anumang maiinom o makain; napakapabaya naman natin!" Halos nasa mahigit ilang segundo pa lamang iyon ng muli nilang buksan ang pintuan, Ngunit nawala na siya sa kanilang panginin. Ang salitang dumating sa kanila ay, "Ang ilan ay nakapagpatuloy ng mga anghel ng walang kamalayan."

Tinuturuan din tayo ng Kasulatan na *hamunin* ang mga anghelikong pagdalaw kagaya ng ginawa ni Josue (Jos. 5:13-15), sapagkat ang mga tao minsan ay dinadalaw ng mga nahulog na anghel. Tanging ang mga huwad na anghel lamang ang tumatanggap ng pagsamba; ang mga totoo ay hindi (Pah. 22:8-9). Hindi pinahahalagahan ng mga nahulog na anghel ang pagpapakumbaba. Ang mga tao na nagkaroon ng karanasan sa kanila ay makapagsasabi sa iyo ng lahat ng kanilang mga pangalan sapagkat labis na hinahangad ng mga ito na ibigay ang kanilang mga pangalan at gayundin ang lahat ng iba pang mga "impormasyon." Kaya nga, kailangang tiyakin natin na hindi tayo mapapasama sa maling kampo. Ang Mormonismo ay ang resulta ng isang pagdalaw ng nahulog na anghel kay Joseph Smith. Dapat sana ay hinamon niya ang anghel.

### ***(5) "Ngunit, tungkol naman sa Anak ay sinasabi niya, Ang Iyong trono, O Diyos ay magpakailanman"***

**1:8** ***"Ang iyong trono, O Diyos ay magpakailanman; at ang setro ng katuwiran ang siyang setro ng iyong kaharian."*** (cf. Awit 45:6). Hindi kailanman binigyan ng titulo ang mga anghel na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

"Diyos." Tanging ang Anak lamang ang may hawak ng titulong ito. Kailanman ay hindi rin iminungkahi na dapat ay kunin ng mga anghel ang trono ng kaharian (Heb. 2:5).

***(6) "ang Diyos mo, ay binuhusan ka ng langis … higit pa sa iyong mga kasamahan"***

**1:9** ***"Inibig mo ang katuwiran, at kinapootan ang kasamaan; kaya't ang Diyos, ang Diyos mo, ay binuhusan ka ng langis ng kagalakang higit pa sa iyong mga kasamahan."*** Si Cristo dito ay kinilala mula sa lahat ng Kanyang mga kapatiran, kasama na ang mga anghel. Si Cristo ay may pag-ibig sa katuwiran at pagkagalit sa kasamaan. Ang problema sa Iglesiya ay ang maraming tao ang umiibig sa katuwiran, ngunit hindi napopoot sa kasamaan. Ito ay halos pangkaraniwan na sa buhay Kristiyano. Kaya nga, makagagawa tayo ng mabuti kapag pinag-aralan natin ng maiigi ang puntong ito. Pagmamahal sa katuwiran at pagkamuhi sa kasamaan ay ang susi sa kagalakan. Ito rin ang susi sa pagkakaroon ng isang espesyal na pagpapahid. Kadalasan kapag ang isang tao ay walang kagalakan, ito ay dahil hindi niya kinapopootan ang kasamaan.

***(7) "At, Ikaw, Panginoon, nang pasimula'y inilagay mo ang saligan ng lupa, at ang mga langit"***

**1:10** ***"At, Ikaw, Panginoon, nang pasimula'y inilagay mo ang saligan ng lupa, at ang mga langit ay mga gawa ng iyong mga kamay."*** Minsan pa, ang Anak ng Diyos ay itinaas bilang ang Tagapaglikha ng langit at lupa. Ito ay naaayon sa Colosas 1:15-18, ngunit nais kong balikan ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

talata 16 minsan pa. "Sapagkat sa pamamagitan niya nilalang ang lahat ng mga bagay sa langit at sa lupa, ang mga bagay na nakikita at ang mga bagay na hindi nakikita, maging mga trono o mga pagka-panginoon, maging mga pinuno o mga may kapangyarihan—lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at para sa kanya." Napakamahalagang maunawaan na si Cristo ay ang Kapwa-tagapaglikha ng daigdig. Ito ay napakaliwanag na ipinakita sa Genesis 1:26 kung saan ang "pluralidad" ng Diyos ay ginamit. *"Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis."* Hindi ito isang katanungan sa paglikha ng Diyos, kundi ng Ama at ng Anak na magkasamang lumilikha ng sanlibutan. Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo (Efe. 3:9), sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Tunay nga na si Cristo ay higit na dakila kaysa sa mga anghel, sapagkat sila ay nilikha Niya.

## ***(8) "Sila'y mapaparam, subalit ikaw ay nananatili"***

**1:11-12** ***"Sila'y mapaparam, subalit ikaw ay nananatili, at silang lahat ay malulumang gaya ng kasuotan; gaya ng isang balabal sila'y iyong ilululon, at gaya ng damit, sila ay mapapalitan. Ngunit ikaw ay ikaw pa rin, at ang iyong mga taon ay hindi magwawakas."*** Si Cristo ay matagal ng naroon bago pa man ang pundasyon ng sanlibutan, at patuloy Siyang naririyan pagkatapos na ito ay tumanda at mawasak. Siya ang "Ako" na nananatiling pareho kahapon, ngayon, at magpakailanman (Heb. 13:8). Walang anghel ang makakaangkin ng walang hanggang pananatili at hindi nagbabagong katangian. Sinabi ni Jesus, *"Ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang aking mga*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

*salita ay hindi lilipas."* (Mc. 13:31). Ang mga salita ni Cristo ay hindi maaaring lumipas sapagkat si Cristo ay walang hanggan at Siya ang nagkatawang-tao na Salita ng Diyos.

Sinasabi sa Juan1:1, "Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos." Napakamahalagang maiugnay ang Salita kay Cristo. Siya ang Nagkatawang-tao na Salita ng Diyos. Ang Salita ay malikhain at makapangyarihan dahil ito ay nanggagaling mula sa SALITA NG DIYOS, ang Tagapaglikha (Pah. 19:13). Sino si Cristo? Siya ang buhay na Salita ng Diyos. Samakatuwid, ang Salita ng Diyos ay malikhain.

Sinabi ni Jesus, "Ang langit at ang lupa ay lilipas, ngunit ang aking mga salita ay hindi lilipas." Ang langit at lupa ay maaaring lumipas dahil sila ay nilikha, ngunit ang mga Salita ni Cristo ay hindi maaaring lumipas dahil sila ay nanggaling mula sa walang hanggang Tagapaglikha. Kapag sinasabi natin ang totoong Salita ng Diyos sa ilalim ng pagpapahid, ito ay malikhain. Kapag ang isang buhay na salita (rhema) ay nagmula sa Diyos, ito ay may kakayahang lumikha ng isang sangkap sa katawan. Samakatuwid, ang Salita ng Diyos na sinabi sa ilalim ng pagpapahid ay maaaring makapagdala ng mga bagay na hindi pa nakikita. Ang pinahirang Salita ng Diyos ay may matinding kapangyarihan. Ito ay may kakayahang magkapagdulot ng kaperahan, mga gusali, at lahat ng bagay na ating kailangan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang mga siyentipiko na nag-aaral ng istraktura ng atomika ay hindi maunawaan kung paanong ang mga atomiko ay nananatiling magkasama. Walang siyentipikong pagpapaliwanag para dito. Ipinahayag sa atin ng Kasulatan ang lihim. Sinabi nila sa atin na ang mundo ay pinagsama-sama ng Salita ng Diyos. Inutusan ng Diyos ang karagatan, "Hanggang doon ka makakarating, at hindi ka na lalayo." (Job 38:11). Ang dagat ay hindi maaaring dumaloy sa ibabaw ng mundo dahil ang Diyos ay naglagay ng hangganan sa karagatan, sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Ang kapangyarihan ay nakasalalay sa Salita.

Kapag ang Diyos ay nagsasalita sa atin, kailangang tanggapin natin ang Kanyang mga salita ng may pananampalataya. Nabigo ang mga Israelita na makarating sa kanilang mana dahil ang ipinangaral sa kanila ay hindi natanggap nang may pananampalataya (Heb. 4:2). Ang pananampalataya ang malakas na tema ng sulat ni Pablo sa mga Hebreo. Tiningnan ni Josue at Caleb ang mga higante sa lupain ng Canaan at sinabing "Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga Niya tayo sa lupaing iyon, sila'y para lamang tinapay sa atin." Ito ang dahilan kung bakit napatumba ni David si Goliath. Ang pagpapahid ng Diyos ay nasa kanya at sinabi niya sa higante: "Lumalapit ka sa akin na may tabak, may maliit at malaking sibat, ngunit ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ng Panginoon ng mga hukbo. Paano ka makakalaban sa akin?" ito ang dahilan kung bakit dapat nating paniwalaan at pahalagahan ang mga salita na sinasabi ng Diyos sa atin at ipinangangako sa atin. Kailangang matiyak natin na ang salita ng Diyos na ipinangangako sa atin ay *tinanggap* na may

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pananampalataya, sapagkat tunay na ipagkakaloob nito kung ano ang sinasabi ng Diyos kung tatanggapin natin ito ng may pananampalataya.

***<u>(9) “Ngunit kanino sa mga anghel sinabi niya kailanman, ‘Maupo ka sa aking kanan’”</u>***

**1:13** ***“Ngunit kanino sa mga anghel sinabi niya kailanman, ‘Maupo ka sa aking kanan, hanggang sa ang iyong mga kaaway ay gawin kong tuntungan ng iyong mga paa?’”*** Ang mga salitang ito ay natatanging sinabi lamang sa Diyos Anak, hindi sa mga anghel. Ang posisyon sa kanan ng Ama ay tanging nakalaan lamang para sa Anak ng Diyos. Pinagtibay ng Awit dalawa ang kabuuan ng saloobing ito. Ang Anak ng Diyos ay hinirang na tagapagmana ng lahat ng bagay. Si Satanas, ang nahulog na arkanghel, ay pinag-imbutan ang napakataas na posisyong ito.

Sa Awit dalawa makikita natin na ang paninibugho ni Satanas ay gumagawa nang may karahasan sa pamamagitan ng mga nadayang tao ng sanlibutan.

Sinasabi sa Awit 2:1-12 “Bakit nagsasabwatan ang mga bansa, at sa walang kabuluhan ang mga bayan ay nagpaplano? Inihanda ng mga hari sa lupa ang kanilang sarili, at ang mga pinuno ay nagsisangguni, laban sa PANGINOON at sa kanyang binuhusan ng langis, na nagsasabi, “Ang kanilang panggapos ay ating lagutin, at itapon ang kanilang mga panali mula sa atin.” Siya na nakaupo sa kalangitan ay tumatawa; at ang PANGINOON ay kumukutya sa kanila. Kung magkagayo'y magsasalita

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

siya sa kanila sa kanyang poot, at tatakutin sila sa kanyang matinding galit, na nagsasabi, “Gayunma'y inilagay ko ang aking hari sa Zion, sa aking banal na burol.” Aking sasabihin ang tungkol sa utos ng PANGINOON: Sinabi niya sa akin, “Ikaw ay aking anak, sa araw na ito kita ay ipinanganak. Humingi ka sa akin at ang mga bansa ay gagawin kong mana mo, at ang mga dulo ng lupa ay magiging iyo. Sila'y iyong babaliin ng pamalong bakal, at dudurugin mo sila gaya ng banga.” Kaya't ngayon, O mga hari, kayo'y magpakapantas; O mga pinuno ng lupa, kayo'y magsihanda. Kayo'y maglingkod sa PANGINOON na may takot, at magalak na may panginginig, ang anak ay inyong hagkan, baka magalit siya at kayo'y mapahamak sa daan; sapagkat ang kanyang poot ay madaling mag-alab. Mapapalad ang lahat na nanganganlong sa kanya.”

## ***(10) Ang mga anghel ay “sinugo upang maglingkod sa kapakanan ng mga magmamana ng kaligtasan”***

**1:14** ***“Hindi ba silang lahat ay mga espiritung nasa banal na gawain, na sinugo upang maglingkod sa kapakanan ng mga magmamana ng kaligtasan?”*** Ano ang mga anghel? Ang mga anghel ay espirituwal na mga nilalang. Wala silang mga katawan katulad natin, ngunit sila ay may kakayahang magkaroon ng kaanyuan ng tao. Sila ay nagmiministeryong mga espiritu na ipinadala upang magministeryo doon sa mga tagapagmana ng kaligtasan. Sino ang mga tagapagmana ng kaligtasan? Sila ang mga tinubos. Samakatuwid, ang mga anghel ay ipinadala upang tulungan at alalayan ang bawat Kristiyano. Ang bawat mananampalataya ay may isang tagapagbantay na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

anghel. Ang mga anghel, kung gayon, ay mga tagapaglingkod na may mga tungkuling dapat gampanan. Hindi sila diyos at tiyak na sila ay hindi kapantay sa hanay ng Anak. Sila ay nilikha sa pamamagitan ng Anak ng Diyos.

Noong ako ay nasa gawain ng *summer camp* ng Paaralang Bibliya bilang isang kabataan, ako ay naatasan sa pag-akyat sa isang partikular na bundok sa Derbyshire. Sa kalagitnaan paakyat sa bundok na ito ay ang isang daanan na pasikut-sikot hanggang sa bukana ng isang kuweba. Ang aking responsibilidad ay pangunahan ang mga tao paakyat. Habang dahan-dahan kaming umaakyat sa huling bahagi ng liko-likong daan, nagdesisyon akong iwan ang daanan at tahakin ang mas mabilis na daang padalisdis. Kapag ikaw ay isang lider, ang maliit na tupa ay susunod. Kaagad sa aking likuran ay ang isang pitumpung taong gulang na ginang. Iniwan niya rin ang daanan gaya ng ginawa ko, at nang magsimula siyang umakyat sa tuktok ng dalisdis, nadulas siya.

Nang umabot ako upang tulungan siya, natulak ng aking paa ang malalaking bato at nahulog ang mga ito pababa sa mga kapatiran. Kaagad na humingi ng tulong sa Diyos ang aking espiritu. At binuksan ng Panginoon ang aking mga mata at nakita ko sa likuran ng bawat isa sa mga mananampalatayang ito ang isang anghel na tumutulong sa kanila. Ito ay isang napakagandang tagpo. Ang ilan sa mga kapatiran na ito ay matatanda na at nahihirapan na, ngunit ang mga anghel ay napakabuti at matiyaga sa kanila. Napakaganda nilang pagmasdan. At wala ni isa sa malalaking bato ang tumama sa kanila. Ang karanasang ito ay nagdulot sa akin upang maunawaan na hindi ko

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pa naranasan kailanman na ang mga anghel ay nagmiministeryong mga espiritu na isinugo upang tulungan ang mga “magmamana ng kaligtasan.”

Naalala ko ang kwento ng isang tagapaglingkod na Metodista na maaga sa buhay ay naging isang misyonero sa Tsina. Nang minsan na siya at ang kanyang pamilya ay nasa ilog ng Yangtze, ang bangka nila ay biglang tumaob.

Nagawa niyang mapanatili itong nakalutang, binaligtad muli, at nagawang maibalik ng ligtas sa bangka ang kanyang asawa at mga anak. Subalit, ang mag-asawa ay kapwa inisip na nasa isa sa kanila ang sanggol. Nang mapagtanto nila na wala ito sa isa sa kanila, pinagsakluban sila ng matinding takot at pagkataranta. Nagsimula silang maghanap sa paligid at nakita nila sa kabilang panig ng ilog ang isang kamay at isang braso na nakaunat hawak ang bata. Lumangoy ang misyonero papunta sa sanggol, nang mahawakan na niya ito ng mabuti, binitiwan ng kamay ang hawak nito at nawala.

Tungkol sa mga bata, sinabi ng ating Panginoong Jesus na ang bawat isa ay may isang anghel na patuloy na nakatingin sa mukha ng Ama sa langit (Mt.18:10). Sa mga bagay na maaaring mangyari sa mga bata, isang ginhawa na malaman na ang mga anghel ay nagbabantay sa kanila. Ang lahat ng mga anghel ay nagmiministeryong mga espiritu. Kaya, kapag sinabi ng Panginoon na tayo ay hindi kailanman mag-iisa, tayo ay hindi mag-iisa. Kapag may isang tao, mayroong dalawa. At kapag may

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

dalawang tao, mayroong apat. Sa pagkaalam na tayo ay mayroong mga tagapagbantay na palaging naririyan at nakatingin sa atin sa lahat ng panahon ay dapat magdulot rin ng kabanalan.

Nakamamangha na ang mga tao ay hindi nagkakaroon ng maraming pagkaaksidente, ngunit may dahilan para rito. Naging bukas ang aking mga mata sa ilang mga lungsod at sa ilang pagkakataon nakita ko ang mga anghel sa sangandaan na nakatingin sa mga sasakyan at mga tawirang daan. Naniniwala ako na mas marami pa ang mga pagmiministeryo ng mga anghel kaysa sa nalalaman natin. Tiyak na may mga anghel din na namamahala sa mga bansa. Naniniwala talaga ako na may pamamagitan ng mga anghel upang iligtas ang mga bansa sa ganap na kaguluhan at pagkawasak.

Minsan ang ilang bansa ay tila mawawasak na talaga ng tuluyan, ngunit sa kung paano mang paraan ay nakakaligtas sila. Sa palagay ko ito ay dahilan sa pamamagitan ng mga anghel. Kung ang ating mga mata ay nakabukas, makikita natin ang hindi nakikitang mga puwersa at mga anghel. Sa hindi sinasadya, mas lamang sa bilang ang mabubuting anghel sa mga nahulog na anghel dalawa sa isa. Minsan ang mga tao ay may pakiramdam na kakaunti lamang tayo at may mga demonyo sa palibot ng bawat sulok, ngunit sila ay nalamangan sa bilang dalawa sa isa ng mga makadiyos. Tayo ay dapat magkaroon ng higit na kamalayan nilang mga nasa panig natin kaysa sa mga nasa kabilang panig. Alalahanin kung ano ang sinabi ni Eliseo sa kanyang alipin nang sila ay pinalibutan ng kaaway: *"Huwag kang matakot, sapagkat ang mga kasama natin ay higit kaysa mga kasama nila." (2 Hari. 6:16).*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

## ***Si Cristo ay Nakahihigit sa mga Anghel Dahil:***

**1.** Siya ay may mas pinakamahusay na pangalan (ranggo, dignidad) kaysa mga anghel.
**2.** “Ito ang Aking Anak” ay hindi kailanman sinabi sa mga anghel kundi sa Anak lamang.
**3.** Si Cristo ay bukod tanging nag-iisang Anak ng Ama, at nagmula sa sinapupunan ng Ama. Ang mga anghel ay nilikha.
**4.** Ang lahat ng mga anghel ay inutusang sambahin ang Anak.
**5.** Ang Anak ay tinaguriang “DIYOS.” Kailanman ay hindi tinawag ang mga anghel na Diyos, ni sila man ay pinangakuan ng isang trono at isang kaharian.
**6.** Ang Anak ay pinahiran higit sa kanyang mga kasamahan (higit sa Kanyang mga kapatid, mga propeta at sa mga anghel)
**7.** Ang Anak ay ang Tagapaglikha. Nilikha Niya ang lahat ng bagay, kasama na ang mga anghel.
**8.** Ang Anak at Kanyang mga Salita ay nanatili magpakailanman. Si Cristo ay “ang Isang hindi nagbabago” sa bawat panahon. Hindi kayang angkinin ng mga anghel ang ganitong katangian.
**9.** Wala ni isa mang anghel ang pinangakuan ng isang natatanging posisyon sa kanang kamay ng Diyos.
**10.** Ang mga anghel ay “nagmiministeryong mga espiritu na ipinadala upang maglingkod sa mga tagapagmana ng kaligtasan,” ang mga tinubos. Samakatuwid, ang mga anghel ay mga tagapaglingkod, hindi diyos. Sila ay nasa ilalim ng Diyos, at sinusunod ang Kanyang mga utos.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

### *Ang Unang Babala - 2:1-4*

### ***Bigyang-Pansin kung Ano ang Sinasabi ng Diyos***

Tayo ay pupunta na ngayon sa ikalawang kabanata at ang una sa limang mga babala ng Hebreo. Makaraan ang mga detalyadong pagpapaliwanag sa mga katotohanan na si Cristo ay higit na mas dakila kaysa sa mga propeta at mga anghel, tinutukoy naman ngayon ni Pablo ang mataimtim na babalang ito:

**2:1** ***"Kaya't dapat nating pag-ukulan ng higit pang pansin ang mga bagay na ating narinig, baka tayo'y matangay na papalayo."*** Ang kaisipang inilalarawan dito ng "hinayaang matangay na papalayo" ay ang isang barko na napalayo sa mga punduhang pandagat nito at nalunod dahil sa kapabayaan ng kapitan. Nakakalungkot man, sa buong panahon ng aking buhay at ministeryo ay nakita ko ang marami na hinayaan ang bangka ng kanilang kaluluwa na malihis mula sa ligtas na punduhan ng kaligtasan na na kay Cristo. Ang resulta ay nalunod sila, at ito ay dahan-dahang nangyari.

Ang unang tanda ng panganib ay kapag ang isang lalaki o babae ay tumigil sa pagbabasa at pagbubulay ng mga Kasulatan. At pagkatapos ay lumiliban na sa simbahan, at unti-unti, ay lumiliban

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

na mula sa pagtitipon ng mga kapatiran. Sa halip na tumingin sa Diyos para sa direksyon, sila ay nananangan sa sarili nilang kaunawaan at gumagawa ng mga desisyon sa pamamagitan ng sarili nilang paghahatol. Ang mga sumusunod na bunga ay nakapipinsala, at sila ay magkakarugtong mula sa isang trahedya at sa iba pa katulad ng isang bangka na walang timon sa bagyo. O, ating alalahanin na ang pagkapit kay Cristo at sa Kanyang katotohanan ay ang ating tanging kanlungan ng kaligtasan. Kaya nga, sinasabi ni Pablo, "*Kaya't dapat nating pag-ukulan ng higit pang pansin ang mga bagay na ating narinig*."

**2:2 *"Sapagkat kung ang salita na ipinahayag sa pamamagitan ng mga anghel ay may bisa, at ang bawat paglabag at pagsuway ay tumanggap ng kaukulang parusa."*** Muli kong binabanggit ang nasa Gawa 7:53, ngunit ngayon ay nais kong sipiin ang mula sa Exodo 23:20-21, kung saan ay nagsalita ang Diyos sa Israel sa ilang at sinabing: *"Aking isinusugo ang isang anghel sa unahan mo, upang ingatan ka sa daan, at upang dalhin ka sa dakong aking inihanda. Mag-ingat kayo sa harap niya at dinggin ninyo ang kanyang tinig; huwag kayong maghimagsik sa kanya, sapagkat hindi niya patatawarin ang inyong pagsuway, sapagkat ang aking pangalan ay nasa kanya."* Napakalalim ng kaisipan dito. Ang salitang ipinahayag ng mga anghel ay matatag, at ang bawat pagsuway ay makakatanggap ng patas na kahatulan. Nang ang mga anak ni Israel ay sumuway sa ilang, ang mga nakapangingilabot na mga kahatulan ay dumating sa kanila. Kung kaya, tayo ay pinaaalalahan ni Apostol Pablo tungkol dito, at ipinagpatuloy niya ang kanyang babala sa talata 3.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**2:3** ***"Paano nga tayo makakatakas, kung ating pababayaan ang ganito kadakilang kaligtasan? Ito ay ipinahayag noong una sa pamamagitan ng Panginoon, at pinatunayan sa atin ng mga nakarinig sa kanya."*** Dito ay ang nakamamanghang babala ni Pablo—paano tayo makakatakas kung pababayaan natin ang ganito kadakilang kaligtasan? Ang mga dahilan ni Apostol Pablo ay ito: tayo ay binigyan nang labis na mga pribelihiyo higit kaysa mga mananampalataya sa panahon ng Lumang Tipan. Tayo ay may isang mas dakilang tipan; tayo ay may isang mas malalim na karanasan kay Cristo; tayo ay may bautismo ng Banal na Espiritu, gayundin ang kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya at bautismo sa tubig. Kung ang mga mananampalataya ng Lumang Tipan na may mababaw na mga karanasan ay hindi nakaligtas sa kaparusahan nang sila ay sumuway, paano naman tayo sa tingin ninyo?

**2:3b-4** ***"Ito ay ipinahayag noong una sa pamamagitan ng Panginoon, at pinatunayan sa atin ng mga nakarinig sa kanya, na pawang pinatotohanan din ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda at ng mga kababalaghan at iba't ibang himala at ng mga kaloob ng Espiritu Santo na ipinamahagi ayon sa kanyang kalooban."*** Malawakang binanggit ng Panginoong Jesus ang kamangha-manghang kaligtasan na ito na mismong Siya ang bumili upang maligtas ang mga tao hanggang sa sukdulan, at ito ay pinatotohanan ng lahat ng mga apostol sa pamamagitan ng mga tanda at himala. Mula noong araw ng Pentecostes at nagpapatuloy, makikita na sinasang-ayunan ng Diyos ang Kanyang mga Salita sa pamamagitan ng sumusunod na mga tanda. Ang ebanghelyo na "sinusundan ng mga tanda" ay ipinangako ni Cristo sa Marcos kabanata 16. Isa sa mga tanda na iyon

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

(mula sa maraming iba pa) ay ang pagsasalita sa iba't ibang wika. Ngayon tayo ay mayroong karangalan at pribilehiyo na mabautismuhan ng Banal na Espiritu at makapagsalita ng iba't ibang wika.

Napakaraming mga pribilehiyo ang ipinagkatiwala sa atin, at kung paanong minamarapat tayo na huwag nating pabayaang matangay ang ating mga bangka mula sa mga punduhan ni Cristo at sa lahat ng Kanyang mga nakamamanghang katotohanan! Kailangan nating ibigay ang higit na sigasig sa liwanag kaysa sa ginawa ng mga nasa Lumang Tipan. Ang mga paulit-ulit na reperensiya ay ginawa sa Bagong Tipan sa paglalakbay sa ilang nang ang mga Israelita ay ginabayan ng isang anghel. Hindi sila pinatawad ng anghel na iyon; sila ay hinatulan niya ng labis sa kanilang pagsuway. Kaya nga, kailangang mapagtanto natin ang mga bagay na ito at isapuso. Ito ang una sa limang mga babala sa Hebreo— "Pakinggan, bigyan ng higit pang pansin, at magbigay ng kasigasigang gawin ang sinasabi ng Diyos sa atin."

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

# Bahagi 2

## 2:5-18 – NARITO ANG TAO – SI JESUS

**2:5** ***"Sapagkat hindi ipinasakop ng Diyos sa mga anghel ang sanlibutang darating, na siya naming sinasabi."*** Sa Ikalawang Bahagi muli ay inihahambing ni Pablo ang mga anghel kay Cristo. Sa paggawa ng mga reperensiya sa mundong darating, sinasabi ni Apostol Pablo na ang bagong langit at bagong lupa ay hindi napasasakop sa pamamahala ng mga anghel, kundi sa pamamahala ng tao, at sa partikular, ay ang Taong si Cristo Jesus. Ang "dakilang kaligtasan" na ito, na nagsimula sa lupa ay magpapatuloy sa mundong darating.

**2:6** ***"Ngunit may nagpatunay sa isang dako, na sinasabi, 'Ano ang tao upang siya'y iyong alalahanin? O ang anak ng tao upang siya'y iyong pagmalasakitan?'"*** (cf. Aw. 8:4). Ang isa na nagpapatotoo nito, siyempre pa, ay si Haring David. Ang Awit 8 na isinulat ni David pagkatapos lamang na mapatay niya si Goliath, ay posibleng ang una sa mga salmo ni David. Inihahambing ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

salmong ito ang mga anghel sa Anak ng tao at sa mga anak ng tao. Sa pagtingin sa mga bituin at pagmasid sa kalawakan ng daigdig, ang isang propetikong panalangin ay bumukal sa puso ni Haring David, at kanyang nasabi, "Ano ang tao upang siya'y iyong alalahanin? O ang anak ng tao upang siya'y iyong pagmalasakitan?" Si David ay isang propeta, at kaya marami sa kanyang mga propetikong sinasabi ay nakatuon mismo kay Cristo. Dito ay nagsasalita siya sa tao, ngunit partikular sa Anak ng tao.

**2:7a *"Siya'y ginawa mong mababa kaysa mga anghel."*** (cf. Aw. 8:5). Ang sangkatauhan ay nilikha na mas mababa kaysa mga anghel. Ang kaisipang ito na ang tao ay ginawang mas mababa kaysa mga anghel ay naging napakalinaw sa akin maraming taon na ang nakalipas nang kami ay nagmiministeryo sa isa sa mga kapatid na babae sa simbahan. Ang mga matatanda at ako ay nagpapalayas ng mga demonyo mula sa babaeng ito, at nakarating kami sa pinakahuli. Gusto nang umalis ng demonyo, ngunit gusto ng babae na manatili siya. Ayaw niyang bitawan ang kanyang saykikong pamumuhay. Pagkatapos ay nakita ko ang isang nahulog na anghel na lumakad sa silid at nilukuban siya. Ang anghel ay nagsalita sa pamamagitan ng mga bibig ng babaeng ito, at sinabing "buong paggalang ko lamang na ipinapaalala sa iyo na ang tao ay nilikhang mas mababa kaysa mga anghel." Sa ibang mga salita, nais niyang malaman ko na siya ay isang anghel, at ako ay isang tao. Matapos ang pagpapayo, ang babae ay umalis sa silid at ipinagtapat sa ilang mga tao na, "napalaya na sana ako, ngunit ayaw kong pakawalan ang espiritu." Dahilan sa katigasan ng kanyang kalooban at bukas na paanyaya para kay Satanas na panatilihin ang muog nito sa kanyang buhay, ang isang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

nahulog na anghel ay dumating upang tumulong at palakasin ang demonyo, kahit pa na ang demonyo ay gusto ng umalis. Binabanggit ko ang kwentong ito upang isalarawan ang punto na ang tao ay ginawang (sa buhay na ito lamang) mas mababa kaysa sa mga anghel.

**2:7b** ***"Siya'y pinutungan mo ng kaluwalhatian at ng karangalan, at siya'y inilagay mo sa ibabaw ng mga gawa ng iyong mga kamay."*** Ang talatang ito ay hindi lamang propetiko kay Cristo na Huling Adan, ito rin ay bumabalik sa unang Adan, na siyang binigyang-utos ng Diyos na "magkaroon ng pamamahala" sa buong mundo at lahat ng mga nilikha *(Gen. 26:1-28).* Sa tingin ko ito ay isang bagay na dapat nating tandaan, lalo na kung tayo ay ipinadala sa lugar ng pagmimisyon. Sa lugar ng pagmimisyon makakasalubong tayo ng mga ahas, leon, at iba pang mga hayop, ngunit naniniwala ako na kung pananatilihin natin ang ating katayuan kay Cristo, ay hindi natin kailangang matakot sa kanila. Ang mga hayop ang takot sa atin dahil ang pagkatakot sa tao ay nasa mga hayop. Sila ay uurong kung alam natin ang ating katayuan kay Cristo. Ang tinubos na tao ay dapat magkaroon ng kapamahalaan sa lahat ng mga nilalang sa lupa.

**2:8** ***"Ipinasakop mo ang lahat ng bagay sa ilalim ng kanyang mga paa. Nang masakop niya ang bawat bagay, wala siyang iniwan na hindi niya nasasakop. Ngunit ngayon ay hindi pa natin nakikitang nasasakop niya ang lahat ng mga bagay."*** Ipinahayag ng Diyos na ang lahat ng bagay ay papasakop kay Cristo, ngunit sa kasalukuyan ay nakikita natin ang pagsuway sa bawat bahagi. Ang lahat sa langit at lupa ay hindi pa napapasakop kay Cristo at napasailalim ng Kanyang paanan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ito ay sa dahilang ang Ama ay nagtakda ng isang panahon para dito (Mang. 3, Pah.11:15, Gawa 1:7). Ito ay magiging isang katotohan sa ikalawang pagbabalik ni Cristo.

Nang makita ng mga demonyo si Cristo sa panahon ng Kanyang pagmiministeryo sa lupa, sila ay buong takot na nanangis "Naparito ka ba upang pahirapan kami bago dumating ang takdang panahon?" (Mt. 8:29b). Alam na alam ng mga demonyo na may nakatakdang oras para sa kanilang kahatulan. Tunay nga, na ang mga diyablo ay "naniniwala at nanginginig" gaya ng sinasabi ni Santiago. Alam nila na si Cristo ay magkakaroon ng kapamahalaan sa lahat ng bagay sa panahon na itinakda ng Ama. Si Satanas mismo ay alam na ang kanyang panahon ay maikli na at si Cristo, ang tagapagmana ng lahat ng bagay, ay magkakaroon ng kapamahalaan (Pah.12:12).

### *Narito ang Tao—Si Jesus*

**2:9** ***"Kundi nakikita natin si Jesus, na sa sandaling panahon ay ginawang mababa kaysa mga anghel, na dahil sa pagdurusa ng kamatayan ay pinutungan ng kaluwalhatian at karangalan, upang sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay maranasan niya ang kamatayan alang-alang sa lahat."*** Hindi lamang na ang tao ay nilikha na mas mababa kaysa sa mga anghel, ang Taong si Cristo Jesus ay nilikha rin na mas mababa kaysa mga anghel upang Siya ay makapagdusa ng kamatayan. Ang mga anghel ay hindi maaaring mamatay. Samakatuwid, si Cristo ay kailangang maging mas mababa kaysa sa mga anghel; Siya ay kailangang maging isang tao, sapagkat ito'y sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pamamagitan lamang ng kamatayan na tayo ay maaaring matubos. Ito ay sa pamamagitan lamang ng kamatayan na ang isang tipan ay magiging mabisa. Kung kaya, si Cristo na Tagapagpatunay ng Bagong Tipan ay ginawang mas mababa kaysa mga anghel upang matikman Niya ang kamatayan para sa bawat tao sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Ngayon nakikita natin ang Panginoong Jesu-Cristo na may putong ng kaluwalhatian at karangalan at naghihintay sa oras na ang lahat ng Kanyang mga kaaway ay magiging Kanyang tuntungan.

**2:10** ***"Sapagkat nararapat na ang Diyos, na para sa kanya at sa pamamagitan niya ay nagkaroon ng lahat ng mga bagay, sa pagdadala ng maraming anak tungo sa kaluwalhatian, ay gawing sakdal ang tagapagtatag ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng mga pagdurusa."*** Ito ang layunin para sa pagiging isang tao ni Cristo at mamatay para sa tao. Si Cristo ay namatay hindi lamang para iligtas tayo mula sa impiyerno, kundi upang dalhin tayo sa kaluwalhatian at kaganapan sa gulang. Ito ang punto rito at ito ay napakahalaga. Ang layunin at hangarin ng isang ama ay para sa kanyang anak na lumago at kunin ang kanyang posisyon. May labis na kagalakan kapag ang isang sanggol na lalaki ay ipinanganak; subalit kung siya kailanman ay hindi lumalago, siya ay magdudulot lamang ng kapighatian sa kanyang ama.

Maraming taon na ang nagdaan habang ako ay nasa Pilipinas nakabasa ako ng isang artikulo sa pahayagan tungkol sa isang maliit na batang lalaki na nanatiling sanggol sa loob ng siyam na buwan. Kailanman ay hindi siya lumago at nagkagulang. Nabagbag ang kalooban ng kanyang mga

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

magulang. Ang labis na kagalakan na kanilang naranasan sa kapanganakan ng isang sanggol na lalaki ay nauwi sa kapighatian dahil walang paglago sa bawat taon. Paano pa sa palagay ninyo ang mararamdaman ng Makalangit na Ama kapag ang Kanyang mga anak na lalaki at babae ay hindi lumalago? Sa bawat panahon na ako ay inaanyayahan bilang isang panauhing tagapagsalita sa mga iglesiya at mga komperensiya, ang mga tagapaglingkod na nag-anyaya sa akin ay hinihiling na huwag akong magturo ang anumang bagay na malalalim. Marami sa kanila ang nagsabi sa akin: “Pakiusap, ibigay mo lamang ang iyong patotoo patungkol sa kaligtasan at ang bautismo ng Banal na Espiritu. Ayaw na naming makarinig ng iba pang bagay.”

Maraming mga mananampalataya ang nasisiyahang manatili nalang bilang mga sanggol. Ang Diyos ay nagsalita sa isang kilalang ebanghelista, “Ang lahat ng iyong ministeryo ay nagbubunga ng isang espirituwal na mga sanggol.” Kaya nga, tayo ay dapat magkaroon ng isang banal na pagkatakot sa ating mga puso sang-ayon sa bagay na ito, sapagkat ang bawat lider na pumipigil sa kanyang kongregasyon mula sa pag-abot sa pinakamataas na pagkatawag ay mananagot sa Diyos para sa kasalanang ito. Ang kasalanan ay ang hindi pag-abot sa kaluwalhatian ng Diyos at Kanyang mga layunin (Rom. 3:23).

Tandaan, na ang pinaka-layunin ng Diyos ay ang “Magdala ng maraming anak sa kaluwalhatian,” hindi lamang para iligtas sila sa impiyerno. *“Gawing sakdal ang tagapagtatag ng kanilang kaligtasan sa pamamagitan ng mga pagdurusa.”* Ang Tagapagtatag ng ating kaligtasan ay ginawang sakdal sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pamamagitan ng pagdurusa? Bakit kailangan pa Niyang maging sakdal? Hindi ba’t Siya ay sakdal na na Anak ng Diyos? Ang isang pag-unawa sa orihinal na pagtukoy sa “sakdal” ay makatutulong na lutasin ang mga palaisipang katanungan na ito. Ang sakdal ay nagmula sa Griyegong salita na *teleios*, na ang ibig sabihin ay “upang maging ganap na karapat-dapat para sa gawain/layunin na itinalagang gawin natin sa mundo.” Ito ay parehong salita na ginamit ni Cristo nang Kanyang iniutos, “Kaya’t kayo nga’y maging sakdal, gaya ng inyong ama sa langit na sakdal” (Mt. 5:48).

### *Dalawang Kalikasan*

Si Jesus ay Anak ng Diyos, ngunit Siya rin ay Anak ng Tao. Siya ay magkasabay na 100 porsiyentong Diyos at 100 porsiyentong Tao. Samakatuwid, Siya ay may dalawang kalikasan. Bilang Anak ng Diyos hindi posible para sa Kanya na magkasala. Subalit, bilang Anak ng Tao, si Cristo ay napasailalim sa tukso at sa posibilidad ng pag-ayon sa tukso.

Bilang isang tao, kailangan maghirap ni Cristo upang maging sakdal na karapat-dapat para sa Kanyang gawain sa lupa. Kailangan Niyang maging disiplinado, sanay, bihasa at may pagpipigil sa sarili.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Si Cristo ay isinalarawan sa Isaias 49:1-4 bilang pana ng Diyos. Ang palaso ay may dalawang bahagi—ang matalas na pantusok at ang baras. Ang matalas na pantusok ay kumakatawan sa Salita ng Diyos na naglalayong abutin ang puso ng mga tao.

Sinasabi ni Cristo sa Isaias 49:2, “Ang aking bibig ay ginawa niyang parang matalas na tabak.” Ang matalas na pantusok ay kumakatawan sa banal na bahagi ni Cristo, ngunit ang kahoy na baras ay nangungusap sa makataong bahagi ni Cristo. Sa Tipolohiya sa Bibliya, ang kahoy ay tumutukoy sa pagiging tao. Ang Kanyang pagkatao ay kailangang mahasa dahil sa lipi ng Kanyang katawang lupa na pinanggalingan. Oo, ang Kanyang espiritu ay banal. Ang Diyos ang Kanyang Ama; Siya ay bumaba mula sa langit. Gayunpaman, ang Kanyang katawan ay nanggaling sa sinapupunan ni Maria. Ang Kanyang pisikal na katawan ay ginawa mula sa makataong sangkap ni Maria. Ang *katawan* ni Cristo, samakatuwid, ay gawa sa wangis ng isang makasalanang laman (Rom.8:3).

Isaalang-alang kung ano ang kailangang pagtagumpayan ni Cristo sa Kanyang makalupang lipi. Tinatawag natin itong “ang angkan ng Mesias,” Ngunit pansumandaling isipin kung ano ba ang nasa makalupa Niyang lipi? Naroon ang babaeng bayaran na si Rahab, si Juda, isang ninuno na may insesto sa kanyang babaeng manugang. Si David na nahulog sa kasalanan kay Batseba, at si Solomon na isang tiyak na hindi huwaran ng kabanalan. Ang lahat ng mga ito ay nasa lipi ni Maria at samakatuwid ay nasa kaanyuang tao ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Ang Anak ng Tao ay tinukso sa lahat ng bahagi kagaya natin, ngunit Siya ay hindi nagkasala kailanman. Kaya nga, tayo ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

sinabihan sa Hebreo 5:8 na “Siya ay natuto [aktibo, espesyal] ng pagsunod sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang tiniis.” Huwag nating kalimutan na si Jesus ay mayroong lipi ni Maria gaya ng lipi ng Banal na Espiritu.

Ang makataong bahagi ni Cristo na nanggaling kay Maria ay kailangang maging sakdal (*teleios*) sa pamamagitan ng paghihirap upang Kanyang matupad kung ano ang isinugo sa Kanya na gawin sa mundo. Sa Loob ng tatlumpung taon si Jesus ay sinanay, dinisiplina, at hinasa ng Kanyang Makalangit na Ama upang sa gayon ay maging isang sakdal na Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan.

**2:11** ***“Sapagkat ang gumagawang banal at ang ginawang banal ay pawang nagmula sa isa. Dahil dito’y hindi nahihiya si Jesus na tawagin silang mga kapatid.”*** Sa Juan 17:19 sinabi ng Panginoon, “At dahil sa kanila’y pinabanal ko ang aking sarili.” Mahalagang maunawaan kung ano talaga ang ibig sabihin ng salitang “pinabanal”. Ang pagpapakabanal ay madalas na ikinalilito sa kabanalan. Bagama’t ang parehong salita ay maaaring magkatulad sa isa’t isa, sila ay may magkaibang mga kahulugan. Ang Kabanalan ay banal na katangian. Ito ang pinaka likas na katangian ng Diyos. Ito ay kabutihan ng pagkatao.

Ang pagpapakabanal ay iba; ang ibig sabihin nito ay “pagtatalaga para sa paglilingkod sa Diyos.” Ang pagtatalaga para sa paglilingkod sa Diyos ay may maraming anyo. Sa Isaias 13:3 ang mga taga-

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Babilonya ay tinawag na "mga itinalaga" sa Diyos. Ang mga taga-Babilonya ay napakamalupit, tiyak na hindi sila banal na mga tao sa anumang paraan, ni pagmamay-ari ng Diyos. Sila ay "inihiwalay" ng Diyos para sa Kanyang layunin, at iyon ay upang wasakin ang Jerusalem. Kaya nga ating unawain na ang kaisipan ng pagpapakabanal ay "itinalaga para sa mga layunin ng Diyos."

Si Jesus ay at ang Banal ng Diyos. Nang Kanyang sinabi sa Juan 17:19 "At dahil sa kanila'y pinabanal ko ang aking sarili," ay nangangahulugan lamang ito na inihiwalay Niya ang Kanyang sarili para sa mga layunin ng Diyos na Siya ay tumungo sa krus. Hindi ipinahihiwatig dito na mayroong anumang karagdagang pagbabahagi ng kabanalan na ipinagkaloob sa Kanya dahil si Jesus ay banal na.

*"Sapagkat ang gumagawang banal at ang mga ginawang banal ay pawang nagmula sa isa."* Mayroong isang natatanging pagkakaugnay sa pagitan ni Cristo, na hiniwalay ang Kanyang sarili para sa mga layunin ng Diyos, at ang mga mananampalataya na gayundin ang ginagawa. Inihiwalay tayo ng Diyos para sa paglilingkod sa Kanya; tayo ay itinalaga para sa gawain ng Diyos. Kaya nga, tayo dapat ay maging mga eksklusibong pag-aari ng Diyos at nasa Kanyang pag-uutos. Sa kadahilanang ito, may isang tiyak na pakikipagkaibigan sa pagitan natin at ng Panginoong Jesu-Cristo.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ito ay totoo sa mga armadong puwersa. Sa militar ay may isang tiyak na pakikipagkaibigan sapagkat ang lahat doon ay itinalaga para sa isang karaniwang layunin. Nararamdaman nila ang isang tiyak na pagiging isa sa isa’t isa dahil naroon sila para sa isang tiyak na layunin ng pakikipaglaban at pagbuwis ng kanilang mga buhay para sa bayan. Ang isang tiyak na pagkakapatiran ay makikita sa mga armadong puwersa. Gayundin naman, kapag tayo ay inihiwalay ni Cristo upang gawin ang kalooban ng Diyos, mayroong isang tiyak na pakikipagkaibigan. Samakatuwid, hindi siya nahihiya na tawagin tayong mga kapatid sapagkat tayo ay inihiwalay sa parehong mga layunin.

**2:12** ***“Na sinasabi, ‘Ipahahayag ko ang iyong pangalan sa aking mga kapatid.”*** (cf. Aw. 22:22). Ipinahayag ni Jesus ang pangalan ng Kanyang Ama sa mga kapatid. Ang Diyos ay hindi lubusang nakikila bilang Ama sa Lumang Tipan. Ang Anak ang naghayag sa Kanya bilang ganoon. Isa sa mga kinakailangan sa buhay Kristiyano ay kilalanin ang lahat ng mga pangalan ng Diyos. Dapat ay malaman natin ang lahat ng Kanyang mga pangalan batay sa karanasan at hindi lamang bigkasin ang mga ito.

Ang ilan sa mga susi sa pagdakila kay Cristo ay makikita sa Awit 91:14 “Sapagkat siya’y kumapit sa akin na may pag-ibig, ililigtas ko siya, iingatan ko siya sapagkat ang aking pangalan ay nalalaman niya.” Inilagak ni Jesus ang kabuuan ng Kanyang hangarin sa Kanyang Ama. Alam Niya ang lahat ng pangalan ng Kanyang Ama batay sa karanasan, hindi lamang sa pamamagitan ng pagbigkas o pagsaulo. Kung kaya, Siya ay lubos na dinakila ng Ama. Ito rin ang susi sa ating buhay. Habang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

itinutuon natin ang ating pag-ibig sa Panginoon nating Diyos, tayo ay Kanyang ililigtas; at sa pagkakakilala natin ng Kanyang mga pangalan batay sa karanasan (hindi sa teorya lamang) tayo ay Kanyang itataas kasama ng Kanyang Sarili.

Ang Diyos ay may maraming mga pangalan. Isa sa Kanyang mga pangalan ay Jehovah Jireh na ang ibig sabihin ay “Ang Panginoon na ating Tagapagkaloob.” Kailangan natin Siyang makilala bilang ating tagapagkaloob. Kailangan nating magkaroon ng ganyang uri ng ugnayan sa Kanya kung saan ay alam natin na sa bawat pangyayari Siya ay Ang Nakakakita ng lahat na nakakaalam ng ating mga pangangailangan at magkakaloob para sa mga ito.

Gayunpaman, ang tanging paraan na makilala ang Diyos bilang Jehovah Jireh ay sa pamamagitan ng pagdaan sa mga karanasan kung saan tayo ay magkakaroon ng matinding mga pangangailangan, at saka Siya makikitang darating sa sitwasyon na may mahimalang katugunan. Kilala mo ba Siya bilang iyong Tagapagkaloob? Kapag nakilala mo Siya batay sa karanasan bilang iyong Tagapagkaloob, ay maaari mo ng ipahayag ang Pangalang iyon sa iyong mga kapatiran. Sa gayon ito ay hindi na magiging teorya, kundi buhay at katotohanan. Ganoon din sa lahat ng iba pa Niyang mga pangalan.

Paano natin Siya makikilala bilang Jehovah Rapha (Ang Panginoon na ating Tagapagpagaling) maliban kung una nating naranasan ang mga pisikal pangangailangan? Ang mga babae at lalaki na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

may mga makapangyarihang ministeryo ng pagpapagaling ay unang nakakilala ng matitinding pakikipaglaban sa mga karamdaman sa sarili nilang mga buhay kung saan sila ay pinagaling ng Panginoong Jesu-Cristo.

Sa ating debosyonal na buhay, may isa pang pangalan ng Diyos na dapat nating malaman batay sa karanasan at iyon ay Jehovah Tsidkenu (Ang Panginoon na ating Katuwiran). Sa bagong kapanganakan, ang bawat Kristiyano ay *ibinibilang* na matuwid, ngunit marami ang hindi pahihintulutan ang Diyos na *gawin* silang matuwid. Ang ginawang matuwid ay ibinibigay lamang sa mga nagugutom at nauuhaw para dito (Mt. 5:6).

**2:12b *"Sa gitna ng kapulungan ay aawitan kita ng mga himno."*** Ito rin, ay propetiko kay Cristo at ito ay nagmula sa Awit 22:22. May mga pagkakataon sa ating mga gawaing pananambahan kung kailan ang Panginoon ay kumikilos sa isang awiting espirituwal, sumasamba sa Kanyang Ama sa pamamagitan ng kongregasyon. Alalahanin, na si Cristo ay nasa atin. May mga pagkakataong kinukuha ng Panginoon ang ating mga tinig na umaawit sa pamamagitan natin sa Kanyang Ama sa Langit. Ito ang taas ng papuri.

**2:13a *"At muli, 'Ilalagak ko ang aking pagtitiwala sa kanya.'"*** Sinisipi ni Pablo ang Isaias 8:17 mula sa *Septuagint* (o Griyegong salin ng Lumang Tipan) na propetikong nagsasabi tungkol kay Cristo, "at ako'y aasa sa kanya." Mababasa sa Hebreo 2:13, "At muli, 'Ilalagak ko ang aking

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pagtitiwala sa kanya.” Sinabi ni Cristo sa Juan 5:19 “Hindi makakagawa ng anuman ang Anak sa kanyang sarili kundi ang nakikita niyang ginagawa ng Ama.” Ang Anak ay nagpakita ng isang maganda at banal na pagpapakalinga sa Kanyang Ama. Naroon ang isang pagkilala at pag-amin na wala Siyang anumang magagawa sa ganang Sarili Niya. Kinailangan Siyang pahiran at palakasin ng Banal na Espiritu upang maipakita ang Kanyang sarili bilang isang hain na walang bahid sa Diyos (Heb. 9:14).

Sa parehong paraan, dadalhin tayo ng Diyos sa lugar ng banal na pagpapakalinga sa Kanya para sa bawat aspeto ng ating espirituwal at natural na buhay. Sinabi ni Pablo “Ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak.” (Gal. 2:20). Ni hindi nga ito sa pamamagitan ng *ating* pananampalataya, kundi sa pamamagitan ng Kanyang pananampalataya na nabubuhay tayo. Kailangang ilagay ni Jesus ang lahat ng Kanyang pagtitiwala sa Kanyang Ama sa Langit at maniwala na sasamahan Siya ng Kanyang Ama.

**2:13b** ***“At muli, ‘Narito ako at ang mga anak na ibinigay sa akin ng Diyos”*** (cf. Isa. 8:18). Ito ay binigyang-diin ni Jesus sa Juan 17:12 kung saan ay tinukoy Niya ang mga ibinigay sa Kanya ng Kanyang Ama. Ang Ama ay nagbigay sa Kanyang Anak ang isang binhi (cf. Isa. 44:3, 53:10). Sa biyaya ng Diyos tayo ay ang Kanyang binhi at Kanyang mga anak. Sa parehong paraan, nais ng Diyos na bigyan tayo ng isang espirituwal na binhi.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Nais ng Diyos Ama na bigyan tayo ng maraming espirituwal na mga anak na lalaki at babae. Kapag ating titingnan ang simula ng paglikha, ang unang bagay na sinabi ng Diyos kay Adan ay, “Kayo’y magkaroon ng mga anak at magpakarami.” (Gen.1:28). Ang Ama ay naluluwalhati kapag tayo ay namumunga ng sagana (Jn.15:8). Ang kaisipan ng pagpaparami ay muling nangyari sa buhay ni Abraham. Dalawa sa matitinding mga pangako na ginawa ng Diyos kay Abraham ay ang mga: “Sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi.” (Gen. 22:17). Kapag ang Diyos ay nalugod sa ating mga buhay hindi lamang Niya tayo pinagpapala, kundi tayo rin ay pinararami Niya ng maraming espirituwal na mga anak.

Namumunga tayo ng parehong uri. Pinararami natin ang mismong kung ano tayo sa mga buhay ng iba. Ito ang dahilan kung bakit napakahalaga na hayaan natin ang Diyos na ayusin ang mga “damo” at ang mga hindi nagpapasakop na bahagi ng ating mga buhay upang hindi sila dumami sa mga buhay ng ating espirituwal na mga anak na lalaki at babae. Ang ating mana ay nasa ating espirituwal na mga anak na lalaki at babae. Sila ang mga magdadala ng ating pangitain at mensahe. Isa sa mga dakilang kaloob ng Diyos ay ang magkaroon ng espirituwal na mga anak.

May isang katanungan si Pablo sa Unang Tesalonica 2:19; at pagkatapos ay sinagot niya ang sarili niyang katanungan upang gumawa ng isang mahalagang punto. “Ano ang aming pag-asa o kagalakan o putong ng kapurihan?”

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Sinasabi niya, "Bilang isang tagapaglingkod, ano ang aking pag-asa, ang aking kagalakan, at ang aking putong?" Pagkatapos ay sinagot niya ang kanyang katanungan sa ganitong paraan: "Hindi ba kayo? Sa harapan ng ating Panginoong Jesus sa kanyang pagdating? Sapagkat kayo ang aming kaluwalhatian at kagalakan." Ano ang kagalakan ng isang Kristiyano at ano ang kagalakan ng isang tagapaglingkod sa araw ng pagsusulit? Ang ating kagalakan ay sa pagpapakita sa Panginoon ng mga espirituwal na anak na lalaki at babae na ating tinulungang madala sa sapat na gulang at kaluwalhatian!

Ang hangarin ng isang ama ay ang kanyang mga anak na hindi lamang lumaki na maging malakas at malusog sa pisikal, kundi sila ay magkaroon ng sapat na gulang sa espirituwal at kakayahang harapin ang mga pagsubok sa buhay. Hayaan mong tanungin kita ng katanungang ito: Ano ang hangarin ng Diyos? Ang hangarin ng Diyos ay magkaroon ng mga may sapat sa gulang na anak na lalaki at babae. Samakatuwid, ang aming kagalakan ay ang sa pagpapaharap ng bawat tao na sakdal kay Cristo Jesus (Col.1:28-29). Ito ang dahilan na hindi tayo maaaring masiyahan na ipangaral ang *ilan* sa mga payo ng Diyos o *bahagi* ng mga payo ng Diyos. Ang pagsasalita tungkol lamang sa kaligtasan, bautismo sa tubig at ang bautismo sa Banal na Espiritu ay makakapaghubog lamang ng mga malulusog na sanggol. Ang mga ito ay pang-elementaryang doktrina lamang ni Cristo, at ito ang espirituwal na talampas kung saan ang mga mananampalataya sa Hebreo ay nanatili (Heb. 5:12-6:3).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Dapat nating dalhin sa kahustuhang-gulang ang mga ipinagkatiwala ng Diyos sa ating pangangalaga. Ang isang maliit na bata ay dapat lumago sa espirituwal na kahustuhang-gulang. Inilarawan ni Apostol Juan ang isang kabataan bilang isang malakas, pinagtatagumpayan ang masama, at mayroong Salita ng Diyos na nananatili sa kailaliman ng kanyang puso (1 Jn. 2:14). Kinakailangang madala natin ang ating mga anak sa isang dako kung saan sila ay magkaroon ng pansariling tagumpay sa kanilang mga buhay laban sa lahat ng kanilang mga pagkagapos at laban kay Satanas. Pagkatapos ay kailangan natin silang dalhin patungo sa espirituwal na pagiging ama.

Ang hangarin ng mga ama, pagkatapos na ang kanilang mga anak na lalaki at babae ay lumaki, ay ang magkaroon ng mga apo. Sa espirituwal, hangarin natin na lumaki ang ating mga anak na lalaki at babae at magkaroon ng sarili nilang mga anak. Paano natin isasalarawan ang espirituwal na pagiging ama? Isinalarawan ni Juan na Apostol ang isang ama bilang isang nakakikilala sa Diyos (1 Jn. 2:13-14). Samakatuwid, ang pagiging ama ay isang napakataas na antas ng pagkamaygulang. Bilang buod, ang ating hangarin ay dapat na dalhin ang ating mga sanggol sa pagkilala sa kaalaman ng kaligtasan kung saan batid nila na ang kanilang mga kasalanan ay pinatawad. Pagkatapos ay dapat natin silang dalhin sa pansariling tagumpay sa lahat ng kanilang mga pagkagapos at kay Satanas, at pagkatapos ay akayin sila sa espirituwal na pagiging ama.

**2:14-16** ***"Kaya, yamang ang mga anak ay nakibahagi sa laman at dugo, at siya man ay nakibahagi rin sa mga bagay na ito, upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kanyang***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***mapuksa ang may kapangyarihan sa kamatayan, samakatuwid ay ang diyablo, at mapalaya silang lahat na dahil sa takot sa kamatayan sa buong buhay nila ay nasa ilalim ng pagkaalipin. Sapagkat maliwanag na hindi ang mga anghel ang kanyang tinutulungan, kundi ang kabilang sa binhi ni Abraham."*** Ang isang napakahalagang katotohan na ipinahayag dito ay ang katotohanan na si Jesus ay hindi naging isang anghel; Siya ay naging isang tao. Dinala ni Jesus sa Kanyang Sarili ang binhi ni Abraham. "Sapagkat maliwanag na hindi ang mga anghel ang kanyang tinutulungan, kundi ang kabilang sa binhi ni Abraham" (2:16). Samakatuwid, may isang hain lamang para sa sangkatauhan. Walang haing ginawa para sa mga nahulog na anghel o demonyo.

Ang katotohanang ito ay binigyang-linaw sa amin sa Alemanya pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Noong mga 1950's, nagkaroon kami ng pribilehiyo na makapaglingkod tuwing katapusan ng sanlinggo sa ilang bilang ng mga malalapit na siyudad sa Alemanya. Kapag nagkasala ang isang bansa tulad ng ginawa ng Alemanya sa ilalim ni Adolf Hitler, ang mga puwersa ng demonyo ay sumusugod sa bansang iyon. Kung kaya nagkaroon sila ng maraming suliraning espirituwal pagkatapos ng giyera. Karamihan sa mga tao ay walang ideya kung ano ang ginawa ni Adolf Hitler sa bansang iyon at sa mga tao. Ang mga kinakailangan na kanyang inilatag para sa pagiging kasapi sa mga *storm troopers* (malulupit at pili na hukbong Nazi) ay makadiyablo. Binuksan niya ang bansa sa bawat masasamang espiritu na maisip.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Habang kami ay nasa isa sa mga lungsod doon, isang kabataang babae na halos ay nasa dalawampu't dalawang taong gulang ang edad ang pumunta sa amin at sinabi: "Mga Pastor, maaari niyo ba akong matulungan? Ang aking kaalaman sa Kasulatan ay hindi sapat at kailangan kung malaman kung paano ayusin ang isang problema." Kung kaya tinanong namin siya, "Ano ang iyong problema?" At nagsimula siyang magkwento. Sinabi niya: "Tuwing gabi ang mga espiritu ay dumarating at nakatayo paikot sa aking higaan, at hinihiling nila sa akin na ipakita sa kanila ang daan sa kaligtasan. Kinukuha ko ang aking Bibliya at sinasabi ang pagkamatay ni Jesus para sa ating mga kasalanan. Paulit-ulit ko silang binibigyan ng mga talata, ngunit tila hindi ito nakakapagbigay kasiyahan sa kanila. Alam ko na mahirap para sa inyo ito na paniwalaan, subalit nangyayari ito sa akin gabi-gabi" (cf. Gawa 16:16-18).

Sumagot kami, "May isang talata na dapat mong ibigay sa kanila at iyon ang pipigil sa mga espiritung iyon na bisitahin ka pang muli." Ipinakita namin sa kanya ang Hebreo 2:16: "Sapagkat maliwanag na hindi ang mga anghel ang kanyang tinutulungan, kundi ang kabilang sa binhi ni Abraham." Sinabi namin, "Sa susunod na pumunta sa iyo ang mga espiritu, sipiin mo ang talatang ito sa kanila at sabihin mo sa kanila sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos na walang kaligtasan para kay Satanas, sa mga demonyo, o sa mga nahulog na anghel." Walang sakripisyo na ginawa para sa katubusan ng mga nahulog na anghel. Si Cristo ay naging tao at namatay lamang upang tubusin ang tao, hindi ang mga anghel. Medyo nagulat ang dalaga, ngunit pumayag siyang gawin ang ipinayo namin. Ginawa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

niya at bumalik makaraan ang dalawang gabi at sinabi, “ito ang unang gabi na hindi na ako nabagabag ng mga masasamang espiritu.”

Maaaring wala sa iyo ang mga karanasang ito, ngunit minsan may mga sitwasyon na kapag nakasalubong ng mga tao ang mga bagay na ganito, ay dapat alam mo kung paano mo sila sasagutin. May mga nakapangingilabot na mga doktrina na nagmumula sa hukay ngayon na nagsasabing sa kalaunan ang lahat ng nasa impiyerno ay maliligtas. Tinawag itong “ang Panghuling Pakikipagkasundo,” at ito ay kalabisan sa mensahe ng pag-ibig. Anumang katotohanan na dinala sa kalabisan ay nagiging mali. Ang Panghuling Pakikipagkasundo ay isang paniniwala na ang isang mapagmahal na Diyos kailanman ay hindi parurusahan ang sinuman sa walang hanggang kahatulan. Ang katotohanan sa bagay na ito ay, tao ang siyang “naghatol sa kanyang sarili na hindi karapat-dapat sa buhay na walang hanggan,” hindi Diyos (Gawa 13:46). Hindi kalooban ng Diyos na ang sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay dumating sa pagsisisi (2 Ped. 3:9, 1 Tim. 2:4). Binayaran Niya ang ating pagkakautang ng sarili Niyang dugo. Ang sinumang tumatanggi o nagbabalewala sa alok ng Diyos ay hinatulan ang kanyang sarili na hindi karapat-dapat sa buhay na walang hanggan. Nagbabala si Pablo, “At yamang itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom” (Heb. 9:27). Walang pagkakataon para sa pagsisisi pagkatapos nating mamatay at umalis sa mundong ito. Maliwanag na nililinaw ng Kasulatan na sa ating kamatayan ang lahat ng mga pagpapasya ay panghuli at hindi na mababago.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

*“At mapalaya silang lahat na dahil sa takot sa kamatayan sa buong buhay nila ay nasa ilalim ng pagkaalipin”* (2:15). Ang isa pang layunin sa pagiging isang tao ni Cristo ay upang palayain ang sangkatauhan mula sa takot sa kamatayan at upang sirain ang may kapangyarihan ng kamatayan, ang demonyo. Ang buong buhay ng mga banal sa Lumang Tipan ay napailalim sa pagkatakot sa kamatayan. Ito ay isang nakapangingilabot na pagkagapos. Ang isa sa maluwalhating mga tagumpay na nakamit ni Cristo para sa tao ay ang Kanyang tagumpay laban sa kamatayan, pati na rin ang pagkatakot sa kamatayan.

Idineklara ni Pablo: “Mga kapatid, nais naming malaman ninyo ang tungkol sa mga natutulog upang kayo’y huwag malungkot, na gaya ng iba na walang pag-asa. Sapagkat kung tayo’y sumasampalatayang si Jesus ay namatay at muling binuhay ay gayundin naman, sa pamamagitan ni Jesus, ang mga natutulog ay dadalhin ng Diyos na kasama niya” (1 Tes. 4:13-14). Tayo ay binigyan ni Cristo ng kaaliwan dahil sa pag-asa ng muling pagkabuhay. Kinuha Niya ang kamandag ng kamatayan at libingan (1 Cor.15:51-57). Sang-ayon sa kamatayan ay sinabi ni Pablo na “ang mamatay ay pakinabang” at “ang umalis at makasama si Cristo ay higit na mabuti” (Fil.1:21, 23).

Ngayon nais kong ibahagi sa inyo ang isang tagpo na nasaksihan ko kung ano ang nangyayari sa isang matuwid kapag namatay. Sa isang pagkakataon may isang Pranses na babae na nagngangalang Madeline na isang mag-aaral sa aming Paaralang Bibliya sa Switzerland. Nagkasakit ng malubha si Madeline. Makalipas ang ilang panahon naging maliwanag na tinatawag siya ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Panginoon sa Kanyang tahanan upang makasama Niya. May ilang mga pastor na nakapaikot sa kanyang higaan na nananalangin at sumasamba. Habang siya ay naghihingalo, nabuksan ang aking mga mata at nakita ko ang isang tagpo na hindi maisalarawan ang ganda.

Nakita ko ang isang landas mula sa kanyang higaan patungo sa langit, at nakita ko ang Panginoong Jesu-Cristo mismo ay naglalakad pababa sa magandang nagniningning na daanan. Bumaba Siya mismo sa higaan ni Madeline at dahan-dahan siyang hinawakan at lumabas siya sa kanyang katawan na nakasuot ng magagandang puting kasuotan. Naroon silang dalawa na nakatayong magkatabi. Siya ay nasa kanang braso Niya, at nag-uusap sila na tulad ng Lalaking ikakasal at Kasintahang Babae habang sila ay naglalakad paakyat sa langit. Makalipas ang ilang araw, ako ay nagkaroon ng dalawa pang pangitain kay Madeline sa langit. Sa isa sa mga pangitain ay nakita ko siya sa grupo ng mga kababaihan na halos kasing-edad niya sa langit. Siya ay nasa madamong lugar at naglalakad at umaawit kasama ang grupo ng mga kabataang babae. Napakasaya niya. Pagkatapos ay nakita ko siyang muli. Sa pagkakataong ito ay nakaupo siya at tumutugtog ng isang instrumentong pangmusika, ngunit ang aking mga mata ay tinakpan upang hindi ko makita ang instrumento. Walang makitang kapighatian, kundi sakdal na pag-ibig, kagalakan at kapayapaan.

**2:17-18** ***"Kaya't kailangang siya ay maging kagaya ng kanyang mga kapatid sa lahat ng mga bagay, upang siya ay maging isang maawain at tapat na pinakapunong pari sa mga bagay na nauukol sa Diyos, upang gumawa ng handog na pantubos sa mga kasalanan ng mga tao.***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***Palibhasa'y nagtiis siya sa pagkatukso, siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso.”*** Isa sa mga paunang kinakailangan sa ating espirituwal na buhay ay ang pagkakaroon ng kalikasan ng Diyos at ipakita ito sa iba. Ang ating tema sa Hebreo ay gaya ng nasabi na natin dati, “Sa Loob ng Tabing.” Ano ang nasa loob ng tabing? Sa loob ng tabing ay ang kaban ng tipan at sa ibabaw ng kaban na iyon ay ang luklukan ng awa. Ang awa ang pinakamataas na kapahayagan ng Diyos. Nang magpakita ang Diyos kay Moises sa Sinai, ang unang salita na ginamit Niya upang ilarawan ang Kanyang sarili ay maawain. Inihayag Niya, “Ang Panginoong Diyos na puspos ng kahabagan at mapagpala, hindi magagalitin, at sagana sa wagas na pag-ibig at katapatan” (Ex. 34:6). Samakatuwid, ang unang bagay na nais ng Diyos na malaman ng tao tungkol sa Kanyang Sarili ay ang katotohanan na Siya ay maawain.

*“Kaya't kailangang siya ay maging kagaya ng kanyang mga kapatid sa lahat ng mga bagay, upang siya ay maging isang maawain at tapat na pinakapunong pari sa mga bagay na nauukol sa Diyos, upang gumawa ng handog na pantubos sa mga kasalanan ng mga tao. Palibhasa'y nagtiis siya sa pagkatukso, siya'y makasasaklolo sa mga tinutukso.”* Ganito rin ang sinasabi sa Hebreo 5:1-2 *“Bawat pinakapunong pari na pinili mula sa mga tao ay pinangasiwa sa mga bagay na may kaugnayan sa Diyos, para sa kanilang kapakanan, upang siya’y makapaghandog ng mga kaloob at ng mga alay para sa kasalanan. Siya ay marunong makitungo na may kaamuan sa mga mangmang at naliligaw, yamang siya man ay napapaligiran ng kahinaan.”*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Si Cristo ay tinawag una at pinakamahalaga na isang “maawain na punong saserdote.” Paano mahuhubog ang awa sa ating mga buhay? Naniniwala ako na ang habag ay nahuhubog sa pamamagitan ng “napapaligiran ng kahinaan.” Minsan akong nagkaroon ng isang diakono sa aking simbahan na nagsabi, “Bakit mo binibigyang-diin ang banal na pagpapagaling?” sumagot ako, “Dahil ito ay nasa katubusan at dahil din sa maraming mga tao ang nagkakasakit na hindi kayang pagalingin ng mga doktor.” Sumagot siya, “Nandito lamang tayo nang halos pitumpung taon; bakit mag-aabala pa sa pagpapagaling?” Ito ay hindi pangkaraniwang bagay para sa kanya na sabihin, ngunit talagang seryoso siya. Kaya ang sumunod na tanong ko ay, “Nagkasakit ka na ba sa buong buhay mo?” “Wala ni isang araw man!” sabi niya. Ang isang taong maysakit, kung gayon, ay interesado sa banal na pagpapagaling. Ito ay nagdala ng isang kahanga-hangang katotohanan.

Upang si Cristo ay maging isang mahabaging pinakapunong saserdote, siya ay pinaligiran ng kahinaan. Kaya nga, may mga karupukan sa ating katawan at mga kahinaan na kailangan nating batahin. Minsan may mga karamdaman na kailangan nating pagdusahan, at kung minsan ay may mga pang-aapi na kailangan nating batahin upang ang awa ay mahubog sa ating mga buhay. Ang habag ay nahuhubog sa pamamagitan ng mga kapansanan. Sa totoo lang, mauunawaan lamang natin ang problema ng ibang tao kung tayo mismo ay dumaan sa parehong problema. Minsan ay hindi tayo nagkakaroon ng ganap na katagumpayan sa ilang mga bahagi ng ating buhay hanggang sa gamitin ng Diyos ang kahinaang iyon upang hubugin sa atin ang awa.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang awa at kahabagan ay ang mga pinakamatataas na katanginan na maaaring taglayin ng isang tagapaglingkod, ngunit ito ay tanging sa pamamagitan lamang ng *pagtukso* na ang awa at kahabagan ay mahuhubog. Wala ng iba pang paraan! Si Cristo, bilang Anak ng Tao, ay kinailangang dumaan sa *pagtukso* upang maging maawain. Dagdag pa rito ay binuo ni Pablo sa Hebreo 4:14-15 "Yamang tayo'y mayroong isang marangal at Pinakapunong Pari na pumasok sa kalangitan, si Jesus na Anak ng Diyos, ay hawakan nating matatag ang ating ipinahahayag. Sapagkat tayo'y mayroong isang Pinakapunong Pari na marunong makiramay sa ating mga kahinaan, isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayunma'y walang kasalanan." Samakatuwid, (lalo na kung tayo ay tinawag na maging isang pastor o espirituwal na lider) tayo ay dadaan sa matitinding mga pagkatukso.

Ang pinaka-kinakailangan ng isang saserdote ay maging mahabagin at maawain. Walang ibang paraan na ang awa at habag ay dumarating maliban sa pagtukso, mga kahinaan, at mga kapansanan. Minsan ay nililikhaan tayo ng Diyos ng mga karamdaman sa ating katawan upang mahubog lamang ang habag at awa. Nakakarinig ako ng mga tao na nagpapatotoo hanggang ngayon sa buong mundo. Ang mga tao ay lumalapit sa akin at sinabi, "Ipinanganak ako na may ganitong partikular na limitasyon." Madalas ay sinasabi ng Panginoon sa kanila, "Oo, nariyan iyan upang hubugin ang Aking habag, awa at pang-unawa." Paano mo nga ba talaga mauunawaan ang iba malibang dumaan ka sa parehong lambak?

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Gayundin, may ganito tayong punto ng *katapatan*. Tayo ay may maawain at tapat na Pinakapunong Saserdote. Hindi ko labis na mabigyang-diin ang puntong ito ng katapatan. Sinabi ni Pablo sa Hebreo 3:2 na si Cristo "ay tapat na nagtalaga sa kanya, gaya ni Moises na tapat sa buong samabahayan ng Diyos." Ang isa sa mga kwalipikasyon sa pagiging nasa ministeryo ay katapatan. Kailangan nating maging tapat sa pagkatawag na inilagay ng Diyos sa ating mga buhay. Si Moises ay sinabihang itayo ang tabernakulo ayon sa mga espesipikasyon na ibinigay sa kanya. Hindi tayo maaaring magtayo batay sa mga espesipikasyon ng iba. Kailangan nating makita ang parisan na mayroon ang Diyos para sa *ating* partikular na gawain. Hindi maaaring kopyahin ang parisan ng iba. Hindi ito gagana, sapagkat may pananagutan tayo para sa huwaran na mayroon ang Diyos para sa *atin*. Bilang isang pastor, maaaring hilingin sa iyo ng Diyos na gumawa ng isang bagay sa iyong iglesiya na hindi ginagawa ng iba sa kanilang mga simbahan. Kailangan nating maging tapat sa parisan na ibinibigay ng Diyos sa atin. Ang Diyos ay nangangailangan ng katapatan.

Magiging tapat lamang tayo sa parisan kung alam natin ang huwaran. Kung kaya, ang unang bagay na kailangan nating gawin ay sumangguni sa Diyos kung ano ang nais Niyang gawin natin. Para kay Moises, ito ay ang magtayo ng tabernakulo. Ang tabernakulo ay kailangang maitayo sa eksaktong mga sukat na ipinakita ng Diyos sa kanya sa Bundok (Heb. 8:5, Ex. 25:40). Ang doktrina at katotohanan ay dapat maging tugma rin. Sinabi ni Jesus, "At inyong malalaman ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo." Kung hindi tayo matapat sa totoong doktrina, magdudulot tayo ng mga batang may kapansanan. Kung hindi tayo matapat sa doktrina, at kung hindi

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

tayo tapat sa salita na ibinigay ng Diyos sa atin, matatalian natin ang mga tao at magbubunga tayo ng espirituwal na karamdaman at pagkabansot. Napakagandang tungkulin ang magturo at mangaral dahil ang ating mga salita ay malikhain. Kung ang ating doktrina ay mali, magdudulot tayo ng espirituwal na mga anak na may kapansanan na hindi magiging karapat-dapat sa dako na inihanda ng Diyos para sa kanila sa walang hanggan.

Ang mga sukat sa templo ni Ezekiel ay napaka-eksakto. Ang Diyos ay napakapartikular sa mga sukat. Kinakailangang maging tapat tayo sa mga espesipikasyon na ibinibigay Niya sa atin. Kailangan nating maging matapat sa mga tao at sa Diyos. Sa buhay ay makikita natin ang mga tapat sa Diyos ay tapat rin sa tao.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

# *Bahagi 3*

## 3:1-6 – SI CRISTO—DAKILA KAYSA KAY MOISES

Sa Ikatlong Bahagi ay may isang paghahambing sa pagitan ng Anak ng Diyos at ni Moises. Gayundin, si Apostol Pablo ay patuloy na binubuo ang kanyang tema na ang bagong tipan ay higit na dakila kaysa sa lumang tipan. Kung kaya, ipinapakita niya ang pagkakaiba ng Isa na nagbigay ng bagong tipan sa isa na nagbigay ng lumang tipan. Inihahambing niya dito ang dalawang may akda. Ang Anak ng Diyos, na siyang may akda ng bagong tipan, ay higit na dakila kaysa kay Moises, ang nagsilbing tagapangasiwa ng lumang tipan.

**3:1** ***"Kaya, mga banal na kapatid, mga kabahagi sa makalangit na pagkatawag."*** Tinawag ni Pablo ang mga mananampalataya sa Hebreo bilang "mga banal" na kapatid. Paano niya sila matatawag na banal sa lahat ng mga problema na mayroon sila sa kanilang mga buhay? Ang sagot sa katunayan ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

simple lang. Tinawag silang banal dahil nakiisa sila sa Diyos na siyang banal. Ang kabanalan ay kaagad na ibinibigay sa atin sa ating pagkasilang, ngunit ito ay dapat na maibahagi. Ang kabanalan ay dapat maging katotohanan. Sinabi sa atin ni Pablo sa talatang ito na tayo ay "kabahagi sa makalangit na pagkatawag." Ang ating makalangit na pagkatawag ay ipinaliwanag sa maraming iba pa na bahagi ng Bagong Tipan gayundin sa Lumang Tipan. Ang makalangit na pagkatawag ay gumagawa sa atin na maging kapwa-tagapagmana kasama ni Cristo; at ang lahat ng bagay na ipinangako ng Diyos ay napapaloob sa pagkatawag na iyon. Kaya, hinihimok tayo ni Pedro na lalong pagsikapan na patatagin ang pagkatawag at pagkapili sa atin (2 Ped.1:10).

At tayo ay sinabihan na "isaalang-alang ninyo na si Jesus, ang Apostol at Pinakapunong Saserdote ng ating pagpapahayag." Ibinabalik ni Pablo ang ating buong pagtuon kay Jesu-Cristo habang niluluwalhati niya Siya ng dalawang detalyadong titulo ng "Apostol" at "Pinakapunong Saserdote". Ang tungkulin ng apostol ang pinakamataas na posisyon sa Iglesiya ng Bagong Tipan. Ang pinakapunong saserdote ang siyang pinakamataas na katungkulan rin sa pagkasaserdote. Ang pinakapunong saserdote lamang ang makakapasok sa loob ng tabing sa dakong kabanal-banalan.

**3:2** ***"Ay tapat sa nagtalaga sa kanya."*** Ang isa sa mga tatak ng kadalisayan ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay *katapatan*. Siya ay nabibigkisan ng katapatan (Isa. 11:5). Sa aklat ng Pahayag si Cristo ay tinaguriang "Tapat at Totoo." Ang mga malapit sa Kordero sa Pahayag ay, "ang tinawag, ang pinili at ang tapat" (Pah. 17:14). Ang isa sa mga katangian na ibinigay sa mga mananampalataya ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

*katapatan,* sapagkat iilan lamang ang nasusumpungan na tapat. Si Abraham ay isinalarawan bilang "matapat." Marami ang mga *tinawag* ng Diyos, ngunit iilan lamang ang *pinili*. May isang napakalaking agwat sa pagitan ng mga tinawag at mga pinili. Marami akong nakilala sa aking buhay na nagsabi ng *oo* sa pagkatawag ng Diyos; gayunpaman, hindi nila pinahintulutan ang Diyos na ihanda sila sa kanilang pagkatawag. May iba naman akong nakilala na nagpatuloy sa mga layunin ng Diyos at nakapasok sa isang ministeryo, ngunit napatunayan kinalaunan na hindi naging tapat sa ministeryong iyon. Si Jesus ay buong naging tapat sa Kanyang Ama na nagtalaga sa Kanya, gayundin naman, tayo ay nararapat na maging matapat.

*"Ay tapat sa nagtalaga sa kanya, gaya ni Moises na tapat sa buong sambahayan ng Diyos."* Inilalahad ni Pablo ang katotohanang si Moises ay naging matapat na gampanan ang lahat ng gawain sa kanyang buhay, gaya ng pagtupad ni Cristo sa kanyang pagkatawag. Ang bawat isa sa atin ay kailangang maging matapat sa ating mga pagkakatawag. Sa Gawa 26:19, sinabi ni Pablo na "hindi siya naging di-masunurin sa makalangit na pangitain." Unang Corinto 4:1-2 ay inihahayag tayo bilang "mga katiwala ng mga hiwaga ng Diyos." Ang isang katiwala ay isang pinagkakatiwalaan—isang taong pinagkakatiwalaan ng mga pag-aari ng iba. Bilang bayan ng Diyos, tao ay pinagkatiwalaan ng Kanyang mga katotohanan. Kung kaya, hinihingi Niya sa atin na maging tapat sa kapahayagan na Kanyang ibinigay sa atin. Kung hindi tayo magiging tapat sa mga katotohanan na ipinakita ng Diyos sa atin, mawawala natin ang mga ito. Kukunin Niya ang mga ito at ibibigay sa iba. (Mk. 4:24-25, Mt. 21:43).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**3:3 *“Sapagkat siya ay itinuring na karapat-dapat sa higit na kaluwalhatian kaysa kay Moises, yamang ang nagtayo ng bahay ay may higit na karangalan kaysa bahay.”*** Ang paksa dito ay ang “bahay,” at ang ugnayan ni Moises at ni Cristo sa bahay na ito. Una sa lahat, kailangang isaalang-alang natin kung anong bahay ang tinutukoy ni Pablo rito. Sa 3:6 tayo ay binigyan ng isang susi, sapagkat sinasabi rito “Nasa kaninong bahay tayo.” Sa orihinal na salita, ang salitang ginamit dito para sa bahay ay may espesyal na pagtukoy sa mga naninirahan sa loob ng bahay. Samakatuwid, kailangang maunawaan natin na ang bahay na ito ay ang Iglesiya, hindi lamang “ang mga tinawag” ng Bagong Tipan, kundi ng Lumang Tipan na rin (Gawa 7:38). Sa bahay na ito o sa mga naninirahan sa bahay na ito parehong ipinakita ni Jesus at Moises ang kanilang katapatan.

Ngayon ay ipinapakita ni Pablo ang kaibahan ni Moises sa Panginoong Jesu-Cristo sa kanilang relasyon sa bahay na ito. Si Moises ay tanging tagapaglingkod lamang sa bahay na ito ng mga tinubos. Siya ang tagapamahala sa bahay ng Diyos at gumagawa ayon sa gampanin ng isang tagapaglingkod. Ang isang lingkod ay hindi nakatataas sa tagapagpatayo. Ang kapangyarihan ng isang tagapagpatayo at arkitekto ay mas nakahihigit sa kapangyarihan ng isang lingkod. Si Cristo ay hindi lamang ang Arkitekto at Tagapagpatayo ng bahay na ito, Siya ang May-ari at tagapangasiwa sa kabuuan ng bahay na ito. Siya ang nagsabi na, “Itatayo Ko ang Aking Iglesiya.”

**3:4 *“Sapagkat ang bawat bahay ay may nagtayo, subalit ang nagtayo ng lahat ng mga bagay ay ang Diyos.”*** Narito ang napakalaking pagkakaiba sa pagitan nina Moises at Cristo. Si Moises ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

nilikha lamang, ngunit si Jesus ay ang Tagapaglikha. Sa kabanata isa ipinakilala ni Pablo ang Anak ng Diyos bilang isang Tagapaglikha ng lahat ng mga bagay. Si Moises ay isang maliit na bahagi lamang ng ginawa ni Cristo. Hindi maiiwasan na ang Isa na nagtayo ng bahay ay mas nakahihigit sa sinumang namamahala sa bahay.

Ang Tagapaglikha ng bahay ay nakatayo sa itaas ng bahay at sa sinumang namumuno sa bahay. Si Moises ay tagapamahala lamang sa bahay ng Diyos. Pinamahalaan niya ang Lumang Tipan sa Israel. Siya ay isang tagapagpalaya, tagapagbigay ng kautusan, at tagapamagitan. Ngunit sino ang magkakaroon ng higit na karangalan— si Moises? O ang Isa na lumikha kay Moises? Tumulong si Moises na pangasiwaan ang pagpapatayo ng tabernakulo, at ibigay niya ang lumang tipan at ang kautusan. Subalit ang kapangyarihan na pangasiwaan ang lahat ng ito ay direktang nagmula sa hindi pa ipinapanganak na Cristo na siyang lumilim sa kanya sa bundok ng Sinai. Si Moises kung gayon ay isa lamang tagapamagitan at gobernador sa bahay ng Diyos.

**3:5 *“At si Moises ay naging tapat sa buong sambahayan ng Diyos gaya ng isang lingkod, bilang patotoo sa mga bagay na sasabihin.”*** Bilang isang lingkod, pinamahalaan ni Moises ang sambahayan ng Israel at ibinigay sa kanila ang mga kautusan at mga tuntunin ng Diyos, at itinayo niya ang tabernakulo. Itinatag niya ang lahat ng mga ordenansang pang-Levita—ang mga handog, ang mga pag-aalay, ang mga araw ng pista, at ang pagkasaserdote. Ang lahat nang ito ay may mga

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

espirituwal na kahulugan para sa Iglesiya; samakatuwid, sila ay para sa isang patotoo ng mga bagay na darating.

**3:6a *"Subalit si Cristo ay tapat sa bahay ng Diyos, bilang isang anak, at tayo ang bahay na iyon."*** Ang isang anak na lalaki ay hindi maikukumpara sa isang lingkod, at dito ginagawa ni Pablo ang pagkakaiba. Ang anak ang magmamana ng lahat ng bagay at nagmamay-ari ng lahat ng bagay; ang isang lingkod ay binabayaran lamang ng kaupahan. Si Moises ay isang tapat na alipin na tumulong na pamahalaan ang isang bahay (ang bahay na iyon bilang sambahayan ng Israel, ang tinubos); ngunit si Cristo ang nagmamay-ari ng bahay, na binubuo ng mga tinubos sa lahat ng mga panahon, si Moises ay isang tagapangalaga lamang na pinagkatiwalaan sa pangangalaga ng bayan ng Diyos, ngunit si Cristo ang Punong Pastol ng kawan. Siya ang Ulo ng Iglesiya, at Siya ang nagmamay-ari ng Iglesiya. Siya ang "tagapagmana ng lahat ng bagay."

**3:6b *"at tayo ang bahay na iyon kung ating iingatang matibay hanggang sa katapusan ang ating pagtitiwala at pagmamalaki sa ating pag-asa."*** Tayo ang "Kanyang Bahay," ngunit ang pananatili sa sambahayan ng Diyos ay may kondisyon! Malinaw na nakasaad ang kondisyon— *"kung ating iingatang matibay hanggang sa katapusan ang ating pagtitiwala at pagmamalaki sa ating pag-asa."* Ang mga mambabasang Hebreo ay binigyang-katuwiran at nabautismuhan sa Banal na Espiritu. Tiyak na inilagay sila sa katawan ni Cristo. Gayunpaman, ang ilang mga kinakailangan ay kailangang matugunan upang sila ay *makapagpatuloy* sa natatanging ugnayan na ito sa Diyos sa pamamagitan ni

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Cristo. Ang maging bahagi ng sambahayan ng Diyos at *manatili* rito ay may kondisyon. Ang babala ay nagpapahiwatig ng isang panganib ng pagtalikod sa bahagi ng mga mananampalatayang Hebreo na ito, sapagkat sila ay nagkasala ng kawalan ng pag-iingat, kapabayaan at pagwawalang-bahala.

### *Ang Ikalawang Babala - 3:7 - 4:13*

### ***Huwag Magkulang sa Kapahingahan ng Diyos***

Ngayon si Apostol Pablo ay maglalabas ng isang mahabang pangalawang babala. Gusto kong magsalita ng may labis na diin sa ikalawang babala na ito dahil napakamahalaga nito. Ang seksyon na ito mula sa kabanata 3:7-kabanata 4:13 ay maaaring pamagatan ng “Huwag Magkulang sa Kapahingahan ng Diyos.” Ito ay nagsisimula sa isang direktang pagsipi mula sa mga Awit kung saan ang Banal na Espiritu kay Haring David ay nagsasabi, “Ngayon kung inyong papakinggan ang kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong puso” (Basahin ang Awit 95:7-11). Ang babalang huwag pagmamatigasin ang ating puso ay napakahalaga na inulit-ulit ito ni Pablo ng apat na beses. Kapag may mga bagay na isinulat sa Kasulatan dapat nating pakinggan ito; ngunit kapag inulit na ito ng apat na beses, dapat na nating mapagtanto na ito ay isa ng babala na hindi natin dapat isantabi. Binigyang-diin ni Pablo ang “ngayon”; hindi niya sinabing bukas. Sinabi ni Isaias, “Ngayon ang araw ng pagliligtas.” Ang *ngayon* ay napakamahalaga. Napakadali para sa atin ang sabihin na *bukas*, ngunit ang bukas ay hindi dumarating. Ngayon ay dapat nating marinig ang Kanyang tinig at huwag

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

pagmamatigasin ang ating mga puso. *Ngayon* ay dapat nating bantayan ang ating mga puso ng buong sikap.

Upang maisalarawan ang kanyang punto sa hindi pagkulang sa kapahingahan ng Diyos, ginamit ni Pablo ang tagpo sa paglalakbay ng Israel mula Ehipto hanggang sa lupang pangako. Ang paglalakbay na ito ay isang paksa na madalas tukuyin sa Salita ng Diyos. Ang paglalakbay ng Israel sa lupain ng pangako ay umabot ng apatnapung taon, ngunit dapat ay aabutin lamang ng dalawang taon. Ito ay punong-puno ng maraming mahahalagang aral para sa atin.

**3:7-11** ***"Kaya't gaya ng sinasabi ng Espiritu Santo, "Ngayon, kung marinig ninyo ang kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso gaya ng sa paghihimagsik, gaya ng sa araw ng pagsubok sa ilang, na doon ay sinubok ako ng inyong mga ninuno, bagaman nakita nila ang aking mga gawa sa loob ng apatnapung taon. Kaya't nagalit ako sa lahing ito, at aking sinabi, 'Sila'y laging naliligaw sa kanilang puso, at hindi nila nalaman ang aking mga daan.' Gaya ng sa aking galit ay aking isinumpa, 'Hindi sila papasok sa aking kapahingahan.'"***

Sa mga talatang ito ay hinihimok ni Pablo ang mga mambabasa ng Hebreo at mananampalataya ng lahat panahon— *"Huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso gaya ng sa paghihimagsik, gaya ng sa araw ng pagsubok sa ilang."* Sa ilang ay maya't mayang sinubok (o hinamon) ng kanilang mga ninuno ang Diyos. Paulit-ulit ay hinahatulan nila Siya ng pagiging iresponsable dahil sa kanilang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

mga hindi kaaya-ayang kalagayan at mga pagkaantala. Patuloy na nilapastangan nila ang Kanyang katangian (Deu.1:26-27). Bilang resulta, ang Diyos ay labis na namighati sa henerasyong iyon na Kanyang isinumpa sa kanila sa Kanyang galit na hinding-hindi sila makakapasok sa lupain ng kapahingahan ng Canaan. Samakatuwid, tinanggihan ang Israel ng pribilehiyo na maabot ang kanilang destinasyon at lahat ng mga pagpapalang naghihintay sa kanila doon. Napilitan silang maglagalag ng walang pinatutunguhan sa ilang sa loob ng tatlumpung walong taon. Ang pahayag ng Panginoon sa henerasyong iyon na lumabas sa Ehipto ay ito: *"Sila'y laging naliligaw sa kanilang puso, at hindi nila nalaman ang aking mga daan."*

## ***Maligaw sa Puso***

Ang kalagayan ng ating puso ang tumutukoy kung nagtataglay tayo ng karunungan at kaunawaan. Ang pinatigas na puso ay gumagawa sa isang lalaki at babae na mawalan ng kakayahang matanggap ang pinagpalang kaloob na ito ng pag-unawa. Ang Israel, sa kabuuan, ay walang pagkaunawa dahil sa katigasan ng kanilang mga puso. Ang mga anak ni Israel ay tinuruan ng katotohanan ng Diyos, ngunit patuloy silang naliligaw mula rito. Sinabihan tayo na palagi silang nagkakamali sa kanilang mga puso. Nagbabala si Haring Solomon, "Ang iyong puso'y buong sikap mong ingatan, sapagkat mula rito'y dumadaloy ang mga bukal ng buhay" (Kaw. 4:23). Kailangan nating bantayan ang ating mga puso mula sa pagmamatigas. Ito ay isang paulit-ulit na *pagpili*. Ang batong puso ay isang puso na pinatitigas ang sarili at naghihimagsik. Ang pagmamatigas ng puso ay pumipigil sa bunga ng Espiritu na umugat

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

at mahubog sa ating mga buhay. Kailangan nating patuloy na dumaing, "O Diyos, likhaan Mo ako ng isang bagong puso" (Ezek. 36:26). Si Haring David ay nanalangin "Likhaan Mo ako ng isang malinis na puso" (Aw. 51:10). Nasabi ng Panginoon sa kabataang si David, "Nakita Ko sa Akin ang isang lalaking ayon sa sarili Kong puso." Ang patuloy nating panalangin ay dapat na, "Panginoon, bigyan Mo po ako ng isang puso na katulad ng Iyong puso."

Ang puso ay katulad ng isang hardin. Ang hardin ay hindi maaaring pabayaan. Ang isang maliit na bahagi ng lupa ay maaaring payabungin upang maging isang hardin ng natatanging kagandahan, ngunit kung ito ay pababayaan, mabilis itong masisira. Kung magbabakasyon ka ng dalawa o tatlong linggo, ito ay mapupuno na ng mga damo. Ang hardin ay kailangang patuloy na binubungkal at dinidiligan, hindi ito maaaring pabayaan. Gayundin sa puso ng tao. Kailangang patuloy nating bantayan ang ating mga puso. Kailangang patuloy natin itong dalhin sa liwanag ng Kanyang presensiya, dahil ang isang hardin ay nangangailangan ng sikat ng araw. Ang Araw ng Katuwiran ay dapat magliwanag sa ating hardin. Gayundin, kailangang patuloy rin nating bunutin ang mga damo. Ang mga damo, tinik at mga dawag ay kumakatawan sa mga gawa ng laman. Kung hindi natin sila bubunutin, sila ay dadami at pipigilan ang bunga ng Banal na Espiritu na yumabong sa ating hardin. Ang mga damo na ito ay ang mga maliliit na kaisipang mikrobyo na maaaring nabasa natin, narinig, o naisip na kailangan nating putulin bago sila lumago. Hindi binantayan ng Israel ang kanilang hardin. Ang kanilang hardin ay naging napakatigas na lupa (cf. Jer. 4:3). Ang pinatigas na puso ay nagtatanggal ng kanyang sarili ng kaloob ng pag-unawa (Deut. 29:2-4) at gayundin ng pabor ng Diyos.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Kung nagkamali tayo sa pag-unawa hindi tayo makakarating sa larangan ng pakikipag-ugnayan na ninanais ng Diyos na pagdalhan sa atin. Hinahangad Niyang dalhin tayo sa kalagayan ng isang ugnayan na mayroon ang isang ama sa kanyang anak. Ibig ng isang ama na malaman ng kanyang anak ang kanyang mga daan at mga layunin. Ito ang iyak ng puso ng Diyos. Naunawaan ni Moises ang mga daan ng Diyos, ngunit ang mga anak ni Israel ay nakita lamang ang Kanyang mga gawa (Awit 103:7). Maraming mga tao ang nakakakita ng mga gawa ng Diyos, ngunit hindi nila alam ang nakatagong mga layunin sa likod ng Kanyang ginagawa.

Nakikita nila ang Diyos na kumikilos sa pag-eebanghelyo, sa pagpapagaling sa maysakit, at sa pagpapamalas ng maraming mga himala. Ngunit nais ng Diyos na alamin natin ang Kanyang *mga pamamaraan*. Nais Niya na ang pag-unawa sa Kanyang daan ay maitanim ng malalim sa ating mga puso. Kung kaya, kailangan nating dumaing: “O Diyos, ituro mo ang Iyong mga daan.” Kanino ihahayag ng Diyos ang Kanyang mga daan? Inihayag ng Awit 25:9, “Ituturo niya sa maamo ang daan niya.” Ang kaamuan ay “banal na pagtanggap sa mga pangyayari.” Ang kaamuan ay ang kakayahang madala ang kahirapan nang hindi pinapatigas ang ating puso at nagagalit sa Diyos.

Kailangang maunawaan ang mga daan ng Diyos. Dapat nating itanong: “Paano hahawakan ng Diyos itong partikular na sitwasyon?” hindi tayo maaaring umasa sa mga prinsipyo o nakalipas na mga karanasan. Kapag namamahala sa isang trabaho, madalas kang gipitin ng mga nasa ilalim mo na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

gumawa ng isang mabilis at nararapat na aksiyon para sa mga sitwasyon na bumabangon. Ngunit kailangan mong sabihin sa kanila: "Maghintay tayo hanggang sa matiyak natin na nasa atin ang kaisipan ng Diyos, at malaman natin kung paano hahawakan ng Diyos ang sitwasyon na ito." Maraming mga beses ay napipigilan tayo ng isang makakaluluwang pagmamadali na *gumawa na ng paraan ngayon!* Mas maiging maghintay hanggang masiguro natin na natitiyak natin ang direksiyon ng Diyos; pagkatapos ay maaari na nating sabihin ang mga direksiyon na iyon sa sitwayon at mga partidong kasangkot. Madalas ay naiisip natin na kaya nating dalhin ang isang sitwasyon; ngunit sa katunayan, tayo ay nangangailangan ng isang bagay na sariwa mula sa trono ng Diyos.

### *Ang Kapahingahan ng Diyos*

**3:11** ***"Gaya ng sa aking galit ay aking isinumpa, 'Hindi sila papasok sa aking kapahingahan.'"*** Ito ang bunga ng hindi pag-alam sa mga daan ng Diyos at patuloy na pagkakamali sa puso. Kailangan muna nating tumigil dito sandali, dahil ang paksang ito ng "ang kapahingahan ng Diyos" ay maya't mayang uulitin sa bahaging ito ng Kasulatan. Ano ang kapahingahan ng Diyos? Ang Pahinga ay maaaring tingnan mula sa maraming mga aspeto na ating isasaalang-alang ngayon.

Una sa lahat, ito ay ang ikapitong araw o sabbath, na binanggit sa Genesis 2:2. Itinalaga ng Diyos na tayo ay dapat magpahinga sa sabbath. Ito ang unang interpretasyon ng pahinga. Ang ikalawang interpretasyon ay mula sa pananaw ng paglalakbay ng Israel mula sa Ehipto hanggang sa Canaan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang kanilang destinasyon ay pangheograpiyang lokasyon na tinatawag na Canaan, ngunit sa partikular, ay ang Bundok ng Sion sa lupain ng Canaan. Ang hindi pag-abot ng kanilang destinasyon ay ang pagiging pagkamaligalig, walang kasiyahan, kulang sa kapahingahan. Ang ikatlong interpretasyon ng kapahingahan ng Diyos ay isang espirituwal na sabbath. Ito ang paghinto mula sa ating mga ginagawa (Isa. 58:13) at ganap na magtiwala sa Diyos. Ang espirituwal na sabbath ay nangyayari kapag ang ating mga dila ay humantong sa pamamahinga, gayundin ang ating mga motibo at pamamaraan. Ang lahat ng mga pagpupunyagi at ambisyon ay tumitigil kapag tayo ay nakarating sa ating sariling espirituwal na sabbath.


Ang pag-aasawa ay ang ikaapat na simbolo ng pahinga (Ruth 3:1). Kasama sa pag-aasawa ang mapasailalim ng pamumuno at proteksiyon ng iba, at hindi nagsasarili. Ipinapangako ng Isaias 11:10, "Ang Kanyang pahingang dako ay magiging maluwalhati."

Sa Hebreo kabanata tatlo at apat, si Pablo ay tumitingin sa pahinga mula lamang sa aspeto ng paglalakbay ng Israel. Ang pahinga na kanyang tinutukoy dito ay kasama ang pagpasa sa mga pagsubok sa ilang, pagtawid sa Jordan, paglupig sa maraming mga kaaway, at sa pinakahuli ay pananatili sa kanilang mana sa lupain ng pangako. Ang pahinga ay nasa lupain ng Canaan. Kung kaya, nang isinumpa sa kanila ng Diyos sa Kanyang galit na hindi sila makakapasok sa Kanyang kapahingahan, ang ibig Niyang sabihin ay ang hindi sila makakapasok sa lupain ng pangako, sa lugar na Kanyang itinalaga para sa kanila.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Nangangahulugan ito na ang pagkatawag, mga pangako, at mga pagpapala na naiplano Niya para sa kanilang mga buhay ay hindi na matutupad. Ang pinakalayunin kung bakit sila dinala ng Diyos mula sa Ehipto ay hindi na mapapasok. Tandaan natin na kapag dinadala tayo ng Diyos isang lugar, nilalayon Niya na dalhin tayo sa isa pang lugar. Sinabihan ng Diyos si Moises na dalhin sila palabas [ng Ehipto] upang dalhin sila sa [tungo sa Canaan].

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.





Copyright © Brian J. Bailey, 1995 All rights reserved.

Napakalinaw na sila ay dapat na dinala sa lupain ng kapahingahan at kalaunan ay sa Bundok ng Sion na gaya ng makikita natin mamaya sa mga Hebreo. Ngunit sinabi Niya sa henerasyong iyon na hindi sila makakapasok. Pagkatapos ay binigay ni Pablo ang babalang ito sa talata 12.

**3:12** ***“Mga kapatid, mag-ingat kayo, na walang sinuman sa inyo ang may pusong masama at walang pananampalataya na naglalayo sa buhay na Diyos.”*** Ngayon ay tuwirang nagsasalita si Apostol Pablo sa bawat isa sa atin. Nagsasalita siya sa mga mananampalataya ng Bagong Tipan: “Mga kapatid, mag-ingat kayo, na walang sinuman sa inyo ang may pusong masama at walang pananampalataya” huminto muna tayo dito ng ilang saglit at isaalang-alang ang ilang bagay na maaaring magpatigas ng ating puso. Ano ang maaaring pumigil sa atin na pumasok sa mga pangako ng Diyos? Sa totoo lang sa bahaging ito ay may tatlong magkakaibang kasalanan na dapat nating bantayan. Ang unang bagay na dapat tayong mag-ingat ay sa “pusong masama at walang pananampalataya” (t.12). Sa biyaya ng Diyos dapat nating hangarin na mapuspos ng Kanyang pananampalataya. Kapag nagsasalita ang Diyos sa atin dapat ay magkaroon tayo ng pusong naniniwala. Huwag mong pagmatigasin ang iyong sarili laban sa mga bagay na ipinangako ng Diyos sa iyo. Ang katigasan ng puso at kawalan ng pananampalataya ay ikinasal sa isa’t isa (Mk. 6:52, 8:17, 16:14).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**3:13** ***"Ngunit magpayuhan kayo sa isa't isa araw-araw, habang ito ay tinatawag na "ngayon," upang walang sinuman sa inyo ang papagmatigasin ang pagiging madaya ng kasalanan."*** Ang kasalanan ay napakadaya. Maaari nating isipin, "Ay mabuti, makakagawa ako ng kasalanan at magbabalik-loob ako." Ngunit huwag mong paniwalaan ito! Ang kasalanan ay nakakapagpalumpo; ang mga pagkapit nito ay napakahirap tanggalin. Hindi tayo maaaring magkipaglaro sa kasalanan. Hindi natin pwedeng isipin na maaari natin itong damputin at ilapag ulit. Hindi, itinatali tayo nito ng matitibay na lubid (Kaw. 5:22). Ang kasalanan ay nagpapatigas ng puso! Dapat ay lubos tayong maging maingat dahil ang kasalanan ay nakakaapekto sa ating isip: naaapektuhan nito ang ating pag-iisip, naapektuhan nito ang ating mga disposisyon; naaapektuhan nito ang ating mga pag-uugali at naaapektuhan nito ang ating relasyon sa iba nating mga kapatid na lalaki at babae.

Ang kasalanan ay naglalagay ng isang pader sa pagitan ng ating mga sarili at ng Diyos. Pinatitigas ng kasalanan ang ating puso at ang ating budhi. Ito ay nagiging sanhi upang mawala natin ang pagiging sensitibo sa kombiksyon ng Espiritu ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit tinawag ito ni Pablo na "pagiging madaya ng kasalanan."

Ang ikatlong bagay na maaaring magpatigas ng ating mga puso ay panggagalit sa Panginoon. Tumindig ang Israel at hinamon ang Panginoon ng makasampung ulit sa ilang (3:8). Ito ay nabanggit sa mga Bilang 14:22, kung saan ay sinabi ng Diyos sa bansa, "ngunit tinukso pa rin ako nitong makasampung ulit." May sampung natatanging mga pagsubok sa ilang, at lahat sila at nauugnay sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

atin. Ang isa sa mga pagsubok ay sa Mara kung saan ang tubig ay mapait (Ex.15:23-24). Minsan ay binibigyan tayo ng pakiramdam na ang lahat ay magiging maayos pagkatapos nating tanggapin si Cristo bilang tagapagligtas. Gayunpaman, hindi ito totoo. Sa ilang mga pagkakataon ay kakailanganin din nating uminom ng mga tubig na mapapait.

Ano ang magiging saloobin natin kapag tayo ay may mapait na mga karanasan? Ang Israel ay tumugon ng may pabulong-bulong at pagrereklamo, na lalong nagpatibay ng kapangahasan ng kanilang mga puso laban sa Panginoon. Kapag dumating tayo sa ating Mara tayo ay matutuksong magsabi na, “Hindi ako sumunod sa Iyo para dito, Panginoon.” Ang tanging lunas para sa mapait na mga karanasan ay ang krus. Si Moises ay inutusan na putulin ang isang puno (ang simbolo ng krus), at pagkatapos maihagis ang puno sa mapait na tubig, ang tubig ay naging matamis (Ex. 15:25). Kailangan nating gamitin ang krus sa ating mapapait na tubig at sabihing: “Panginoon, wala akong karapatan sa aking sarili. Tinatanggap ko kung ano ang dinala mo sa aking buhay.” Ang krus ay palaging magiging sanhi para sa atin na maging matagumpay laban sa mga kapaitan. Ngunit kung patuloy tayong makipaglaban at hingin ang ating mga karapatan, mahuhulog tayo sa pagkatalo at malulunod sa kapaitan.

Tandaan, ang Espiritu ng Diyos ang nanguna sa Israel sa ilang at sa bawat isa sa mga sampung pagsubok na ito. Hindi ang demonyo ang nagdala sa kanila sa Mara; ang *ulap* ang nagdala sa kanila roon.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ang sampung mga pagsubok na ito ay tulong-aral at hindi pagpaparusa. Hangarin ng Panginoon na palawakin ang kanilang pananampalataya at bigyan sila ng bagong tagumpay sa bawat pagsubok. Inihahanda Niya sila para sa isang kamangha-manghang pamana sa maluwalhating lupain ng pangako. Gayunpaman, ang Israel ay salat sa pagkaunawa. Patuloy nilang pinalalampas ang puntos sa bawat pagsubok na kanilang kinakaharap.

Ang isa pang pagsubok ay may kinalaman sa kanilang mga pagkagana. (Tingnan sa Bilang 11:1-6). Ang pagrereklamo ay isang bagay na labis na hindi ikinalulugod ng Panginoon. Patuloy na nagreklamo ang Israel tungkol sa kanilang pagkain at sa kanilang mga kalagayan. Minsan, wala tayo ng *gusto* natin, kundi kung ano lang ang *kailangan* natin. Kung ikaw ay tinawag na maging isang misyonero, ikaw ay itatanim sa iba mula sa iyong bansa at kultura, at ang pagkain ay magiging kakaiba. Ang tukso kung gayon ay ang panabikan ang pagkain na iyong kinagigiliwan sa bahay. Ang ating tiyan ay isang bagay na kailangan nating pagtagumpayan. Sinasabi ng Salita ng Diyos na ang ating mga tiyan ay maaari maging isang diyos. Nangusap si Apostol Pablo tungkol sa kanila na ang “diyos ay ang kanilang tiyan.” Kailangan nating matutunang tanggapin nang may pasasalamat kung ano ang inilagay sa ating harap. Sa lugar ng pagmimisyon mayroon tayo ng lahat ng uri ng mga bagay na nakalagay sa ating harapan kung saan ay dapat nating ipagpasalamat sa Diyos, ipikit ang ating mga mata, at lunukin ng mabilis!

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Habang tayo ay nasa paksang ito ng mga pagkagana, may isa pang bahagi kung saan ay bumagsak ang Israel—ang bahagi ng katakawan. Nang tinugon nga ng Diyos kung ano ang ikinasiya nila, kumain sila ng kumain hanggang sa labis na silang kumain. Ang Israel ay humarap sa siyam na pagsubok at nakakuha ng isang perpektong puntos na bokya. Sa gayon, ang parisan ay itinatag kung kaya nang sila ay nakarating sa kanilang ikasampung pagsubok sa Kadesh-Barnea, bumagsak din sila sa pagsubok na iyon. Dito sa Kadesh-Barnea kung saan ay isinumpa sa kanila ng Diyos sa Kanyang galit na hindi sila makakapasok sa Kanyang kapahingahan sa lupain ng Canaan (basahin ang buong kabanata ng Bilang 14). Ang ating pagtugon sa ating mga pagsubok ay napakahalaga dahil ito ay lumilikha ng mga pamarisan sa ating buhay—sa ating isip, sa ating espiritu, sa ating emosyonal na buhay, at sa ating puso.

Samakatuwid, kailangan nating lumikha ng isang parisan ng tagumpay. Ingatan natin ang ating mga sarili sa bawat mga pagsubok, dumaing tayo ng biyaya mula sa Diyos upang mapagtagumpayan. Bantayan natin ang ating mga puso ng buong sikap na huwag silang hayaan na maging matigas at mapuno ng mga tinik ng bumagsak na kalikasan, at ng kasalanan. Ang “Kapabayaan” ay isang pangunahing salita sa mga mambabasa ng Hebreo (Heb. 2:1).

**3:14** ***“Sapagkat tayo’y nagiging kabahagi ni Cristo kung ating hinahawakang matatag ang pasimula ng ating pagtitiwala hanggang sa katapusan.”*** Narito ang positibo — “tayo’y nagiging kabahagi ni Cristo.” Ito ang isa sa mga katotohanan ng Paskuwa. Kailangan nilang kainin ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

kordero; kailangan nilang makibahagi kay Cristo. Ginawa tayong mga nakikibahagi kay Cristo, ngunit ito ang kondisyon— "kung hahawakan nating matibay ang ating pagtitiwala, at maging matatag hanggang wakas." Ito ay isang pag-uulit ng talatang 3:6: "kung ating iingatang matibay hanggang katapusan ang ating pagtitiwala at pagmamalaki sa pag-asa."

Kalaunan ay sasabihin ni Pablo sa Hebreo kabanata 12:1, "Tumakbo tayong may pagtitiis sa takbuhing inilagay sa harapan natin." Ang kabuuang layunin ng takbuhin ay mahawakan ang laso sa dulo ng takbuhan. Ang kabuuang layunin ng paglalakbay ay upang maabot ang patutunguhan at hindi manirahan kapag nasa kalagitnaan ka na at sabihing, "sapat na ang nasa akin." Tayo ay nasa isang paglalakbay at dapat nating panatilihing matatag ang ating kumpiyansa hanggang sa wakas.

**3:15** ***"Gaya ng sinasabi, 'Ngayon, kung marinig ninyo ang Kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso, na gaya ng sa paghihimasik."*** Dito muli ay ang pag-uulit ng pagdaing, "Ngayon, kung narinig ninyo ang kanyang tinig." Kapag sinasabi ng Diyos na "ngayon," kailangan nating kumilos ngayon, hindi bukas; kung hindi ay magiging matigas ang ating mga puso. Kapag sinasabi ng Diyos na, "Nais Kong ayusin ang bagay na iyan sa iyong buhay," tumugon tayo ng mabilis sa pagsasabi sa Kanya, "O Diyos, ayusin po ninyo ito ngayon, nais kong mapalaya ngayon." Kapag ang Diyos ay nagbibigay ng babala, "Huwag kang tumahak sa daanan na iyan," tumugon agad tayo, "Hindi po Panginoon, Hindi ako tatahak sa daanang iyan."

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**3:16 *"Sinu-sino ba sila na matapos makarinig ay naghimagsik? Hindi ba ang lahat ng umalis sa Ehipto sa pamamagitan ni Moises?"*** Ang karamihan sa mga anak ni Israel na lumabas mula sa Ehipto ay ginalit ang Panginoon at nangamatay sa ilang. "Hindi ba ang lahat ng umalis sa Ehipto sa pamamagitan ni Moises?" Hindi lahat ay ginalit ang Panginoon. May ilan na mga namumukod, at ang maliwanag na pamumukod ay sina Josue at Caleb. Sila ay may kakaibang espiritu. Ang kanilang espiritu ay nakatuon sa Espiritu ng Diyos, at samakatuwid ay ipinahayag nila kung ano ang sinasabi ng Diyos. Taglay nila ang banal na pananampalataya sapagkat sila ay ganap na nakaugnay sa Isa na siyang may Akda ng ating pananampalataya.

**3:17 *"Ngunit kanino siya galit nang apatnapung taon? Hindi ba sa mga nagkasala, na ang mga katawan ay nabuwal sa ilang?"*** Ang buong henerasyon ay namatay at hindi kailanman nakapasok sa Canaan na lupain ng kapahingahan. Hindi nakuha ng buong henerasyon ang mga layunin ng Diyos, kahit pa na sila ay nabautismuhan sa dagat at sa ulap at kanilang nasaksihan ang kaluwalhatian ng Diyos (1 Cor.10:1-12). Ang mga kalalakihan at mga kababaihang iyon mula sa edad dalawampu pataas ay nangamatay sa ilang. Silang mga nasa dalawampu ang edad ng umalis sa Ehipto ay namatay sa ilang, maliban kina Josue at Caleb. Ang mga nasa dalawampu pababa ay nailigtas, at makaraan ang dalawampung taon ay pumasok sa lupang pangako.

**3:18 *"At kanino siya sumumpa na hindi sila makakapasok sa kanyang kapahingahan, kung hindi sa mga sumuway?"*** Ang hindi paniniwala ay isang nakakapangilabot, kakila-kilabot na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

kasalanan. Ang di-paniniwala ay isang napakatinding pag-insulto sa Diyos, at ang di-paniniwala ay ang resulta ng isang pinatigas na puso. Katulad ito ng pagsasabi sa Diyos: “Panginoon, hindi Ka karapat-dapat pagkatiwalaan. Hindi ako naniniwala na gagawin Mo ang sinabi Mo!” Kapag ang Diyos ay nangungusap sa atin, ang ating saloobin at pagtugon ay dapat palaging maging: “Salamat, Jesus! Sa natural ay tila imposible; ngunit naniniwala ako na kaya Mong gawin ito. Pinaniniwalaan ko ito dahil sinabi Mo ito!” Anuman ang sinabi ng Diyos, hayaan mong umawit ng malakas ang iyong puso— “Naniniwala ako sa Diyos!”

**3:19** ***“Kaya’t nakikita natin na sila’y hindi nakapasok dahil sa kawalan ng pananampalataya.”*** Sa Kades-barnea hindi sila naniwala sa Diyos (basahin ang Bilang mga kabanata 13-14). Sinabi ng Diyos, “Pumasok kayo ngayon.” Nilimitahan ito ng Diyos sa isang araw. “Ngayon, kung marinig ninyo ang Kanyang tinig.” Labindalawang lalaki ang nagtiktik sa lupain, ngunit sampu sa kanila ang bumalik na may masamang ulat na nag-udyok ng takot at di-paniniwala sa kongregasyon. Ipinahayag nila ang lupain ay maganda, ngunit…! Ang *ngunit* ay kalikasan ng kambing. Ang kambing ay namumunggo gamit ang kanyang ulo. Ngunit, ngunit, ngunit…may mga higante sa lupain at mga tipaklong lamang tayo sa paningin nila! Sa pamamagitan ng mga mata ng pananampalataya sina Josue at Caleb ay nakakita ng kakaiba, at ipinahayag nila: “Ang kanilang kalinga ay inalis sa kanila, at ang Panginoon ay kasama natin; huwag kayong matakot sa kanila. Sumugod tayo kaagad at angkinin ito, sapagkat magagawa nating pagtagumpayan ito.”

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Alam ng kaaway na ang Diyos ay kasama natin. Tayo ay sinabihan ni Apostol Santiago na ang mga demonyo man ay “naniniwala at nanginginig.” Ang kaaway ay naniniwala at nanginginig. Ang tanging pag-asa niya ay na ang mga tinubos ay hindi maniniwala, gaya ng mga nangyari sa mga anak ni Israel. Sa totoo lang, ang mga Israelita ay natakot sa mga kaaway na natatakot sa kanila.

Hindi naniwala sa Diyos ang Israel. Nilimitahan ng Diyos sa isang araw ang pagpunta nila sa lupain. Sinabi Niya, “Ngayon ay papasok kayo.” Sinabi ng Israel, “Ngayon ay hindi kami papasok.” Pagkatapos ay sinabi ni Moises, “Sige, magiging lagalag kayo sa susunod na tatlumpu’t walong taon.” Nang sumunod na araw ay nagsisi sila at ninais na pumasok, ngunit ang Diyos ay wala sa kanila at tumakas sila sa harap ng kanilang mga kaaway. May mga pagkakataon na nililimitahan ng Diyos ang ating mga desisyon sa isang araw. Ang pangunahing desisyon na iyon gayunpaman, ay apektado ng lahat ng iba pa nating mga nagdaan na desisyon.

**4:1 *“Mangatakot nga tayo, yamang iniwang pangako ng pagpasok sa kaniyang kapahingahan, baka sakaling sinoman sa inyo ay maging tulad sa di nakaabot niyaon.”*** (ADB 1978). Sa ika-apat na kabanata nagpatuloy si Apostol Pablo sa kanyang babala na pagtigil sa ilang at hindi makapasok sa kapahingahan. Nagsimula siya: “Mangatakot nga tayo.” Ang takot na nabanggit dito ay hindi isang pobya na makakapagparalisa o makakahadlang sa atin mula sa paggawa ng kalooban ng Diyos, kundi ito ang takot na may paggalang. Ang takot na ito ay nagmumula sa Diyos. Ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pagkatakot sa Panginoon ay isang pagpapahid. Ito ay isa sa pitong espiritu ng Panginoon na nabanggit sa Isaiah 11:2-3.

Ang banal na pagkatakot ay nakakabuti, ito ay isang takot na magkulang sa mga layunin ng Diyos sa ating mga buhay. Pinipigilan tayo nito na mawala sa adhikain (Jer. 32:40). Sinasabi sa atin ni Solomon na ang takot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan. Ang pagkatakot sa Panginoon ay nagdudulot ng karunungan at kaunawaan, at ito mismo ang kinakailangan upang makapasok sa kapahingahan. Ang mga Israelita sa kanilang paglalakbay patungo sa lupang pangako ay walang kaunawaan at patuloy na nagkakasala sa kanilang mga puso. Kaya nga, nakita natin ang pangangailangan sa pagkatakot sa Panginoon. “Mangatakot nga tayo, yamang iniwang pangako ng pagpasok sa kaniyang kapahingahan, baka sakaling sinoman sa inyo ay maging tulad sa di nakaabot niyaon.”

Tinatawag tayong lahat ng Diyos sa Bundok ng Sion. Ang Sion ang ating panghuling destinasyon, gaya ng sa Israel sa kanilang paglalakbay. Ang Sion ay wala sa ilang, ito ay nasa kabilang ibayo ng ilog Jordan sa lupain ng Canaan. Ito rin ang panghuling kuta na nakuha, at ito ang dako kung saan kinalaunan ay pinili ng Diyos na panatilihin ang Kanyang presensiya. Ang Sion ay inihanda higit sa lahat ng mga tirahan ng Israel (Awit 87:2). Sinabi ng Panginoon, “Ito’y aking paghingahang dako magpakailanman; sapagkat ito’y aking ninasa, dito ako tatahan” (tingnan sa Aw. 132:13-14).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Tayo rin, ay tinawag sa kapahingahan ng Diyos, at ang kapahingahang ito ay nasa loob ng tabing. Ang Bundok ng Sion at ang Dakong Kabanal-banalan ay magkatumbas. Ang parehong lugar ay pinaglagyan ng kaban ng tipan. Ito ang destinasyon na tinawag sa atin ng Diyos, ngunit sa kasalukuyan saan tayo matatagpuan sa ating paglalakbay Kristiyano? Tayo ba ay nasa Dagat na Pula lamang (bautismo sa tubig)? Tayo ba ay nasa Bundok ng Sinai lamang (bautismo sa Banal na Espiritu)? Ang Bundok ng Sinai ay nasa ilang. Ang Sinai ay wala sa lupang pangako, ngunit marami sa mga mananampalataya ang nasisiyahan nang manirahan dito. Hindi tayo tinawag ng Diyos sa Bundok ng Sinai, tinawag Niya tayo sa Bundok ng Sion. Nagkukulang ba tayo sa mataas na pagkatawag ng Diyos kay Cristo Jesus? Nasa ilang pa ba tayo—bumabagsak sa parehong mga pagsubok buwan-buwan, at taon-taun gaya ng mga Hebreo?

**4:2 *“Sapagkat dumating sa atin ang magandang balita, gaya rin naman sa kanila, ngunit hindi nila pinakinabangan ang pangangaral na narinig nila, sapagkat hindi sila naging kalakip sa pamamagitan ng pananampalataya ng mga taong nakarinig.”*** May ebanghelyo ang sinaunang Israel (o mabuting balita) na ipinangaral sa kanila. Ang mabuting balita nila ay ito—Dadalhin kayo ng Diyos sa lupain ng kapahingahan. Ang ating mabuting balita ay ang dadalhin tayo ng Diyos sa loob ng tabing, sa isang mas nakahihigit na kapahingahan.

“Ngunit hindi nila pinakinabangan ang pangangaral na narinig nila, sapagkat hindi sila naging kalakip sa pamamagitan ng pananampalataya ng mga taong nakarinig.” Ang Salita ng Diyos ay maaaring

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

ipangaral tuwing linggo sa ilalim ng isang makapangyarihang pagpapahid. Ngunit marami ang naging mga “pinatigas ng ebanghelyo” dahil hindi nila tinanggap ang salita nang may pananampalataya. Ang salita ay walang kapakinabangan sa isang tao kung hindi ito *tinanggap* nang may pananampalataya. Ang Salita ng Diyos ay malikhain, at kung ito ay hahaluan ng pananampalataya, nalilikha nga nito ang sinasabi ng Diyos.

Kapag ang Diyos ay nagsasalita sa atin at sinasabing, “Gagawin Ko ito at ito sa iyong buhay,” tayo ay dapat sumang-ayon sa Kanya mula sa ating mga puso at sabihing, “Amen.” Sa paggawa nito, hinahayaan nating makarating sa ating pagkatao ang kapangyarihan ng malikhaing gawa ng Diyos. Ang aksyon na ito ay nagsisimula sa pagkilos kung ano ang sinabi ng Diyos na gagawin Niya. Maaaring sabihin sa iyo ng Diyos, “Tinatawag kita sa isang bansa.” Tila ganap na imposible ito sa ngayon. Ano ang sasabihin natin? Paano tayo tutugon sa mensahe na ibinibigay sa atin ng Diyos? Maaaring sabihin ng Diyos, “Bibigyan kita ng Paaralan ng Bibliya,” o “Bibigyan kita ng isang iglesiya, o isang bahay-ampunan.” Kailangan nating tanggapin ang salitang iyon ng may pananampalataya. Kung tayo ay negatibong tutugon sa pagsabi na: “Hindi ito makakadagdag. Paano ko ito kakayanin? Hindi ito praktikal, hindi makatuwiran, at imposible sa pisikal,” kung ganun, ang pinahirang salita ay mawawala. Ang mga pangako ng Diyos ay hindi mangyayari kung sila ay hindi tinanggap ng may pananampalataya. Dahilan dito, mas mapapabuti tayo kung ating susundin ang babala ni Isaias ng sinabi niyang, “Kung kayo ay hindi maniniwala, tunay na hindi kayo matatatag.” Isa. 7:9b).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ang isa pang susi sa pagkakaroon ng isang naniniwalang puso ay ang masunuring buhay. Ang isang naniniwalang puso ay nakukuha sa pamamagitan ng pagsunod sa kung ano ang sinasabi ng Diyos sa atin ngayon. Makikita natin kung bakit ang mga Israelita ay hindi nagkaroon ng isang naniniwalang puso. Bago ang Kades-Barnea ay siyam na ulit na nilang sinuway ang Panginoon. Ang hindi pagsunod ay nagpapatigas sa puso. Ang isang lalaki at babae na may naniniwalang puso ay ang mga sumusunod sa kung ano ang sinasabi ng Diyos na gawin nila ngayon. Ang pagsunod ay isang paraan ng pamumuhay. Sa tuwing tayo ay nakagagawa ng tamang pagpili, lumalambot ang ating puso, makikita natin na kapag nagsasalita ang Diyos, maaari tayong maniwala. Walang mabilis na daan patungo sa isang naniniwalang puso, ni ang paniniwala sa isang mahiwagang bagay. Napaka praktikal nito. Ang naniniwalang puso ay bunga ng isang paglakad, isang paraan ng pamumuhay. Ito ang susi. Ang isang hakbang ng pagsunod ay nagdudulot ng isang naniniwalang puso.

**4:3a** ***“sapagkat tayong sumasampalataya ay pumapasok sa kapahingahang iyon, gaya ng sinabi ng Diyos.”*** Sa pagpapanatili ng isang naniniwalang puso sa bawat panahon ng ating paglakad kasama ng Panginoon, hahayaan Niyang makarating tayo sa ating mana at lahat ng naiplano Niya sa ating mga buhay. Papasok tayo sa kapahingahan at maitatag sa Kanyang banal na pagkatawag. Dadalhin Niya tayo sa loob ng tabing tungo sa Kanyang pinaka presensiya, at makikilala natin Siya sa isang napakalapit na paraan habang tayo ay nagpapatuloy sa pagsunod at paniniwala sa Kanya.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang pagsunod at paniniwala ay dapat maging paraan ng pamumuhay sa atin. Kung ang paraan na ito ng pamumuhay ay masunod, tiyak na dadalhin tayo nito sa kapahingahan at kaluwalhatian sa banal na bundok ng Sion. Ang Diyos ay nangako sa atin sa pamamagitan ni Isaias, "Ngunit siyang nanganganlong sa akin ay mag-aari ng lupain, at magmamana ng aking banal na bundok." (Isa. 57:13b).

**4:3b *"Gaya ng aking isinumpa sa aking pagkagalit, sila'y hindi papasok sa aking kapahingahan: bagama't ang mga gawa niya mula nang itatag ang sanlibutan ay natapos na."*** Ang Israel ay hindi nakarating sa kapahingahan ng Canaan dahil sa pagsuway, katigasan at hindi naniniwalang puso. "Bagama't ang mga gawa niya mula nang itatag ang sanlibutan ay natapos na." Bago itatag ang sanlibutan, napagpasiyahan at naplano na ng Diyos ang paglalakbay ng mga anak ni Israel. Sa katunayan, itinakda Niya ang lahat ng pangyayari. Tumawag Siya ng taggutom at nagdulot na bumaba sa Ehipto ang mga patriarka. Una Niyang ipinadala si Jose upang ihanda ang daan para kay Jacob at sa kanyang mga anak na manirahan doon. Nauna nang sinabi ng Diyos kay Abraham na ang kanyang binhi ay maninirahan sa Ehipto, ngunit pagkalipas ng apat naraang taon ay ilalabas Niya sila at ibibigay sa kanila ang lupain ng Canaan. Itinalaga na ng Diyos ang lahat ng ito. Gayunpaman, Kanya ring itinalaga para sa Israel na tumungo sa lupang pangako, hindi para sa kanila na maging lagalag ng walang layunin sa ilang at mamatay roon. Samakatuwid, ang Israel ay inilibing na may mga hindi natupad na propesiya at hindi natupad na mga pangako.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Dapat tayong maging maingat kapag dumarating tayo sa paksa ng personal na mga propesiya. Ang mga pangako ng Diyos ay may *kondisyon*. Ang mga propesiya ay hindi mangyayari kung hindi natin matutugunan ang mga kinakailangang kondisyon o kung tayo ay hindi sumusunod. Nilinaw ito ni Pablo sa mga mambabasa ng Hebreo nang kinalaunan ay sinabi niya sa kanila sa 10:36: "kapag inyong nagampanan ang kalooban ng Diyos ay tanggapin ninyo ang pangako." Ang henerasyon na umalis sa Ehipto ay hindi kailanman nakamit ang kapahingahan sa lupang pangako. Sinabi ng Diyos sa mapaghimagsik na henerasyon iyon, "inyong makikilala ang aking sama ng loob!" (Bil.14:34b). Sinabi ng Diyos: "Binago Ko ang aking pag-iisip. Hindi ko ibibigay sa inyo kung ano ang ipinangako Ko sapagkat napakasama ninyo sa aking paningin." Ang pangunahing pag-unawa sa Bilang 14:34 ay makakatulong na sagutin ang ilan sa ating mga pagkalito patungkol sa personal na propesiya.

Marahil nakapunta ka na sa mga pagtitipon ng *revival* kung saan ay malinaw mong natatandaan ang ilang mga indibidwal na tumatanggap ng mga nakamamanghang mga propesiya. Gayunpaman, nakikita mo ang ilan sa kanila na malayo sa daan na sinasabi ng Diyos na dapat ay kanilang maging direksyon. Ang agad na ating saloobin ay isipin na marahil ay hindi tama ang propesiya, habang tunay na maaaring ito ay talagang tama. Ang problema ay nakasalalay sa katotohanan na ang tao ay hindi lumakad sa pagsunod at hindi natupad ang mga layunin ng Diyos na naitalaga para sa kanya bago pa itatag ang sanlibutan. Tiyak na walang katuturan ang tumakbo sa paligid na may isang tumpok ng mga propesiya na nagsasabing, "Purihin ang Panginoon, ganitong uri ng tao ako," kapag tayo ay hindi lumalakad sa pagsunod. Hindi tayo magiging mga ayon sa inihayag ng Diyos sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pamamagitan ng propesiya kung tayo ay hindi sumusunod sa Kanya at hindi natutugunan ang mga kondisyon. Ang bawat pangako ay may kondisyon!

**4:4** ***"Sapagkat sa isang dako ay sinabi niya ang ganito tungkol sa ikapitong araw, 'At nagpahinga ang Diyos nang ikapitong araw sa lahat ng kanyang mga gawa.'"*** Ito ang unang pagtukoy sa ikapitong araw sa Banal na Kasulatan. Kapag ang isang bagay ay nabanggit sa kauna-unahang pagkakataon sa Kasulatan, ito ang susi sa pag-unawa sa mga susunod na kaganapan. Ito ay tinawag na "ang batas ng unang pagbanggit." Sa ikapitong araw ay nagpahinga ang Diyos sa Kanyang mga gawain. Ito ang estado ng pagiging laging nais ng Diyos na pagdalhan sa tao. Nais Niyang dalhin tayo sa pinakatahimik na isip at puso kung saan tumitigil ang lahat ng ating pakikipagbaka, pagsisikap at ambisyon. Pagkatapos Siya ay dadaloy sa pamamagitan natin at ipapamalas ang makapangyarihan Niyang mga gawa sa pamamagitan natin.

**4:5-6** ***"At sa dakong ito ay muling sinabi, 'Sila'y hindi papasok sa aking kapahingahan.' Kaya't yamang nananatiling bukas para sa ilan upang makapasok doon, at ang mga pinangaralan ng magandang balita nang una ay hindi nakapasok dahil sa pagsuway."*** Ito ay isang napakahalagang katotohanan. Ang ilan ay dapat pumasok sa kung ano ang ginagawa ng Diyos ngayon at tuparin ang Kanyang mga layunin. Ang henerasyong lumabas mula sa Ehipto ay nabigong makapasok sa kapahingahan at sa mga layunin ng Diyos dahil sa kawalan ng pananampalataya, ngunit ang sumunod na henerasyon ay nagawang makapasok. Kapag ang isang henerasyon ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

nabigo, ang pagkatawag ay ipinapasa sa susunod. Kapag ang isang henerasyon ay sumusuway, ang pagkatawag ng Diyos ay darating sa sumusunod na henerasyon. Nakita kong nangyari ito sa isang bilang ng mga pamilya. Naglalagay ang Diyos ng banal na pagkatawag sa mga ama, ngunit dahil sa katamaran at pagsuway hindi nila natupad ang pagkatawag. Dahil sa ang mga kaloob at pagkatawag ng Diyos ay walang pagsisisi, hindi ako nabigo na makita ang sulo na ipinasa sa isang nasa sumusunod na henerasyon, at nagpapatuloy siya upang matupad ang pagkatawag ng Diyos.

Ganyan mismo ang nangyari sa mga Israelita. Matapos mamatay sa ilang ang mga ama, ang kanilang mga anak ay nagtungo sa lupang pangako at kinuha ang mana. Paulit-ulit kong nakita ito. Kapag ang mga ama ay nabigo, kahit papaano ang kanilang mga anak na lalaki ay nagawang malampasan kung saan nagkulang ang kanilang mga ama. Hindi ba magiging kasiya-siya para sa mga ama na maging mahusay din sana! Sa huli, ang Diyos ay may Kanyang paraan. Ang Kanyang mga layunin ay matutupad. Nangako ang Diyos na ang Kanyang mga salita ay hindi babalik sa Kanya ng walang bisa, kundi isasakatuparan nito ang lahat ng kung saan ito ay ipinadala. Ang ilan ay dapat makapasok sa kapahingahan at sa Kanyang mga layunin, “at ang mga pinangaralan ng magandang balita nang una ay hindi nakapasok dahil sa pagsuway.” Gayunpaman, ang mga layunin ng Diyos ay hindi kailanman mahahadlangan! Ang ilan ay papasok doon.

**4:7-8** ***“Siya ay muling nagtakda ng isang araw, “Ngayon,” na pagkatapos ng ilang panahon ay sinabi sa pamamagitan ni David, gaya ng sinabi noong una, “Ngayon, kung marinig ninyo ang***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso." Sapagkat kung sila ay nabigyan ni Josue ng kapahingahan, hindi na sana nagsalita ang Diyos tungkol sa ibang araw pagkatapos ng mga ito."*** Josue ang Hebreong salin para kay Jesus, kaya si Pablo rito ay talagang nangungusap kay Josue. "Sapagkat kung sila ay nabigyan ni Josue ng kapahingahan, hindi na sana nagsalita ang Diyos tungkol sa ibang araw pagkatapos ng mga ito."

Nabuhay si David ng apat na raang taon matapos pangunahan ni Josue ang Israel sa lupain ng Canaan, ngunit kahit sa panahon ni David ang mga Israelita ay hindi pa rin nakapasok sa ganap na kapahingahan. Ang muog ng Sion ay hindi pa rin nalupig, pati na rin ang maraming iba pang mga kaaway.

Ang kapahingahan ng Diyos ay kinapapalooban ng higit pa sa pagpasok sa lupang pangako. Ang kapahingahan ng Diyos ay kinapapalooban ng pagsakop sa *buong* lupain, kasama na ang Sion. Bahagyang natapos ni Josue ang iniatas, ngunit bago siya mamatay ay kinailangan niyang payuhan ang mga anak ni Israel dahil sa pagiging mabagal sa pag-angkin sa lupain. (Jos. 18:3). Ang Panginoon mismo ay nagpayo, "at may nalalabi pang maraming lupain na sasakupin" (Jos. 13:1b). Ito ay malinaw na katunayan na ang Israel ay hindi pa nakapasok sa kaganapan ng kanilang mana. Malinaw na ipinahayag sa mga Hukom kabanata isa na ang Israel ay nasiyahang makasama ang marami sa kanilang mga kaaway.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Apat na raang taon ang nakalipas ay muling nagsalita ang Diyos, ngunit sa pagkakataong ito ay kay David: “Ngayon, pagkatapos ng mahabang panahon.” Sa diwa ay sinabi Niya kay David: “Oo David, nagsasalita pa rin ako tungkol sa pamamahinga. Tutuparin Ko kung ano ang ipinangako ko. Dadalhin Ko ang Aking bayan sa ganap na kapahingahan at ikaw ang siyang gagawa nito.” Samakatuwid, si Haring David (ang lalaking ayon sa sariling puso ng Diyos) ang nakipaglaban sa mga laban ng Panginoon at sinakop ang lahat ng mga kaaway ng Panginoon. Si David ang sumakop sa Bundok ng Sion, ang huling muog. Siya ang nagdala sa Israel sa kabuuan ng mana na ipinangako ng Diyos kay Abraham.

Ang paglalakbay ng Israel mula Ehipto, na nagsimula bago ang apat na raang taon, ay hindi natapos hanggang sa makarating sila sa Bundok ng Sion. Ito ang bundok na inihula ni Moises sa Dagat na Pula nang sinabi niya, “Sila’y iyong papapasukin, at sila’y iyong itatanim sa bundok na iyong ari-arian, sa dako, O Panginoon, na iyong ginawa upang iyong maging tahanan, sa santuwaryo, O Panginoon, na itinatag ng iyong mga kamay” (Ex.15:17). Ito ang bundok kung saan ay sinabi ng Diyos, “Ito’y aking pahingahang dako magpakailanman: dito ako tatahan” (Aw.132:14). Ang Bundok ng Sion ay ang dako ng kaban ng tipan. Samakatuwid, ito ay kumakatawan sa pagpasok sa loob ng tabing sa dakong kabanal-banalan.

Ang Diyos ay nagtalaga ng pahinga sa Kanyang bayan, ngunit ang pagpasok lamang sa Canaan ay hindi sapat. Ang paglupig sa lahat ng mga kaaway ay kinakailangan. Kasama na rito ang pagkuha sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

kabuuang mana mula sa Ilog ng Jordan hanggang sa dakilang Ilog ng Eufrates. Hindi sila dinala ni Josue sa buong kapahingahan, sapagkat kung gayon ay hindi na sana nagsalita ang Diyos ng iba pang araw sa panahon ni David. Ngayon ay ginagamit ito ni Pablo sa atin; sapagkat sa espirituwal na dako, nasa isang paglalakbay din tayo na may isang patutunguhan.

**4:9-10** ***"Kaya't may natitira pang isang pamamahingang Sabbath para sa bayan ng Diyos. Sapagkat ang pumasok sa kanyang kapahingahan ay nagpahinga rin sa kanyang mga gawa, gaya ng Diyos sa kanyang mga gawa."*** Kaninong pahinga ang pinapasok natin? Tayo ay pumapasok sa kapahingahan ng Diyos, hindi sa atin. Ano ang ibig sabihin ng pagpasok sa kapahingahan ng Diyos? Ito ay nangangahulugan na pagtigil mula sa ating mga sariling ginagawa, pagpupunyagi, mga motibo, mga ideya, at mga ambisyon, pumapasok tayo sa kapayapaan ng Diyos. Ito ang mensahe ng Sion. Sapagkat sa pagpasok natin sa Kanyang kapayapaan at kapahingahan, ang Kanyang Espiritu kung gayon ay dadaloy sa pamamagitan natin. Ang pamamahinga ay ang resulta ng pagkontrol sa atin ng Kanyang Espiritu. Ito ay pagkakaroon ng katuwiran ng kautusan na natutupad sa atin na mga hindi lumalakad ayon sa laman (hindi sa ating sariling pamamaraan), kundi ayon sa Espiritu.

Ang pagpasok sa Kanyang kapahingahan ay isang mapagpalang katotohanan; ito ay tunay na totoo. Sa pagpasok natin sa Kanyang kapahingahan, ang kapayapaan ng Diyos ay bumabalot sa ating isipan at ating puso, at tayo ay nabibihisan ng kapayapaan. Kapag ang mga suliranin ay nagpakita sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ating pintuan, kahit papaano ay nagagawa nating ibigay sila sa Diyos, sa pagkaalam na Siya ay magkakaloob ng kasagutan. Kapag tayo ay nasa kapahingahan ng Diyos, alam nating ang lahat ay nasa kontrol ng Diyos.

**4:11** ***"Kaya't magsikap tayong pumasok sa kapahingahang iyon, upang huwag mabuwal ang sinuman sa pamamagitan ng gayong halimbawa ng pagsuway."*** Gaya ng nasabi na natin, ang pamamahinga ay ang pag-abot sa ating destinasyon sa Sion, at ito ay nangangailangan ng maraming pagsusumikap. Ang Israel ay nasa paglalakbay, ngunit hindi sila "nagpagal" upang maabot ang kanilang patutunguhan.

Maraming mga pagsubok na dapat maipasa at maraming mga pakikipaglaban na dapat mapanalunan, ngunit hindi nilabanan ng Israel ang mabuting laban ng pananampalataya. Dapat sana ay hiningi nila sa Diyos ang biyaya sa bawat pagsubok at tukso, ngunit sa halip sila ay naging espirituwal na pabaya at tamad.

Matapos makatawid ang sumunod na henerasyon sa Jordan patungo sa Canaan, may isang kinakailangan na pagtutuli na dapat gampanan. Pagkatapos ay mayroong tatlumpu't isang hari na kailangang patayin sa tabak. Ang mga haring ito ay kumakatawan sa mga namumunong panginoon ng buhay sa sarili. Malibang ang mga panginoon na ito ay harapin na may tabak, magkakaroon ng labis na kaguluhan at kabalisahan sa ating mga buhay. Ang Israel ay pabaya sa pag-angkin sa lupain

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

at pagharap sa kanilang mga kaaway; hindi sila nagpagal upang makarating sa Sion. Sa halip, sila ay nakuntentong makikompromiso at manirahan kasama ang kanilang mga kaaway. Kaya nga, magsikap tayong makapasok sa tagumpay at kapahingahan, at huwag matisod sa ilang dahil sa isang mahinang pananampalataya.

Pinarurusahan tayo ng Diyos upang bigyan tayo ng kapahingahan (Aw. 94:12-13). Hahatulan at wawasakin ng Diyos ang bawat sakit at kaaway sa ating buhay na nag-aalis sa atin ng kagalakan at kapayapaan. Kaya Niyang harapin ang bawat ugat ng kabalisahan at alitan sa ating buhay kung hindi tayo maghihimagsik laban sa mga pangyayari na nililikha Niya para sa ating kabutihan. Ang Israel ay hindi nanatiling matatag sa ilang, kundi nag-alinlangan sa kanilang pananampalataya sa gayon ay tinanggihan ang kanilang sarili sa pangakong kapahingahan sa lupain ng Canaan.

**4:12** ***"Sapagkat ang salita ng Diyos ay buhay, mabisa, at higit na matalas kaysa alin mang tabak na may dalawang talim, at tumatagos hanggang sa pinaghihiwalayan ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak ng buto, at may kakayahang kumilala ng mga pag-isip at mga hangarin ng puso."*** Upang makapasok sa pamamahinga, kailangang magkaroon tayo ng paghihiwalay sa ating mga buhay sa pagitan ng ating kaluluwa at espiritu. Ang kaluluwa ang ating mga emosyon. Maraming mga Kristiyano ay mga napaka-makakaluluwa, lalo na ang mga Pentecostal. Gustong-gusto nila ang presensiya ng Diyos, pag-aawitan, pagsasayaw, at pagpupuri.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ang maliit nilang kaluluwa ay lumulundag sa galak hangga't ang lahat ay masaya-ngunit ano ang kanilang ginagawa kapag huminto na ang tugtugan?

Maraming taon na ang nakalipas ako ay isang kawani ng isang *camp* sa Inglatera. Nagpatuloy ang *camp* ng ilang linggo, at sa bawat linggo at nakakakita ako ng mga bagong mukha. Gayunpaman, may isang namumukod tangi. May isang ginang na dumating sa pasimula ng *camp* at nanatili siya hanggang sa matapos. Wala siyang gaanong pera, ngunit ang direktor ng *camp* ay napakabait at pinayagan siyang manatili. Siya ang buhay at kaluluwa ng *camp*. Mahal siya ng lahat dahil napakamasiyahin niya. Napakagandang maging malapit sa kanya.

Ilang buwan matapos ang *camp* ay dinalaw ko siya. Nang makita ko siya ay hindi ako makapaniwala sa kung sino ang aking nakita, sapagkat siya ay ibang-iba na. Nagtanong ako, "Ano ang nangyari?" sumagot siya, "Napakalungkot ko kasi walang *camp*. Naghihintay ako para sa susunod na taon na *camp*." Sa totoo lang, ang problema ay ang kanyang kaluluwa. Mahal ng kanyang kaluluwa ang mga pagtitipon ng *camp*, ngunit kung wala ang pagtitipon ng *camp* ang munti niyang kaluluwa ay nasa katamlayan. Ang kanyang kaluluwa ay nagmamaktol at nakasimangot. Hindi ito isang pambihira o bukod tanging usapin. Marami sa mga kapatid na babae at lalaki ay mga katulad nito.

Subukan nating kilalanin ang pagitan ng ating kaluluwa at ating espiritu sa pamamagitan ng paggamit ng Awit 43:5 para sa isang pagsasalarawan. Nasumpungan ni Haring David ang kanyang sarili na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

napapalibutan ng mga kaaway na puwersa ng isang pag-aalsa na pinangunahan laban sa kanya ng sarili niyang anak, si Absalom. Habang tinitingnan niya ang malungkot niyang kalagayan, nagsalita siya sa kanyang kaluluwa at sinabi: "Bakit ka nanlulumo o kaluluwa ko? At bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa ka sa Diyos; sapagkat ikaw ay muling pupurihin ko." Inutusan ng espiritu ni David ang kanyang kaluluwa na manahimik at umasa sa Diyos. Ang mga mananampalataya ay madalas pagsabihan na magsalita sa kanilang mga sarili at palakasin ang kanilang mga sarili sa Panginoon (1 Sam. 30:6, Eph. 5:19).

Pinahintulutan ni David ang Salita ng Diyos na paghiwalayin ang kanyang espiritu mula sa kanyang kaluluwa. Sa pagtingin sa mga mababagsik na hukbo na nakapalibot sa kanya, ang kanyang kaluluwa ay bumangon at sinabi: "Tingnan mo yaong dalawampung libong mga sundalo. Mayroong apatnapung libong mga mata ang nakamasid sa maliit nating grupo. Talo na tayo! Wala ng pag-asa ito! Sumuko ang kaluluwa ni David. Minsan ang ating kaluluwa ay nanghihina, at pakiramdam natin ay hindi na natin kakayanin pang makatayo sa gitna ng kagipitan. Marahil ang pakikipagbaka ay nasa matagal nang panahon at ang mga ulap ay nakapag-ipon na ng makapal na kadiliman. Ang ating kaluluwa ay nagagapi at natutuksong sabihin na: "Tapos na ako. Gumugulong na ako at sumusuko." Sa sandaling ito natin kailangang ihiwalay ang ating kaluluwa mula sa ating espiritu. Ang ating espiritu, sa tulong ng Banal na Espiritu, ay dapat magkaroon ng ganap na kontrol sa ating kaluluwa. Inako ng espiritu ni David ang pamamahala sa kanyang kaluluwa at sinabi: "Kaluluwa…bakit ka nababagabag sa loob ko? Umasa ka sa Diyos."

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang ating kaluluwa ay madalas na makaramdam ng pagkabalisa, hindi mapakali, at nag-aalala sa lahat ng sandali. Nakikita ng ating kaluluwa ang tumataas na bilang ng mga bayarin at nababalisa na may alalahanin, o nakikita ang mga tao sa isang tabi at inaakala na baka pinag-uusapan nila tayo. Bilang resulta, nawala natin ang lahat ng ating kapayapaan. Kapag ang kaluluwa ang namumuno, tayo ay napapasailalim sa kapighatian sa lahat ng sandali. Ito ang dahilan kung bakit kailangan nating maging espirituwal, hindi makakaluluwa. Ang ating espiritu ang dapat na namumuno, at hindi ang ating kaluluwa. Kung ang ating kaluluwa ang namumuno, ang ating mga sitwasyon ang mamamahala ng ating mga buhay. Kapag ang araw ay sumisikat, ang kaluluwa ay nagagalak at sumasayaw at bumabangon ng maaga. Kung ito ay maulap at madilim, nais ng kaluluwa na bumaluktot at manatili sa higaan. Ang kaluluwa ay pinamamahalaan ng mga pangyayari. Sa kabilang banda, ang espiritu ay pinamamahalaan sa pamamagitan ng kung ano ang sinasabi ng Diyos sa gitna ng ating mga sitwasyon, at dito kung saan tayo ay gagawa ng ating pagpili. Maaari tayong sumang-ayon sa ating nararamdaman o maaari tayong sumang-ayon sa Diyos. Ang pakikipagsang-ayon sa Diyos ay pagiging espirituwal. Ang pagsang-ayon sa mga saloobin at damdamin ay pagiging makakaluluwa. Kaya nga, dapat paghiwalayin natin ang kaluluwa at espiritu.

Habang lalo tayong nagiging makakaluluwa, mas lalong pamamahalaan ng mga pangyayari ang ating espirituwal na buhay, kagaya ng kapatid na minamahal sa pagtitipon sa *camp*. Kapag walang pagtitipon, ang kanyang kaluluwa ay nagmamaktol at pinamamahalaan ang kanyang buhay. Nais

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

niyang magsumiksik sa isang sulok. Ayaw niya akong makita, o ang sinuman. Nagalit ang kanyang kaluluwa sa mga panahon na sa kanyang buhay na walang katuwaan. Marami sa mga Kristiyano ay katulad nito. Sila ay “mga Kristiyano sa pagtitipon sa *camp.*” Maaari silang sumigaw, sumayaw, at humiyaw kapag sila ay nasa pagtitipon at kapag mabuti ang kanilang pakiramdam. Ngunit kapag nakita mo sila sa labas ng paligid na iyon, o sa kahirapan, o napapaligiran ng mundo, nagtatago sila at hindi na mga nagniningning na liwanag para kay Cristo.

Ang Hebreo 4:12 ay isang napakahalagang talata. Ang Salita ng Diyos ay hindi lamang naghihiwalay ng kaluluwa sa Espiritu, kinikilala rin nito ang ating mga saloobin at motibo at inihahayag ang mga ito sa atin. Madalas ay hindi natin namamalayan ang totoo nating mga motibo. Kailangan nating dumaing: “O Diyos, ipakita mo sa akin ang aking mga motibo! Bakit ko ito ginagawa?” madalas ay kinakausap ako ng Diyos at sinasabi, “Bakit mo ginawa iyon?” Ang Kanyang katanungan ay ginawa ang katotohang ito na napakatunay sa akin—ang *motibo* para sa paggawa ng isang bagay ay kasing-halaga rin ng isang gawa. Ang kaisipan at layunin ng puso ay napakahalaga sa Diyos. Ang mga motibo at sinasabi ng ating puso ay nagpapakita kung sino talaga tayo sa kaibuturun ng ating pagkatao. Minsan, dapat tayong huminto at makinig sa ating iniisip.

**4:13** ***“At walang nilalang na nakukubli sa harapan niya, kundi ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa mga mata niya na ating pagsusulitan.”*** Ang mga mata ng Diyos ay nasa lahat

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ng dako. Walang ganap na nakatago mula sa Kanya. Sinabi ni Job, “Nalalaman ko na… wala kang akala na mapipigil” (Job 42:2).

Minsan nang ako ay nakatayo sa kanto ng kalye ng isang malaking siyudad nakakita ako ng isang makapangyarihang anghel. May malalaking bloke ng mga gusali, at sa isang maikling sandali ay pinahintulutan ako ng Diyos na makakita sa pamamagitan ng mga mata ng anghel na ito. Literal akong tumitingin sa bawat opisina at bawat silid ng mga gusaling iyon nang sabay-sabay at makita ang lahat ng nangyayari. Iyon ay sa pamamagitan lamang ng mga mata ng isang anghel. Naiisip mo ba, kung ganoon, kung ano ang nakikita ng Diyos! Ang lahat ay bukas sa mga mata ng Diyos. Maaari nating maitago ang isang bagay mula sa tao, ngunit ang lahat ay bukas sa paningin ng Diyos. Ang lahat ng bagay, mabuti man o masama, ay darating sa liwanag.

Natapos na natin ngayon ang ikalawang babala ni Pablo kung saan ay napakahalaga. Pinayuhan ni Pablo ang mga mambabasa ng Hebreo (at bawat isa sa atin) na huwag magkulang sa kapahingahan ng Diyos. Hinihimok niya tayong tapusin ang ating paglalakbay at huwag manatiling nakabalam sa ilang. Tayo ay dapat magpagal upang makapasok sa kapahingahang iyon. Kasama rito ang pakikipaglaban sa mabuting laban ng pananampalataya at pagtatagumpay sa ating negatibo, makakaluluwang mga emosyon at mga kaisipan. Nangangahulugan ito na hindi natin maaaring pahintulutan ang hardin ng ating mga puso na maging matigas at masukal sa pamamagitan ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

kapabayaan o kasalanan. Kasama rito ang pagpasa sa maraming mga pagsubok at pagharap sa ibang mga kaaway na itinuturo ng Diyos ng Kanyang matalas na tabak.

Magkaroon tayo ng isang banal na pagkatakot sa ating mga puso na magkulang sa mga layunin ng Diyos na nakasalig higit pa sa Pentecostal na karanasan sa Sinai. Huwag tayong masiyahan na magkampo sa paligid ng bautismo sa Banal na Espiritu sa Sinai, na nasa ilang. Sa halip, magpatuloy tayo sa kabila ng Ilog Jordan patungo sa lupang pangako, sa sukdulan upang makarating sa Bundok ng Sion—ang kaganapan ng kapahingahan at kaluwalhatian ng Diyos.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# *Bahagi 4*

## 4:14 - 5:10 – SI CRISTO—
## MAS DAKILA KAY AARON

Matapos ang napakahahabang ikalawang babala ni Pablo (3:7-4:13), siya ngayon ay nagbabalik sa kanyang tema ng kataasan ni Cristo. Paulit-ulit niyang itinatag na ang bagong tipan ay higit na mas dakila kaysa sa lumang tipan. Ang mga propeta sa ilalim ng lumang tipan ay nagdala ng Salita ng Diyos sa Israel, ngunit ang Anak *ay Salita ng Diyos* na kinatawan ng mga propeta. Ang Israel noon ay ginabayan ng mga anghel, ngunit ang Anak ay higit na mas mataas sa mga anghel sapagkat nilikha Niya sila. Ang tagapangasiwa ng lumang tipan ay si Moises, ngunit si Moises ay isang tagapaglingkod lamang sa bahay ng Diyos. Sa kaibahan, ang Anak ang nagmamay-ari ng bahay at Siya ang Arkitekto ng bahay. (Ang bahay ay ang sambahayan ng pananampalataya.)

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Gayundin, ang isa pang mahalagang aspeto ng lumang tipan ay ang pagkasaserdote na pinamunuan ni Aaron. Dinadala tayo nito sa Ikaapat na Bahagi (kabanata 4:14 - 5:10) kung saan ay magsasalita si Pablo tungkol sa isang higit na pagkasaserdote. Ang pagkasaserdote ni Cristo ay nakahihigit sa pagkasaserdote ni Aaron. Kaya nga, si Pablo ay nagsimula sa mga nakakaaliw na salita sa talata 14.

**4:14** ***"Yamang tayo'y mayroong isang marangal at Pinakapunong Pari na pumasok sa kalangitan, si Jesus na Anak ng Diyos, ay hawakan nating matatag ang ating ipinahahayag."*** Napakahalaga na humawak sa ating ipinahahayag, o sa ating pagtatapat ng pananampalataya. Paano tayo humahawak sa kapahayagan ng ating pananampalataya? Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagkunyapit sa May-akda at Tagapagtapos ng ating pananampalataya, ang ating dakilang Pinakapunong Saserdote na nabubuhay upang gumawa ng pamamagitan para sa atin. Sa Lumang Tipan ang mga anak ni Israel ay lubos na umaasa sa mga saserdote. Pumupunta sila sa mga saserdote para sa pagpapayo; pumupunta sila sa mga saserdote para sa kanilang pag-aalay. Ang mga saserdote ang mga tagapamagitan sa pagitan ng mga anak ni Israel at Diyos, subalit ang ating Tagapamagitan ay ang Panginoon Mismo, ang Taong si Cristo Jesus (1 Tim. 2:5).

**4:15** ***"Sapagkat tayo'y mayroong isang Pinakapunong Pari na marunong makiramay sa ating mga kahinaan, isa na tinukso sa lahat ng mga paraan gaya rin naman natin, gayunma'y walang kasalanan."*** Ito ay isang magandang pagsasalarawan ng ating maawain at tapat na Pinakapunong

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Saserdote na atin nang nabanggit sa kabanata 2:17-18. Isang kaaliwan na malaman na si Jesus ay may kamalayan at may pakiramdam sa ating mga kahinaan at mga tukso. Ito ay dahil tinukso Siya sa lahat ng paraan gaya natin, ngunit hindi siya nagkasala.

Marami sa buhay ng Panginoon at karamihan sa mga pagtukso sa Kanya ay hindi naitala sa apat na Ebanghelyo. Bago ang Kanyang tatlo-at-kalahating-taon ng ministeryo, natutunan ni Jesus ang pagsunod sa pamamagitan ng mga bagay na pinaghirapan Niya. Sa bawat punto ay tinukso Siya tulad natin. Maaari nating sabihin: “Dumadaan ako sa isang napakahirap na labanan at nararamdaman ko na naabot ko na ang aking limitasyon. Nahaharap ako sa isang malaking pagtukso. Walang akong alam na sinumang dumadaan sa isang pagsubok na tulad nito at maiintindihan ito! Napakasensitibo nito na hindi ko man lang mabanggit sa iba.” Ngunit mayroong isang tao na nakauunawa. Ang ating maawain at tapat na Pinakapunong Saserdote ay nakauunawa. Siya ay tinukso sa lahat ng paraan, hindi sa lahat ng bahagi ngunit sa lahat ng paraan. Lubos Niyang nauunawaan kung ano ang ating nararamdaman at iniisip.

**4:16** ***“Kaya’t lumapit tayong may katapangan sa trono ng biyaya, upang tayo’y tumanggap ng awa, at makatagpo ng biyaya na makakatulong sa panahon ng pangangailangan.”*** Nakikita mo ba kung saan nakaupo si Jesu-Cristo? Siya ay nakaupo sa trono ng biyaya. Bakit Siya nakaupo sa trono ng biyaya? Dahil Siya ay puno ng biyaya at katotohanan na Kanyang tinanggap mula sa Kanyang Ama sa panahon ng Kanyang pangangailangan. Ang kasaganahan ng biyaya ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

kinakailangan upang makapaghari sa trono kasama si Cristo (Rom. 5:17), at ang biyayang ito (na siyang banal na kakayanan) ay iniaalok kapag tayo ay nasa panahon ng matinding pangangailangan. Ang kamangha-manghang sangkap na ito na tinatawag na biyaya ay ibinuhos ng Ama sa Anak noong Siya ay tinukso. Samakatuwid, kapag tayo ay nasa kaguluhan tayo ay inaanyayahang lumapit sa trono ng biyaya ni Cristo upang makasumpong ng biyaya na makatutulong sa oras ng ating pangangailangan, sapagkat ang biyayang ito ay matatagpuan kay Jesus (2 Tim. 2:1). Ang isang masaganang kaguluhan sa katunayan ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na makatanggap ng isang kasaganaan ng biyaya, sa kondisyon na hindi natin patitigasin ang ating mga puso at putulin ang kaloob ng biyaya (Heb.12:15). Ang biyaya rin, ay ibinibigay lamang sa mga mapagpakumbaba sa espiritu.

Sa pamamagitan lamang ng biyaya (banal na kakayanan) na tayo ay maaaring magtagumpay. Sa pamamagitan lamang ng biyaya, hindi sa ating sariling pagsisikap, na tayo ay makapanaig sa isang nahulog na kalikasan. Ang lahat ng iba't ibang mga pilosopo ay sinubukan sa sarili nilang lakas na talunin ang masama, ngunit ang totoong pagbabago ay nagmumula lamang sa pamamagitan ng biyaya, at tanging biyaya lamang. Kung may naiintindihan ka na anumang bagay patungkol sa pilosopiya, alam mo na ito ay masama at puno ng doktrina ng mga demonyo. Karamihan sa mga pilosopong Griyego na labis na pinapupurihan ngayon ay mga homoseksuwal. Hindi sila kailanman nagkaroon ng tagumpay sa kanilang mga sarili, ngunit nagturo sila sa masa.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ang emperyo ng Griyego ay itinatag at nakaugat sa mga aral ni Homer. Kabisado ng dakilang si Alexander sa kanyang puso ang mga turo ni Homer. Ngunit ang dakilang si Alexander ay naging katulad rin ng kanyang guro—isang homoseksuwal at isang matakaw, at namatay siya sa pagpapakasama. Ang pilosopiya, sosyolohiya, sikolohiya, at lahat ng mga agham ng tao na pinagsama ay hindi kailanman makapag-aalis sa tao sa kanyang mga totoong suliranin. Si Jesu-Cristo lamang at ang Kanyang nakapagpapabagong-buhay na biyaya ang makakapagpalaya sa atin mula sa tukso at bisyo.

Marapat lamang na tayo ay taos-puso at buong pagpapakumbabang lumapit sa kanya at sabihing: "O Panginoon, mangyari nawang iligtas mo ako! O Diyos, ipakita mo sa akin ang awa." Maaaring sabihin mo, "Nagawa ko na iyan at hindi pa rin ako napalaya." Oo, ngunit kailangan nating *magpumilit!* Maaaring tanungin mo naman, "Bakit hindi tayo kaagad pinalalaya ng Diyos?" Paminsan-minsan ay inililigtas naman Niya tayo kaagad mula sa ilang mga bagay, ngunit sa ibang mga panahon ay hindi Niya iyon ginagawa. Sa Ezekiel 36:37 ay sinabi ng Diyos, "Ganito ang sabi ng Panginoong Diyos: Bukod pa dito'y hahayaan ko ang sambahayan ni Israel na humiling sa akin upang gawin ito sa kanila." Sinabi ito sa konteksto ng pagbibigay sa Israel ng isang bagong puso at pagsusulat ng Kanyang kautusan sa kanilang puso (tingnan sa Ezekiel 36:25-38). Sinasabi Niya, "Bukod pa dito'y hahayaan ko ang sambahayan ni Israel na humiling sa akin." Ang pagkaantala ng Diyos ay hindi kinakailangang pagtanggi. Ang pagkaantala ay gumagawa ng isang bagay sa ating mga puso. Kapag ang isang problema ay pinahintulutang manatili at kailangan nating makipaglaban sa isang bagay, bubuo ito ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pagkamuhi para sa bagay na iyon upang kapag palalayain na tayo ng Diyos hindi na tayo babalik dito. Nagbabala si Apostol Pedro tungkol sa "mga aso na nagbabalik sa kanyang sariling suka" (2 Ped. 2:22). Tumutukoy ito sa isang Kristiyano na bumabalik sa kasamaan kung saan siya ay minsang pinalaya. Nais ng Diyos na hubugin sa ating kalooban ang banal na pagkamuhi sa mga polusyon ng mundong ito upang hindi na tayo bumalik sa kanila.

Walang anumang bagay na hindi tayo maililigtas ng Diyos, kung maniniwala tayo sa Kanya. Nakakalungkot lang, ngunit may mga tagapaglingkod na ang mga pagkagapos ay nananatili pa rin, at ang mga suliranin nila ay nakikita ng marami. Bakit hindi sila napapalaya? Tumatayo sila upang mangaral, subalit alam natin na may mga pagkagapos sa kanilang mga buhay. Sila ay puno ng paninibugho at galit. Ang dahilan na sila ay hindi nagbago sa pagdaan ng panahon ay dahil hindi sila nakasumpong ng pabor mula sa Diyos, sa gayon ay hindi sila kailanman nakapasok sa Kanyang kapahingahan. Sa pagsasantabi nang lahat ng ito, mga minamahal, isaalang-alang natin ito: kung magiging buo ang ating puso para sa Diyos, kung magkakaroon ng isang ganap na pagtatalaga sa ating bahagi, tayo kung gayon ay makakapasok sa kapahingahan ng Diyos at magkakaroon ng isang kumpleto at kabuuang tagumpay.

**5:1-2** ***"Bawat pinakapunong pari na pinili mula sa mga tao ay pinangasiwa sa mga bagay na may kaugnayan sa Diyos, para sa kanilang kapakanan, upang siya'y makapaghandog ng mga kaloob at ng mga alay para sa mga kasalanan. Siya ay marunong makitungo na may kaamuan***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***sa mga mangmang at naliligaw, yamang siya man ay napapaligiran ng kahinaan.”*** Ang saserdote sa Lumang Tipan ay kailangang kumuha ng mga hayop, mga kaloob at mga handog at iharap ang mga ito sa Panginoon. Ang pinakapunong saserdote ang kinatawan ng Diyos, at siya ay isang tagapamagitan sa mga tao at Diyos. Kaya nga, ang kanyang pag-uugali ay dapat maging malumanay at mahahabagin. Ang mahahabagin ay isang bagay na dapat matutunan ng isang saserdote. Sinasabi ni Pablo na dapat siya ay isang tao “na mayroong habag sa mga mangmang, at sa kanila na mga naliligaw; sapagkat siya sa kanyang sarili ay napapaligiran ng kahinaan.” Ang pagkasaserdote ay binubuo ng mga kalalakihang likas na tao. Si Elias rin, ay isang tao “na may likas na gaya rin ng sa atin” (San. 5:17).

Paano dumadating ang isang saserdote (o tagapaglingkod) sa lugar kung saan maaari siyang magkaroon ng kahabagan sa isang mangmang? Paano nagagawa ng isang lingkod ng Diyos na magpakita ng awa sa mga nagkakamali at lumalayo ng landas? Ang mga katangian ng habag at awa ay mabubuo lamang kapag ang mga lingkod ng Diyos ay pinadaan Niya sa pamamagitan ng matinding apoy ng pagsubok. Ito’y sa pugon ng pagdurusa na ang mga manhid na puso ay pinalalambot at ang mga makikitid ang pag-iisip at pinalalawak. Ganito kung paano tayo matututo kung paano maging banayad at mahinahon sa iba.

**5:3 *“Dahil dito, kailangang siya’y maghandog para sa kanyang sariling mga kasalanan, at gayundin para sa taong-bayan.”*** Sapagkat ang saserdote ng Lumang Tipan sa kanyang sarili ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

napapalooban ng mga kahinaan, siya rin ay kailangang mag-alay ng mga sakripisyo para sa sarili niyang mga kasalanan. May mga personal siyang laban at mga pakikipagbaka sa kanyang sarili.

**5:4** ***“At sinuman ay hindi kumukuha ng karangalang ito para sa kanyang sarili, kundi siya ay tinatawag ng Diyos, na gaya ni Aaron.”*** Ang pagkasaserdote (o paglilingkod) ay hindi pareho sa katungkulan ng isang matanda o isang diyakono. Ang tungkulin ng isang matanda o diyakono ay maaaring *hangarin* (1 Tim. 3:1), at kapag ang isang tao ay kwalipikado siya ay maaaring italaga sa posisyon na iyon.  Gayunpaman, ang limahang paglilingkod ay naiiba. Ito ay hindi isang bagay na maaari nating hangarin o kunin sa pamamagitan ng pananampalataya. Halimbawa, hindi natin masasabi na, “gusto kong maging isang pastor o gusto kong maging isang propeta.” Hindi, ang limahang paglilingkod na mga kaloob (Efe. 4:11) ay ang pinakamataas na pagpipilian ng Diyos. Maaaring ilagay Niya ang pagkatawag na iyon sa isang tao o hindi, ngunit walang sinuman ang makakakuha ng karangalang ito sa kanyang sarili. Kailangang tayo ay tawagin ng Diyos, tulad ni Aaron.

Ang talatang ito ay naging totoo sa amin sa Switzerland. Narinig namin ang tungkol sa isang Aleman na gumagawa ng maraming mga himala, at tila nagkakaroon ng malaking tagumpay dahil sa mga palatandaan na sumusunod sa ministeryo. Ganun pa man, alam namin na ang kanyang personal na buhay ay hindi kapantay sa gayong ministeryo. Pagkatapos ay nakatanggap kami ng sulat mula sa taong ito na nagsasabing, “nararamdaman kong nangusap sa akin ang Diyos na isali ko ang aking

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

sarili sa inyo.” Ang isa pang pastor at ako, bilang kasama sa mga direktor ng gawain sa Switzerland, ay walang pamatnugot ng Espiritu na ang taong ito ay dapat makisali sa amin.

Ngunit, isang araw ang ebanghelistang ito ay dumating upang dalawin kami. Habang siya ay nakaupo sa harap namin sa isang silya, ay sinimulan niyang sabihin sa amin (at siya ay nagsasalita sa Aleman) ang lahat ng mga kadahilan na nais niyang sumali sa amin. Habang siya ay nagsasalita, binuksan ng Diyos ang aking mga mata at nakita ko sa likuran niya ang isang prinsipe ng demonyo. Alam ko na ito ay prinsipe ng demonyo dahil ang demonyo ay may korona sa kanyang ulo. At nagsalita ang Diyos sa pamamagitan ng aking mga labi sa wikang Aleman at sinipi ko ang talatang ito: “at sinuman ay hindi kumukuha ng karangalang ito sa kanyang sarili, kundi siya ay tinawag ng Diyos.”

Ang taong ito ay naghahangad ng isang ministeryo na hindi ibinibigay sa kanya ng Diyos. Ang resulta ay binuksan niya ang kanyang sarili sa ibang espiritu na ito upang siya ay makagawa ng mga himala sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Satanas. Ang Banal na Espiritu sa akin ay sinipi ang talatang ito sa Aleman at ang demonyo ay agad na tumugon sa Banal na Espiritu sa pamamagitan ng mga labi ng ebanghelista. Sinabi ng demonyo, “Totoo ang sinabi ng Banal na Espiritu.” Pagkatapos ay sinubukan ng ebanghelista na salungatin ang kasasabi pa lamang ng prinsipe ng demonyo. Nakamamanghang mapagtanto na ang mga demonyo ay kailangang tumugon sa banal na Espiritu. Ngunit gusto kong ulitin ang punto na sinisikap kong gawin dito. Mangyari nawang huwag hawakan ang ministeryo (ang limahang ministeryo o tiyak na mga kaloob ng Espiritu) malibang ikaw ay makapangyarihang tinawag

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ng Diyos. Ang Banal na Espiritu ay namamahagi ng mga kaloob ng Espiritu ayon sa Kanyang sariling kalooban, hindi sa atin (tingnan sa Heb. 2:4, 1 Cor.12:11).

Naalala mo ba ang tagpo ni Kora at kanyang mga kapanalig? Ginusto nila ang isang ministeryo na hindi ibinigay sa kanila ng Diyos. Sinabi nila kina Moises at Aaron: "Kapareho ninyo kami, Pantay-pantay tayong lahat. Sino kayo sa tingin ninyo, bakit nga ninyo itinataas ang inyong sarili sa kapulungan ng Panginoon?" (cf. Bil.16:1-3). Ngunit si Moises at Aaron ay hindi *lamang* basta katulad nila. Si Moises at Aaron ay pinahiran ng Diyos. Bagama't si Kora ay isang Levita at may ilang tungkulin sa bahay ng Diyos, ang pagkasaserdote ay natatanging ibinigay lamang kay Aaron at sa kanyang mga anak na lalaki. Nang sinubukan ng grupo ni Kora na agawin ang pagkasaserdote, lubos na nagalit ang Diyos, at kinalaunan ay winasak Niya sila (Bil.16:9-10, 32).

Si Haring Uzias ay hinatulan rin ng Diyos dahil sa kanyang pagpasok sa pagkasaserdote (2 Cron. 26:16-23). Maaaring isipin natin na iilang hakbang lamang ang pagitan ng unahang upuan at saka ng pulpito, ngunit may mas higit pa sa ilang mga hakbang; may isang malaking agwat na walang sinumang tao ang maaaring makatawid. Kailangang magkaroon tayo ng kapahayagan mula sa Diyos na tayo ay tinawag sa pagkasaserdote (ang limahang ministeryo). Kung hindi man, huwag nating tangkain na galawin ang pagkasaserdote. Ang bawat isa sa atin, gayunpaman, ay kasapi ng katawan ni Cristo at bawat isa sa atin ay may isang natatanging tungkulin; ngunit ang pagkasaserdote ay nasa ibang kategorya.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**5:5-6** ***"Gayon din si Cristo man ay hindi nagpamuri sa kaniyang sarili upang maging dakilang saserdote, kundi yaong sa kaniya ay nagsabi, Ikaw ay aking Anak. Ikaw ay aking naging anak ngayon: Gaya rin naman ng sinasabi niya sa ibang dako, Ikaw ay saserdote magpakailanman ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec."*** Kahit na si Cristo ay hindi sinubukan na luwalhatiin ang Kanyang sarili o itaas ang Kanyang sarili sa isang bantog na posisyon ng pinakapunong saserdote. Ang katungkulang iyon ay ibinigay sa Kanya ng Kanyang Ama na sinabi sa Kanya, "Ikaw ay aking Anak, ako ngayon ay naging Ama mo." Sinabi rin sa Kanya ng Ama sa ibang dako, "Ikaw ay saserdote magpakailanman, ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec" (Aw.110:4). Magsasalita pa tayo tungkol sa pagkasaserdote ni Melquisedec pagdating sa kabanatang pito.

*"Ikaw ay aking Anak. Ikaw ay aking naging Anak ngayon."* Ang maliit na pariralang ito ay napakamahalaga. Sa Lumang Tipan, ang isang lalaki ay nagiging isang saserdote ayon sa likas na karapatan ng kapanganakan. Kailangan niyang balikan ang kanyang talaangkanan kay Aaron. Ang pagkasaserdote ay nakukuha sa pamamagitan ng pagiging nasa lahi ni Aaron. Ngunit si Jesu-Cristo ay wala sa tribo ni Levi, ni sa lahi man ni Aaron. Ang lahi ni Cristo ay nagmula mismo sa Kanyang Makalangit na Ama. Si Jesu-Cristo ay ginawang isang pinakapunong saserdote sa pamamagitan ng Isa na nagpahayag sa Kanya, "Ikaw ay aking Anak, Ikaw ay aking naging anak ngayon." Dito rin natin tinatanggap ang ating pagkatawag sa pagkasaserdote. Hindi tayo naging isang saserdote o nagkaroon ng isang ministeryo dahil sa natural na talaangkanan o dahil sa ang ating tatay at lolo ay nasa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

ministeryo. Natatanggap natin ang makapangyarihang pagkatawag ng Diyos sa ating bagong pagsilang.

**5:7-9** ***“Sa mga araw ng kanyang buhay dito sa mundo, si Jesus ay naghandog ng mga panalangin at mga pakiusap na may malakas na pagtangis at pagluha sa may kapangyarihang magligtas sa kanya mula sa kamatayan, at siya’y pinakinggan dahil sa kanyang magalang na pagpapasakop. Bagama’t siya’y isang Anak, siya’y natuto ng pagsunod sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang tiniis, at nang maging sakdal, siya ang naging pinagmulan ng walang hanggang kaligtasan ng lahat ng mga sumusunod sa kanya.”*** Sa mga talata 7-9, binabago ni Pablo ang paksa mula sa pagkasaserdote ni Cristo patungo sa mga taon ng paglaki ng Panginoon sa pagitan ng mga labing dalawa hanggang dalawampu’t walong taon. Sa talata 10, ipinagpatuloy niya ang kanyang orihinal na tema sa pagkasaserdote. Ito ang dahilan kung bakit minsan ay mahirap sundan si Pablo. Nagsisimula siya sa isang tema, magsisimula ng isa pa, at pagkatapos ay babalik sa kanyang orihinal na tema.

Ang mga talatang 7-9 ay hindi tumutukoy sa paghihirap ng Panginoon sa krus. Tumutukoy ang mga ito sa panahon kung kailan inihahanda ang Anak sa Kanyang darating na ministeryo. Maraming mga nakatagong pagsubok at mga paghihirap sa Kanyang buhay na binibigyan ng Kasulatan ng maliit na liwanag. May mga munti lamang tayong pagsulyap sa ilan sa mga pagsubok na Kanyang pinagdaan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang *“Malakas na pagtangis at pagluha sa may kapangyarihang magligtas sa kanya [mula sa] kamatayan”* ay hindi isang pagsusumamo o isang hangarin na mailigtas mula sa kamatayan ng krus. Sinabi ni Jesus, “Ngunit dahil dito ay dumating ako sa oras na ito” (Jn.12:27b). Ang malalakas na pagtangis na ito at pagluha ay bago pa magsimula ang Kanyang ministeryo. Ito’y sa mga panahon ng Kanyang paghahanda. Mayroong isang karanasan kung saan binanggit ng Salita ng Diyos “ang kilabot ng matinding kadiliman.” Naranasan ito ni Abraham! (Gen.15:12-21). Kapag ang Diyos ay gagawa ng isang pambihirang bagay sa ating buhay, ito ay mauunahan nitong kilabot ng matinding kadiliman. Ang layunin nitong ulap ng kadiliman na bumabalot sa atin ay upang dalhin tayo sa pagkatanto kung gaano tayo ka-lubos na walang magagawa. Sa gayon, kapag dumating ang ating himala ay lubusan nating malalaman na tanging ang Diyos lamang ang maaaring makagagawa nito.

*“Bagama’t siya’y isang Anak, siya’y natuto ng pagsunod sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang tiniis.”* Ito ay tumutukoy sa mga taon ng paglaki ng Panginoon. Sa edad na labindalawa, napamangha ni Cristo ang mga teologo sa templo. Ngunit magmula nang panahong iyon hanggang sa edad na tatlumpung taon nang sinimulan Niya ang Kanyang ministeryo, Siya ay nakatago. Sinabi sa atin sa Isaias 49:2 na si Cristo ay nakatago sa ilalim ng anino ng kamay ng Ama. Kaunti lamang ang alam natin tungkol kay Cristo mula sa edad na labindalawa hanggang sa edad na tatlumpu nang Siya ay ipinakilala sa Israel bilang isang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Ano ang nangyari sa mga taong iyon? Naiintindihan natin mula sa Isaias 49:2 na Siya ay kininis gaya ng baras ng isang pana at inilagay sa talangà ng Diyos. Ang katotohanan na Siya ay inilagay sa talangà ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

nangangahulugan na Siya ay nakahanda at nakatalaga na bago pa man magsimula ng Kanyang ministeryo.

Si Jose ay dumating sa trono sa edad na tatlumpu, bagama't marahil ay nakahanda na siya ng dalawang taon na mas maaga. Dalawang taon bago ang pagtaas sa kanya mula sa piitan hanggang sa trono ng Ehipto, ay nagbibigay kahulugan siya sa mga panaginip. Ngunit niloob ng Diyos na maghintay pa siya ng susunod na dalawang taon sa isang madilim, nakakubling piitan. Pagkatapos siya ay tinawag upang bigyang kahulugan ang panaginip ng Faraon, at itinaas sa posisyon ng punong ministro sa Ehipto. Si Jose ay isang simbolo ni Cristo. Marahil sa edad na dalawampu't walo ang Anak ng Diyos ay nakahanda na para sa ministeryo, ngunit ang nakatakdang panahon ng Diyos ay hindi pa dumarating, at sa loob ng dalawa pang taon ay nanatili Siya sa talangà ng Diyos.

Mula sa edad na labindalawa hanggang tatlumpu (kilala bilang "ang tahimik na mga taon"), nararanasan ni Jesus ang pagdidisiplina ng Ama sa bahagi ng Kanyang laman, sa bahagi ng Kanyang kaluluwa, at sa bahagi ng Kanyang espiritu. Sinabi ni Apostol Pablo na ang mga panahong ito ay napuno ng "malalakas na pagtangis at pagluha." O, kung paanong ang Anak ay mapait na nanangis sa tahimik na mga taong iyon nang Siya ay nakatago sa ilalim ng anino ng kamay ng Kanyang Ama. Bilang isang tao, natutunan ni Cristo ang lubos na pagtitiwala sa Kanyang Ama sa Langit (Jn. 5:30). At mga minamahal, tayo rin ay dinadala sa dakong iyon upang ating mapagtanto ang ating lubos na pagkasalig sa Diyos.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Noong bata pa lang akong Kristiyano palagi akong dumadalo sa simbahan. Hanggang sa binigyan ako ng Diyos ng isang panaginip, akala ko kahit sino ay maaaring pumunta sa simbahan anong oras man nila gustuhin. Sa panaginip ay nakita ko ang pasukan sa isang simbahan at sinabi ng Diyos: "Ito ang aking pintuan, ito'y sa pamamagitan lamang ng Aking biyaya na ang sinuman ay makakatawid sa pintuang ito." Bagama't ang pintuan ay sa isang panlupang gusali ng simbahan, ito ay inihandog sa Diyos at samakatuwid ay banal. Ipinaunawa sa akin ng Diyos na tanging ang mga binigyan lamang ng biyaya ang makakapasok sa isang iglesiya. Sasabihin ko ito saiyo, nanginig ako pagkatapos ng panaginip na iyon. Sinabi ko, "O Diyos, mangyaring gawin mo akong maging mapagpasalamat para sa Iyong biyaya at hayaan mo na palagi kong maunawaan na kailangan kong umasa sa Iyo para sa lahat ng bagay."

Ipinapaalala sa atin ni Apostol Pedro na tayo ay "iniingatan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos" o sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Isang araw nang ang isang tagapaglingkod ay nasa isang hagdanan, pinuputol ang kanyang mga puno ng mansanas, sinabi niya sa Diyos, "Hindi ko bibitawan ang Iyong kamay." May mga pagkakataon na ang Diyos ay agad na tumutugon, at sa pagkakataong ito ay agad na tumugon ang Diyos at sinabi, "Hindi mo hinahawakan ang Aking mga kamay, hinahawakan ko ang iyong kamay." May isang malaking pagkakaiba. Kapag ikaw ay tumatawid sa isang abalang lansangan na may kasamang bata, sino ang humahawak kanino? Tiyak na ang ama ang humahawak sa bata, at hinahawakan niya ito ng mahigpit. Hindi niya hinahayaan lang sa bata na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

humawak sa kanyang kamay. Tayo ay iniingatan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, ngunit dapat ay patuloy tayong tumingin sa Kanya. Hindi ko nais ang karanasan ni Hezekias nang *iniwan* siya ng Diyos upang subukin siya, upang makita kung ano ang nasa puso niya (2 Cron. 32:31b). Nais ko ang mapag-ingat na kapangyarihan ng Diyos sa aking buhay sa bawat sandali. Hilingin natin, "O Ama, huwag mo po akong iwanan mag-isa."

*"At nang maging sakdal, siya ang naging pinagmulan ng walang hanggang kaligtasan ng lahat ng mga sumusunod sa kanya."* Isaalang-alang natin sa ilang sandali ang kaisipan ng "pagiging isang sakdal." Mahalagang maunawaan kung ano ang tunay na kahulugan ng "sakdal", sapagkat sa isang pakahulugan si Cristo ay palaging sakdal. Ang kasakdalan ay mapag-ugnay! Ito ay may kaugnayan sa oras at paglago. Kapag ang isang bata ay ipinanganak, siya ay itinuturing na isang perpektong sanggol. Kahit na ang isang bata ay hindi pa sapat sa gulang. Siya ay ibinibilang pa rin na sakdal para sa yugto ng kanyang pagbabago. Ipagpalagay na pinananatili niya ang isang maayos na kalagayan ng paglago, siya ay pinahahalagahan na "sakdal" sa bawat yugto ng kanyang pagkahubog. Siya ay maaaring maging perpektong sanggol, isang perpektong bata, isang perpektong kabataan, at isang perpektong maygulang. Ang kasakdalan sa kanyang buong pakahulugan ay *pagkamaygulang*. Ang kasakdalan ay nagmula sa Griyegong salita na "*teleios*" na nangangahulugang "upang gawing ganap na karapat-dapat para sa tungkulin na pinapagdalhan sa atin sa mundo upang gawin."

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Si Cristo ay ginawang sakdal (*teleios*) sa pamamagitan ng mga paghihirap, at Siya ay naging "may-akda ng walang hanggang kaligtasan." Napakaraming pagdurusa ang gumawa sa ating Panginoon na maging sakdal at karapat-dapat para sa tungkulin na pinagdalhan sa Kanya sa mundo upang gawin. Nang pumunta Siya sa Ilog Jordan siya ay ganap nang sakdal at naangkop para sa isang tungkulin. Siya ay ginawang sakdal sa bawat bahagi ng Kanyang buhay —katawan, kaluluwa, at espiritu. Sa bawat bahagi Siya ay nakarating sa ganap na pagkagulang.

**5:10-11** ***"Yamang itinalaga ng Diyos bilang pinakapunong pari ayon sa pagkapari ni Melquizedek."*** Sa talata 10 si Pablo ay bumalik sa kanyang tema kay Melquizedek. At pagkatapos sa talata 11 ibinubuhos niya ang kanyang puso sa mga mambabasa ng Hebreo. Sinabi niya na marami siyang malalalim na katotohanan na nais ibahagi sa kanila patungkol kay Melquizedek, ngunit mahirap para sa kanya na gawin ito sapagkat mahina ang pandinig ng mga ito. Hindi na pinaligoy-ligoy pa ni Pablo ang alinman sa kanyang mga sinabi.

Sa mga talata 12-14, pinapayuhan niya sila sa pagsasabing dapat ay mga may kakayahan na silang magturo pagkalipas ng maraming taon, ngunit malabo pa rin para sa kanila ang pang-elementaryang mga doktrina. Sinabi niya sa kanila na kailangan pa rin nilang maalagaan sa gatas sa halip na karne. Ang gatas, sa totoo lang, ay para sa espirituwal na mga sanggol, ang matigas na karne ay para sa mga may sapat na gulang. Sa gayon sinimulan ni Pablo ang kanyang ikatlong babala, gumawa tayo ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ilang kapansin-pansin na pagkakaiba sa pagitan ng pagkasaserdote ni Aaron at pagkasaserdote ni Cristo, na kinopya ayon sa kautusan ni Melquizedek

***Pagkakaiba sa Pagitan ng Luma at Bagong Tipan na pagkasaserdote***

1. *"Ang pagkasaserdote ni Aaron ay dumating sa pamamagitan ng kanyang karapatan sa kapanganakan."* Ang isang tao ay maaari lamang maging isang saserdote kung ang kanyang talaangkanan ay bumabalik kay Aaron. Ang pagkasaserdote ni Cristo ay nagmula sa Ama sa Langit, hindi mula sa isang pisikal na talaangkanan. Ang ating pagkatawag bilang saserdote ay ibinigay sa atin ng Ama sa ating pagkasilang, ang bawat mga tagapaglingkod at tinawag upang maglingkod sa Panginoon at sumama sa Kanya sa loob ng tabing. Hindi ganito ito sa pagkasaserdote ni Aaron.

2. *Ang ministeryo ni Aaron ay tumigil sa kamatayan.* Kapag ang mga tao ay namamatay sa panahon ng Lumang Tipan, ang kanilang Espiritu ay bumababa sa mababang bahagi ng mundo sa isang pahingahang dako. Nang si Cristo ay bumangon mula sa mga patay, "pinangunahan Niya ang pagkabihag" at binuksan ang daan upang makapunta sa langit ang mga pumanaw na espiritu. Ngayon, kapag ang isang mananampalataya ay namatay siya ay agad na pupunta sa langit sa presensiya ng Panginoon. Samakatuwid, ay ipinagpapatuloy ng isang saserdote sa Bagong Tipan ang kanyang ministeryo sa langit pagkatapos na siya ay mamatay. Tayo ay mga saserdote magpakailanman, ayon sa utos ni Melquizedek. Ngayon si Cristo ay nabubuhay upang mamagitan para sa atin.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

3. *Ang mga saserdote ni Aaron ay hindi maaaring maging mga hari.* Ang mga saserdote ay nagmula sa tribo ni Levi at ang mga hari ay nagmula sa tribo ni Juda. Ang linya ay hindi maaaring tawirin. Ang Bagong Tipan na pagkasaserdote ni Melquizedek ay ginawang posible na parehong maging isang saserdote at isang hari. Si Melquizedek ay parehong isang saserdote at isang hari (Gen.14:18). Si Cristo Mismo ay hindi lamang isang saserdote na nagbukas ng tabing, Siya rin ay Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.

Ginawang napakalinaw ng Pahayag 5:9-10 na binubuo ng Diyos ang Kanyang bayan sa mga hari at saserdote upang maghari sa mundo. Ang saserdote ay nagdurusa ng labis upang dalhin ang iba sa kasakdalan, ngunit ang hari ang namamahala ng may kapangyarihan sa mga bansa at kaharian. Ganyan ang mataas na pagkatawag ng isang saserdote ng Bagong Tipan—upang pagsamahin ang dalawang pagkatawag ng hari at saserdote. Ang pagkasaserdote ni Aaron ay tiyak na mas mababa sa lahat ng paraan.

### *Ang Ikatlong Babala - 5:11 - 6:20*

### ***<u>Mag-ingat sa Katamaran at Pagtalikod</u>***

**5:11b *"Palibhasa'y naging mapurol kayo sa pakikinig."*** Si Apostol Pablo ay nagbibigay ngayon ng ikatlong babala sa kanyang mga kaibigang Hebreo. Ito ang ikatlo sa limang mga babala. Nagsimula si

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Pablo sa kabanata 5:11b, kung saan sinabi niya sa kanila ng deretsahan na sila ay "mapurol sa pakikinig." Sa buong Salita ng Diyos, lalo na sa mga aral ng Panginoong Jesu-Cristo at gayundin sa aklat ng Pahayag, naroon ang pagbibigay-diin sa *pakikinig*. Hindi ito nangangahulugan ng pakikinig sa ating natural na mga tainga; sa halip, ito ay pakikinig sa ating puso. Mayroon din itong kahulugan na kapag nakinig tayo, dapat nating sundin kung ano ang sinabi. Sinabi ni Pablo sa mga mambabasa ng Hebreo na mapurol ang kanilang pakikinig. Ang pakikinig ay derektang naapektuhan ng kalagayan ng puso, at sa kasong ito, maraming mga puso ang lumago na matigas. Samakatuwid, ang kanilang mga puso ay hindi sensitibo upang maunawaan at maintindihan kung ano ang sinasabi ng Diyos sa kanila. Gayundin naman, nahirapan si Pablo na buksan ang mga malalalim na katotohanan sa kanila.

Ang isang bagay na dapat nating idaing sa Diyos ay isang pusong nakikinig. Maraming mga bagay ang nakukuha sa atin at hindi nakatatak sa ating mga puso sapagkat tayo ay espirituwal na mga mapurol ang pakikinig. Isang araw ang isang lalaki ay nanalangin: "Panginoon, maaari po bang magsalita Kayo ng medyo malakas ng kaunti; hindi ko Kayo masyadong marinig." Sumagot ang Diyos, "Sumisigaw na Ako." Hindi ito isang pagmamalabis! Ang ating puso at espirituwal na mga tainga ay kailangang maituon sa Banal na Espiritu o makakaligtaan natin ang marami sa mga sinusubukang sabihin ng Diyos sa atin. Ang tao ay nabubuhay sa "pamamagitan ng bawat salita na namumutawi (pangkasalukuyan) mula sa bibig ng Diyos" (Mt. 4:4).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Binuksan ng Ama ang espirituwal na mga pakinig ng Anak ng Diyos upang Siya ay “makinig na gaya ng mga naturuan” (Isa. 50:4; cf. Aw. 40:6). Napakahalaga nito! Ayaw nating mahulog sa parehong patibong na gaya ng ginawa ng mga Hebreo. Sila ay nakarinig ng napakaraming mahuhusay na mga pangaral at nalantad sa pinakamagagandang aral noong araw, ngunit ang kanilang mga buhay ay hindi nabago sapagkat ang mensahe ay hindi tumagos sa kanilang espiritu.

**5:12-13** ***“Sapagkat bagaman sa panahong ito’y dapat na kayo’y mga guro na, kailangang muling may magturo sa inyo ng mga unang simulain ng aral ng Diyos. Kayo’y nangangailangan ng gatas, at hindi pagkaing matigas. Sapagkat bawat tumatanggap ng gatas ay walang alam sa salita ng katuwiran palibhasa’y isa siyang sanggol.”*** Ang Iglesiya ay palaging may dalawang pangunahing aspeto. Ito ay isang sentro ng pagsamba, at sentro ng pagtuturo. Kapag inaral natin ang kasaysayan ng Iglesiya, makikita natin na ang Iglesiya ay nagtayo ng mga paaralan. Ang Iglesiya ay palaging nasa pagsisikap na maturuan ang mga tao na magbasa at magsulat sapagkat tayo ay nakasalig sa mga tagubilin mula sa Bibliya upang dalhin tayo sa langit at upang maunawaan natin ang mga kaparaanan ng Diyos. Kaya nga, ang Iglesiya ay isang paaralan para sa pagkatuto.

Ang bawat isa sa atin ay dapat maging isang may kakayahang tagapagturo. (hindi ko tinutukoy dito ang limahang ministeryong kaloob ng pagtuturo na nabanggit sa Efeso 4:11). Ito man ay maging isang tagapagturo sa panlinggong pag-aaral, sa ating sariling mga pamilya, o isang grupo ng mga kaibigan o samahan, dapat tayong lahat ay may kakayahang makapagturo. Dapat nating maibigay sa mga

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

kabataan ang mga katotohanan na pinakapinaniniwalaan sa atin (Lk.1:1), at magawang makapagbigay ng isang kapahayagan ng pag-asa na nasa ating kalooban.

Sinabi ni Apostol Pablo sa mga Hebreo na hindi nila kayang magturo sa iba sapagkat hindi pa malinaw sa kanila ang pangunahing mga doktrina ng pananampalataya. Nasiyahan na sila sa gatas. Ang gatas ay kumakatawan sa pang-elementaryang mga alituntunin sa Salita ng Diyos, at marami ngayon ang nasisiyahan nang manatili sa antas ng mga pangunahing kaalaman. Ang "matigas na karne" ay nangungusap ng mga malalalim na katotohanan ng Salita ng Diyos. Mabubulunan ng matigas na karne ang isang sanggol, ngunit ang gatas ay hindi sapat para makahubog ng isang maygulang. Kaya, sinabi ni Pablo sa kanyang mga kasamang Hebreo na "bawat tumatanggap ng gatas ay walang alam sa salita ng katuwiran palibhasa'y isa siyang sanggol." Sa totoo lang, napakalungkot na pagkilala ito sa grupo ng mga mananampalataya. Sa lahat ng liwanag na ipinakita sa kanila sa loob ng maraming taon, hindi nila tinanggap ang liwanag sa kanilang mga puso, at hindi sila lumago (cf. 1 Cor. 3:1-2).

**5:14** ***"Ngunit ang pagkaing matigas ay para sa mga nasa hustong gulang, na dahil sa pagsasagawa ay nasanay ang kanilang mga pandama na makilala ang pagkakaiba ng mabuti at masama."*** Kapag binabanggit ni Pablo ang matigas na karne dito, tinutukoy niya ang paksa ni Melquizedek. Marami siyang mga bagay na gustong sabihin patungkol kay Melquizedek, ngunit ang mga mananampalatayang Hebreo ay masyadong kulang sa gulang upang marinig ang mga ito.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Pagkatapos ay binanggit ni Apostol Pablo ang mga pangangailangan ng pagsasanay ng ating espirituwal na mga pandama upang makilala ang pagkakaiba sa pagitan ng mabuti at masama. Ang pagkilala sa mabuti at masama ay isang paksa na dapat nating pag-isipan nang madalas. Ang ating mga pandama, ating budhi, ating isip, at ating espiritu ay kailangang maging sensitibo upang makilala ang pagitan ng mabuti at masama. Isa sa mga bagay na binibigyang-diin ng Panginoon, at dumadaloy ito sa buong Salita ng Diyos, ay ang katotohanan na ang Kanyang bayan ay nangangailangan ng pagkilala. Kadalasan, ay binabalaan tayo ni Cristo tungkol sa panlilinlang. Sinabi Niya hinggil sa mga huling araw, "Mag-ingat kayo na huwag kayong mailigaw ng sinuman" (Mt. 24:4).

Lalong binibigyang-diin ni Pablo ang kahalagahan ng pagkilala sa ating panahon sapagkat ang taong makasalanan ay darating. (2 Tes. 2:3-12). Ang mga huling araw ay mailalarawan sa pamamagitan ng matinding pagkalinlang at maling akala na susubok sa Iglesiya. Ipinapakita sa atin ng Malakias 3:16-18 kung paano natin magawang makilala kung ano ang sa Diyos at kung ano ang mali.

### ***Isang Susi sa Pagkilala***

*"At minsan pa ay makikilala ninyo ang pagkakaiba ng taong matuwid at ng masama, ng taong naglilingkod sa Diyos at ng hindi naglilingkod sa kanya"* (Mal. 3:18). Sa Malakias 3:16-18 ay makikita natin ang isang grupo ng mga debotong mananampalataya na ang mga pag-iisip ay patuloy na nakaikot sa Panginoon at sa Kanyang mga daan. Para sa kanila ito ay isang paraan ng pamumuhay.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Binibigyang-pansin ng Diyos ang mga banal na madalas nagbubulay-bulay sa Kanya. Ito ay nagdadala ng Kanyang presensiya! Ang talata 18 ay ang resulta ng isang isip at puso na madalas magbulay sa Kanyang pangalan. “At minsan pa ay makikilala ninyo ang pagkakaiba ng taong matuwid at ng masama, ng taong naglilingkod sa Diyos at ng hindi naglilingkod sa kanya.”

Narito ang susi—ang Diyos ay nagbibigay ng pagkilala sa mga buo ang puso para sa Kanya. Magagawa nating makilala kung sino ang totoo at kung sino ang hindi totoo habang kumakain tayo ng karne ng Salita ng Diyos at sa Kanya. Ang pagkain ng *matigas na karne* ay mahalaga upang makaligtas sa mga huling araw. Ang gatas ay para sa mga sanggol, ngunit ang mga bata ay walang kakayahang makilala ang totoo mula sa mali. Sa mga panahong ito kung saan ang panlilinlang ay lubusang darami, kailangan nating magkaroon ng matigas na karne na magdudulot ng pagkilala. Ang matigas na karne ay hindi ipinagkakaloob sa mga nasiyahan at kuntento na sa pangunahing aral ng ebanghelyo. Ang karne ay ibinibigay lamang sa mga buong puso at nagugutom para sa Panginoon (cf. Pah. 3:15-19).

**6:1** ***“Kaya’t iwan na natin ang mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo’y magpatuloy sa kasakdalan, na huwag nating muling ilagay ang saligan ng pagsisisi mula sa mga patay na gawa at pananampalataya sa Diyos.”*** Nang sinabi ni Apostol Pablo na “iwan ang mga unang simulain ng aral ni Cristo,” hindi niya ibig sabihin na alisin ang mga ito. Mula sa konteksto, makikita natin na ang tinutukoy niya ay ang pundasyon ng isang gusali. Kapag nagtayo ka ng isang gusali,

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ilalatag mo muna ang pundasyon; pagkatapos ay magpatuloy ka mula roon. Ang isang tagapagtayo ay hindi palaging naglalatag ng pundasyon. Iniiwan niya ang pundasyon. Hindi niya ito tinatanggal, nagtatayo siya mula rito. Gayunpaman, isaalang-alang natin sandali ang mga pundasyon ng espirituwal na bahay.

### *Mga Pundasyon ng Kristiyanismo*

**6:1b-2** ***"Huwag nating muling ilagay ang saligan ng pagsisisi mula sa mga patay na gawa at pananampalataya sa Diyos, ng aral tungkol sa mga bautismo, pagpapatong ng mga kamay, muling pagkabuhay ng mga patay, at ng walang hanggang paghuhukom."*** Dito ay ang mga saligan ng katotohanan kung saan itinayo ang Iglesiya. Ito ang mga unang prisipyo o pangunahing saligan ng Kristiyanismo. Ang ating buhay ay dapat nakabatay sa mga katotohanang ito, ngunit pagkatapos ay dapat magpatuloy tayo sa kabila ng mga pangunahing pundasyon na ito tungo sa mas malalalim na katotohanan. Narito muli ang mga

- Pagsisisi mula sa mga patay na gawa
- Pananampalataya sa Diyos
- Bautismo sa tubig
- Bautismo sa Banal na Espiritu
- Pagpapatong ng mga kamay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

- Muling pagkabuhay ng mga patay
- Walang hanggang paghuhukom

Ang pagsisisi ang unang pundasyon. Ang pagsisisi ay literal na nangangahulugang “upang baguhin ang pag-iisip.” Ang pagsisisi ay isang banal na pagkilos kung saan ang isang tao na naglalakad sa daan ng kasalanan ay nagbabago ng kanyang isipan, umikot ng 180 digris, at naglalakad sa kabilang direksyon. Ang pagsisisi ay isang ganap na pagtalikod. Ito ay ganap na pagbabago ng direksyon at saloobin. Tayo ay inuutusang magsisi mula sa mga patay na gawa. Ang mga patay na gawa ay ang mga gawa ng laman na nabanggit sa Galacia 5:19-21.

Ang pagsisisi ay nagiging sanhi para sa isang tao na tumalikod sa kasalanan at pagkatapos ay manatiling malayo sa kasalanan hangga’t maaari. Si Jose ay tumakbo palayo sa tukso nang siya ay tumakas mula sa asawa ni Potipar.  Sa kabilang banda, si Samson ay nanatili at nakipaglaro sa kasalanan; bilang resulta, siya ay nahulog. Ang ilang mga Kristiyano ay mas gustong mabuhay ng malapit sa mapanganib na lugar hangga’t kaya nila.

May isang kwento noong huling siglo ng isang ginang na nais kumuha ng isang kutsero. Kaya, naglagay siya ng paanunsiyo sa diyaryo.  Ang anunsiyo ay nagdala ng 3 aplikante sa kanyang tahanan. Siya ay nakatira malayo sa bayan. Ang kalsada papunta sa bayan ay dumadaan sa gilid ng malalim na bangin, ngunit ang kabilang panig ay napapalibutan ng kabundukan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Tinanong niya ang unang kutsero, “gaano ka kahusay na kutsero?” Sumagot siya, “kaya kong tumabi ng halos isang talampakang layo sa gilid nang hindi nahuhulog sa bangin ang karwahe.” Sinabi niya, “Maraming Salamat,” at nagpatuloy sa sumunod na aplikante. Sinabi niya sa kanya, “Mainam, gaano ka kagaling?” “*Ginang*” sabi niya, “kaya kung patakbuhin ang gulong sa gilid ng bangin nang hindi nahuhulog.” Pinasalamatan niya ang ikalawang lalaki at nagtungo sa ikatlo, tinanong, “Gaano kalapit ang kaya mong gawin?” Sinabi ng Ikatlo: “Hindi ko nakikita kung gaano ako kalapit. Sinisikap kung manatili na mas malayo sa bangin hangga’t kaya ko.” Pagkaraan ay sinabi ng ginang na may katiyakan, “Ikaw na ang bago kong kutsero.”

Kitang-kita ang aral ng kwento. Hindi natin dapat makita kung gaano ang kaya nating ilapit sa mapanganib na lugar nang hindi nahuhulog, kundi kung gaano natin kayang alisin ang ating mga sarili palayo dito. Ito ang kaisipan sa paglalatag ng isang pundasyon ng pagsisisi sa ating mga buhay. Ang isang tao na totoong nagsisisi ay maghahangad na iwasan ang mga sitwasyon at tukso na minsan ng bumitag sa kanya; ito ay magiging isang paraan ng pamumuhay para sa kanya.

Ang mabubuting pundasyon ay nakapamahalaga. Nalaman ko ito ilang taon na ang nakalipas nang ako at ang isang grupo ng mga pastor ay nagmiministeryo sa Gresya. Isang hapon ay bumisita kami sa isang kilalang parke sa Atenas kung saan ay nakita namin ang iba’t ibang iskultura at monumento ng mga sinaunang Gresya. Pagkatapos ay naglakad kami sa isang bangketa kung saan ay may mga

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

haligi sa magkabilang panig. Sinabi ng tagapaggabay sa amin na ang mga haliging ito ay nanatili roon mga siglong taon na ang lumipas. Sa katunayan, ang mga ito ay itinayo bago pa naparito sa lupa si Jesus. Sa loob ng mahigit dalawang libong taon ang mga haliging iyon ay tuwid na nakatayo at nakatindig. Habang patuloy kaming naglalakad sa daanan, na namamangha sa mga sinaunang, maririlag na haligi, napansin namin ang isang haligi na bumagsak. Tinuro ng lakbay-gabay ang haligi at sinabing "ang haliging ito ay bumagsak dalawampung taon palang ang nakararaan pagkatapos maitayo nang mahigit dalawang libong taon."

Tinanong namin ang gabay, "Ano ang mali sa haligi?" namamangha pa rin ako sa naging tugon niya. Sinabi niya: "Walang mali sa haligi. Ipapakita ko saiyo ang problema." Dinala niya kami malapit sa ilalim ng haligi kung saan ay nakikita namin ang pundasyon. Ang pundasyon ay nabasag sa pamamagitan ng isang ugat ng damo. At ang maliit na ugat na iyon ang nagpabagsak sa haligi. O, anong banal na aral ang itinuturo sa ating lahat! Hindi natin dapat pahintulutan ang mga ugat ng dating buhay na wasakin ang ating pundasyon sapagkat iyon ang magiging sanhi ng pagbagsak ng ating buhay at ministeryo.  Nakakalungkot, subalit nakita natin sa mga nagdaang taon ang ilan sa mga pinakanatatanging mga ministeryo na bumagsak dahil sa nabasag na mga pundasyon.

Ang pagsisisi ay isang pang-elementaryang pripsipyo ng Kristiyanismo na dapat panatilihin sa buong buhay natin. Ang sumunod na prinsipyong pundasyon ay "pananampalataya sa Diyos." Kailangan nating hanapin ang Diyos para sa nagpapatuloy na pagtaas ng pananampalataya. Mayroon tayong

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

doktrina ng mga bautismo, ang pang-elementaryang mga aral ng mga bautismo sa tubig at ang bautismo sa Banal na Espiritu. Ang mga ito ay pangunahing mga aral, hindi sila malalalim na katotohanan. Minsan ay naiisip ng mga tao na kapag nabautismuhan na sila sa Banal na Espiritu ay nakarating na sila sa mataas na antas ng espirituwalidad. Ngunit ang katotohan ng bagay ay ang bautismo sa Banal na Espiritu ay nagbibigay lamang sa atin ng kapangyarihan na *lumunsad* sa mga layunin ng Diyos. Ito ay kapangyarihan sa paglilingkod. Ang mga doktrina ng pagpapatong ng mga kamay, ang muling pagkabuhay, at ang walang hanggang paghuhukom ay lahat na pang-elementaryang mga katotohanan din. Ang mga doktrinang ito ay gatas at hindi matitigas na karne. Hinihimok ni Apostol Pablo ang Iglesiya ng lahat ng henerasyon na sumulong nang lampas sa mga pangunahing katotohanan na ito at magpatuloy sa kasakdalan.

**6:3 *“At ating gagawin ito, kung ipahihintulot ng Diyos.”*** Tinutukoy ni Pablo ang unang talata nang ipinayo niya, “magpatuloy tayo sa kasakdalan.” Ang saloobin ng ating puso ay dapat maging isang pakikipagsapalaran na iwan ang mga prinsipyong pundasyon at magpatuloy sa kasakdalan. Gayunpaman, sa talatang tatlo ay binabalanse ni Pablo ang kaisipang ito. Sinasabi sa atin ni Pablo na ang “pagpapatuloy” ay nakasalalay din sa iba pa—ang kataas-taasan ng Diyos. “At ating gagawin ito, kung ipahihintulot ng Diyos.” Bagama’t ang ating kalooban ay kasama sa pagpapatuloy, gayundin naman ang kataas-taasang biyaya ng Diyos. Ang totoo ay hindi tayo makakapagpatuloy sa pagkamaygulang at espirituwal na pagsulong maliban na buong kapangyarihan Siyang magbigay sa atin ng bagong biyaya.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Upang isalarawan ang konseptong ito ng kalooban ng tao at biyaya ng Diyos, maaari nating isipin ang isang mag-aaral at isang guro. Sa buong taon ay hinihikayat ng guro ang kanyang mga mag-aaral na italaga ang kanilang mga sarili upang maipasa ang kanilang mga pagsusulit upang makapagpatuloy sa susunod na baitang. Ngunit, sa pagtatapos ng taon, nasa guro pa rin ang determinasyon kung aling mag-aaral ang magpapatuloy. Kailangan nating maunawaan ang kataas-taasan ng Diyos at malayang pagpapasya ng tao. Sinasabi ni Pablo, "Magpatuloy, iwan ang elementaryang mga doktrina at magpatuloy." Ngunit ang Diyos ang nagpapasiya kung makakapagpatuloy tayo sa sariwang katotohanan. Hindi tayo pangungunahan ng Diyos na magpatuloy kung hindi malinaw sa atin, at hindi tayo naglalakad sa liwanag ng katotohanan na mayroon na tayo. Samakatuwid, patuloy na kailangan nating dumaing sa Diyos para sa Kanyang biyaya at awa upang maipasa natin ang ating mga pagsusulit sa pamamagitan ng Kanyang nagbibigay-kakayahan na biyaya at magpatuloy sa kasakdalan. Ang pagkatawag ay sa kasakdalan, o Kristiyanong pagkamaygulang.

### *Nakasisindak na Pagtalikod Laban sa Liwanag*

**6:4-6** ***"Sapagkat hindi mangyayari na ang mga dating naliwanagan na, at nakalasap ng kaloob ng kalangitan, at mga naging kabahagi ng Espiritu Santo, at nakasalap ng kabutihan ng salita ng Diyos, at ng mga kapangyarihan ng panahong darating, at pagkatapos ay tumalikod ay***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***muling panumbalikin sa pagsisisi, yamang sa kanilang sarili ay muli nilang ipinapako sa krus ang Anak ng Diyos, at itinataas sa kahihiyan."***

Malinaw na isinasaalang-alang ni Pablo ang isang normal na paglakad ng Kristiyano na samahan ng natatanging karanasan ng Banal na Espiritu—upang tikman ang mga kapangyarihan ng panahong darating, upang magkaroon ng mga pangitain ng langit, at maraming iba pa.

*"At pagkatapos ay tumalikod ay muling panumbalikin sa pagsisisi, yamang sa kanilang sarili ay muli nilang ipinapako sa krus ang Anak ng Diyos, at itinataas sa kahihiyan."* Nagbibigay babala dito si Pablo na hindi tayo maaaring makipaglaro sa Diyos. Ang isang lalaki o babae na naliwanagan ng maluwalhating ilaw ng ebanghelyo ay hindi maaaring tumalikod laban sa mga katotohanang ito at iwaksi ang mga ito na hindi magkakaroon ng hindi masabing mga kapinsalaan. Pinatunayan pa ito ni Pablo sa kabanata 10:26 nang sinabi niyang, "Sapagkat kung sinasadya nating magkasala, matapos nating tanggapin ang lubos na pagkakilala sa katotohanan, ay wala ng natitira pang alay para sa mga kasalanan." Isang kagila-gilalas na bagay na magkaroon ng kamangha-manghang ilaw at pagkatapos ay hamakin at kutyain ito. Isang bagay ang maging walang malay gaya ni Pablo bago siya nagbalik-loob (1 Tim.1:13-14); ngunit kung nakilala na natin si Cristo at pagkatapos ay tatalikod laban sa Kanya, mas masahol pa ito sa nauna (2 Ped. 2:20-22). Ang ilang mga tao ay tumatawid sa linya at hindi na makabalik. Sinabi ni Pablo sa mga Hebreo sa ilang mga talata kinalaunan (6:9) na siya ay nakumbinsi

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

sa mabubuting bagay na nasa kanila, bagaman kinailangan niyang balaan sila sa isang mahigpit na pamamaraan.

**6:7-9** ***“Sapagkat ang lupang umiinom ng ulang madalas na pumapatak sa kanya, at tinutubuan ng mga halamang angkop doon na dahil sa kanila ito ay binungkal, ay tumatanggap ng pagpapalang mula sa Diyos. Subalit kung ito’y tinutubuan ng mga tinik at dawag, ito ay walang kabuluhan at malapit nang sumpain, at ang kanyang kahihinatnan ay ang pagkasunog. Ngunit, mga minamahal, kami ay lubos na naniniwala sa mga mabubuting bagay tungkol sa inyo, at sa mga bagay na may kinalaman sa kaligtasan, bagama’t kami ay nagsasalita ng ganito.”***

Si Apostol Pablo ay nagbibigay dito ng isang analohiya ng ating mga puso na inihahalintulad sa lupa. Kapag ibinuhos ng Diyos ang Kanyang Espiritu ito ay katulad ng ulan sa isang tuyong lupa. Ang mga tagapag-ayos ay ang Kanyang mga tagapaglingkod na nagtanim ng Salita ng Diyos at binungkal kung ano ang naihasik sa mga puso ng tao. Ang Panginoon at ang Kanyang mga tagapag-ayos ay naghahanap ng mabuting bunga. Ang halamang-gamot ay kumakatawan sa mga bunga ng Espiritu, at ito ang uri ng bunga na inaasahan ng Diyos mula sa Kanyang bayan. Ang mga tinik at dawag ay ang agarang resulta ng pagkahulog at sila ay kinakatawan ng mga gawa ng laman.

Ang Diyos ay naghasik ng piling mga binhi ng Kanyang Salita sa mga mananampalatayang Hebreo. Masagana Niyang diniligan ang mga ito. Naghanap siya ng halamang-gamot, ngunit sa halip ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

maraming mga tinik at dawag ang tumubo sa nabungkal nilang lupa. Si Apostol Pablo ay nagbabala na ang mga tinik at dawag ay tinanggihan at malapit nang sumpain, at ang kahihinatnan ay ang pagkasunog. Malinaw na ginagamit ni Pablo ang analohiya sa mga Hebreo dahil nagtapos siya sa pagsasabing, "Ngunit, mga minamahal, kami ay lubos na naniniwala sa mga mabubuting bagay tungkol sa inyo, at sa mga bagay na may kinalaman sa kaligtasan, bagama't kami ay nagsasalita ng ganito."

Hindi tayo dapat magpasawalang-bahala sa buhay na Diyos. Palagi nating aanihin kung ano ang inihahasik natin. Kung tayo ay maghasik ng mga binhi ng karnalidad sa ating mga buhay, ang mga binhi na iyon ay magdudulot ng masamang bunga at tayo ay hahatulan ayon dito. Sa kabilang banda, ang bunga ng Espiritu (na kung saan ay bunga ng isang masunuring buhay) ay tumatanggap ng pagpapala mula sa Diyos at tinatanggap ng Diyos. Ang mga lalaki at babae na nagdala ng mga gawa ng laman ay isinumpa at malapit na sa pagkasunog. Ito ay tumutukoy sa lawang apoy. Hindi dapat magkaroon ng mga hindi pagkakaunawaan tungkol dito o anupaman. Ito ay binanggit ng Panginoong Jesu-Cristo Mismo sa kabanata labing-lima ng Ebanghelyo ni Juan.

Sinabi ni Jesus: "Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang tagapag-alaga. Ang bawat sanga sa akin na hindi nagbubunga ay inaalis niya" (Jn.15:1-2). "Inaalis" ng Diyos ang bawat sanga na hindi nagbubunga. Sa Juan 15:5 sinabi Niya, "Kayo ang mga sanga." Kung hindi tayo mamumunga, tayo ay aalisin. Hindi dapat magkaroon ng mga di-pagkakaunaawan sa bagay na ito. Tinutukoy ni

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Cristo ang mga Kristiyano dito, hindi ang mga nasa sanlibutan. “Ang bawat sanga sa akin na hindi nagbubunga ay inaalis niya.” Kung hindi tayo magdudulot ng mga bunga na ninanais ng Panginoon, tayo ay tatanggihan at susumpain.

Ang mga babala ni Pablo, ng iba pang mga Apostol, at ng Panginoong Jesu-Cristo mismo ay palaging sa mga mananampalataya, hindi sa mga di-mananampalataya. Ang kanilang mga sulat ay isinulat sa Iglesiya. Ang mga di-mananampalataya ay hindi nagbabasa ng Banal na Kasulatan. Ang Salita ng Diyos ay isinulat sa mga Kristiyano at ang mga babala ay para sa kanila. Tandaan, si Demas ay kasama ni Apostol Pablo halos hanggang sa wakas, ngunit iniwan niya si Pablo dahil inibig niya ang kasalukuyang sanlibutan (2 Tim. 4:10). Si Judas ay nasa orihinal na labing dalawang mga apostol ng Panginoong Jesu-Cristo. Nagpamalas siya ng mga himala, nagpalayas ng mga demonyo, at tumulong sa pagpapakain sa limang libo. Gayunpaman sa huli ay ipinagkanulo niya ang Tagapagligtas. Kaya nga, dapat nating panghawakan ang buhay na walang hanggan. (1 Tim. 6:12,19). Ang buhay na walang hanggan ay para sa mga nagtitiis hanggang sa wakas.

### *Mga Gantimpala*

**6:10** *“Sapagkat ang Diyos ay hindi masama; hindi niya kaliligtaan ang inyong gawa at ang pag-ibig na inyong ipinakita sa kanyang pangalan, sa inyong paglilingkod sa mga banal.”* Hangad ni Pablo na hikayatin ang mga mambabasa ng Hebreo sapagkat dumadaan sila sa maraming mga pagsubok.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Pinapaalalahanan niya sila na ang bawat mabubuting gawa ay nakikita ng Diyos at ito ay tatanggap ng masaganang gantimpala.

Idineklara sa Pahayag 14:13, “Mapapalad ang mga patay na namamatay sa Panginoon mula ngayon: “Oo,” sinasabi ng Espiritu, sila’y magpapahinga sa kanilang mga gawa, sapagkat ang kanilang mga gawa ay sumusunod sa kanila” (cf. 1 Tim. 5:25). Ang ating mga gawa ay sumusunod sa atin sa walang hanggan. Ang sumunod na kwento ay ginawang mas malinaw ang katotohanang ito.

May kilala akong isang dalagita na ipinanganak na lumpo. Ang kanyang ina ay makadiyos na babae at siya ay nanalangin at tumanggap ng katiyakan na pagagalingin ng Diyos ang kanyang anak. Sa isang antas, ang kanyang pananampalataya ay inilagay sa isang matinding pagsubok, dahil sa edad na labing pito ang kanyang anak ay nagsimulang manghina. Ang mga kapitbahay ay dumating upang aliwin at manalangin kasama ang ina, ngunit ang anak ay namatay din kaagad.

Kung ikaw ay isang Kristiyano, kapag namatay ka ang anghel ng Diyos ay bumababa at lalabas ka sa iyong katawang lupa. Ang iyong espiritu ay nakatayo di-kalayuan mula sa iyong katawan sa loob ng ilang minuto hanggang sa iyong mapagtanto na ikaw ay patay na. May isang bagay sa iyong espiritu ang kailangang maunawaan ang katotohanan na ikaw ay patay na. Ang anghel at ikaw ay tatalikod at ikaw ay dadalhin sa langit.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ang labing pitong taong gulang na kabataang babae na ito ay namatay ay dinala sa langit. Inatasan ang anghel na ipakita sa kanya ang marami sa mga karangyaan sa langit. Isa sa mga bagay na labis na nagpamangha sa kanya ay ang mga gantimpala na ibinigay sa mga banal. "Walang may nakalimutan," sabi niya. "Ang isang ngiti at kahit ang isang pakikipag-kamay ay ginantimpalaan. Sa bawat maliit na bagay na ating ginagawa ay may isang gantimpala. Talagang walang nakakaligtaan." Ang mga maliliit na bagay na tila hindi mahalaga sa atin at mga maliliit na gawa ng kabaitan na ginagawa natin mula sa kabutihan ng ating mga puso ay inaalala ng Diyos. Ang mga bagay na matagal na nating nakalimutan ay nakasulat sa aklat ng Diyos—maging ito man ay isang mabait na salita ng pagpapalakas, isang tapik sa likod, o pagtali sa sapatos ng isang bata.

Pagkatapos makita ang kadakilaan ng langit, ay nakita niya ang Panginoon Mismo. Ngumiti Siya sa kanya ng buong init. Napakabait Niya. Pagkatapos mangusap ng ilang bagay sa kanya, ang Kanyang mukha ay biglang nagbago sa matinding pagkagalit at Kanyang sinabi, "Satanas, pakawalan mo ang Aking anak." Pagkatapos ay sinabi Niya sa kanya, "May ipagagawa ako sa iyo, at kailangan mong bumalik." O, kung paano siya nakiusap sa Kanya na huwag na siyang ibalik. Alam mo naman kung ano ang katulad ng Panginoon—ngumiti lamang Siya at sinabi, "Ibig Ko na bumalik ka." Pagkatapos ang anghel at siya ay bumalik. Nang siya at ang anghel ay lumapit sa higaan, nakita niya ang mga taong nakatayo paikot at nag-uusap at sinasabing, "Napakalungkot nito." Gayunpaman, nakikita niya ang kanyang makadiyos na ina sa kabilang silid na nananalangin pa rin— "Panginoon, nangako Ka. Panginoon, nangako Ka." Nagpatuloy ito nang halos dalawang oras. Nang ang kabataang babae ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

malapit na sa kanyang katawan. Hinawakan siya ng anghel, at siya ay nagbalik sa kanyang katawan. Siya ay muling nabuhay at tumalon, ganap na gumaling. Napakadakila ng kapangyarihan ng muling pagkabuhay ng Diyos na pagkaraan nito ay lumakad siyang nakatukod ang dulo ng kanyang mga daliri sa paa nang ilang linggo. Ito ang kabataang babae na kailanman ay hindi pa nakakalakad. Ang mga pahayagan sa Tennessee ay lahat kumuha ng litrato, at ang ulat ng himalang ito ay nailathala at naitala.

Bumalik tayo pansumandali sa pangunahing punto, makikita natin sa yugto na ito na hindi lamang ang ganap na katotohanan ng buhay na darating, kundi ang gantimpala ng Diyos sa mga tapat. Ginagantimpalaan ng Diyos ang isang Kristiyano para sa bawat gawa ng kabaitan. Kailangang paalalahanan ang mga Hebreo na hindi kinalimutan ng Diyos ang kanilang “gawain at pagpapagal ng pag-ibig.”

### *Mga Babala Laban sa Katamaran*

**6:11 *“At nais namin na ang bawat isa sa inyo ay magpakita ng gayunding sigasig upang inyong malaman ang ganap na katiyakan ng pag-asa hanggang sa katapusan.”*** Muli ay hinihimok tayo na isaalang-alang ang wakas. Ang buhay ay isang takbuhin at hindi tayo dapat sumuko sa ikalabing-isang oras gaya ng ginawa ni Demas (2 Tim. 4:10). Kailangang tapusin natin ang ating takbuhin at panatilihin

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ang pananampalataya. Nagbibigay si Pablo ng isang seryosong babala dito laban sa espirituwal na katamaran.

**6:12** ***"Upang kayo'y huwag maging mga tamad, kundi mga taga-tulad kayo sa kanila na sa pamamagitan ng pananampalatya at ng pagtitiis ay magmamana ng mga pangako."*** Ang buhay Kristiyano ay nangangailangan ng pagsisikap. Kung may kailangan man tayong makamit sa ating buhay kailangan nating ibigay ang lahat. Ang mga may naaabot ay ang mga bumabangon ng maaga at gabi na kung matulog; palagi silang nagtatrabaho. Ginagantimpalaan ng Diyos ang pagpapagal. Pinararangalan Niya ang mahahabang oras ng pag-aaral at pananalangin. Dapat samantalahin ng mga kabataaan ang kanilang kabataan at gamitin ng tama ang kanilang lakas at sigla (Ecc.12:1). Dapat tayong maging maingat kung paano natin ginagamit ang ating oras. Bilang isang binata nawalan ako ng mahalagang oras dahil sa pagkahilig ko sa larong *soccer*. Ang aking pagkain, inumin, at tulog ay *soccer*. Kainaman, naging mahusay naman ako sa *soccer*. Ngunit alam ba ninyo kung ano ang ginawa ng *soccer* sa akin? Ginawa akong isang taong mahirap sa espirituwal na buhay. Sinasabi sa Kawikaan 21:17 "Ang umiibig sa kalayawan ay magiging dukha, ang umiibig sa alak at langis ay hindi sasagana" ang mga laro, kalayawan, libangan ay iniiwang walang laman ang iyong kaluluwa.

Dapat tayong mag-ingat, kahit sa mga lehitimong bagay. Ang mga libangan ay napakaganda ngunit sila ay gumugugol ng oras. Maaaring sabihin ng isa na hindi nakakapinsala ang pagkakaroon ng mga ito at marahil ay totoo yan, ngunit ang ating oras ay hinihigop nila palayo. Tama lang na mag-ehersisyo

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

upang mapanatili ang ating katawan na malakas, ngunit dapat nating gawin ang lahat ng bagay ng sakto lang. Ipamuhunan natin ang ating oras sa mga bagay na magtatagal magpakailanman. Ang oras ay hindi nabibili, nahihiram, o nababawi. Ang oras ay sagradong pagtitiwala. Itatanong sa atin ng Diyos kung paano natin ginamit ang ating oras. Bibigyan Niya tayo ng sapat na panahon dito sa lupa upang magampanan ang ating layunin sa buhay, ngunit kung gamitin natin sa mali ang ating oras, hindi natin matatapos ang Kanyang perpektong plano para sa ating buhay.

*"Kundi mga taga-tulad kayo sa kanila na sa pamamagitan ng pananampalataya at ng pagtitiis ay nagmamana ng mga pangako."* Sa isang sandali, isaalang-alang natin ang paksa ng "pagmamana ng mga pangako." Isang bagay para sa Diyos na bigyan tayo ng isang pangako, o makita ang isang pangako sa Salita ng Diyos. Ang pagkakaroon ng isang pangako, gayunpaman, ay hindi kapareho ng pagkamit ng pangakong iyon.

Dahil lamang sa binibigyan tayo ng Diyos ng isang pangako ay hindi nangangahulugang makukuha natin ito. May ilang tao akong nakakaharap na may hawak ng isang piraso ng papel at sinasabing, "Ibinigay sa akin ng Diyos ang propesiyang ito," at gusto nilang basahin ko ito. Tumugon ako sa pagsasabing: "Anong mga hakbang ang ginawa mo upang matiyak na ang propesiya ay mangyayari?" Natugunan mo na ba ang mga kondisyon na hinihingi sa iyo ng Diyos sa propesiya?"

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Marahil sinabi ng propesiya, "Itituro mo ang Aking Salita ng may dakilang kapangyarihan; ngunit kailangan mo munang ibigay ang iyong sarili sa maraming pananalangin at pag-aaral ng Aking mga Salita." Kung ang isang tao ay tumangging manatili sa Paaralang Bibliya na pinili ng Diyos para sa kanya at nagtungo sa sekular na paaralan upang mag-aral ng pilosopiya at sikolohiya ang ministeryong iyon ng pinahirang pagtuturo ay tiyak na hindi matutupad. Ang propesiya ay *hindi* matutupad malibang tayo ay susunod kung ano ang sinasabi nito. May mga kondisyon sa halos bawat propesiya. Ang mga propesiya ay hindi matutupad malibang matugunan natin ang mga kondisyon. Tandaan, ang ating hangarin ay manahin ang mga pangako, hindi lamang basta pag-usapan ang tungkol dito.

**6:13-14** ***"Nang mangako ang Diyos kay Abraham, palibhasa'y walang sinumang higit na dakila na kanyang panunumpaan, siya ay nanumpa sa kanyang sarili na sinasabi, 'Tiyak na pagpapapalain at pararamihin kita'."*** Ito ay isang pangako na muling pinagtibay kay Abraham sa Genesis 22:16-17. Dati, ito ay isang pangako, ngunit ngayon ito ay isa nang mataimtim na panunumpa na isinigaw ng Diyos mula sa langit para kay Abraham. Mapapansin mo sa konteksto ng Genesis kabanata 22 na ang panunumpa na ito ay ibinigay kay Abraham pagkaraan na wala na siyang itinatagong anuman mula sa Diyos, kahit ang kanyang pinakamamahal na pag-aari, si Isaac. Minsan ay susubukin ng Diyos ang ating mga puso, at hihilingin sa atin na ihandog sa Kanya ang ating "Isaac". Magkagayunman, palagi Niya tayong bibigyan ng espesyal na biyaya upang magawa ito. Kung nakahanda tayong isakripisyo sa Diyos ang pinakamamahal sa ating mga puso, sa gayon ay ibibigay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

sa atin ng Diyos ang Kanyang pinakamabuti. Ang isyung ito ng pagbibigay o hindi pagbibigay ng ating pinakamahalagang pag-aari ang tutukoy kung tatanggap ba tayo o hindi ng pinakamataas na pagpapala ng Diyos para sa ating mga buhay.

**6:15** ***"Kaya't si Abraham, nang makapaghintay na may pagtitiis, at tumanggap ng pangako."*** Ang pangakong nakamit ni Abraham ay ang kapanganakan ni Isaac. Gayunpaman, si Isaac ay isang maliit na sagisag lamang ng lahat ng iba pang mga pangako na darating. Sa pamamagitan ni Isaac ang lahat ng iba pang mga pangako ay maisasakatuparan, sapagkat mula kay Isaac ay magmumula si Jesu-Cristo. Si Abraham ay kinailangang magkaroon ng matinding pagtitiis upang makuha ang pangako na ibinigay sa kanya ng Diyos. Si Abraham ay isang daang taong gulang at si Sarah ay siyamnapu bago ipinanganak si Isaac. Kapag ang Diyos ay nagbigay sa atin ng pangako ito ay napakagandang pakinggan. Tila nabuksan nito ang kalangitan at itinaas tayo sa mga dakong makalangit. Gayunpaman, isang bagay ang magkaroon ng isang pangako, ngunit ang pagsasakatuparan nito ay iba pa. Sa pagitan ng pagbibigay ng pangako at pagsasakatuparan ng pangakong iyon ay madalas na may mahaba, mahirap na daang tinatahak.

**6:16-18** ***"Nanunumpa ang mga tao sa harap ng higit na mataas na kanila, at ang sumpang binitawan bilang katibayan ay nagwawakas ng bawat usapin. Gayundin naman, sa pagnanais ng Diyos na maipakita sa mga tagapagmana ng pangako na hindi maaaring mabago ang kanyang pasiya, pinagtibay niya ito sa pamamagitan ng isang sumpa; upang sa pamamagitan***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***ng dalawang bagay na di-mababago, na dito'y hindi maaaring magsinungaling ang Diyos, tayong nagtungo sa kanlungan ay magkaroon ng higit na katiyakang panghawakan ang pag-asang nakalagay sa harapan natin."***

Kapag ang tao ay gumawa ng isang panunumpa o mataimtim na pagpapahayag, humihiling sila ng isang tao na nakahihigit sa kanilang sarili upang kumpirmahin at saksihan ang katapatan o katotohanan ng naturang deklarasyon. Sapagkat ang Diyos ay maaaring manumpa sa wala nang nakahihigit na dakila, Siya ay nanumpa sa Kanyang Sarili ng isang panunumpa kay Abraham. Ito ay tumutukoy sa panahon sa Genesis 22:16-17 nang ang Diyos ay nangusap mula sa langit kay Abraham sa pamamagitan ng isang panunumpa na sa kanyang binhi "ang lahat ng mga bansa sa lupa ay pagpapalain." Ginawa ito ng Diyos sa pamamagitan ng dalawang mga bagay na hindi nababago—una sa lahat ay sa pamamagitan ng isang pangako at pagkatapos ay sa pamamagitan ng panunumpa kay Abraham. Ang "binhi" na magpapala sa lahat ng mga bansa ay ang Panginoong Jesu-Cristo (Gal. 3:16). Dahil tayo ay kay Jesu-Cristo, tayo rin ay nagmula kay Abraham at *tagapagmana* ng mga pangako.

Nais ng Diyos na ang mga tagapagpamana ng pangako na magkaroon ng gayong katiyakan ng Kanyang mga pangako na Kanyang pinatutunayan sila kasama ang isang panunumpa na sinalita sa pamamagitan ng isang naririnig na tinig mula sa langit. Ang lahat sa lupa ay pagpapalain sa pamamagitan ng isang binhi—ang Panginoong Jesu-Cristo. Ngunit ano ang pinakanatatanging

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pagpapala at pag-asa na dinala sa atin ng espesyal na binhi ni Abraham, ang Panginoong Jesu-Cristo? Ito ay dadalhin sa loob ng tabing kung saan si Jesus na ating tagapagpauna ay pumasok! Ang Kanyang pinakapanghuling misyon ay upang buksan ang tabing at gawing posible ang katubusan. Si Cristo ang nagbayad ng ating utang na kasalanan, gumawa ng katugunan para sa kagalingan ng ating katawan, at binigyan tayo ng sanlibong iba pang mga pagpapala. Inalok din Niya tayo ng posibilidad na makapasok sa loob ng tabing tungo sa pinaka presensiya ng Diyos upang gawing sakdal.

**6:19-20** ***"Taglay natin ito bilang isang tiyak at matibay na angkla ng kaluluwa, ng isang pag-asa na pumapasok sa loob ng santuwaryo, sa kabila ng tabing, na doo'y naunang pumasok para sa atin si Jesus, na naging pinakapunong pari magpakailanman ayon sa pagkapari ni Melquizedek."***

Ito ang tema ng Hebreo—na dadalhin sa loob ng tabing. Ang pinakapanghuling layunin ng Diyos ay dalhin tayo sa dakong kabanal-banalan, sa pinaka presensiya ng Diyos Mismo. Ito ang maluwalhating pag-asa ng Kristiyano—ang pumasok sa loob ng tabing.

Ito ang angkla ng ating kaluluwa. O, kapag nakita natin kung ano ang mayroon ang Diyos para sa atin, hinahawakan tayo nito sa lahat ng mga pagsubok. Higit sa lahat ng bagay, nais kong makapasok sa loob ng tabing. Hindi ba ito rin ang hangarin mo?

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Bilang buod, nais kong ulitin ang sinabi natin kanina sa kabanata 6:13-20.

• Isang espesyal na binhi ang paulit-ulit na ipinangako kay Abraham. Ang binhi na ito (si Jesu-Cristo) ay magmumula kay Isaac (Gal. 3:16), na magdadala ng pagpapala sa mundo.
• Sina Abraham and Sarah ay walang binhi. May matagal na panahon sa pagitan ng panahon ng pangako at sa kapanganakan ni Isaac. Sa loob ng maraming taon ay kinailangan nilang matiyagang magtiis at maghintay. Pagkatapos ay ipinanganak si Isaac.
• Kinalaunan ay sinubok si Abraham. Hiniling ng Diyos kay Abraham na ihandog si Isaac bilang sakripisyong alay. Nang handang ibigay ni Abraham ang kanyang bugtong na minamahal na anak, muling pinagtibay ng Diyos ang Kanyang pangako at ginawa itong isang panunumpa. Nagsalita Siya na naririnig mula sa langit, na sinasabing: “Sumumpa ako sa aking sarili, wika ng Panginoon, sapagkat ginawa mo ito at hindi mo ipinagkait sa akin ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak; tunay na pagpapalain kita, at pararamihin ko ang iyong binhi… at sa pamamagitan ng iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng bansa sa lupa, sapagkat sinunod mo ang aking tinig.”
(Gen. 22:16-18).
• Sa pagsigaw ng sumpang ito mula sa langit, nais ng Diyos na magbigay ng karagdagang katiyakan sa *mga tagapagmana* ng pangako na kung ano ang Kanyang sinabi ay hindi mababago at tiyak na mangyayari.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

• Nang ang ipinangakong Binhi ay dumating, ang Kanyang pangunahing misyon ay maging isang handog na pupunit sa tabing.  Bilang tapagpagpauna, si Cristo ay pumasok sa loob ng tabing, at inialok Niya ang pribilehiyong iyon sa mga Kanya. Nasa loob ng tabing na ang kasakdalan ng Kristiyano at ang ganap na katubusan ay ginawang posible.

Tinapos nito ang ikatlong babala ni Pablo sa Iglesiya. Hindi tayo dapat magkampo sa paligid ng mga elementaryang katotohanan at manatili roon. Tinawag tayo na magpatuloy sa kasakdalan. Hindi tayo dapat makuntento sa pagiging mga banal sa "panlabas na dako". Sa biyaya ng Diyos, tayo ay hinihimok na magpatuloy sa dakong banal, at pagkatapos at tumuloy sa loob ng tabing. Ito ang pangitain na nais ibigay ni Apostol Pablo sa mga Hebreo. Nagbabala siya na, "Huwag pabayaan ang mga kamangha-manghang katotohanan na alam mo, huwag maging tamad, at huwag maging mapurol sa pakikinig."

Nawa ay tulungan tayo ng Diyos na makarinig at makatugon sa kung ano ang sinasabi ng Kanyang Espiritu sa atin ngayon. Nawa'y sabihin sa atin ng langit gaya ng sinabi ni Pablo sa mga Hebreo, "
"Kami ay lubos na naniniwala sa mga mabubuting bagay tungkol sa inyo, at sa mga bagay na may kinalaman sa kaligtasan, bagama't kami ay nagsasalita ng ganito."

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# Bahagi 5

## 7:1-28 – ANG PAGKASASERDOTE AYON KAY MELQUIZEDEK

Isaalang-alang natin ngayon ang pagkasaserdote sa Bagong Tipan kung saan ay inihalintulad ayon kay Melquizedek. Si Apostol Pablo ay tumutukoy sa pagkasaserdote ni Melquizedek sa mga naunang kabanata, ngunit ngayon ay magbibigay siya ng pagtuon sa napakahalagang katotohanan na ito. Hindi lamang na ito ay isang mahalagang katotohanan. Ito rin ay isang mahirap na katotohanan para unawain.

Gaya ng nauna na nating nabanggit, sinisikap patunayan ni Apostol Pablo na ang bagong tipan ay higit na mas dakila kaysa sa lumang tipan. Gaya ng pagkakaroon ng isang pagkasaserdote sa ilalim ng lumang tipan, mayroon ding pagkasaserdote sa ilalim ng bagong tipan. Gayunpaman, ang Bagong

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Tipan ay inihalintulad hindi ayon kay Aaron kundi kay Melquizedek. Samakatuwid, ay ipapakilala ni Pablo sa atin si Melquizedek sa kabanata 7:1.

**7:1** ***“Itong si Melquizedek, hari ng Salem, pari ng Kataas-taasang Diyos, ang siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik niya galing sa paglipol sa mga hari at siya’y kanyang binasbasan.”***

Sa kasaysayan, si Melquizedek ay hari ng Salem. Ang Salem ay ang sinaunang Jerusalem. Siya rin ay isang saserdote ng Kataas-taasang Diyos. Si Melquizedek ay hindi lamang ang hari ng Jerusalem, siya rin ay isang saserdote. Ito ay isang paglisan mula sa rehimen ng lumang tipan. Sa ilalim ng Lumang Tipan, ang hanay ng mga hari ay nagmula sa lipi ni Juda, at ang pagkasaserdote ay nanggaling mula sa lipi ni Levi. Si Melquizedek ay bukod tanging naiiba—siya ay parehong isang hari at isang saserdote.

Makabubuting huminto muna dito sumandali upang isaalang-alang kung bakit nagkaroon ng pagbabago mula sa Leviticong pagkasaserdote tungo sa pagkasaserdote ni Melquizedek. Ang orihinal na hangarin ng Panginoon para sa Kanyang bayan ay ang pagkatapos Niya silang tubusin mula sa pagkaalipin sa Ehipto ay gawin silang isang kaharian ng mga saserdote at isang banal na bansa. Sa Exodo kabanata 19 ang Israel ay nagkampo sa harap ng Bundok ng Sinai. Ang Sinai ay kahalintulad ng Pentecostes. Sila ay nagkampo sa Sinai sa panahon ng kapistahan ng Pentecostes sa ikatlong buwan. Sa Exodo 19:6 sinabi ng Diyos sa mga anak ni Israel: “Sa akin kayo ay magiging

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

isang kaharian ng mga pari at isang banal na bansa.” Ito ang orihinal na plano ng Diyos sa Israel ang maging isang bansa ng mga hari at saserdote. Ang planong ito ay pansamantalang nabigo dahil sa kanilang paghihimagsik, ngunit ang Diyos ay hindi kailanman nabigo. Tutuparin Niya ang Kanyang plano sa kalaunan, sa ilalim ng isa pang tipan.

Nang ang Israel ay nauwi sa pagrebelde at idolatriya sa paanan ng Bundok ng Sinai, gumawa sila sa kanilang sarili ng isang ginintuang guya. Kabalintunaan, na ang punong saserdote na si Aaron ang siyang nanguna sa kanila. Nang si Moises ay bumaba mula sa bundok at nakita kung ano ang ginawa nila, dinala niya ang buong bansa sa isang desisyon. Umiiyak sa malakas na tinig, sinabi niya, “Sino ang nasa panig ng Panginoon?” tanging ang lipi ni Levi lamang ang tumugon. Ang mga Levita ay tumayo sa panig ni Moises at ng Diyos, nanindigan kahit laban sa kanilang sariling mga kapatid. Sa puntong ito, nagpasya ang Diyos na kunin ang pagkasaserdote mula sa Israel bilang isang bansa at ibigay lamang ito sa isang lipi, ang lipi ni Levi (cf. Ex. 32; Bil. 3:12, 41,45, Deut. 33:8-11).

Pinakahahangad ni Levi ang mga bagay na kinalulugdan ng Diyos, na handa pa siyang gamitin ang tabak sa kanyang sariling laman. Ito ay isang bagay na iilan lang ang may nais na gawin. Sa gayon, ang Diyos ay nakipagtipan kay Levi. “Ang aking tipan sa kanya ay isang tipan ng buhay at kapayapaan; at ibinigay ko ang mga iyon sa kanya upang siya’y matakot; at siya’y natakot sa akin, at siya’y nagbigay-galang sa aking pangalan. Ang kautusan ng katotohanan ay nasa kanyang bibig, at

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

walang kalikuan na nasumpungan sa kanyang mga labi. Siya'y lumakad na kasama ko sa kapayapaan at katuwiran, at inilayo niya sa kasamaan ang marami" (Mal. 2:5-6). Ito ang mga kwalipikasyong hinihiling ng Diyos para sa Kanyang mga saserdote.

Si Levi, at tanging si Levi lamang, ang tumanggap ng pagkasaserdote. Tanging ang tribo lamang ni Juda ang may karapatan sa pagkahari. Ngunit sa Bagong Tipan, pinagsama ng Diyos ang dalawang katungkulan na ito. Ginawa ng Bagong Tipan na posible para sa bawat mananampalataya na parehong maging isang hari at isang saserdote, maging kagaya ni Melquizedek. Binanggit ito ni Apostol Pedro sa Unang Pedro 2:9 "Ngunit kayo ay isang lahing pinili, isang maharlikang pagkapari, isang bansang banal, sambayanang pag-aari ng Diyos, upang inyong ipahayag ang mga makapangyarihang gawa niya na tumawag sa inyo mula sa kadiliman, tungo sa kanyang kagila-gilalas na liwanag." Isang maharlikang pagkasaserdote! Ito mismo ang sinabi ng Diyos sa Israel sa Exodo 19:6 bago nila inalisan ng karapatan ang kanilang mga sarili. Ngayon, ang parehong mga pangako na ito ay iniaalok sa Iglesiya.

Ang aklat ng Pahayag ay sinalitan ng tema ng pagiging mga hari at mga saserdote ng Diyos (tingnan ang Pah. 1:6, 5:9-10, 20:6). Nais kong banggitin ang isang partikular na talata sa banal na kasulatan: "at ginawa tayong kaharian, mga pari sa kanyang Diyos at Ama; sumakanya ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailanman. Amen" (Pah. 1:6). Bumangon ang mga katanungan: Paano tayo mahuhubog sa pagiging mga hari at saserdote? Kainaman, tayo ay dapat na umugat at magtumibay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

sa isang pagkasaserdote na pinagsama ang pagkahari at ang pribilehiyo ng pagkasaserdote—ang pagkasaserdote ni Melquizedek.

Inihayag ni Pablo sa Hebreo 7:1 na nakilala ni Melquizedek si Abraham pagkatapos bumalik mula sa paglipol sa mga hari, at pinagpala siya. Upang lubos na mapahalagahan ang kwentong ito, marapat na basahin natin ang Genesis 14:17-20 upang makita ang unang pagbanggit kay Melquizedek. Ang Genesis ay isang aklat na naglalaman ng mga binhi ng lahat ng katotohanan. Sa katunayan halos lahat ay nagsimula sa Genesis. *“At si Melquizedek, hari ng Salem na pari ng Kataas-taasang Diyos, ay naglabas ng tinapay at alak. Siya’y kanyang binasbasan na sinabi, “Pagpalain si Abram ng Kataas-taasang Diyos, na lumikha ng langit at ng lupa; at purihin ang Kataas-taasang Diyos, na nagbigay ng iyong mga kaaway sa iyong kamay.” At binigyan siya ni Abram ng ikasampung bahagi ng lahat”* (tingnan sa Gen.14:18-20).

Si Abraham ay pinagpala ni Melquizedek. Ito ay palalawakin pa maya-maya ni Apostol Pablo. Bagaman si Melquizedek ay binanggit nang maiksi lamang sa Genesis kabanata 14, at isang beses sa Awit 110:4, siya ay isang malalim na sagisag ni Cristo at ng pagkasaserdote ng Bagong Tipan na darating.

**7:2** *“At sa Kanya ay ibinahagi ni Abraham ang ikasampung bahagi ng lahat. Una, ang kahulugan ng kanyang pangalan ay hari ng katuwiran; ikalawa, siya rin ay hari ng Salem, na ang kahulugan ay hari*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

*ng kapayapaan."* Si Abraham ay nagbayad ng ikapu kay Melquizedek, gayundin si Levi, na nasa balakang pa ni Abraham. Ito ay isang napakahalagang katotohanan na lilinangin ni Apostol Pablo. Pagkatapos ay binigyang pakahulugan niya ang ibig sabihin ng pangalan ni Melquizedek: "una sa pamamagitan ng interpretasyon ay, Hari ng katuwiran." Ang Melquizedek ay nangangahulugang "Hari ng katuwiran." Siya ang malalim na sagisag ng Panginoong Jesu-Cristo dahil siya ay isang matuwid na hari. *"Ikalawa, siya rin ay hari ng Salem, na ang kahulugan ay Hari ng kapayapaan."* Dito ay mayroon tayong dalawang titulo ng Panginoong Jesu-Cristo. Siya ang Isa na naghahari sa katuwiran. Siya ay ang Hari ng Katuriwan. Ang Kanyang setro ay setro ng katuwiran. Si Melquizedek ay hari din ng Salem, o ang Hari ng Kapayapaan. Ang ibig sabihin ng Salem ay "kapayapaan." Si Melquizedek ay hari ng kapayapaan, at tiyak na ang ating Panginoong Jesu-Cristo ay ang Prinsipe ng Kapayapaan. Si Melquizedek ay isang kapansin-pansing sagisag ni Cristo.

**7:3 *"Walang ama, walang ina, walang talaan ng angkan, ni walang pasimula ng mga araw o katapusan ng buhay, subalit ginawang katulad ng Anak ng Diyos, siya ay nananatiling pari magpakailanman."*** Ang ikatlong talata ay medyo mahirap na para sa ilan, ngunit sa katunayan kapag tiningnan natin ito ng mabuti, sa palagay ko ay maiintindihan natin ito. Si Pablo ay nagsasalita tungkol sa isang tao na isang hari at isang saserdote. Gayunpaman ay sinasabi niyang "Walang ama, walang ina." Sa orihinal na Griyego nangangahulugan lamang ito ng "hindi nakikilala ang ama, hindi nakikilala ang ina." Tiyak na si Melquizedek ay may isang ama at isang ina. Ang punto na sinusubukang sabihin ni Pablo ay na si Melquizedek ay hindi isang hari o isang saserdote dahilan sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

isang talaangkanan. Hindi siya isang hari sa bisa ng katotohanan na ang kanyang ama ay isang hari bago siya. Hindi siya saserdote sapagkat ang kanyang ama ay saserdote bago siya.

Sa Lumang Tipan, ang mga hari ng Juda ay naghari dahil sa kanilang talaangkanan. Maaari nilang tuntunin ang kanilang talaangkanan pabalik kay David at kung magkagayon ang kanilang pag-angkin sa trono ay batay sa kanilang karapatan sa pagkapanganay. Gayundin naman, ang saserdote ay kailangang tuntunin ang kanilang talaangkanan pabalik kay Aaron. Samakatuwid, ang kanilang pag-angkin sa pagkasaserdote ay nakabatay sa talaangkanan.

Gayunpaman, ang Bagong Tipan ay lubhang naiiba. Ang Bagong tipan ay hindi nakabatay sa talaangkanan. Kapag pinag-aralan natin ang kasaysayan ng mga panahon ni Melquizedek, makikita natin na ang mga hari ay nauupo sa trono sa pamamagitan ng halalan, hindi sa talaangkanan. Iyon ang dahilan na sinabi ni Pablo na "walang ama, walang ina." Sinasabi ng orihinal na Griyego na ang kanyang ama at ina ay hindi nakikilala. Ang natural na talaangkanan ay hindi nakapasok dito.

Pagkatapos ay sinabi ni Pablo na "walang talaan ng angkan." Nangangahulugan ito na hindi minana ng kanyang mga anak ang trono sa pamamagitan ng karapatan sa pagkapanganay. Ang pagkahari ay natutukoy sa pamamagitan ng halalan. Maaari nating gamitin ang analohiya sa pagitan ng pagkapangulo ng Estados Unidos at ang maharlikang pamilya ng Inglatera. Ang maharlikang pamilya ng Inglatera ay hindi inihahalal sa trono, ngunit ang tagapagmana ay nauupo sa trono sa bisa ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

kanyang talaangkanan. Maaari nilang tuntunin ang kanilang angkan pabalik sa maraming taon. Ang natatanging maharlikang angkan na ito ay tumatagal ng higit sa siyam na raang taon; samantalang sa Estados Unidos ang pinuno ay pinili sa pamamagitan ng halalan, hindi sa talaangkanan. Ang mga anak ng pangulo ay hindi agad-agad na magmamana ng pagkapangulo.

*"Ni walang pasimula ng mga araw o katapusan ng buhay."* Si Melquizedek ay hindi ang paunang nagkatawang-tao na si Cristo gaya ng iminumungkahi ng ilan. Hindi posible para kay Cristo na mauna nang mabuhay bilang tao dito sa lupa. Mangangahulugan iyon na si Cristo ay ipinanganak ng dalawang beses, at namatay ng dalawang beses. Si Melquizedek ay isang tao.

Siya ay literal na nahalal bilang hari ng Jerusalem. Kapag sinasabi ni Pablo ang tungkol kay Melquizedek na siya ay "ni walang pasimula ng mga araw," tinutukoy niya na ang pagkasaserdote o pagkahari ni Melquizedek ay hindi matutuntun pabalik sa kanyang talaangkanan o sa kanyang kapanganakan.

*"O katapusan ng buhay."* Si Apostol Pablo ay gumagawa ng reperensiya sa katotohanan na ang ministeryo ni Melquizedek ay nagpatuloy hanggang sa walang hanggan at hindi natapos sa kamatayan. Si Melquizedek ay ginawang *katulad ng* Anak ng Diyos. Sa madaling salita, siya ay isang natatanging *sagisag* ni Cristo. Siya ay *katulad* ng Anak ng Diyos, ngunit hindi siya ang Anak ng Diyos.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Si Melquizedek ay “nanatiling pari magpakailanman.” Sa Lumang Tipan ay kinakailangang isuko ng mga Aaronita ang kanilang pagkasaserdote sa kamatayan. Ang bukod tanging hindi kasama ay si Finehas, na inatasan ng isang walang hanggang pagkasaserdote dahil gumawa siya ng isang naaangkop na aksyon at pinahinto ang imoralidad sa kongregasyon.

“At nagsalita ang PANGINOON kay Moises, na sinasabi, “Pinawi ni Finehas na anak ni Eleazar, na anak ng paring si Aaron, ang aking galit sa mga anak ni Israel, sa paraang siya'y nanibugho dahil sa aking paninibugho sa kanila, na anupa't hindi ko nilipol ang mga anak ni Israel sa aking paninibugho. Kaya't sabihin mo, narito, ibinibigay ko sa kanya ang aking tipan ng kapayapaan.
At magiging kanya at sa binhing susunod sa kanya ang tipan ng *walang hanggang pagkapari*, sapagkat siya'y mapanibughuin para sa kanyang Diyos at ginawa ang pagtubos para sa mga anak ni Israel” (Bil. 25:10-13).

Pinasok ni Finehas ang mayroon tayo sa panahon ng Bagong Tipan—isang walang hanggang pagkasaserdote. Ito ay isang ministeryo na hindi natatapos sa kamatayan ngunit nagpapatuloy pagkatapos ng kamatayan tungo sa walang hanggan. Hindi lamang tayo tinawag upang maging mga saserdote at mga hari sa buhay na ito, kundi tayo ay tinawag rin na mamuno at maghari bilang mga hari at mga saserdote sa hanggang sa walang hanggan sa harap ng trono ng Diyos. Ito ang ministeryo ni Milquizedek at pagkasasersote.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**7:4 *"Talagang napakadakila ang taong ito! Maging si Abraham na patriyarka ay nagbigay sa kanya ng ikasampung bahagi ng mga samsam."*** Bagaman si Melquizedek ay nabanggit lamang sa dalawa o tatlong talata ng Lumang Tipan, dapat nating isaalang-alang ang kadakilaan ng taong ito. Napakadakila niya na kahit si Abraham ay nagbigay sa kanya ng ikasampu ng lahat ng mayroon siya. Ang Pagkasaserdote na nasa balakang pa ni Abraham ay nagpapasakop kay Melquizedek at nagbabayad ng ikapu sa kanya. Si Melquizedek ay katulad ng Anak ng Diyos.

**7:5-7** *"Ayon sa Kautusan, ang mga pari mula sa angkan ni Levi ay inutusang kumuha ng mga ikapu mula sa mga Israelita— na kanilang mga kapatid—kahit ang mga ito ay mula rin kay Abraham. Si Melquisedec ay hindi kabilang sa lipi ni Levi, ngunit tumanggap siya ng ikasampung bahagi mula kay Abraham at pinagpala niya ang taong ito na pinangakuan ng Diyos. (MBBTAG) Hindi mapapabulaanan na ang nakabababa ay binabasbasan ng nakatataas."*

Inihahambing ni Pablo ang dalawang pagkasaserdote dito—ang Leviticong pagkasaserdote at ang pakasaserdote ayon kay Melquizedek. Ang Leviticong pagkasaserdote ay naglikom ng ikapu mula sa kapwa nila mga Israelita, mga inapo ni Abraham, ngunit si Melquizedek ay naglikom ng ikapu mula kay Abraham mismo, ang ama ng Israelitang bansa. At kahit si Levi na nasa balakang pa lamang ni Abraham, ay nagbabayad ng ikapu kay Melquizedek. Binanggit ito ni Apostol Pablo sa mga talata 9-

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

10. Kung kaya makikita natin ang kadakilaan ng taong ito at ang pagkasaserdote na mas nakahihigit sa Leviticong pagkasaserdote.

*“Hindi mapapabulaanan na ang nakabababa at binasbasan ng nakatataas.”* Nang binasbasan ni Melquizedek si Abraham, ang nakatataas na pagkasaserdote ay pinagpapala ang isang nakabababang pagkasaserdote. Sapagkat tulad ng pagpapala ni Melquizedek kay Abraham, pinagpapala niya si Levi, isang pagkasaserdote na ipanganganak pa lamang.

**7:8 “At dito, ang mga taong may kamatayan ay tumatanggap ng ikasampung bahagi, subalit sa kabilang dako ay ang isa na pinatutunayang nabubuhay.”** Binibigyang-diin ni Pablo na ang mga saserdoteng Levitico ay kailangang isuko ang kanilang pagkasaserdote pagkatapos mamatay, samantalang ang ministeryo ni Melquizedek ay nagpatuloy pagkatapos ng buhay na ito. Si Melquizedek ay nakapasok sa lugar na iyon ng buhay na walang hanggan na makukuha na rin sa panahon ng Bagong Tipan.

**7:9-10** ***“Maaaring sabihin na maging si Levi, na siyang tumatanggap ng mga ikasampung bahagi ay nagbayad ng ikasampung bahagi sa pamamagitan ni Abraham, sapagkat siya'y nasa mga balakang pa ng kanyang ninuno nang siya'y salubungin ni Melquizedek.”*** Ito ay isang katotohanan na binuo ni Apostol Pablo sa Roma 5:12-14. Ipinauunawa sa atin dito ni Pablo na noong nagkasala si Adan, nagkasala rin tayo, sapagkat tayo ay nasa kay Adan nang siya ay nagkasala. Kay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Adan, tayong lahat ay namatay, sapagkat tayo ay nasa kanya at bahagi niya. Ang kaisipang ito ay mahirap para sa mga taga-kanlurang mundo, ngunit sa mga taga-silangang mundo ito ay napakasimple lamang. Samakatuwid, dapat nating isaayos ang ating pag-iisip na tularan ng taga-silangang kaisipan at sa Salita ng Diyos. Madali itong mauunawaan ng mga Hudyo.

Nang si Abraham ay nagbayad ng ikapu, si Levi ay nasa kanyang balakang. Samakatuwid, nang magbayad si Abraham ng mga ikapu, lahat ng kanyang mga inapo na nasa kanyang balakang ay nagbayad din ng ikapu. Nang si Abraham ay nagpasakop kay Melquizedek, si Levi ay nagpasakop din kay Melquizedek. Kung gayon, ang Leviticong pagkasaserdote, sa isang diwa, ay pinagpala ni Melquizedek nang si Abraham ay pinagpala niya.

**7:11** ***"Ngayon, kung may kasakdalan sa pamamagitan ng pagkapari ng mga Levita, (sapagkat batay dito ay tinanggap ng bayan ang kautusan), ano pa ang karagdagang pangangailangan upang lumitaw ang isa pang pari, ayon sa pagkapari ni Melquizedek, sa halip na ayon sa pagkapari ni Aaron?"*** "Ngayon, kung may kasakdalan sa pamamagitan ng pagkapari ng mga Levita." Sinusubukan ni Pablo na magbigay ng punto dito, na ang ating layunin ay kasakdalan. Dapat nating mapagtanto na ang layunin ng Kristiyanismo ay dalhin tayo sa kasakdalan. Nangangatwiran siya na kung ang batas ng Lumang Tipan at ang pagkasaserdote ay nagdala ng kasakdalan, bakit ipinangako ang isa pang tipan at pagkasaserdote. Ang dahilan sa pagbabago ng kaayusan ay simple lang—ang nauna ay hindi nagawa ang mga layunin ng Diyos o nadala ang mga tao sa kasakdalan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Nagpropesiya si Haring David na isa pang pagkasaserdote ang itataas, at ito ay magiging ayon sa kaayusan ni Melquizedek (Awit 110:4). Wala na sanang layunin para kay David na sabihin ang propetikong salita na ito kung ang Leviticong pagkasaserdote ay naging epektibo. Ang pagkasaserdote ng Lumang Tipan ay hindi nagawang dalhin ang bayan ng Diyos sa kasakdalan. Kung kaya, isa pang saserdote ang babangon ayon sa kaayusan ni Melquizedek, na makapagdadala sa bayan ng Diyos sa kasakdalan.

**7:12-14** ***“Sapagkat nang palitan ang pagkapari ay kailangan din namang palitan ang kautusan. Sapagkat ang tinutukoy ng mga bagay na ito ay kabilang sa ibang angkan, na doon ang sinuma'y hindi naglingkod sa dambana. Sapagkat maliwanag na ang ating Panginoon ay nagmula sa Juda at tungkol sa liping iyon ay walang sinabing anuman si Moises tungkol sa mga pari.”*** Sa pagbabago ng pagkasaserdote, na kinakailangan, kailangang magkaroon din ng pagbabago sa dispensasyon. Hindi posible na baguhin ang Leviticong pagkasaserdote nang hindi rin binabago ang lahat ng mga batas. Ang isang bagong pagkasaserdote ay mangangailangan ng mga bagong regulasyon at kailangang pamahalaan sa ibang pamamaraan.

Maliwanag mula sa mga talata 13-14 na ang isang bagong pagkasaserdote ay kasama sa isang bagong tipan. *“Sapagkat ang tinutukoy ng mga bagay na ito ay kabilang sa ibang angkan, na doon ang sinuma'y hindi naglingkod sa dambana. Sapagkat maliwanag na ang ating Panginoon ay*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

*nagmula sa Juda at tungkol sa liping iyon ay walang sinabing anuman si Moises tungkol sa mga pari.”* Ang Panginoon ay nagmula sa lipi ni Juda, hindi sa lipi ni Levi. Ang batas ng Lumang Tipan ay nililimitahan ang pagkasaserdote sa lipi lamang ni Levi. Samakatuwid, ang batas ay kinailangang magbago nang ang bagong pagkasaserdote ay ipinakilala. Ang isang bagong pagkasaserdote ay tiyak na nangangailangan ng isang bagong tipan sa isang bagong dispensasyon.

Sa ilalim ng batas, walang kautusan na inilabas si Moises na pumapayag sa ibang mga lipi na mag ministeryo sa altar. Ang pribilehiyong iyon ay natatanging para lamang sa lipi ni Levi. Kahit ang mga hari ng Juda ay hindi makapunta sa altar para maghandog ng mga hain. Nang si Haring Uzias ay pumasok sa pagkasaserdote, siya ay pinarusahan ng ketong sa buong buhay niya.

**7:15** ***“At ito ay lalo pang naging maliwanag nang lumitaw ang ibang pari, na kagaya ni Melquizedek.”*** Lahat ng propesiya na nilalaman ng Kasulatan ay dapat matupad! Ang propetikong salita mula sa Awit 110:4 ay malinaw na ipinakita na isang bagong kaayusan ng pagkasaserdote ang darating. “Ikaw ay pari magpakailanman ayon sa pagkapari ni Melquizedek.” Napakalinaw din mula sa Genesis kabanata 14 na pinagsama ni Melquizedek ang dalawahang tungkulin ng saserdote at hari. Mula sa dalawang bahagi na iyon ng Kasulatan makikita natin na ang kaayusang Melquizedek ay kailangang muling buhayin.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**7:16** ***"na naging pari, hindi ayon sa itinatakda ng batas na ukol sa laman, kundi ayon sa kapangyarihan ng isang buhay na hindi mapupuksa."*** Si Cristo ay hindi ginawang pinakapunong saserdote dahil sa kanyang pisikal na lipi. Karaniwan, ang tungkuling iyon ay bumababa sa panganay na anak pagkamatay ng ama. Ang propetikong malikhaing salita ni David sa Awit 110:4 ay nakakapagpalakas, isang espirituwal na puwersa na nagdala sa pagiging Melquizedek na pagpakasaserdote, at ang salitang iyon ay walang hanggan. (Heb. 5:6). "Ikaw ay pari magpakailanman ayon sa pagkapari ni Melquizedek." Ang pagkasaserdote ng Bagong Tipan ay isang walang hanggang pagkasaserdote.

**7:17** ***"Sapagkat pinatotohanan, 'Ikaw ay pari magpakailanman, ayon sa pagkapari ni Melquizedek."*** Muli ay tinutukoy ni Pablo ang Awit 110:4. Bagaman ang Awit 110:4 ay isang propetiko sa pagkasaserdote ni Jesus, ang ibang mga talata ng Awit na ito ay nakatuon sa Kanyang pagkahari, na dumadaloy sa mula sa Kanyang posisyon sa Sion. Sinabi ni David sa Awit 110:1-2: "Sinabi ng PANGINOON sa aking panginoon: 'Umupo ka sa aking kanan, hanggang sa aking gawing tuntungan ng iyong paa ang iyong mga kaaway.' Iuunat ng PANGINOON ang setro ng iyong kalakasan mula sa Sion. Mamuno ka sa gitna ng mga kaaway mo!"

Samakatuwid, ang trono ng pamamahala ay nakalagay sa Sion. Ang Sion ay tumutukoy sa pagkamaharlika kasama ang pagkasaserdote—ang ministeryo ni Melquizedek. Ang ministeryo ni Melquizedek ay kinatawan ng kapangyarihan, kasakdalan, at kabanalan. Samakatuwid, ang layunin

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

natin ay pumunta sa Sion. Ito ay isang matibay na tema sa kabuuan ng sulat ni Pablo sa mga Hebreo.

**7:18** ***"Sa kabilang dako, mayroong pagpapawalang-bisa sa naunang utos, sapagkat ito ay mahina at walang pakinabang."*** Sinasabi ni Pablo na ang unang tipan at ang mga Leviticong ordinansa ay pinawalang-bisa at isinantabi dahil ito ay mahina at hindi kapaki-pakinabang. Ang unang tipan ay hindi nakapamunga ng bunga na ninais ng Diyos. Sa talata labing siyam, upang mapalakas ang argumentong ito, sinabi niya:

**7:19** ***"Sapagkat ang kautusan ay walang pinasasakdal, sa gayon ay ipinapakilala ang isang higit na mabuting pag-asa, na sa pamamagitan nito ay lumalapit tayo sa Diyos."*** Dito muli ay ang paksa ng pagiging sakdal. Ang batas sa ganang sarili ay hindi magagawang sakdal ang sinuman. Ipinapakita ni Pablo sa Roma na ang batas ay naghahayag lamang ng kasalanan. Hindi nito binibigyan ang sinuman ng kapangyarihan na magbago. Ang batas ay hindi gumagawa ng anumang bagay na sakdal. "Sa gayon ay ipinapakilala ang isang higit na mabuting pag-asa, na sa pamamagitan nito ay lumalapit tayo sa Diyos." Ito ang susi sa kasakdalan. Ito ang palaging ninanais ng Diyos. Palagi Niyang hinahangad na ang tao ay makarating sa Kanyang presensiya sa isang pinakamalapit na paraan., upang mabago ang kanyang puso sa pamamagitan ng isang ugnayan. Ang Diyos ang palaging gumagawa ng unang hakbang patungo sa tao; sapagkat sa Exodo 25:8 sinabi ng Panginoon, "Igawa nila ako ng isang santuwaryo upang ako'y makapanirahan sa gitna nila."

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ito ang buong layunin ng paglikha—na ang banal na Diyos ay makapanirahan sa kalagitnaan ng Kanyang bayan. Ang isang halimbawa nito ay makikita sa layunin ng pagkakaroon ng isang pamilya.

Ano ang layunin ng pagkakaroon ng mga anak? Ang mga bata ay hindi humihiling na ipanganak. Bakit ang mga magulang ay naghahangad ng mga anak? Ito ay sa dahilang may isang bagay na kulang sa kanilang mga buhay at nais nila ng kasiyahan sa pagkakaroon ng mga anak.
Kahit na sa paglaki ng mga bata at napakalayo ng kanilang tirahan sa kanilang tahanan, ang kanilang mga magulang ay naghahangad pa rin na makasama sila. Sa Araw ng Pagpapasalamat, Kapaskuhan, o sa iba pang mga espesyal na okasyon, ang lahat ng mga anak ay umuuwi dahil ang mga magulang ay ibig na mapalibutan ng kanilang mga anak.

Ang ilang mga tao na hindi magkaroon ng sariling mga anak ay umaampon ng mga bata upang bigyang-kasiyahan ang kanilang pangangailangan. Sa gayon, ang Diyos ay isa ring Ama. Siya ay nasa pinakamataas ng kalangitan, ngunit ang Kanyang mga anak ay naririto sa mundo. Ito ay hindi kasiya-siyang kalagayan, lalo na para isang Diyos ng pag-ibig. Ano ang gusto Niyang gawin? Nais Niyang manirahan kasama ng Kanyang mga anak. Samakatuwid, ang buong layunin ng tabernakulo ay upang tulungan ang mga makasalanang anak na lumapit sa isang banal na Ama.

Ang problema ay ito—bagaman pinahintulutan ng tabernakulo ni Moises na ang Diyos ay manirahan kasama ng Kanyang bayan, kinailangan Niyang malimitahan sa dakong kabanal-banalan. May tabing

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

na naghihiwalay sa Diyos at sa Kanyang bayan dahil sa Kanyang kabanalan. Walang alay na makasasapat upang pahintulutan ang Kanyang mga anak na makarating sa Kanyang presensiya sa isang pinakamalapit na paraan. Ang isa pang Pinakapunong Saserdote ayon kay Melquizedek ang darating at pupunitin ang tabing na ito. Ang Pinakapunong Saserdote na ito ay walang iba kundi ang Panginoong Jesu-Cristo.

Ang lumang tipan (at ang lahat ng mga Leviticong ordinansa nito) ay hindi nagbibigay-kasiyahan para isang banal na Diyos, isang makalangit na Ama, at isang Diyos ng pag-ibig na naghahangad na ipahayag ang pag-ibig na iyon. Hindi matutupad ng lumang tipan kung ano ang nais Niya. Nais ng Diyos na ang Kanyang bayan ay makarating sa Kanya. Dahil dito, nagdala Siya ng "isang higit na mabuting pag-asa" kung saan sa pamamagitan nito ay magagawa nating makalapit sa Diyos. Kung wala ang batas ay hindi natin kailanman maaaring maintindihan o mapahalagahan ang sakripisyo ni Jesus at kung ano ang nagawa Niya sa krus. Hindi sana natin naunawaan kung paano Niya binuksan ang daan patungo sa presensiya ng isang banal na Diyos. Ang ating kaunawaan sa lahat ng mga bagay na ito ay nagmumula sa Sulat ng mga Hebreo, habang binubuksan ni Pablo at ipinaliliwanag sa atin ang mga hiwaga ng Lumang Tipan.

**7:20-21** ***"At iyon ay mayroong panunumpa. Yaong nang una ay naging pari ay nagsimula sa kanilang katungkulan na walang panunumpa, ngunit ang isang ito ay naging pari na may panunumpa, Nanumpa ang Panginoon at hindi siya magbabago ng kanyang isip, 'Ikaw ay pari***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

***magpakailanman.'"*** Si Jesu-Cristo ay ginawang isang saserdote sa pamamagitan ng panunumpa ng Diyos. Sa mga saserdoteng Levita walang panunumpa na ibinigay ang Diyos nang kanilang tinanggap ng pagkasaserdote. Ngunit si Cristo ay naging isang saserdote sa pamamagitan ng isang panunumpa nang ang Kanyang Ama ay nanumpa sa Kanya: "Ikaw ay pari magpakailanman ayon sa pagkapari ni Melquizedek" ang sumpang ito sa katunayan ay isang pangako ng isang bagong pagkasaserdote sa ilalim ng isang bagong tipan. Palaging inuulit-ulit ni Pablo ang Awit 110:4 dahil ito ay isang mahalagang bahagi sa Bagong Tipan. "Ikaw ay pari magpakailanman ayon sa pagkapari ni Melquizedek."

**7:22** ***"Sa gayon [o dahil sa lakas ng panunumpa] si Jesus ay naging tagapanagot [o garantiya] ng isang higit na mabuting [tipan]."*** Sa panunumpa ng Ama na si Cristo ay magiging isang saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melquizedek, tinatakan Niya ang Bagong Tipan. Ang Awit 110:4 sa katunayan ay isang pangako ng bagong tipan.

**7:23-24** ***"Marami sa bilang ang dating mga pari, sapagkat sila'y hinadlangan ng kamatayan upang makapagpatuloy sa panunungkulan. Subalit hawak niya ang pagiging pari magpakailanman, sapagkat siya ay nagpapatuloy magpakailanman."*** Maraming mga saserdote sa Leviticong kaayusan sa Lumang Tipan. Gayunpaman, sa kamatayan sila ay naputol mula sa pagkasaserdote. Hindi na sila mga saserdote kapag sila ay namatay. Ngunit si Cristo ay buhay na buhay, at ang Kanyang ministeryo hindi tumitigil o nagbabago kailanman.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**7:25 *“Dahil dito, siya'y may kakayahang iligtas nang lubos ang mga lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, yamang lagi siyang nabubuhay upang mamagitan para sa kanila.”*** Ito ay isang kahanga-hangang talata. “Siya'y may kakayahang iligtas nang lubos.” Ang pagtubos ni Cristo ay kumpleto. Lubusan Siyang nagkaloob para sa bawat suliranin sa ating buhay, na ngayon ay posible na para sa atin na makarating sa kasakdalang Kristiyano.

Ipinaaalala nito sa atin ang talata sa awit ni Ana nang kanyang sinabi. *“Kanyang ibinabangon ang dukha mula sa alabok, itinataas niya ang nangangailangan mula sa bunton ng abo, upang sila'y paupuing kasama ng mga pinuno, at magmana ng trono ng karangalan”* (1 Sam. 2:8). Nakita ko at ng aking asawa ang mga tao na literal na itinaas mula sa mga burol ng dumi upang ilagay sila sa mga prinsipe, at upang manahin ang trono ng kaluwahatian. Ganyan ang kapangyarihan ng ebanghelyo kapag ang mga lalaki at babae ay lubusang sumuko sa ginagawa nito. Sa Silangang Aprika ang tribong Masai ay naninirahan sa mga bahagi ng Kenya at Tanzania. Dinalaw namin ang ilan sa mga nayon ng Masai kung saan ang yaman ng isang tao ay natutukoy sa taas ng kanyang bundok ng dumi. Ang lahat ng kanilang mga bahay ay gawa sa dumi ng baka, at kung ikaw ang pinarangalang panauhin, ikaw ay dadalhin sa kubo kung saan ay sariwa pa ito para sa iyo. Maaari ko bang sabihin, na ito ay isang nakakaaliw na karanasan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang ilan sa mga iyon na mandirigmang Masai na nakaupo sa mga burol ng dumi ay nagbalik-loob at napuspos ng Banal na Espiritu. Sila ay lubos na nabago at itinaas ng Diyos sa napakataas. Iniisip ko ang isang partikular na lalaki na isa sa aming mga estudyante sa Paaralang Bibliya noong kami ay nagtuturo sa Silangang Aprika. Siya ay ibinangon at pinahiran ng Diyos upang maglingkod sa mga tribo ng Masai sa Kenya sa loob ng ilang panahon. Dahil sa kaloob ng Diyos sa kanya na kapangyarihan at impluwensiya, sampu-sampung libo ang dumating upang pakinggan siyang mangaral. Walang may dumadalo sa mga pampulitikang pagpupulong kapag siya ay nangangaral. Napilitan ang mga pulitiko na itakda ang kanilang mga pagpupulong ayon sa kanyang mga gawain. Sa isang okasyon nang ang presidente ay nagkasakit, ang kapatid na ito ay ipinatong ang kanyang mga kamay sa kanya, at ang presidente ay gumaling.

Kaagad ang mandirigmang Masai na ito ay itinaas ng Diyos mula sa burol ng dumi at nagkaroon siya ng matinding epekto sa kanyang buong bansa. Tiyak na ang Diyos ay may kakayahang magligtas ng lubos. Kaya Niyang itaas ang isang tao mula sa kanal at mapaupo sila kasama ng mga prinsipe sa trono ng kaluwalhatian. Binili ni Cristo ang isang kumpletong kaligtasan. Kaya Niya tayong iligtas mula sa bawat problema na mayroon tayo sa ating espiritu, kaluluwa at katawan (cf. 1 Tes. 5:23). Ang kaligtasan ng Diyos ay isang ganap na kaligtasan. Kaya Niya tayong bigyan ng tagumpay sa bawat kasalanan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

"Yamang lagi siyang nabubuhay upang mamagitan para sa kanila." Ang Panginoong Jesu-Cristo ay palaging nasa harap ng trono, gumagawa ng pamamagitan para sa atin; at dahil sa Kanyang pamamagitan tayo ay maaaring makaranas ng isang napakadakilang kaligtasan. Iyon ang buong layunin ng isang saserdote. Ang isang saserdote sa Lumang Tipan ay isang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, at sa pagitan ng tao at ng Diyos. Ang Israel ay lumalapit sa Diyos sa pamamagitan ng saserdote, ngunit ang ating tagapamagitan ay ang Pinakapunong Saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melquizedek, ang Panginoong Jesu-Cristo Mismo.

**7:26** ***"Sapagkat nararapat na tayo'y magkaroon ng gayong Pinakapunong Pari, banal, walang sala, walang dungis, hiwalay sa mga makasalanan, at ginawang lalong mataas kaysa mga langit."*** Si Jesus ay lubusang iniangkop sa ating mga pangangailangan. Siya ay banal, hindi nakapipinsala, at walang bahid-dungis, at hinahayaan Niya ang Kanyang bayan na makibahagi sa parehong mga katangian na ito. Ibinahagi ni Cristo ang likas na katangian ng kabanalan ng Kanyang Ama, ngunit si Aaron ay banal lamang sa diwa na siya ay itinalaga sa isang tiyak na gawain. Si Cristo ay hindi nakapipinsala. Hindi Niya kayang saktan ang sinuman. Iyon ay isang magandang pagsasalarawan kay Jesus. Si Aaron ay itinuring na inosente dahil lamang sa siya ay nalinis sa kasalanan sa pamamagitan ng ritwal. Mayroong pagkakaiba. Si Cristo ang pinakadiwa ng kawalang-sala, samantalang si Aaron ay inosente lamang sa pamamagitan ng ritwal na paglilinis.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Isinalarawan din ni Pablo si Cristo bilang walang bahid-dungis. Siya ay walang pagkakamali sa moral at espirituwal. Walang kasiraan sa Panginoong Jesu-Cristo. Si Aaron ay walang bahid-dungis lamang dahil sa tinutupad niya ang mga tuntunin laban sa karumihan. Si Cristo ay "hiwalay sa mga makasalanan" sapagkat hindi Siya nagkasala kailanman. Si Aaron ay hiwalay dahil kinailangan niyang sundin ang mahigpit na alituntunin ng Levitico 21:10-15. Dito ay makikita natin ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang punong saserdote. Kay Cristo ay makikita natin ang pinakadiwa ng kabanalan, kawalan ng kapinsalaan, at kawalan ng karumihan. Ang punong saserdote na si Aaron ay nagtataglay lamang ng ganitong mga katangian sa isang mababaw at panlabas na paraan sa pamamagitan ng ritwalismo. Dito ay ang malaking pagkakaiba.

**7:27** ***"Hindi gaya ng ibang mga pinakapunong pari, hindi niya kailangang maghandog ng alay araw-araw, una para sa kanyang sariling mga kasalanan, at saka para sa mga kasalanan ng bayan; ito'y ginawa niyang minsan magpakailanman nang kanyang ihandog ang kanyang sarili."*** Upang matupad ni Aaron ang tungkulin ng punong saserdote, kinailangan niyang maghandog ng mga hain para sa kanyang sariling mga kasalanan. Hindi siya makakalapit sa Panginoon kung wala ang mga alay na iyon. Ang mga Leviticong alay ang nagpapahintulot sa kanya na maging ritwalistikong dalisay. Tunay na napakahalaga nito. Kapag siya ay naghandog ng isang alay, ang hain na iyon ay ginagawa siyang malinis sa seremonya, ngunit hindi siya nito binago. Siya pa rin ang parehong tao sa loob, ngunit dahil sa alay, siya ay ibinilang na malinis. Araw-araw ay kailangan niyang mag-alay ng mga hain—una, para sa sarili niyang mga kasalanan, at pagkatapos ay para sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

mga kasalanan ng mga tao. Ngunit ng walang bahid na Kordero ng Diyos ay gumawa ng katubusan para sa lahat ng mga kasalanan ng sanlibutan nang minsanan at para sa lahat nang inialay Niya ang Kanyang buhay sa krus. Siya lamang ang nag-iisang sakdal na alay.

Sa Lumang Tipan ay mayroong araw-araw na pag-aalaala sa mga kasalanan sapagkat ang paulit-ulit na mga haing hayop ay hindi kailanman makakapagpasakdal sa sinuman. Ngunit si Cristo, sa pamamagitan ng isang hain, ay tuluyang inalis ang ating mga kasalanan.

**7:28** ***"Sapagkat hinihirang ng kautusan bilang mga pinakapunong pari ang mga taong may kahinaan, ngunit ang salita ng panunumpa na dumating na kasunod ng kautusan ay humirang sa Anak na ginawang sakdal magpakailanman."*** Sinabi ng kautusan na ang mga nagmula kay Aaron ay dapat manahin ang katungkulan ng punong saserdote. Gayunpaman, ang pagkasaserdote ni Cristo ay hindi nakabatay sa kautusan. Ito ay nakabatay sa salita ng isang panunumpa na ibinigay sa pamamagitan ni David sa Awit 110:4, halos 500 taon pagkatapos ng kautusan. Ito ang naging pagbibigay-diin ko sa Sulat sa mga Hebreo. Kailangan nating maranasan ang mga bagay na ito.

Hindi lamang natin tinitingnan sa pag-aaral ang pagkakaiba sa pagitan ng Aaroniko at Melquizedek na mga pagkasaserdote; ni pinaghahambing lamang natin ang mga ito para lamang maunawaan ang kataasan ng pagkasaserdote ni Cristo kay Aaron. Bagama't napakahalaga nito, ang sinusubukan kong sabihin ay ito: Kung paanong si Cristo ay hinirang sa pamamagitan ng isang panunumpa upang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

maging isang saserdote magpakailanman, gayundin ang mga kasulatang ito ay dapat mailagay sa sarili nating mga puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ito ang dahilan kung bakit napakahalagang magkaroon ng isang pakikipagtagpo sa Diyos. Mahalagang magkaroon ng personal na mga pangako mula sa Diyos, at magkaroon ng isang kaloob ng Diyos na pagkaunawa sa Kanyang mga layunin sa ating mga buhay.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# *Bahagi 6*

## 8:1-13 – ISANG BAGONG SANTUWARYO AT ISANG BAGONG TIPAN

**8:1** ***“Ngayon, ang pangunahing bagay na aming sinasabi ay ito: Mayroon tayong gayong Pinakapunong Pari na nakaupo sa kanan ng trono ng Kamahalan sa kalangitan.”*** Sinasabi ni Pablo na ang pangunahing punto ng lahat ng nasabi na niya ay ito—ang ating Pinakapunong Saserdote ay nakaupo sa trono ngayon!

Ang Pinakapunong Saserdote na ito ay nasa langit, at Siya ay nakaupo sa kanan ng Kamahalan sa kaitaasan. Sa kanyang Sulat sa Filipos ay sinabi ni Pablo na si Cristo ay nakaupo nang higit na mas

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

mataas kaysa lahat ng pamunuan, kapangyarihan, kapamahalaan, upang sa pangalan ni Jesus ang bawat tuhod ay luluhod (Fil. 2:10, Ef.1:21).

**8:2** ***“Isang ministro sa santuwaryo at sa tunay na tabernakulo na itinayo ng Panginoon, hindi ng tao.”*** Si Jesus ay isang tagapaglingkod ng totoong tabernakulo. Paghahambingin ni Pablo ang templo sa langit sa tabernakulo ni Moises na itinayo ng tao.

**8:3** ***“Sapagkat itinalaga ang bawat pinakapunong pari upang maghandog ng mga kaloob at ng mga alay. Kaya't kailangan din namang siya'y magkaroon ng kanyang ihahandog.”*** Sinasabi ni Apostol Pablo na ang buong layunin ng isang saserdote at ang pagkasaserdote ay upang maghandog ng mga alay. Samakatuwid, kinakailangan na ang taong ito na si Jesu-Cristo na ating Pinakapunong Saserdote ay dapat magkaroon din ng isang bagay na ihahandog.

**8:4-5a** ***“Kaya't kung siya'y nasa lupa, hindi siya maaaring maging pari, sapagkat mayroon nang mga paring naghandog ng mga kaloob ayon sa kautusan. Sila'y naglilingkod sa anyo at anino ng makalangit na santuwaryo.”*** Nang sumulat si Pablo sa mga Hebreo, malinaw na ang templo ay nakatayo pa at ginagamit. Ang mga saserdote sa mga panahong iyon ay naghahandog pa rin ng mga alay ayon sa kautusan, na nagsilbing isang halimbawa at anino lamang ng mga bagay na makalangit. Ang santuwaryo sa lupa ay isang anino o uri ng santuwaryo sa langit. Mahalagang maunawaan ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

salitang “anino.” Ang isang anino ay isang anyo lamang ng isang bagay. Hindi ito ang eksaktong bagay.

*“[Ito ang dahilan kung bakit] Sapagkat si Moises ay binalaan ng Diyos nang malapit na niyang itayo ang tabernakulo, “Tiyakin mo na iyong gagawin ang lahat ng mga bagay ayon sa huwarang ipinakita sa iyo sa bundok.”* Dahil ang Tabernakulo sa lupa ay isang anino ng makalangit na tabernakulo, si Moises ay binalaan na sundin ang bawat sukat ayon sa ipinakita ng Diyos sa kanya habang siya ay nasa Bundok ng Sinai. Si Moises ay binigyan ng huwaran para sa mga makalangit na bagay habang siya ay nasa bundok ng apatnapung araw at apatnapung gabi. Samakatuwid, ang tabernakulo at ang kasangkapan na kanyang itinayo ay sumasalamin sa mga makalangit na katotohanan.

Nais kong lumihis sandali at tingnan ng maiigi ang pariralang ito— “Tiyakin mo na iyong gagawin ang lahat ng mga bagay ayon sa huwarang ipinakita sa iyo sa bundok.” Kapag tayo ay tinawag na gumawa ng isang bagay sa ministeryo, hindi natin maaaring subukan na gayahin ang iba. Ang Diyos ay may espesyal at natatanging huwaran para sa sarili nating mga buhay na naiiba sa iba. Hinihingi sa atin na gawin ang lahat ng bagay sang-ayon sa huwaran na nais ng Diyos na gawin natin. Kung kaya, tayo ay obligado na hanapin ang Diyos upang eksaktong malaman kung paano Niya ninanais na isagawa natin ang ating pagkatawag. Nakita ko ang ilang mga tinawag na maging pastor na sumusubok maging mga ebanghelista. Ito ay hindi gumana. Nakakita rin ako ng mga ebanghelista na sumubok maging mga pastor at hindi rin iyon gumana. Sa totoo lang, ang pangunahing tema ng isang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ebanghelista ay ang kaligtasan, at nakikita niya ang mensahe ng kaligtasan sa bawat solong pahina ng Kasulatan.

Ang isang iglesiya ay hindi maaaring mabuhay sa isang pagkain ng kaligtasan nang matagal. Dapat nating maunawaan kung anong mayroon ang Diyos para sa bawat mga buhay natin. Tayo ay dapat magtanong, "Panginoon, mangyari po na ipakita Mo sa akin ang huwaran para sa gawain na itinawag Mo upang gawin ko." Kami ng aking asawa ay nagkaroon ng pribilehiyo na makatulong sa pagtatag ng ilang mga paaralang Bibliya sa lumipas na mga taon. Nalaman namin na ang Diyos ay may magkaibang programa at kurikulum na naisip para sa bawat paaralan. Kung kaya, hindi namin sinubukan na gayahin kung ano ang aming ginawa sa ibang lugar. Sa halip ay sinikap naming matupad ang pangitain na mayroon ang Diyos para sa bawat partikular na dako.

**8:6** ***"Subalit ngayo'y nagtamo si Cristo ng ministeryong higit na marangal, yamang siya'y tagapamagitan sa isang higit na mabuting tipan na pinagtibay sa higit na mabubuting pangako."*** Hindi lamang na ang ministeryo ni Cristo ay mas nakahihigit kaysa sa ministeryo ng mga Levita, Siya din ang tagapamagitan ng isang bagong tipan na mas nakahihigit sa luma. Ang bagong tipan ay itinatag sa mabubuting pangako. Ito ay isang bagay na kailangan nating tandaan, dahil maraming mga tao ang sumusubok bumalik sa ilalim ng kautusan ng lumang tipan sa kanilang paghahanap ng kabanalan. Subalit ang mga mahal na banal sa Lumang Tipan ay sumusunod sa isang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

tipan na kailanman ay hindi sila magagawang sakdal. Ang bagong tipan ay itinatag sa mabubuting pangako.

**8:7** ***"Sapagkat kung ang unang tipang iyon ay walang kapintasan, hindi na sana kailangang humanap pa ng pangalawa."*** Kung nagawa ng unang tipan na tapusin kung ano ang nais ng Diyos at gawing banal ang mga tao, wala na sanang kailangang anupaman para sa isang pangalawang tipan. Bakit, kung gayon, itinatag ng Diyos ang unang tipan? Ang isang nauna ay upang ilarawan ang pangalawa. Hindi natin mauunawaan ang lahat ng mga sakripisyo ni Cristo at kung ano ang nagawa ni Cristo sa krus malibang mayroon tayo ng lumang tipan. Gayundin, isiniwalat ng kautusan ng lumang tipan ang kasalanan. Inihayag nito ang ating pagiging di-makadiyos at ang ating karnalidad. Ipinakita sa atin ng kautusan na ang ating pagsubok na maging banal sa pamamagitan ng mga dapat at hindi dapat ay isang imposibleng gawain. Ang kabanalan ay posible lamang sa pamamagitan ng biyaya at kapangyarihan ng Diyos.

**8:8** ***"Sapagkat nang makakita ang Diyos ng kapintasan sa kanila, ay sinabi niya, Ang mga araw ay tiyak na darating, sabi ng Panginoon, na ako'y gagawa ng isang bagong tipan sa sambahayan ni Israel at sa sambahayan ni Juda."*** Nakasumpong ang Diyos ng pagkakamali sa Kanyang bayan, binabanggit ang kahinaan ng lumang tipan. Hindi nagawa ng lumang tipan kung ano ang nais Niya. Sa katunayan, ito ang sinasabi ng Diyos tungkol sa unang tipan. Hindi nito mabago ang kanilang mga puso at gawin silang banal. Kaya nga, kahit na ang lumang tipan ay may bisa, inihayag

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ng Diyos sa sambahayan ng Israel at Juda ang pagdating ng isang bagong tipan. Inihayag ito sa Jeremias 31:31-34.

**8:9** ***"Hindi ayon sa tipang aking ginawa sa kanilang mga ninuno, nang araw na hawakan ko sila sa kamay, upang sila'y ihatid papalabas sa lupain ng Ehipto, sapagkat sila'y hindi nagpatuloy sa aking tipan, kaya't ako'y hindi nagmalasakit sa kanila, sabi ng Panginoon."*** Parehong ipinahayag ni Jeremias at Ezekiel na ang Diyos ay gagawa ng isang bagong tipan sa Israel (Jer. 31:31-34, Ezek. 36:25-27). Ang bagong tipan na ito ay hindi magiging katulad ng tipan na Kanyang ginawa noong inilabas Niya sila mula sa Ehipto sa Exodo. Hindi nila nagawang magpatuloy sa tipan na iyon dahil sa kahinaan ng laman. Magbibigay ang Diyos ng isang bagong tipan na maaaring magdala ng pagtubos sa kanilang mga puso at isipan.

**8:10** ***"Ito ang tipang aking gagawin sa sambahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi ng Panginoon: ilalagay ko ang aking mga kautusan sa kanilang pag-iisip, at isusulat ko ang mga iyon sa kanilang mga puso, at ako'y magiging Diyos nila, at sila'y magiging bayan ko."*** Ito ang bagong tipan. Kailangan nating maging malinaw tungkol sa layunin ng bagong tipan. Ang Panginoon ay nangako, "ilalagay ko ang aking mga kautusan sa kanilang pag-iisip, at isusulat ko ang mga iyon sa kanilang mga puso at ako'y magiging Diyos nila, at sila'y magiging bayan ko" Ano ang bagong tipan? Ang bagong tipan ay isang karanasan sa Diyos kung saan ang Kanyang mga kautusan ay nakasulat sa laman ng ating puso. Ang mga kautusan ng Diyos ay dapat nasa mga puso natin (sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ating mga pagmamahal at mga motibo) at sa ating mga isipan (ating mga saloobin at pagbubulaybulay) ito ang gawain ng Espiritu ng Diyos na ipinagkaloob sa pamamagitan ng bagong tipan.

Habang nakatuon sa mga kaluwalhatian ng bagong tipan, ang ating pansin ay dapat ding maibaling sandali sa tabernakulo ni Moises, sapagkat ang mga ito ay napakamasalimuot na magkaugnay. Ang tabernakulo ni Moises ay binubuo ng isang panlabas na looban na may isang tolda sa gitna. Ang toldang ito ay nahahati sa dalawang bahagi sa pamamagitan ng isang tabing. Ang unang bahagi ay tinawag na dakong banal. Ang ikalawang bahagi ng tolda ay tinawag na *Dakong Kabanal-banalan.*

Ang naroroon sa loob ng Dakong Kabanal-banalan ay ang kaban ng tipan na naglalaman ng sampung utos. Ang sampung utos na hinahangad ng Diyos na isulat sa laman ng ating puso ay nakatago sa Dakong Kabanal-banalan. Upang ang kaganapan ng bagong tipan ay mangyari sa ating pagkatao at maisulat ang mga kautusan ng Diyos sa laman ng ating puso, kailangan nating pumasok sa loob ng tabing sa Dakong Kabanal-banalan.

Kung wala ang lumang tipan hindi natin mauunawaan ang alinman sa mga bagay na ito, ni ating mauunawaan ang mga kwalipikasyon para sa pagpasok sa buong katubusan at kasakdalan. Tinukoy ni Apostol Pablo ang lumang tipan bilang isang tagapagturo o dalubhasang guro (Gal. 3:23-25). Ang lumang tipan ay katulad ng isang dalubhasang guro na nagsasanay sa mga bata hanggang sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

matutunan nila ng husto ang kanilang mga aralin at nakahanda nang magtapos. Ang layunin ng Lumang Tipan ay upang ituro sa sangkatauhan ang mga pangunahing kaalaman ng pagtubos, ipakita sa kanila ang kanilang pangangailangan, at pagkatapos ay dalhin sila kay Cristo at sa Bagong Tipan. Tinutulungan tayo ng Lumang Tipan na maunawaan ang Bagong Tipan. Hindi natin maiintindihan ang Bagong Tipan kung wala ang Lumang Tipan. Ito ang kagandahan ng Hebreo. Ito ang dahilan kung bakit ang Hebreo ay minamahal ng milyun-milyong mga anak ng Diyos sa buong kasaysayan ng panahon. Ipinapakita sa atin ng Hebreo ang daan patungo sa nahahayag na presensiya ng Diyos na pinakahahangad nating lahat.

**8:11** ***"At hindi magtuturo ang bawat isa sa kanila sa kanyang kababayan, o magsasabi ang bawat isa sa kanyang kapatid, 'Kilalanin mo ang Panginoon,' sapagkat ako'y makikilala nilang lahat, mula sa pinakahamak hanggang sa pinakadakila sa kanila."*** Ang pangakong ito ay magaganap sa bansa ng Israel sa panahon ng Milenyo. Sa Iglesiya ay maaari itong maging ganap na makatotohanan dahil tayo ay mayroong pagpapahid na nananatili at nagtuturo sa atin (tingnan sa 1 Juan 2:27). Ang talatang ito ay nagiging makatotohanan sa panahon ng *revival*. "Tungkol sa inyo, ang pagpapahid na inyong tinanggap ay nananatili sa inyo, kaya't hindi na ninyo kailangan pang kayo'y turuan ng sinuman. Ngunit kayo'y tinuturuan ng kanyang pagpapahid tungkol sa lahat ng mga bagay, at ito'y totoo at hindi kasinungalingan, kung paanong kayo'y tinuruan nito, ay gayon kayo manatili sa kanya."

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Napakamahalagang maunawaan ang Salita ng Diyos. Ang ating pagkaunawa sa Diyos ay nakabatay sa ating kakayahan na maunawaan ang Kanyang Salita. May ilang mga tao akong kilala na hindi makapagbasa o makasulat hanggang sa sila ay napagbagong-loob. Gayunpaman, ay mahimalang binigyan sila ng Diyos ng kakayahang magbasa noong sila ay mga nasa walumpung taong gulang. Ang kapansin-pansing bagay ay tanging Salita ng Diyos lamang ang kaya nilang basahin. Hindi nila kayang basahin ang pahayagan o anupaman. Ang isa pang ginang na nakilala ko ay nabuksan sa kanya ang mga Kasulatan sa isang nakamamanghang paraan sa pamamagitan ng mga pangitain. Siya rin, ay hindi nakakapagbasa hanggang sa huling bahagi na ng buhay. Binibigyan tayo ng Diyos na kakayahan na magbasa at malaman ang Kanyang Salita. Tayo ay may pinakamahusay na Tagapagturo sa lahat ng panahon—ang Banal na Espiritu. Sa pamamagitan ng pagpapahid at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pinagpalang Banal na Espiritu, tayo ay binigyan ng kakayahan upang maunawaan ang Kanyang Salita. Binibigyan ng Diyos ang Kanyang bayan ng kakayahan na makilala Siya, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakadakila.

**8:12** ***“Sapagkat ako'y magiging mahabagin sa kanilang mga kasamaan, at ang kanilang mga kasalanan ay hindi ko na aalalahanin pa.”*** Ang awa ng Diyos ay nahayag din sa tabernakulo. Ang luklukan ng awa ay isang pilas ng ginto na nakatakip sa kaban ng tipan at sa mga tapyas na bato. Ito ay nagpapakita na ang awa ng Diyos ay nagtatakip sa Kanyang kautusan at nakahihigit sa Kanyang kautusan. Magkagayunman, upang makakuha ng awa, kailangan nating kilalanin na nilabag natin ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Kanyang kautusan. Dapat nating ipahayag sa Panginoon: “Nagkasala po ako at nilabag ang Iyong kautusan. O Panginoon, maging maawain po Kayo sa akin.”

Dapat ay mayroong pagpapahayag na tayo ay nagkasala, bago Niya ibibigay ang Kanyang awa sa atin. Sinasabi sa Kawikaan 16:6 “Sa pamamagitan ng katapatan at katotohanan ay napagbabayaran ang kalikuan, at sa pamamagitan ng takot sa PANGINOON, ay umiiwas ang tao sa kasamaan.” Dapat tayong maging maingat kapag binabanggit natin ang paksa ng awa. Hindi natin dapat kalimutan na nasa Diyos lamang ang tanging karapatan na magpakita ng awa at biyaya. Hindi dapat na abusuhin natin ang kabutihan ng Diyos. Nagpapakita Siya ng awa sa mga may takot sa Kanya (Aw. 103:11). Ang Diyos ay hindi nagpapakita ng biyaya sa hindi nagsisisi. Kailangan nating aminin na nilabag natin ang Kanyang kautusan bago natin matatanggap ang awa.

**8:13** ***“Sa pagsasalita tungkol sa “bagong tipan,” ginawa niyang lipas na ang una. At ang ginawang lipas na at tumatanda ay malapit nang maglaho.”*** Ang unang tipan ay dapat tawaging lumang tipan sapagkat ang ikalawang tipan ay tinawag na bagong tipan. Isinalarawan ni Pablo ang lumang tipan bilang nabubulok at nakahanda nang maglaho. Ang pahayag na iyon ni Pablo ay tunay na propetiko sa ilang mga kadahilanan. Ang sulat na ito sa mga Hebreo ay isinulat sa mga unang bahagi ng A.D 60. Ang templo ng mga Judio ay sinira ng mga Romano noong A.D. 70. Ang Leviticong kautusan at ang lahat ng mga pag-aalay at mga ordenansa ay tumigil pagkatapos ng panahong iyon.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Mula noon ay wala ng templo o muling pagsisimula ng mga pag-aalay. Tumanda na sila at lumipas na. Sila ay mga anino lamang ng mas magagandang bagay na darating.

Salamat sa Diyos na tayo ay nabubuhay sa mga araw ng bagong tipan na tayo ay may isang Pinakapunong Saserdote na nabubuhay magpakailanman at may kakayahang iligtas tayo ng lubusan. Ang tabing na minsan ng naghiwalay sa atin sa mula sa kaibig-ibig na mukha ng ating Ama ay inalis ng Kapitan ng ating kaligtasan.

Posible na ngayon na pumasok sa Dakong Kabanal-banalan at hayaan na ang kautusan ng Diyos ay maisulat sa laman ng ating puso. Ang bagong paglapit sa Diyos ay pinangyari upang mula sa bagong ugnayan na ito ng pag-ibig, ay magagawa nating sumunod sa Kanya mula sa ating puso.

Ang pangako ng Diyos sa pamamagitan ni Ezekiel na “palalakarin Niya tayo ayon sa Kanyang mga tuntunin” ay maaaring maging totoo sa atin. O anong ganda at anong tagumpay ang buhay ng Bagong Tipan! Ito ay itinatag sapagkat ang lumang tipan kailanman ay hindi makapagdadala sa atin sa kasakdalan. Ang makarating sa kasakdalan at makalakad sa Kanyang mga kautusan ang siyang dapat na maging hangarin natin.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# *Bahagi 7*

## 9:1-28 – ANG DUGO NI CRISTO— HIGIT SA DUGO NG MGA HAYOP

**9:1-3** ***"Ngayon, maging ang unang tipan ay nagkaroon ng mga alituntunin sa pagsamba at ng isang panlupang santuwaryo. Sapagkat inihanda ang unang tabernakulo na kinaroroonan ng ilawan, dulang, at ng mga tinapay na handog; ito ay tinatawag na Dakong Banal. Sa likod ng ikalawang tabing ay ang tabernakulo na tinatawag na Dakong Kabanal-banalan.***

Sa Hebreo kabanata 9, tayo ay muling dinala pabalik sa tabernakulo ni Moises. Ang tabernakulo na ito, gaya nang nakita na natin, ay ginawa ayon sa makalangit na huwaran. Ito ay isa sa pitong mga tahanang dako ng Diyos sa Kasulatan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang mga pitong tahanang dako na ito ay:

1. Tabernakulo ni Moises
2. Tabernakulo ni David
3. Templo ni Solomon
4. Templo ng Pagpapanumbalik
5. Templo ni Herodes
6. Ang Iglesiya - gawa sa mga buhay na bato
7. Ang Templo ni Ezekiel – sa Milenyo

Si Pablo ay nakatuon ngayon sa tabernakulo ni Moises. Dahil ang tabernakulo ay isang huwaran ng makalangit na mga bagay, magiging kapaki-pakinabang na isaalang-alang ang kasangkapan ng tabernakulo at ang mga espirituwal na kahulugan nito.

### *Kasangkapan sa Panlabas na Dako*

Ibig kong ulitin na ang tabernakulo ni Moises ay napapalibutan ng isang panlabas na dako na may bakod na gawa sa lino. Ito ay 50 siko ang luwang, 100 siko ang haba, at 5 siko ang taas. Pagpasok mo sa tarangkahan ng panlabas na dako, ang unang bagay na pupuntahan mo ay *ang altar ng handog na susunugin* kung saan ang mga hayop ay inialay.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***Ang Altar ng Handog na Susunugin:*** Ang altar na ito ay kilala rin bilang *ang dambanang tanso.* Ito ay isang dako kung saan ang dugo ay natigis upang makamit ang pagpapatawad at pagtanggap ng Diyos. Kinakatawan ng altar na ito ang ating karanasan sa kaligtasan. Ang dugo ang unang bagay na ipinakilala sa atin noong tayo ay naligtas. Sa apat na sulok ng altar ay ang mga sungay. Ang mga sungay ay simbolo ng kalakasan at kapangyarihan. Halimbawa, ang mga sungay ang lakas ng isang toro. Sinasabi ni Habakuk tungkol kay Cristo: "May mga sinag na nagliliwanag mula sa kanyang mga kamay, ay doo'y ikinubli niya ang kanyang kapangyarihan" (Hab. 3:4). Ang mga sungay na ito sa altar ay kumakatawan sa matitinding kapangyarihan na darating kasama ang bautismo sa Banal na Espiritu, na isang karanasan sa panlabas na dako. Sinabi ni Cristo sa Gawa 1:8 na tatanggap tayo ng kapangyarihan pagbaba sa atin ng Espiritu Santo. Bilang buod, ang altar na ito sa panlabas na dako ay kumakatawan sa dalawang bagay—ang ating kaligtasan sa pamamagitan ng pagbubo ng dugo at ang kapangyarihan na ating tinanggap sa bautismo ng Banal na Espiritu.

***Ang Hugasang Tanso:*** Sa likod ng tansong altar na may apat na sungay ay *isang hugasang tanso* na puno ng tubig. Ang hugasan ay nakatayo sa harap ng pasukan ng dakong banal, ngunit ito ay nasa panlabas na dako. Bagama't ang hugasan ng tubig ay kumakatawan sa bautismo sa tubig, ito rin ay maaaring tumukoy sa paghuhugas ng tubig sa pamamagitan ng Salita ng Diyos (Ef. 5:26-27). Ang hugasang tanso na ito ay ginawa mula sa salamin ng mga kababaihan (Ex. 38:8). Kapag ang isang Israelita ay tumingin sa hugasan, makikita niya ang kanyang sarili. Maghuhugas na siya pagkatapos.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ganito ang kapangyarihan ng Salita ng Diyos. Ito ay katulad ng isang salamin. Maaari tayong tumingin dito at makikita kung anong uri tayo ng tao, at may kapangyarihan ito na linisin tayo ng ganap (San. 1:23-24). Ang lahat ng mga piraso na ito ng kasangkapan ay nasa panlabas na dako at kumakatawan ng mga karanasan sa panlabas na dako.

### *Kasangkapan sa Dakong Banal*

Pupunta na tayo ngayon sa tabernakulo mismo, na kung saan sa katunayan ay isang tolda na nahati sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay tinatawag na *ang santuwaryo* o dakong banal. Ang ikalawang bahagi ay ang dakong kanal-banalan kung saan ang maluwalhating kaban ng tipan ay nananatili. Sa loob ng dakong banal ay ang tatlong mahahalagang artikulo ng kasangkapan—ang ilawan, ang hapag para sa tinapay, at ang altar ng insenso. Kasama kayo, nais kong tingnan nang mabilis ang mga kasangkapan sa dakong banal.

***Ang Ilawan:*** Pagpasok sa dakong banal, ang nakatayo sa kaliwang bahagi ay ang ilawan, na gawa sa purong ginto. Ang ginto ay nangungusap ng pagka-diyos. Ito ay may pitong ilawan, kinakatawan ang pitong espiritu ng Panginoon na nakatala para sa atin sa Isaias 11:2. Sinasabi ng Isaias 11:2 "At ang Espiritu ng PANGINOON ay sasakanya [tumutukoy kay Cristo]." Ang espiritu ng Panginoon ay kinakatawan ng sentrong ilawan. Sa ibaba nito ay ang anim na mga sanga, tatlo sa magkabilaan ng gitnang katawan ng poste. Ang espiritu ng Panginoon, ayon sa Isaias 61:1, ay ang pagpapahid upang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

mangaral. At pagkatapos sa kanang bahagi ay ang espiritu ng karunungan at sa kaliwang bahagi ang espiritu ng pang-unawa. Ang mga ito ay sinundan ng espiritu ng mabuting payo, at espiritu ng kalakasan. Panghuli, sa ilalim ay ang espiritu ng kaalaman at ang espiritu ng takot sa Panginoon. Ang pitong espiritu na ito ay inihahambing sa pitong kulay ng bahaghari na nakita nina Ezekiel at Apostol Juan sa trono (Ezek.1:28; Pah. 4:3-5).

Ang ilawan ay kumakatawan sa pitong magkaibang pagpapahid na maaaring dumating sa atin. Kapag tayo ay tinawag upang mangaral, kailangang tayo ay mapahiran ng *espiritu ng Panginoon.* Ayon sa antas ng ating karanasan, mararamdaman natin ang pagpapahid ng Banal na Espiritu na lumulukob sa atin at nagpapalakas sa atin habang tayo ay nangangaral. Bagama't mabuti na may naisusulat tayo sa bawat pagkakataon, gayunpaman ang espiritu ng Panginoon ang kinakailangang puwersa na nagpapalakas sa atin kapag tayo ay naghahayag ng mensahe ng Diyos.

*Ang espiritu ng karunungan* ay isa sa pitong espiritu ng Diyos. Ito ay binanggit ni Apostol Pablo sa Efeso 1:17. Ang iglesiya ng Efeso ay karismatiko o Pentecostal. Tinanggap nila ang bautismo ng Banal na Espiritu. Ngunit sa Efeso 1:17, si Pablo ay nanalangin na ang mga mananampalatayang ito ay makatanggap ng espiritu ng karunungan at kapahayagan upang makilala si Cristo sa isang pinakamalapit na paraan. Ang pitong espiritu na ito ay mga paglukob na dumarating sa atin. Ang bautismo ng Banal na Espiritu ay nasa sa atin.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Kanino ibinibigay ng Diyos ang karunungan? Sinasabi sa atin sa Daniel 2:21 na ang Diyos ay nagbibigay ng karunungan sa marunong. Sa Marcos 4:25 makikita natin ang parehong prinsipyo na ipinahayag ng Panginoong Jesu-Cristo. “Sapagkat ang mayroon ay lalo pang bibigyan.” May isang lumang kasabihan na nagsasabi, “Ang mayroon ay ang makakakuha.” Ano ang ibig sabihin nito para atin sa espirituwal? Nangangahulugan ito na habang inilalaan natin ang ating puso na hanapin ang Diyos para sa karunungan, madalas na magbulay sa Salita ng Diyos, at dumaing sa Kanya ng karunungan gaya ng itinuro ni David kay Solomon, sisimulan ng Diyos na itatag tayo sa landas ng karunungan (Kaw. 2:1-7; 4:3-9). Gagabayan Niya tayo na gumawa ng tamang mga pagpipili sa bawat sitwasyon.

Hindi lamang tayo bibigyan ng Panginoon ng “karunungan sa panloob na mga bahagi” gaya ng inilarawan ni David sa Awit 51:6, kundi papahiran Niya rin tayo ng espiritu ng karunungan upang kapag ang mga tao ay lumalapit sa atin sa kanilang mga problema, tayo ay bibigyan ng Diyos ng mga banal na kasagutan sa pamamagitan ng espiritu ng karunungan.

Ang prinsipyong ito ay pareho rin sa espiritu ng pang-unawa. Habang humahanap tayo sa Diyos para sa isang pusong maunawain, tayo ay sinisimulan Niyang bigkisin sa espiritu ng pang-unawa. Ang pang-unawa ay naiiba mula sa kaalaman at karunungan. Ang kaalaman ay isang pagtitipon ng mga impormasyon at katotohanan. Ang karunungan ay ang kakayahang gamitin ang kaalaman ng tama, at nagiging sanhi ito para sa isang tao na gumawa ng tamang mga pagpapasya. Gayunpaman, ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pang-unawa ay isang pananaw upang malaman kung bakit ang isang tao ay gumagawa ng isang desisyon ang kung bakit niya ginawa ang isang bagay. Ang pang-unawa ay tumutulong din sa atin na maunawaan ang pamamaraan ng Diyos.

*Ang espiritu ng mabuting payo* ay ang pagpapahid na ibinigay sa mga may ministeryo sa pagpapayo. Ang Panginoong Jesu-Cristo Mismo ay tinawag na *Tagapagpayo* sa Isaias 9:6. May mga ministeryo ng pagpapayo sa katawan ni Cristo ngayon. Kung inilalagay tayo ng Diyos sa posisyon ng tagapayo, dumaing tayo sa Kanya ng espiritu ng mabuting payo upang maipakita sa iba kung ano ang dapat nilang gawain sa mga partikular nilang kalagayan. Bawat sitwasyon ay naiiba, kaya hindi tayo dapat manangan sa mga nakaraang karanasan, o payuhan ang mga tao sa pamamagitan ng mga prinsipyo lamang. Gayundin, ang pagpapayo ay dapat manatili sa loob ng mga hangganan ng Salita ng Diyos.

Ang Banal na Espiritu at ang Salita ng Diyos ay palaging nasa tamang kasunduan. Hindi tayo dapat magbigay ng payo na taliwas sa nakasulat sa Salita ng Diyos. Naangkop din ito sa lahat ng larangan ng pagpapayo, kasama na ang pag-aasawa. Hindi tayo maaaring magpayo sa isang tao na hiwalay sa asawa, na ang kasalukuyang asawa ay nabubuhay pa, na mag-asawa ng iba. Ito ay magiging taliwas sa mga itinuturo ng bagong tipan. Habang tayo ay binibigyan ng Diyos ng ministeryo ng isang tagapayo, humingi tayo sa Kanya ng espiritu ng mabuting payo.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ang pagpapahid na iyon ay magbibigay sa atin ng kakayahan na sabihin sa mga tao kung ano ang gustong sabihin ng Diyos sa kanila sa anumang ibinigay na pagkakataon. Ang payo na ibinibigay ng Diyos ay minsan hindi umaayon sa ating mga natural na pakiramdam. Samakatuwid, kailangang isantabi natin ang ating mga nararamdaman at pahintulutan ang Diyos na magsalita sa pamamagitan natin kung ano ang alam Niyang pinakamabuti.

*Ang espiritu ng kalakasan ay* isa pa sa pitong espiritu ng Diyos. Ang kalakasan ay isang pambihirang lakas! Kailangan nating mabuhay sa kalakasan ng Diyos. Ang espiritu ng kalakasan ay ipinakita sa mga pambihirang paraan—gaya nito, halimbawa, sa buhay ni Samson. Kinuha ni samson ang tarangkahan ng lungsod at tumakbo dala ang mga ito ng dalawampung milya hanggang sa burol ng Hebron. Ang espiritu ng kalakasan ay nahayag sa buhay ni Elias nang siya ay tumakbo sa unahan ng karwahe ni Ahab. Binaliktad ng Panginoong Jesu-Cristo ang lahat ng mga lamesa ng mga nagpapautang ng pera at pinalayas sila palabas ng templo nang ang espiritu ng kalakasan ay dumating sa Kanya. Upang ihiwalay ang mga Judio mula sa kanilang kaperahan kinailangan ang matinding espiritu ng kalakasan.

*Ang espiritu ng kaalaman* ay maaaring isalarawan sa sinabi ni Jesus kay Nathanael: “Narito ang isang tunay na Israelita na sa Kanya’y walang pandaraya.” Tumugon si Nathaniel, “Paano mo ako nakilala?” Si Jesus ay sumagot, “Nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng igos ay nakita kita” (Juan 1:47-50). Nagawang tingnan ni Jesus si Nathaniel at malaman ang lahat tungkol sa kanya. Ito ay isang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

kamangha-manghang paghahayag ng espiritu ng kaalaman. Tayo ay kayang bigyan ng espiritu ng kaalaman ng kakayahan na malaman ang nakaraan, kasalukuyan at hinaharap.

Ang *espiritu ng pagkatakot sa Panginoon* ay isang pagpapahid na nagdadala ng kombiksyon at *revival*. Sa aklat ng Gawa, nagkaroon ng matinding kombiksyon dahil ang espiritu ng pagkatakot sa Panginoon ay bumagsak sa mga tao. Ang pagkatakot sa Panginoon ay nahayag din sa iba't ibang mga dako sa Kasulatan. Kailangan nating magkaroon ng pagpapahid na iyon sapagkat nagdudulot ito ng kabanalan, at pinipigilan tayo nitong maligaw mula sa landas ng Diyos. Hindi lamang natin mararamdaman ang pagpapahid kapag nais ng Diyos na ihayag ang Kanyang Sarili, mayroon din tayo, ng gaya nito, ang ilawan sa loob ng ating puso. May kamalayan tayo sa presensiya ng ilawan sa sarili nating pagkatao.

Nais kong bigyang-diin ang isang mahalagang punto dito. Ang isang tao ay maaaring pinahiran ng Diyos ngunit posibleng maging napakasama at makasalanan.

Dapat nating mapagtanto na kayang pahiran ng Diyos ang sinuman. Maraming mga tagpaglingkod ang mga pinahiran, ngunit hindi matawag na banal o kahit man lang matuwid. Tiyak nabibilang si Samson sa kategoryang iyon. Si Samson ay hindi namuhay ng isang malinis, matuwid na buhay, subalit siya ay pinahiran ng Diyos. Hangga't siya ay nakahiwalay para sa Diyos sa pamamagitan ng isang panata ng Nazareno, pinanatili ng Diyos sa kanya ang pagpapahid. Pinahalagahan ng Diyos ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Nazarenong ritwal. Sa ilalim ng panatang ito, hindi ginupitan ni Samson ang kanyang buhok. Gayunpaman, sa pagkaalis mismo ng ritwalistikong simbolo na ito, nawala niya ang kanyang kapangyarihan at pagpapahid. Kaya nga, manalangin tayo hindi lamang upang magamit ng Diyos, kundi maging kalugod-lugod sa Diyos, at mapanatili ang Kanyang mapagmahal na pabor.

***Ang Hapag ng Tinapay:*** Ang hapag ng tinapay ang susunod na piraso ng kasangkapan. Ito ay nasa kanang bahagi ng dakong banal (o santuwaryo), sa tapat ng ilawan. May tinapay na nakalagay sa hapag, kung saan ay tumutukoy kay Cristo, na siyang Tinapay ng Buhay. Sinabi ni Jesus, "Malibang inyong kainin ang laman ng Anak ng Tao… wala kayong buhay sa inyong sarili" (tingnan sa Jn. 6:48-58). Sa huling hapunan ay kumuha Siya ng tinapay at ibinigay sa Kanyang mga alagad na sinasabi, "Kunin ninyo ito at kainin: ito'y aking katawan na pinagputul-putol para sa inyo" (tingnan sa Mc. 14:22, 1 Cor.11:24). Sa dakong banal sa hapag ng tinapay ay may mas malalim na kapahayagan ng Salita ng Diyos. Sa dakong panlabas ang Salita ng Diyos ay nahayag sa hugasan ng tubig. Ito ay katulad ng isang salamin na nagpapakita sa atin ng ating kailangan, at katulad ng tubig upang tayo ay linisin, ngunit dito sa dakong banal ito ay isang mas malalim na karanasan. Ang tinapay ay isang kinatawan ng Salita na naging laman sa atin. Ito ay isang pagkaunawa ng Salita na upang si Cristo ay mabuo sa ating kalooban.

***Ang Altar ng Insenso:*** Sa Hebreo 9:2 hindi na gumugol pa ng panahon si Pablo upang banggitin ang altar ng insenso, ang ikatlong bagay sa dakong banal. Ang altar ng insenso ay tumutukoy sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

panalangin, pagpupuri at pagsamba. Maaaring may dahilan na hindi nabanggit ni Pablo ang altar ng insenso dito. Ngayon na ang tabing ay napunit, iminungkahi sa Pahayag 8:3 na ang altar ng insenso ay inilipat mula sa dakong banal patungo sa dakong kabanal-banalan—sa literal na presensiya ng Diyos. Ngayon ito ay nasa harapan ng trono ng Diyos. Dahil ang tabing ay napunit na, tayo ay nagkaroon ng bagong paglapit sa pananalangin, pagpupuri, pagsamba, at pamamagitan sa silid ng trono ng Diyos.

### *Kasangkapan sa Dakong Kabanal-banalan*

**9:3-5** ***"Sa likod ng ikalawang tabing ay ang tabernakulo na tinatawag na Dakong Kabanal-banalan. Dito ay nakatayo ang isang gintong dambana ng insenso at ang kaban ng tipan na ang paligid ay nababalutan ng ginto, na siyang kinaroroonan ng sisidlang-ginto na kinalalagyan ng manna at ng tungkod ni Aaron na namulaklak, at ang mga tapyas na bato ng tipan. Sa ibabaw nito ay ang mga kerubin ng kaluwalhatian na lumililim sa trono ng awa. Ang mga bagay na ito ay hindi namin masasabi ngayon ng isa-isa."***

Ang *"ikalawang tabing"* na ito ay tinawag lamang na tabing. Pinaghihiwalay nito ang dakong banal mula sa dakong kabanal-banalan. (Ang unang tabing ay ang pasukan sa dakong banal.) ang tabing ang susi sa bagong tipan. Sa pamamagitan ng bagong tipan, binuksan ng Diyos ang daan upang makapasok sa loob ng tabing upang maranasan ang kapuspusan ng Kanyang presensiya at maisulat

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ang Kanyang kautusan sa ating mga puso at isipan. Titingnan pa natin ito sa susunod na kabanata. Sa loob ng dakong kabanal-banalan ay nananahan ang kaban ng tipan, at doon natin ninanais na manatili! Sa mga talata apat at lima itinala ni Pablo ang mga artikulo na nasa dakong kabanal-banalan.

*“Gintong dambana ng insenso.”* Ang gintong insersaryo ay nagtataglay ng insenso at dinadala ng punong saserdote sa dakong kabanal-banalan kapag siya ay pumapasok sa loob ng tabing minsan sa isang taon. (Lev.16:12).

Mayroong dalawang pangunahing bagay sa dakong kabanal-banalan: ang kaban ng tipan at ang luklukan ng awa na mayroong dalawang kerubin. Sa loob ng kaban ang sisidlang ginto na kinalalagyan ng manna, at ang tungkod ni Aaron na namulaklak at ang mga tapyas na bato ng kautusan.

## ***Ang Kaban ng Tipan***

*“At ang kaban ng tipan na ang paligid ay nababalutan ng ginto, na siyang kinaroroonan ng sisidlang ginto na kinalalagyan ng manna.”* Ang manna ay tinatawag na pagkain ng mga anghel sa Awit 78:25. Ang Pahayag 2:17 ay nangangako na ang mga magtatagumpay ay kakain ng “nakatagong manna.” Ang nakatagong manna ay tumutukoy sa mga nakatagong katotohanan ng Salita ng Diyos, ang mga hiwaga ng Diyos. Ang mga katotohanang ito ay makikita sa loob ng tabing, at mahahayag lamang sila sa pamamagitan ng paghahayag ng Banal na Espiritu. Sinasabi ng Kawikaan 25:2 “Kaluwalhatian ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Diyos na ang mga bagay ay ilihim, ngunit kaluwalhatian ng mga hari na ang mga bagay ay saliksikin." Inihahayag ng Diyos ang Kanyang nakatagong manna sa mga nagsisikap makarating sa dakong kabanal-banalan. Binubuksan ng Diyos sa matagumpay ang mga katotohan ng Kanyang Salita na nakukubli sa pamamagitan ng mga simbolo, uri, talinghaga, kawikaan, at mga ilustrasyon.

*"At ng tungkod ni Aaron na namulaklak."* Sa Bilang kabanata 16 ilang kalalakihan ang nagtangkang agawin ang pagkasaserdote. Hindi ibinigay ng Diyos sa kanila ang katungkulan na ito. Upang ayusin ang kontrobersiya, inutusan ng Diyos ang bawat tribo ng Israel na magdala ng tungkod sa Panginoon (Bil.17:1-8). Ang pangalan ni Aaron ay nakasulat sa tungkod ni Levi. Nang ang tungkod ni Aaron ay umusbong, namulaklak at nagkabunga, ipinakita nito na ang pagkasaserdote at ang espirituwal na awtoridad ay bukod-tanging ibinigay lamang ng Diyos sa sambahayan ni Aaron. Ang tungkod ni Aaron sa gayon ay inilagay sa kaban ng tipan sa dakong kabanal-banalan. Ang tungkod na ito ay isang patay na piraso lamang ng kahoy na nabuhay. Ito ay kumakatawan sa kapangyarihan at awtoridad na masusumpungan sa loob ng tabing.

*"At ang mga tapyas na bato ng tipan."* Ang kaban ng tipan ay nagtataglay din sa loob nito ng dalawang tapyas ng bato. Sa dalawang tapyas na ito isinulat ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang daliri ang sampung utos. Sa bagong tipan nangako ang Diyos na isusulat Niya ang Kanyang kautusan sa malamang mga tapyas ng ating puso (cf. Heb. 8:10, 2 Cor. 3:3). Sa katunayan ay mararamdaman natin ang bagong tipan na kumikilos sa ating mga puso.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

## ***Ang Luklukan ng Awa***

Ang kaban ng tipan ay nababalutan ng isang manipis na purong ginto na tinatawag na luklukan ng awa. Ang ginto ay tumutukoy sa pagkadiyos. Sa katunayan ang luklukan ng awa ay purong ginto at nangangahulugan na ang awa ay natatanging kaukulang karapatan ng Makapangyarihang Diyos. Sinasabi ng Diyos “Ako’y maawain sa kanino mang aking ibig kaawaan.” Sa Exodo 25:22 ay sinabi ng Diyos kay Moises, “Doon ako makikipagtagpo sa iyo, mula sa ibabaw ng luklukan ng awa.” Sa ibabaw ng luklukan ng awa ay ang *shekinah* (nahahayag) na kaluwalhatian ng Diyos sa lupa. Sa biyaya ng Diyos, nais nating magkaroon ng literal na presensiya ng Diyos sa ating mga puso, at ang Kanyang mga kautusan ay maisulat sa ating mga puso. Ipinagpatuloy ni Pablo ang kanyang tema ng tabernakulo ni Moises sa kabanata 9:6.

**9:6** ***“Pagkatapos magawa ang ganitong pagkahanda, ang mga pari ay patuloy na pumapasok sa unang tabernakulo upang gawin ang kanilang katungkulan sa paglilingkod.”*** Ang mga saserdote ay pinapayagan lamang na pumasok sa dakong banal kung saan naroon ang ilawan, altar ng insenso, at hapag ng tinapay. Sa madaling salita, ang mga karanasang iyon ay nangyayari sa panahon ng Lumang Tipan. Gayunpaman, sinasabi niya sa talatang pito:

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**9:7** ***"Subalit sa ikalawa ay nag-iisang pumapasok ang pinakapunong pari, minsan sa isang taon, na may dalang dugo bilang handog niya para sa kanyang sarili at sa mga kasalanang nagawa nang di sinasadya ng taong-bayan."*** Ang mga pagpapahid ng ilawan sa dakong banal ay nahayag sa Lumang tipan, ngunit ang pagpapala sa dakong kabanal-banalan ay hindi makukuha. Ang daan ay hindi pa nabubuksan. Walang sakripisyo ang makakasapat upang dalhin ang isang mananampalataya sa presensiya ng Diyos. Malinaw na ipinakita sa Levitico kabanata 16 na tanging ang pinakapunong saserdote lamang ang pinahihintulutan na makapasok sa dakong kabanal-banalan minsan sa isang taon sa Araw ng Pagkatubos. Ito ay isang napakamahalagang katotohanan, dahil ang sakripisyo ng Panginoong Jesu-Cristo sa Bagong Tipan ay ginawang posible para sa bawat mananampalataya na makapasok sa loob ng tabing. Bibigyan tayo ni Pablo ng isang malinaw na pagpapaliwag tungkol dito sa kabanata sampu.

**9:8** ***"Sa pamamagitan nito, itinuturo ng Espiritu Santo na hindi pa naihahayag ang daan patungo sa santuwaryo, habang nakatayo pa ang unang tabernakulo."*** Ang tabing ay nangangahulugan na ang daan patungo sa dakong kabanal-banalan ay hindi pa nabubuksan. Sa panahon ng kautusan, habang nakatayo pa ang tabernakulo ni Moises, ang mga mananampalataya ay hindi nakapapasok sa dakong kabanal-banalan. Ipinakita ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng tabing na iyon na ang daan sa nahahayag na presensiya ng Diyos ay hindi pa nabubuksan. Bakit pinahintulutan ng Banal na Espiritu ang punong saserdote na makapasok? Siya ay kumakatawan ng isa pang Punong Saserdote na darating at magbubukas ng daan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**9:9** ***"Iyon ay isang sagisag ng panahong kasalukuyan, na sa panahong yaon ang mga kaloob at ang mga alay na inihahandog ay hindi makapagpapasakdal sa budhi ng sumasamba."*** Ang tabernakulo ni Moises ay naglalarawan ng isang mahalagang katotohanan sa mga nabubuhay sa Panahon ng Kautusan. Bagama't ang punong saserdote ay pumapasok sa loob ng tabing na may dalang dugo minsan sa isang taon (para sa sarili niyang kasalanan at kasalanan ng mga tao), ang mga handog at hain na kanyang inialay ay hindi makapagdadala sa kanila sa kasakdalan. Hindi malilinis kailanman ng mga hain na iyon ang isang budhi. Palaging naroroon ang pakiramdam ng pagkakasala. Palagi silang binabagabag ng mga alaala ng kanilang nagdaang mga kasalanan.

**9:10** ***"Kundi tungkol lamang sa mga pagkain at mga inumin at iba't ibang paghuhugas, na mga alituntunin tungkol sa katawan na ipinatutupad hanggang sa ang panahon ay dumating upang maisaayos ang mga bagay."*** Ang kautusan ay ipinataw sa Israel sa loob ng labinlimang daang taon. Ang layunin ng lumang tipan gaya ng sinasabi ni Apostol Pablo sa Galacia 3:24, ay magtuturo sa tao ng kautusan ng isang tiyak na aral tungkol sa kanyang sarili, at dalhin siya kay Cristo at sa bagong tipan. Ang batas ay kinakailangan sapagkat inihahayag nito ang makasalanan nating kalagayan, ngunit inihahayag din ng kautusan ang kadakilaan ng sakripisyo ni Cristo at kung ano ang nagawa Niya sa krus nang tupdin Niya ang lahat ng mga Leviticong pag-aalay at paghahandog.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**9:11** ***"Ngunit nang dumating si Cristo na Pinakapunong Pari ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong dakila at lalong sakdal na tabernakulo na hindi gawa ng mga kamay ng tao, samakatuwid ay hindi sa sangnilikhang ito."*** Dito ay ipinakilala sa atin ang kaisipan ng isang templo sa langit. Makikita nating muli ang pagbanggit ng makalangit ng templo sa Aklat ng Pahayag. Sa inyo na maaaring nagkaroon na ng mga makalangit na karanasan ay alam na mayroong templo sa langit, at kayo ay pinahihintulutan na pumunta sa templo.

Si Cristo ay isang punong saserdote, ngunit hindi sa tabernakulo ni Moises, hindi sa tabernakulo na ginawa ng mga kamay, hindi ng templo ni Solomon, hindi ng pinanumbalik na templo, at hindi ng templo ni Herodes. Hindi! Siya ang punong saserdote ng makalangit na templo, ang perpektong tabernakulo na hindi ginawa ng mga kamay. Sa madaling salita, ang tabernakulo na ito ay ginawa ng Diyos at ito ay nasa langit.

Ang hain ni Cristo ay walang hanggan ang kahigitan sa mga haing inihandog sa Lumang tipan. Ito ang tuloy-tuloy na tema ni Apostol Pablo sa kabuuan ng Hebreo. Si Cristo ay nakahihigit sa mga propeta, mga anghel, kay Moises, at Aaron; at ang Kanyang hain ay labis na nakahihigit sa pag-aalay ng mga hayop.

**9:12** ***"At hindi rin sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at mga toro, kundi sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo, siya ay pumasok na minsan magpakailanman sa***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***Dakong Banal, sa gayo'y tinitiyak ang walang hanggang katubusan.”*** Ito ay isang napakagandang katotohanan. Hindi kinuha ni Cristo ang dugo ng mga kambing at mga toro upang makapasok sa isang makalupang santuwaryo na ginawa ng mga kamay. Ito’y sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo na napasok Niya ang dakong kabanal-banalan, at sa pamamagitan ng alay na iyon Siya ay “nakakuha ng walang hanggang katubusan para sa atin.” Ang isang napunit na tabing sa lupa at nangangahulugan ng pagbubukas ng isang makalangit na santuwaryo kung saan ang presensiya ng Diyos ay madali nang malapitan.

**9:13** ***“Sapagkat kung ang dugo ng mga kambing at ng mga toro, at ang abo ng dumalagang baka na iwiniwisik sa mga nadungisan ay makapagpapabanal sa ikalilinis ng laman.”*** Sinasabi ni Pablo na sa Lumang Tipan ang dugo ng mga toro at mga kambing at ang abo ng isang baka ay maaaring makapaglinis. Ngunit ang paglilinis ay isa lamang ritwalismong paglilinis. Sa madaling salita, ay inari o ibinilang silang malinis ng Diyos, bagama’t hindi sila malinis. Dapat nating maintindihan ang pagkakaiba sa pagitan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan. Gaya ng nasabi na natin, si Aaron ay banal sa seremonya dahilan sa mga hain na kanyang inihandog. Siya ay inihiwalay sa mga makasalanan dahil sa kanyang ritwalismong pagsunod sa Leviticong mga kautusan, ngunit hindi nito nabago ang kanyang kalooban. Ang dugo ng mga hayop na iyon ay hindi kayang alisin ang kapangyarihan ng kasalanan ni malilinis nito ang isang nagkasalang budhi.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**9:14 *“Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu ay inihandog ang kanyang sarili na walang dungis sa Diyos, ay maglilinis ng ating budhi mula sa mga gawang patay upang maglingkod sa Diyos na buhay?”*** Inihandog ni Cristo ang Kanyang sarili bilang isang walang bahid na kordero sa pamamagitan ng pagbibigay-kakayahan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Si Cristo ay ganap na nakasalig sa Banal na Espiritu. Tayo rin ay dapat umasa ng lubusan sa Banal na Espiritu upang magawa nating ialay ang ating mga katawan sa Diyos nang walang bahid dungis.

*“Maglilinis ng ating budhi mula sa mga gawang patay.”* Ang isang malinis na budhi ay isang bagay na hindi magagawa sa Lumang Tipan. Ang dugo ng mga toro at mga kambing ay walang kapangyarihan na linisin ang budhi, ngunit ang mensahe ng ebanghelyo ay nag-aalok ng isang bagay na napakaganda at hindi nabibili ng salapi. Ang Diyos ay may kakayahang linisin ang ating mga budhi nang lubusan upang tayo ay mapalaya mula sa pagngangalit ng ating mga puso sa mga nagdaang kasalanan.

May isang pastor akong nakilala na nakagawa ng isang matinding kasalanan. Pagkaraan ng ilang panahon, Siya ay sinumbatan ng Banal na Espiritu, at siya ay talagang pinarusahan. Sa bawat umaga dumadaing siya, “O Diyos, patawarin po Ninyo ako.” Makaraan ang anim na linggo ng pagtangis niya sa Diyos para sa kapatawaran, nakarinig siya ng isang naririnig na tinig na sinabi sa kanya “Patawarin ka para saan?” napakalinaw nito para sa kanya. Bumaling ang pastor at sinabi, “Panginoon, alam mo

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

kung para saan!" Muli ang naririnig na tinig ay nagsabi: "Humiling ka sa akin na patawarin kita. Pinatawad na kita, at nakalimutan ko na. Ngayon kalimutan mo na rin." Ganito ang kapangyarihan ng dugo ni Cristo na naglilinis sa ating budhi mula sa mga patay na gawa (ang mga gawa ng laman) upang paglingkuran ang buhay na Diyos.

*"Upang maglingkod sa Diyos na buhay?"* Ang isang malinis na budhi ay nagbibigay-daan sa atin upang makapasok sa presensiya ng Diyos, upang maging mapayapa sa ating mga sarili, upang magkaroon ng pagpapahalaga sa sarili, at pagkatapos ay maging mabunga para sa Diyos.

**9:15 *"Kaya't siya ang tagapamagitan ng isang bagong tipan."*** Ang isang tagapamagitan ay nangangahulugan na "isang tagapagitan." Ito ay isang tao na nasa pagitan mo at ng iba. Ang isang abogado ang halimbawa ng isang tagapagitan. Ang saserdote sa Lumang Tipan ang tagapamagitan sa pagitan ng mga Israelita at Diyos. Ibinibigay ng Israelita ang kanyang hain sa saserdote na siyang iaalay naman nito sa Diyos. Ang saserdote ang tagapamagitan. Sa Bagong Tipan mayroon din tayong isang tagapamagitan—ang Panginoong Jesu-Cristo. May isang tagapamagitan lamang sa pagitan ng Diyos at ng mga tao sa Bagong Tipan, ang taong si Cristo Jesus (1 Tim. 2:5).

Walang saserdote sa Bagong Tipan ang isang *tagapamagitan*, sapagkat upang maging isang tagapamagitan kailangan mong maghandog ng isang alay. Walang anumang hain ngayon na gawa ng tao ang makakapagdala sa sinuman sa pagpasok sa presensiya ng Diyos. Tanging ang dugong hain

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

lamang ni Cristo ang makagagawa nito. Walang *saserdote* ang maaaring magkaroon ng ministeryo ng tagapamagitan ng pagiging "taga-pagitan" para sa tao at Diyos, sapagkat hindi siya naghandog ng isang hain.

*"Upang ang mga tinawag ay tumanggap ng pangako na pamanang buhay na walang hanggan. Yamang naganap ang isang kamatayan na tumutubos sa kanila mula sa mga pagsalangsang sa ilalim ng unang tipan."* Ito'y sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo na tayo ay tinubos mula sa pagkakasala. Ito ang hain na Kanyang inialay ng minsanan at para sa lahat. Hindi lamang binayaran ni Cristo ang ating pagkakautang, ibig rin Niyang tubusin tayo mula sa mga pagkakasala na kasalukuyang gumagapos sa atin. Nang sinasabi ni Pablo na "tumutubos sa kanila mula sa mga pagsalangsang sa ilalim ng unang tipan," tinutukoy niya ang katotohanan na ang kautusan ng Lumang tipan ay naghahayag lamang ng kasalanan; hindi ito nagbibigay ng kapangyarihang makalaya mula sa mga pagsalangsang. Ang batas ang namahala sa unang tipan at naghayag lamang ng kasalanan.

Na "upang ang mga tinawag ay tumanggap ng pangako na pamanang buhay na walang hanggan." Hindi lamang naghandog ng isang hain si Jesus para sa utang ng ating mga kasalanan, binuksan din Niya ang daan patungo sa presensiya ng Diyos. Hindi ko tinutukoy ang presensiya ng Diyos sa lupa lamang, kundi ang presensiya ng Diyos sa langit. Samakatuwid, sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, tayo ay nagkaroon ng karapatan sa isang *walang hanggang pamana.*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**9:16-17** ***"Sapagkat kung saan mayroong tipan, ang kamatayan ng gumawa niyon ay dapat matiyak. Sapagkat ang isang tipan ay pinagtitibay sa kamatayan, yamang ito'y walang bisa habang nabubuhay pa ang gumawa ng tipan."*** Kapag ang sinuman ay gumawa ng testamento, hindi ito nagkakaroon ng bisa hanggang sa ang gumawa ay mamatay. Ang Lumang Tipan ay naitatag sa kamatayan ng mga hayop. Ang Bagong Tipan ay naitatag sa kamatayan ng ating dakilang Punong Saserdote, si Jesu-Cristo. Ang Diyos ay gumawa ng nakaparaming testamento ng mga pagpapalang pamana para sa atin, ngunit ang mga ito ay hindi magkakaroon ng bisa hanggang sa ang Kanyang Anak ay mamatay. Nang si Cristo ay namatay, ang mana ay ipinagkaloob sa atin. Binigyang-diin ni Pablo ang kahalagahan ng kamatayan sa talata labing-walo.

**9:18-19** ***"Kaya't maging ang unang tipan ay hindi pinagtibay ng walang dugo. Sapagkat nang sabihin ni Moises ang bawat utos sa buong bayan ayon sa kautusan, kumuha siya ng dugo ng baka at ng mga kambing, na may tubig at mapulang balahibo at isopo, at winisikan niya ang aklat at gayundin ang buong bayan."*** Ang lakas ng Lumang Tipan ay nasa dugo na nabubo sa pamamagitan ng kamatayan ng mga toro at mga kambing. Kung wala ang kamatayan at pagkabubo ng dugo, maaaring walang tipan o walang mga pangako. Ang lumang tipan ay matibay na nakasalig sa kamatayan ng mga hayop.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**9:20** ***"Na sinasabi, "Ito ang dugo ng tipan na iniutos ng Diyos sa inyo."*** Sinasabi ni Moises na ang dugo ang tumatatak sa tipan. Kapag ang sinuman ay gumawa ng testamento (o tipan) hindi ito nagiging mabisa kung wala ang kamatayan ng gumawa.

**9:21** ***"Sa gayunding paraan, ang tabernakulo at ang lahat ng mga kasangkapang ginagamit sa banal na pagsamba ay pinagwiwisikan niya ng dugo."*** Kinailangang pumunta ni Moises sa tabernakulo upang linisin ito at lahat ng mga kagamitan roon na may dugo ng mga hayop. Bakit? Sapagkat sila ay nahawakan ng makasalanang mga kamay ng tao at samakatuwid ay kailangan silang linisin.

**9:22** ***"Sa katunayan, sa ilalim ng kautusan, halos lahat ng mga bagay ay nililinis ng dugo, at kung walang pagdanak ng dugo ay walang kapatawaran ng mga kasalanan."*** Imposibleng magkaroon ng kapatawaran ng kasalanan nang walang pagtitigis ng dugo. Ang mga pagpapala ng isang testamento ay nagkakaroon lamang ng bisa sa pamamagitan ng kamatayan. Sa Lumang Tipan ito ay natupad sa pamamagitan ng dugo ng mga toro at mga kambing. Sa gayong kaisipan, nagpatuloy siya sa talata dalawampu't tatlo.

**9:23** *"Kaya't kailangan na ang mga sinipi mula sa mga bagay sa kalangitan ay linisin ng mga ito, ngunit ang mga bagay sa sangkalangitan ay sa pamamagitan ng higit na mabubuting handog kaysa mga ito."*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ang huwaran ng mga bagay sa langit ay kailangang linisin. Ang huwarang iyon ay ang tabernakulo ni Moises. Ngunit ang mga tunay na bagay rin sa langit ay kailangang linisin. Maaaring sabihin natin: “Pambihira naman yan! Bakit kailangang linisin ang langit? Bakit kailangang linisin ng dugo ang templo ng langit?

Kaya, mainam na isaalang-alang natin kung ano ang nangyari sa langit. Nagkaroon ng panghihigmasik sa langit bago pa itatag ang mundo, at nadungisan ng paghihimagsik na iyon ang mga makalangit na bagay.

**9:24** ***“Sapagkat si Cristo ay hindi pumasok sa santuwaryo na ginawa ng mga kamay ng tao na mga kahalintulad lamang ng mga tunay na bagay, kundi sa mismong langit, upang dumulog ngayon sa harapan ng Diyos para sa atin.”*** Nagsasalita si Pablo tungkol sa templo sa langit. Si Cristo ay hindi pumasok sa dakong kabanal-banalan sa tabernakulo ni Moises, o sa templo ni Herodes, kundi sa langit mismo. Siya ay pumasok sa mismong pinaka presensiya ng Kanyang Ama sa langit.

**9:25** ***“Hindi upang ihandog na paulit-ulit ang kanyang sarili, gaya ng pinakapunong pari na pumapasok sa Dakong Banal taun-taon na may dalang dugo na hindi mula sa kanya.”*** Ang punong saserdote ayon kay Aaron ay pumapasok sa dakong kabanal-banalan minsan sa isang taon, sa pamamagitan ng dugo ng mga hayop. Bawat isa sa mga punong saserdote na ito ay kailangang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pumasok minsan sa isang taon habang siya ay nabubuhay. Sa Lumang Tipan ay palaging may paulit-ulit na pag-aalay, taun-taon. Nangangailangan ng isang pinakadakilang hain upang makapasok sa dakong kabanal-banalan bawat taon. Ngunit si Cristo ay gumawa lamang ng *isang* sakdal na alay, ang alay ng Kanyang Sarili. Ito ang punto na gustong ilabas ni Pablo dito.

**9:26 *“Sapagkat kung gayon ay kailangan siyang paulit-ulit na maghirap mula pa nang lalangin ang sanlibutan. Subalit ngayon, minsanan siyang nahayag sa katapusan ng panahon para sa pag-aalis ng mga kasalanan sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanyang sarili.”*** Dahil ang hain ni Cristo ay isang sakdal na hain, kailangan lamang itong ihandog ng minsanan. Ang kapangyarihan ng Kanyang sakripisyo ay nag-aalis ng kasalanan magpakailanman. Napakamahalaga nito. Ang kapangyarihan ng dugo ay nag-aalis ng ating mga kasalanan. Sinasabi ni Mikas, “Kanyang ihahagis ang lahat nating kasalanan sa mga kalaliman ng dagat” (Mik. 7:19). Ang ating mga kasalanan ay mawawala magpakailanman sa dugo ni Cristo. Maaaring may mga konsikuwensya para sa mga kasalanan, mangyari pa, ngunit ang kasalanan ay kinalimutan na magpakailanman.

**9:27 *“At yamang itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom.”*** Sinasabi ito ni Pablo sa labas ng konteksto, at bumalik sa kanyang tema sa talata dalawampu’t walo. Magkagayunpaman, ito ay isa sa pinaka kahanga-hanga sa lahat ng mga talata sa sulat na ito, sapagkat walang pangalawang pagkakataon para sa kaligtasan pagkatapos ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

kamatayan. Mula sa higaan ng ating kamatayan tayo ay dadalhin ng isang anghel, alinman sa langit o impiyerno.

Depende sa karanasan ng ating buhay ay itatakda ang kahatulan. Sa langit ay inilalagay tayo sa isang naaangkop na kalagayan ng kaluwalhatian at posisyon na nararapat sa mga gawa ng ating buhay. Sa impiyerno maaari tayong mahulog sa iba't ibang kalagayan ng pagdurusa, bawat isa ay nagiging lalong kakila-kilabot at nakakatakot. Minamahal, ipamuhay natin nang marangal ang ating buhay sa harap ng Diyos upang tayo ay hindi mahatulan sa walang hanggang paghuhukom kasama ang mga hindi mananampalataya at ibang Kristiyano na mga mapagkunwari.

**9:28** ***"Ay gayundin naman si Cristo, na inihandog na minsan upang dalhin ang mga kasalanan ng marami, ay magpapakita sa ikalawang pagkakataon, hindi upang harapin ang kasalanan, kundi upang iligtas ang mga sabik na naghihintay sa kanya."*** Narito muli ang pagbibigay-diin ng isang hain ni Cristo. Minsan Siyang namatay, ngunit ang kapangyarihan ng hain na iyon ay "nagdala ng mga kasalanan ng marami." Sa susunod na Siya ay darating, sa Kanyang ikalawang pagbabalik, hindi na ito magdadala ng kasalanan. Nagawa na Niya iyon sa pamamagitan ng isang handog. Magdadala Siya ng lubos na kaligtasan sa mga may buong pananabik, na patuloy at matiyagang naghihintay sa Kanya.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ang magandang pangako na ito na Siya ay magpapakita sa ikalawang pagkakataon ay maaaring kunin sa dalawang paraan. Ito ay maaaring literal na mangahulugan ng Kanyang ikalawang pagbabalik, ngunit naniniwala ako na ito rin ay nangangahulugan na may mga panahon na ang Panginoon ay maaaring magpakita sa atin. Mayroong personal na pagpapakita ang Panginoon sa atin, at kapag siya ay nagpakita, nagdadala Siya ng lubos na kaligtasan sa atin. Tinatapos nito ang magandang kabanata sa dugo ni Cristo, isang pinakadakilang hain na nakahihigit ng labis kaysa sa dugo ng mga toro at mga kambing.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

# Bahagi 8

## 10:1-20 – ANG BAGO AT BUHAY NA DAAN

**10:1** ***"Yamang ang kautusan ay anino lamang ng mabubuting bagay na darating, at hindi ang tunay na larawan ng mga bagay na ito, kailanman ay hindi nito mapapasakdal ang mga lumalapit sa pamamagitan ng gayunding mga alay na laging inihahandog taun-taon."*** Mahalagang maunawaan minsan pa na ang "mga anino" ay hindi isang perpektong imahe ng isang bagay. Kapag may isang bagay sa sikat ng araw, ang anino na nanggagaling sa bagay sa pamamagitan ng araw ay nagbibigay lamang ng guhit-larawan nito. Ang kautusan sa Lumang Tipan kasama ang mga simbolo at uri nito ay ganoon. Ito ay hindi isang perpektong imahe ng mga bagay na darating. Ang lumang tipan ay nagbigay lamang ng isang anino o ideya ng kung ano ang darating.

Ang kautusan "*kailanman ay hindi nito mapapasakdal ang mga lumalapit sa pamamagitan ng gayunding mga alay na laging inihahandog taun-taon."* Hindi nagawang pasakdalin ng batas ang mga

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

naghahandog. Sa kabuuan ng sulat na ito sa mga Hebreo, ang temang ito ng hangarin ng Diyos tungo sa kasakdalan ay ipinakita ng paulit-ulit. Sa katunayan, ang Panginoon Mismo ang nagsabi, “Kaya't kayo nga'y maging sakdal, gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal.” Ang kasakdalan ang pamantayan. Hindi kayang dalhin ng kautusan ang sinuman sa kasakdalan; kung kaya, ang Diyos ng kasakdalan ay hindi nasiyahan. Hindi natupad ng kautusan ang mga hinihingi Niya. Kung nadala ng Leviticong kautusan ang mga tao sa kasakdalan, tumigil na sana sila sa paghahandog ng mga alay.

**10:2** ***“Sapagkat kung di gayon, hindi ba sana ay itinigil nang ihandog ang mga iyon? Kung ang mga sumasamba na nalinis nang minsan, sana ay hindi na sila nagkaroon pa ng kamalayan sa kasalanan.”*** Hindi na sana nagkaroon pa ng patuloy na paghahandog ng mga hain sa lahat ng mga sumunod na henerasyon kung ang mga alay na iyon ay nakapaglinis ng kanilang budhi. Ang mga hain sa Lumang Tipan ay walang kapangyarihan na linisin ang budhi.

**10:3** ***“Ngunit sa pamamagitan ng mga handog na ito ay may pagpapaalala ng mga kasalanan taun-taon.”*** Sa katotohanan na ang mga alay ay kailangang ulitin sa taunang batayan ay malinaw na nagpapatunay na mayroong pag-aalaala ng mga kasalanan. Samakatuwid, ang isang alay ay hindi sapat; kailangan nilang patuloy na paghandog ng mga bagong alay. Ang dahilan para dito ay talagang napakalinaw sa talatang apat.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**10:4 *“Sapagkat hindi maaaring mangyari na ang dugo ng mga toro at ng mga kambing ay makapag-alis ng mga kasalanan.”*** Ang mga toro at mga kambing ay mas mababa kaysa sa mortal na tao, at ang tao ay hindi malilinis ng isang bagay na mas mababa. Samakatuwid, itinuturo ni Apostol Pablo ang ating pansin sa isang nakahihigit na handog na binanggit ni Haring David sa Awit 40.

**10:5-7 *“Kaya't pagdating ni Cristo[a] sa sanlibutan ay sinabi niya, “Hindi mo nais ang alay at handog, ngunit ipinaghanda mo ako ng isang katawan; sa mga handog na sinusunog at sa mga handog para sa mga kasalanan ay hindi ka nalugod. Kaya't sinabi ko, ‘Narito, ako'y dumating upang gawin ang iyong kalooban, O Diyos,’ sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol sa akin.”*** Tinutukoy ni Pablo ang mga sinabi ni David sa Awit 40. Inihayag ng Panginoon kay David kung ano talaga ang hinahanap ng Kanyang puso mula sa isang lalaki o babae. Tumugon si David sa Diyos, “Hain at handog ay hindi mo ibig, ngunit binigyan mo ako ng bukas na pandinig.”

Ang Diyos ay hindi interesado sa mga haing hayop. Nais Niya ang isang lalaki at babae na nakikinig sa Kanya at tumutugon sa pagsunod sa lahat ng bahagi ng kanyang katawan. Ano ba talaga ang gusto ng Diyos? Tiyak na hindi niya nais ang mga katawan ng mga toro at mga kambing. Hindi! Nais Niya ang isang katawan ng tao na nakasuko sa Kanya. Kaya nga, nang dumating si Cristo sa sanlibutan, sinabi Niya sa Kanyang Ama: “Hindi mo nais ang alay at handog, ngunit ipinaghanda mo ako ng isang katawan; sa mga handog na sinusunog at sa mga handog para sa mga kasalanan ay hindi ka nalugod.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Kaya't sinabi ko, ‘Narito, ako'y dumating upang gawin ang iyong kalooban, O Diyos,’ sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol sa akin.”

Ang Ama ang naghanda ng isang katawan para sa Kanyang minamahal na Anak sa sinapupunan ni Maria (Lc.1:34-38). Iyon ang dahilan kung bakit sinabi ni Cristo, “Ipinaghanda mo ako ng isang katawan.” Alalahanin, si Cristo ang ating tagapagpauna; Siya ang ating halimbawa. Kung ang isang katawan ay naihanda para kay Cristo at sa katawang iyon ay nag-alay Siya ng isang sakdal na hain, makatuwirang maiintindihan kung bakit sinasabi ni Pablo sa Roma 12:1, “Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod.”

Ang Panginoong Jesu-Cristo ay isang punong saserdote ayon kay Melquizedek. Ang hain sa pagkasaserdoteng Melquizedek ay isang mortal na katawan. Inihandog ng punong saserdote ang kanyang katawan, at ganun din dapat tayo dahil tayo rin ay mga saserdote ayon kay Melquizedek. Inihandog ni Cristo ang Kanyang katawan sa Diyos sa pamamagitan ng Walang Hanggang Espiritu, at Siya ay walang dungis at walang bahid.

Tayo rin, ay isang templo ng Banal na Espiritu, at dapat nating ihandog ang ating mga katawan bilang isang haing buhay, banal at kasiya-siya sa Diyos. Sinabi ni Pablo na ito ay ating *makatuwirang*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

paglilingkod. Ito ang normal na buhay Kristiyano. Sa bagong tipan, ang hain ay ang katawan ni Jesus at *ang katawan ng mga mananampalataya.*

*"Sa mga handog na sinusunog at sa mga handog para sa mga kasalanan ay hindi ka nalugod."* Bakit walang kasiyahan ang Diyos sa mga haing hayop? Naniniwala ako na ang sagot ay makikita sa Awit 51:16-17. "Sapagkat sa alay ay hindi ka nalulugod kung hindi ay bibigyan kita, hindi ka nalulugod sa handog na sinusunog." Si Haring David ay labis na nagkasala, sa pangangalunya kay Batseba at pagkatapos ay pagpatay sa asawa nito. Ano ang ihahandog niya para sa kanyang kasalanan? Sinabi ng Diyos: "Hindi ko kailangan ang iyong mga hain, David. Iba ang gusto Ko." Sa talata 17 ay sinabi sa atin kung ano ang mga hinihingi ng Panginoon. "Ang mga hain sa Diyos ay bagbag na diwa, isang bagbag at nagsisising puso, O Diyos, ay hindi mo hahamakin." Ang Diyos ay nalulugod sa hain ng isang saloobin ng isang tunay na pagkabasag at kababaang-loob. Kung nagkakasala tayo, hindi ang pagdoble ng ikapu, o pagtatalaga ng ating sarili sa maraming oras na paglilingkod sa simbahan ang ninanais ng Diyos. Hindi, ang nais ng Diyos ay isang bagbag na espiritu, isang bagbag at nagsisising puso. Sa parehong sitwasyon sa Awit 40 at gayundin sa Awit 51, nakikita ni David ang panahon ng Bagong Tipan, at inihandog niya kung ano ang siyang katanggap-tanggap sa Panginoon.

*"Kaya't sinabi ko, 'Narito, ako'y dumating upang gawin ang iyong kalooban, O Diyos,' sa balumbon ng aklat ay nasusulat tungkol sa akin."* (10:7). Kahit sa Lumang Tipan, mariing nililinaw ng Diyos na ang pagsunod ay higit na mabuti kaysa mga hain. Nang si Haring Saul ay naghandog ng mga hain upang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pagbayaran ang kanyang kakulangan sa pagsunod, tinanggihan ito ng Diyos. Ipinahayag Niya sa pamamagitan ni propeta Samuel: "Ang PANGINOON kaya ay may malaking kasiyahan sa mga handog na sinusunog at sa mga alay, gaya ng pagsunod sa tinig ng PANGINOON? Tiyak, ang pagsunod ay mas mabuti kaysa alay, at ang pakikinig kaysa taba ng mga tupang lalaki" (1 Sam. 15:22). Ang pagsunod ay isang bagay na ninanais ng Diyos ng higit sa lahat, ngunit iilan lamang sa Kanyang mga anak ang totoong sumusunod sa Kanya.

**10:8-9** ***"Nang sabihin niya sa itaas na, "Hindi mo ibig at hindi mo rin kinalugdan ang alay at mga handog, at mga buong handog na sinusunog at mga alay para sa kasalanan" na inihahandog ayon sa kautusan, pagkatapos ay idinagdag niya, "Narito, ako'y dumating upang gawin ang iyong kalooban." Inalis niya ang una, upang maitatag ang ikalawa."*** Inuulit ni Pablo kung ano ang sinabi ni Cristo nang bumaba Siya mula sa langit. Naunawaang mabuti ni Jesus na ang lahat ng mga alay na ito na inihahandog araw-araw, buwan-buwan sa tuwing mga bagong buwan, at taun-taon sa mga tiyak na araw ng kapistahan, ay hindi nakakapagbigay kaligayahan sa Ama. Napagtanto ng Panginoon na ang bagay na nagbibigay kagalakan sa Ama ay ang isang tao na gagawa ng Kanyang kalooban at susunod ng Kanyang tinig. Ito ang dahilan na Kanyang sinabi, "Narito, Ako'y dumating upang gawin ang Iyong kalooban." Binuwag ni Jesus ang unang tipan upang maitatag Niya ang ikalawang tipan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**10:10** ***"at sa pamamagitan ng kalooban niya tayo'y ginawang banal sa pamamagitan ng pag-aalay ng katawan ni Cristo minsan magpakailanman."*** Ito'y sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos at kalooban ni Cristo na magkasamang dumadaloy na "tayo ay pinaging-banal." Tayo ay pinaging-banal (o inihiwalay mula sa mundo patungo sa Diyos) "sa pamamagitan ng pag-aalay ng katawan ni Jesu-Cristo minsan at para sa lahat." Ito ay sa pag-aalay ng katawan ni Jesu-Cristo na naghihiwalay at nagpapabanal sa atin, samantalang sa Lumang Tipan ang pag-aalay ay ritwalismo lamang. Ito ay sa pamamagitan ng paghahandog, hindi ng maraming mga hain, kundi ng isang katawan, na tayo ay napaging-banal minsan para sa lahat. Ito ay isang kumpletong gawa.

**10:11** ***"At bawat pari ay tumatayo araw-araw na naglilingkod at paulit-ulit na nag-aalay ng gayunding mga handog na kailanman ay hindi nakapag-aalis ng mga kasalanan."*** Ang mga gawain sa templo ay nagpapatuloy pa rin kahit pagkatapos na ng pagkapako kay Jesus sa krus. Sa katunayan, nagpapatuloy sila sa panahon na isinulat ang Sulat sa mga Hebreo. Sinasabi ni Pablo sa kasalukuyang panahon, "At bawat pari ay tumatayo araw-araw na naglilingkod at paulit-ulit na nag-aalay ng gayunding mga handog na kailanman ay hindi makapag-aalis ng mga kasalanan." Ang mga haing hayop na iyon ay hindi kailanman makapag-aalis ng mga kasalanan dahil hindi sapat ang kanilang kapangyarihan.  Nangangailangan ito ng sariling dugo ng Diyos (Ang Diyos sa laman) upang harapin ang mga problema ng kasalanan. Tandaan, tayo ay binili ng sariling dugo ng Diyos (tingnan sa Gawa 20:28

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**10:12 *"Ngunit nang makapaghandog si Cristo ng isa lamang alay para sa mga kasalanan para sa lahat ng panahon, siya ay umupo sa kanan ng Diyos."*** Ito ang alay na tinanggap. Ganito katindi ang kapangyarihan ng alay ni Cristo na nagdala sa Kanya deretso sa langit mismo sa kanang kamay ng Kamahalan sa kaitasan. Napakaganda na magkaroon ng isang alay na magdadala sa mga tagapaghandog at sa lahat ng may mga pananampalataya sa alay na iyon, tungo sa pinakapresensiya mismo ng Diyos!

**10:13 *"At buhat noon ay naghihintay hanggang sa ang kanyang mga kaaway ay maging tuntungan ng kanyang mga paa."*** Hindi lamang nililinis ng alay ni Cristo ang mananampalataya sa mga kasalanan, minamarapat din nito ang Diyos na humatol nang matuwid at magbigay ng naangkop na kagantihan sa mga kalaban ni Cristo. Kayang dalhin ng Ama ang bawat kalaban ni Cristo sa Kanyang paanan dahil sa ganap na pagsunod ni Cristo sa kalooban ng Diyos. Ang ganap na pagsunod sa kalooban ng Diyos ay nagsasara ng bibig ni Satanas. Ang katotohanang ito ay naaangkop din sa atin.

Inilabas ni Apostol Pablo ang katotohanang ito nang sabihin niya na ang Diyos ay "handang parusahan ang bawat pagsuway, kapag ang inyong pagsunod ay ganap na (2 Cor.10:6). Sinasabi ni Pablo na ang Diyos ay maghihiganti sa ating mga kaaway pagkatapos na ang ating pagsunod ay naganap na. Habang pinahihintulutan natin ang Diyos na ayusin ang lubusang pagsunod sa ating mga puso, ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Kanya ngang patatahimikin at paghihigantihan ang lahat ng ating mga kaaway. Ang hain ni Cristo ang nagbibigay ng lakas na ating kailangan upang ang pagsunod ay gumana sa ating mga buhay.

**10:14** ***"Sapagkat sa pamamagitan ng isang pag-aalay ay kanyang pinasakdal para sa lahat ng panahon ang mga pinababanal."*** O, napakalaking kapangyarihan na pinakawalan mula sa isang handog na iyon! Totoo na ang dugo ni Jesus ay nagtatakip sa ating mga kasalanan at inihiwalay tayo mula sa isang napapahamak na mundo, ngunit ang handog ni Cristo ay nagbibigay ng higit kaysa sa pagpapatawad lang. Sa pamamagitan ng nag-iisang handog na iyon, ang lahat ng mga Leviticong paghahandog ay natupad. Ang lahat ng mga Leviticong paghahandog ay anino ng handog na gagawin ni Cristo. Maraming mga Leviticong paghahandog. Nangangailangan ito ng maraming iba't ibang Leviticong paghahandog upang ipahayag kung ano ang ibig sabihin ng handog ni Cristo. Maraming pangangailangan sa tao. Ito ang dahilan na maraming mga paghahandog, bawat isa ay kinakatagpo ang isang partikular na pangangailangan sa ating mga buhay.

May isang kordero ng Paskuwa para sa kaligtasan. Si Cristo ay naging ating Kordero ng Paskuwa (1 Cor. 5:7). Pagkatapos ay may isang handog para sa Pentecostes, na kumakatawan sa sakripisyo ni Cristo na siyang nagbigay sa atin ng kakayahan upang tanggapin ang Bautismo ng Espiritu Santo. Ang isa sa mga dakilang pangako ng Ama na ginawa kay Cristo ay ibubuhos Niya ang Banal na Espiritu sa binhi ni Cristo (Isa. 44:3). Nakuha ni Cristo ang pangakong ito sa pamamagitan ng Kanyang pagsunod, espirituwal na tinupad ang Pentecostal na handog ng Levitico kabanata 23.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Tinupad Niya ang handog pangkapayapaan, at binibigyan Niya tayo ng Kanyang kapayapaan. Tinupad niya ang handog sa pagkakasala upang makapagbigay ng isang paraan ng pagpapalaya mula sa ating likas na kasalanan. Kanya pang pinasan ang ating mga pagdadalamhati at kalungkutan upang tayo ay hindi malugmok sa pagkalumbay, panghihina ng loob, at pangungulila (Isa. 53:4). Tinupad Niya ang lahat sa isang handog na iyon. Ang lahat ng mga biyaya ng Salita ng Diyos ay ipinagkaloob sa mananampalataya sa pamamagitan ng bisa ng isang handog na ito.

**10:15-16** ***"At ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo rin sa atin, sapagkat pagkatapos niyang sabihin, Ito ang tipan na aking gagawin sa kanila, pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi ng Panginoon; ilalagay ko ang aking mga kautusan sa kanilang mga puso, at isusulat ko ang mga iyon sa kanilang pag-iisip."*** Ang pangakong ito na ang kautusan ng Diyos ay isusulat sa ating mga puso at isipan ay hindi kusa na nangyayari kapag tinanggap natin si Cristo bilang ating Tagapagligtas. Kapag binasa natin ito parang ganun ang ipinapakita sa una, ngunit tinutulungan tayo ng Lumang Tipan na maunawaan na ang pagkamit ng isang bagong puso ay nangangailangan ng isang proseso.

Sa Ezekiel 36:25-27 mayroon tayong pangako ng posibilidad ng isang bagong puso. Sinabi ng Diyos na "palalakarin ko kayo nang ayon sa aking mga tuntunin" Kanyang mga ipinangako: "Aking aalisin ang batong puso sa inyong laman, at aking bibigyan kayo ng pusong laman. Aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin ko kayo nang ayon sa aking mga tuntunin, at magiging maingat

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

kayo sa pagsunod sa aking mga batas" (36:26b-27). Nangangahulugan ito ng pagkakaroon ng Kanyang mga kautusan na nakasulat sa laman ng ating puso, gaya ng sinabi Niya sa Ezekiel 11:19. Sa Ezekiel 36:29 Siya ay nangako na ililigtas tayo mula sa lahat ng ating mga karumihan. Ngunit ang lahat ba ng ito ay kusang dumarating? Hindi, ito ay hindi ganun! Nauna rito ang talata 25. Dapat tayong mahugasan mula sa lahat ng ating karumihan. Pagkatapos ay dapat alisin ang lahat ng mga diyus-diyosan sa ating buhay.

Gaya ng binasa natin sa kabanata 36 ng Ezekiel, naiintindihan natin mula sa talata 37 na ito rin ay nangangailangan ng labis na pagsisikap at paghahanap. "Ganito ang sabi ng Panginoong DIYOS: Bukod pa dito'y hahayaan ko ang sambahayan ni Israel na humiling sa akin upang gawin ito sa kanila: paramihin ang kanilang mga tao na parang kawan." Sa madaling salita, ang mga pagpapalang ito ay isang bagay na kailangan nating hanapin sa Diyos ng mataimtim. Una sa lahat, dapat maranasan natin ang pribilehiyo na ang mga mata ng ating pagkaunawa ay mabuksan upang maunawaan natin kung ano ang tungkol sa bagong tipan. Kailangang mabuksan ang mga mata natin upang makita ang maluwalhating tagumpay na binanggit sa atin sa Ezekiel kabanata 36. Nangako ang Diyos na "palalakarin Niya tayo ayon sa Kanyang mga tuntunin." Ito ang nais natin! Nais natin ng paglilim ng Kanyang pagpapahid na nagbibigay kakayahan sa atin na lumakad sa Kanyang mga tuntunin. Nais natin na ang Kanyang mga kautusan ay maisulat sa laman ng ating puso.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Gayunpaman, ipinakita sa atin ng Diyos mula sa Kanyang mga Salita na ang pribilehiyo na ito at hindi ibinibigay sa lahat, kahit na ito ay iniaalok sa lahat. Ang mga Israelita noon ay nilimitahan sa panlabas na dako. Ang ilan sa mga saserdote ay nakapasok sa dakong banal. Tanging ang punong saserdote lamang ang nakapasok sa dakong kabanal-banalan. May pagkahati na noon, kung paanong may pagkahati ngayon. Sa espirituwal na pananalita, saan nakaposisyon ang ating mga sarili ngayon? Tayo ba ay nasa panlabas na dako na nagagalak lamang sa kaligtasan, bautismo sa tubig, at marahil sa bautismo ng sa Espiritu Santo? Tiyak naman na ang mga ito ay sagradong mga karanasan, ngunit mga minamahal, nais nating pumasok sa dakong banal upang tumanggap ng mga mas malalakas na pagpapahid mula sa Diyos. Ang dakong banal ay kung saan natin mararanasan ang lumakad sa Espiritu. Gayunpaman, mayroon pang isang bagay na mas pinakananais natin at iyon ay ang pumasok sa loob ng tabing. Ang pumasok sa loob ng tabing ay upang masilayan ang Kanyang mukha at hayaang ang Kanyang mga kautusan ay maisulat sa laman ng ating mga puso. Dahil ang kaisipang ito na pagpasok sa loob ng tabing ay napakamahalaga, nais kong tingnan ito sa ilang detalye.

**10:17** ***"Sinabi rin niya, "At ang kanilang mga kasalanan at mga kasamaan ay hindi ko na aalalahanin pa."*** Sa ilalim ng lumang tipan ang dugo ng mga hayop ay pansamantalang nagtatakip sa mga kasalanan ng mga tao. Ngunit ang mga handog na iyon ay nauna lamang tumingin sa Isa na lubusang aalisin ang kasalanan at kukunin ito palayo. Dahil sa alay ni Cristo, ang ating mga kasalanan ay nailibing sa dagat ng pagkalimot (Mik. 7:19). Kung mangyari na ang isang Kristiyano ay mahulog

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

muli sa kasalanan, kailangan niyang hanapin ang Diyos hanggang sa makuha niya ang katiyakan na siya ay napatawad.

**10:18** ***"Kung saan may kapatawaran ng mga ito, ay wala ng pag-aalay para sa kasalanan."*** Ang handog na ito sa Kalbaryo ay walang hanggan. Hindi lamang na tinakpan nito ang ating nagdaang mga kasalanan, tinatakpan din nito ang mga kasalanan na ating nagawa pagkatapos na tayo ay maging mga Kristiyano, ito'y kapag pinanatili natin ang isang nagsisising espiritu. Sa isang handog na iyon ni Cristo ay ang alay para sa kaligtasan at para din sa hinaharap na kasalanan ng Kristiyano.

**10:19-20** ***"Kaya, mga kapatid, yamang mayroon tayong pagtitiwala na pumasok sa santuwaryo sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, na kanyang binuksan para sa atin ang isang bago at buháy na daan, sa pamamagitan ng tabing, samakatuwid ay sa kanyang laman."*** Isaalang-alang natin kung ano ang nangyari nang namatay si Jesus. Nang si Jesus ay nasa krus at sumigaw, *"Natupad na,"* ang tabing sa templo ay napunit mula sa itaas hanggang sa ibaba. Nang maipako si Cristo sa krus ang tabing ay napunit. Samakatuwid, ang napunit na tabing ay tumutukoy sa pagkapako ni Cristo sa krus. Nais nating maranasan ang maipakong kasama ni Cristo at makapasok sa loob ng tabing. Ito ang karanasan sa Roma 6:6. "Nalalaman natin na ang ating dating pagkatao ay kasama niyang ipinako sa krus." Ang nalalaman na ito ay nanggaling mula sa isang Griyegong salita na ang ibig sabihin ay "pagkaalam sa pamamagitan ng karanasan."

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

*"Nalalaman natin na ang ating dating pagkatao ay kasama niyang ipinako sa krus, upang ang katawang makasalanan ay mawalan ng bisa."* Noong ako ay isang pastor maraming taon na ang nakalipas, and Diyos ay nakikipag-usap sa akin, at umiiyak ako sa Kanya na alisin ang batong puso. Nais ko ng isang pusong laman. Nagsimulang mangusap ang Panginoon sa akin mula sa Roma 5:21: "Upang, kung paanong ang kasalanan ay naghari sa kamatayan, ay gayundin naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng pagiging matuwid tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na Panginoon natin."

Pagkatapos ay tinanong ni Pablo ang patalumpating katanungan sa Roma 6:1: "Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy ba tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay sumagana?" sa madaling salita, ang atin bang karanasan bilang Kristiyano ay magiging nasa taluktok ng bundok na karanasan isang araw para lang mahulog sa lambak ng pagkatalo sa susunod na araw? Kapag nagsimula tayo, isang araw ay nasa itaas tayo at nasa ibaba sa susunod. Ganito ba ang ating magiging Kristiyanong karanasan? Ang tinig ni Apostol Pablo ay sumagot pabalik: "Huwag nawang itulot ng Diyos."

Ang hain ni Cristo ay nagbibigay ng higit pa sa kaligtasan. Hindi lamang Niya tayo pinatawad at pagkatapos ay iniwan sa isang "pataas at pababa" na Kristiyanong karanasan. Hindi! Ang Kanyang alay ay nagbibigay ng ganap na tagumpay. Ngunit paano? Paano tayo papasok sa loob ng tabing, at paano tayo makakakuha ng tagumpay laban sa lumang pagkatao? Ang ating bagong pagkatao (si Cristo sa atin) ay hindi maaaring magkasala. Ang ating lumang pagkatao o nahulog na kalikasan ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

nagdudulot sa atin ng pagkakasala, at natural niya itong ginagawa sapagkat ito ang kanyang likas na katangian.

Ang ating lumang kalikasan ay makasalanan; samakatuwid, ano ang ginagawa niya? Isang bagay lang ang alam niya—kasalanan. Kung gayon, ano ang susi sa tagumpay? Ang susi ay mailagay sa krus ang ating lumang pagkatao. Sa natural, hindi natin maaaring ipako ang ating mga sarili. Maaari nating patayin ang ating mga sarili sa iba't ibang paraan, ngunit ang isang paraan na hindi natin mapatay ang ating mga sarili ay sa pamamagitan ng pagkapako sa krus. Maaari mong maipako ang iyong mga paa, at sa isang kamay, ngunit paano mo ipapako ang isa pang kamay? Kahanga-hanga na sa karunungan ng Diyos ay pinili Niya ang kamatayan sa krus upang patunay sa atin na hindi natin kayang ipako ang ating mga sarili. Ang pagkakapako sa krus ay isang karanasan! Ito ay isang karanasan na ang Diyos lamang ang nagdadala sa atin.

Ang daan tungo sa karanasan ng Roma 6:6 ay ipinakita sa atin sa paglalakbay ng mga anak ni Israel. Pagkaraan na maipasà ng mga Israelita ang kanilang mga pagsubok sa ilang, dinala sila ng Diyos sa Jordan. Ang pagtawid sa Jordan ay nakitungo sa kanilang Adamikong kalikasan at kinatawan ang karanasan ng kamatayan sa kasalanan. Haharapin ng Diyos ang bawat bagay ng isa-isa sa ilang. Ang ating pagtugon sa itinuturo ng Diyos sa ating mga buhay ay napakamahalaga. Sa bawat sandali na tumutugon tayo sa Diyos at sabihing, “O, Panginoon, nakalaan po ako,” napapalapit tayo ng kaunti sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ating karanasan sa Jordan. Nagkaroon ng matinding pagbabago pagkaraang makatawid ang Israel sa Jordan.

Inihahanda ako ng Diyos para sa aking karanasan sa Roma 6:6 sa isang tiyak na sandali ng aking buhay maraming taon na ang nakalipas. Patuloy na nilalagay ng Diyos ang Kanyang daliri sa bawat bagay sa aking puso, at sinasabing, “nakahanda ka bang isuko ito, at ito?” Ang ilan sa mga bagay na binanggit Niya ay madali lamang bitawan ay tila hindi naman masyadong mahalaga. Tinanong ko, “Panginoon, interesado po kayo diyan?” Ipinaalam Niya sa akin na para sa Kanya ito ay napakamahalaga. Marami sa mga ito ay hindi kasalanan. Pagkatapos ay dumating na sa punto kung saan ay sinabi ng Diyos, “Ngayon, isusuko mo ba ang asawa mo?” tumugon ako, “Panginoon, hindi ko po kayang gawin iyan.” Napagtanto ko na kalakip dito ang isang bagay na napakamahal at hindi ko magawang pakawalan na lamang siya.

Hindi nagtagal pagkatapos nito ako ay nasa isang pagtitipon kung saan ay nilapag ako ng Espiritu ng Panginoon sa sahig at nangatwiran ang Diyos sa akin na sinasabing, “Ngayon, sino ang higit na nagmamahal sa asawa mo, ikaw o Ako?” sumagot ako, “Kayo po Panginoon.” At Pagkatapos ay sinabi Niya: “At sino ang may kapangyarihan na pangalagaan ang kapakanan niya—ikaw o Ako? Sa puntong iyon hindi na ako makagalaw sa sahig, at kinilala ko, “Panginoon, ikaw ang may kapangyarihan.” Pagkatapos ay marahang gumawa ang Diyos sa aking puso sa mga sandaling iyon at sinabi Niya, “Ngayon, ibigay mo sa akin ang iyong asawa,” at nagawa kong isuko ang aking asawa sa Panginoon.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Kinailangang maging laan si Abraham na ihandog ang kanyang minamahal na anak na si Isaac. Para sa akin, nais ng Panginoon na maging laan akong ihandog ang aking asawa sa Kanya. Hindi ko napagtanto na sa mga sandaling iyon ang aking kalaanan na magsabi ng oo ay naghahanda sa akin para sa karanasan ng Roma 6:6. Hindi tayo dadalhin ng Panginoon sa Jordan (o Roma 6:6) hanggang sa Siya ay masiyahan na naipasà na natin ang lahat ng ating mga pagsubok.

Makaraan ang halos sampung araw matapos ang pangyayaring ito. Isang umaga nang ako ay nasa aking opisina, biglang naramdaman ko ang Banal na Espiritu na lumakad sa silid na gaya ng paglalakad ng isang tao. Pagkatapos ay nagkaroon ako ng pangitain ni Cristo sa krus. Sa pangitaing ito ako ay itinaas ng Espiritu ng Panginoon at nakabayubay akong kasama ni Cristo sa krus. ako ay talagang na kay Cristo at naunawaan ko na sa mga sandaling iyon ako ay nakapakong kasama Niya.

Habang ako ay nakabayubay kasama ni Cristo sa krus, literal akong nakatingin pababa at nakikita ang mga tao na humahamak sa Kanya. Ngunit walang epekto ito; ako ay nasa krus. Makalipas ang ilang sandali ang pangitain ay tumigil at bumalik ako at nakatayo sa aking opisina. Kasunod nito mula sa kaloob-looban ng aking pagkatao ay dumating ang pagbalong ng Espiritu. Nagsimulang bumalong ang Espiritu sa aking pagkatao na may mga salita ng Galacia 2:20 at mula sa aking mga labi Siya ay nangusap ng mga katagang ito: “Ako’y ipinakong kasama ni Cristo.”

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ang daluyong na ito ng Banal na Espiritu kasama ang mga salita ng Galacia 2:20 ay bumalong ng bumalong ng bumalong mula sa aking pagkatao. Alam ko na ako ay ipinakong kasama ni Cristo, at may matinding kapangyarihan na dumating sa aking buhay laban sa kapangyarihan ng kasalanan. Nagkaroon ng isang pagkalaya mula sa paghatak ng lumang kalikasan. Gayundin sa sandaling iyon nakita ko ang tabing sa templo na napunit mula itaas hanggang pababa. O, kung gaano kaluwalhating karanasan ito.

Ang karanasan na maipakong kasama ni Cristo ay isang napaka, pinaka tunay na karanasan. Iyon ang aking "kamatayan sa kasalanan" na karanasan. Ngayon, napakalinaw, hindi mo na kailangan pa ng isang katulad na karanasan upang malaman na ikaw ay naipakong kasama ni Cristo at nakapasok sa loob ng tabing. Ang dahilan kung bakit nagkaroon ako ng isang matinding karanasan ay dahil kailangan kong ituro ang mga bagay na ito sa buong mundo at ang isang tao na may karanasan ay wala sa awa ng isang tao na may teorya. Ang iyong karanasan ng Roma 6:6 ay maaaring iba. Maaaring bibigyan ka ng Diyos ng isang talata sa kasulatan, isang kapahayagan, o sa ibang paraan ay ipaalam sa iyo na ikaw ay patay na nga sa kasalanan, na magmula ngayon ay hindi ka na dapat maglingkod pa sa kasalanan.

Ito ang buod ng bagong tipan—sa pamamagitan ng isang bago ay buhay na paraan tayo ay maaaring makapasok sa loob ng tabing. Ang karanasan ng pagpasok sa tabing ay nagiging sanhi para sa atin na malaman na tayo ay ipinakong kasama ni Cristo. Hindi natin kailangang subukan na ipako sa krus ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ating mga sarili; Ang Diyos ang gumagawa nito. Hindi inilagay ni Cristo ang Kanyang sarili sa krus, ang Ama ang naglagay sa Kanya sa krus, ngunit si Cristo ay buong pusong nakalaan.

Nais ko lamang tumingin kasama ninyo sa Filipos 2:13. Ang talatang ito ay isang susi sa ating espirituwal na buhay at ito ay may mahalagang kahulugan sa akin sa paglipas ng mga taon. “Sapagkat Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanais at sa paggawa, para sa kanyang mabuting kalooban.” Sa madaling salita, ang Diyos ang gumagawa sa ating mga puso upang tayo ay magkusang-loob. Maaaring sabihin mo, “Pero pastor, napakaraming mga bagay ang hindi ko kayang isuko.” Kaibigan, sabihin mo lang sa Panginoon na wala kang lakas na sila ay isuko at sabihing: “Panginoon, mangyaring tulungan mo ako na maging maluwag sa aking kalooban na palayain ang mga bagay na ito.” Kung gagawin mo iyan, kikilos ang Diyos sa iyong puso hanggang sa maibigay mo sila sa isang lubos na mapagmahal na makalangit na Ama. Dadalhin tayo ng Filipos 2:13 sa “bago at buhay na paraan sa loob ng tabing,” at ito ay maluwalhati.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# *Bahagi 9*

## 10:21-25 – ANG BUHAY SA DAKONG KABANAL-BANALAN

Hindi lamang natin nais pumasok sa loob ng tabing, nais din nating manirahan doon. Ang ating layunin ay ipamuhay ang ating buhay sa loob ng dakong kabanal-banalan. Si David ay dumaing sa mga Awit, "O PANGINOON, sinong sa iyong tolda ay manunuluyan? Sinong sa iyong banal na burol ay maninirahan?" (Aw. 15:1). Hindi lamang natin nais na magkaroon ng bunga, kundi bunga na nananatili. Ang nananatiling bunga ay nagmumula sa pananatili sa Kanyang presensiya. Ang mga tagapaglingkod ay pumapasok at lumalabas, at ang mga nasasakupan at pumapasok at lumalabas sa presensiya ng isang kataas-taasan, ngunit ang mga anak ng kataas-taasan ay nananatili sa kanyang presensiya. Samakatuwid, bilang mga totoong may mga sapat sa gulang na mga anak na lalaki at babae ng buhay na Diyos, ang ating hangarin ay ang makapanirahan sa bahay ng Panginoon magpakailanman; upang mamasdan ang kagandahan ng Panginoon, at sumangguni sa Kanyang templo.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**10:21-22** ***"at yamang mayroon tayong isang pinakapunong pari sa bahay ng Diyos, tayo'y lumapit na may tapat na puso sa lubos na katiyakan ng pananampalataya, na ang mga puso ay winisikang malinis mula sa isang masamang budhi at nahugasan ang ating katawan ng dalisay na tubig."*** Ang mahugasan ng dalisay na tubig ay nabanggit din ni Pablo sa Efeso 5:26 at sa Ezekiel 36:25. Ang tubig na pinag-uusapan dito ay hindi isang ritwalismong banal na tubig o tubig mula sa Ilog Jordan sa banal na lupain. Ang Iglesiya ay nalinis ng paghugugas ng tubig sa pamamagitan ng Salita (Ef. 5:26).

Paano tayo hinugasan? Tayo ay nahugasan sa pamamagitan ng pagsunod sa isang buhay (*rhema*) o binigyang-buhay na salita na sinasabi sa atin ni Cristo. Kailangan nating magbasa at mag-aral ng Salita ng Diyos. Ngunit higit sa lahat ay kailangan nating marinig si Cristo na nagsasalita sa atin sa pamamagitan ng Salita. Ito ang Salita na naglilinis sa atin. Kapag sinunod natin ang partikular na salitang sinasabi ng Panginoon sa atin, ang ating katawan ay nahugasan. Ang buong katawan natin ay kailangang mahugasan ng dalisay na tubig

**10:23** ***"Panghawakan nating matatag ang pagpapahayag ng ating pag-asa nang walang pag-aalinlangan, sapagkat siya na nangako ay tapat."*** Kailangang magkaroon tayo ng isang nananatiling karanasan, at ito ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya. Sinabi ni Apostol Pablo, "Ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pananampalataya sa Anak ng Diyos" (Gal. 2:20). Ang nananatiling pananampalataya ang nagbibigay sa atin ng kakayahan na manatili sa Kanyang presensiya. Naitanong ng mga tao, "Maaari mo bang talikuran ang Diyos pagkatapos magkaroon ng lahat ng magagandang karanasan na ito?" Tiyak na magagawa natin! Maaari tayong tumalikod mula sa anumang karanasan. Kaya nga, malapit nang ibigay sa atin ni Pablo ang ikaapat na babala.

**10:24** ***"At ating isaalang-alang kung papaano gigisingin ang isa't isa sa pag-ibig at sa mabubuting gawa."*** Ang buhay sa dakong kabanal-banalan ay kinapapalooban ng kalikasan ng pag-ibig sa ginawang sakdal sa ating mga buhay, at gayundin ang mga mabubuting gawa. Ang mga ito ay parehong dapat na sumagana. Ang pag-ibig ay isa pang salita para sa kasakdalan. Sa Colosas 3:14 sinasabi ni Pablo, "At higit sa lahat ng mga bagay na ito ay magbihis kayo ng pag-ibig na siyang tali ng kasakdalan." Ang pag-ibig ay ang tali ng kasakdalan.

Sa dakong kabanal-banalan ang mga kautusan ng Diyos ay nakasulat sa laman ng ating mga puso, at nagbubunga ng totoong pag-ibig. Ang dalawang tapyas na ito ng kautusan ay maaaring ibuod katulad nito: "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo, at Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." (Mt. 22:36-40). Dapat ay patuloy nating pukawin ang isa't isa sa pag-ibig at mabubuting gawa sapagkat, malinaw naman, na ang pag-ibig ay *nagbibigay*. Ito ang pinakadiwa ng pag-ibig—ito ay nagbibigay. Ang pag-ibig ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

nahahayag sa mabubuting gawa. Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na Kanyang ibinigay ang Kanyang bugtong na Anak (Jn. 3:16). Ang pag-ibig ay nagbibigay!

**10:25** ***“na huwag nating pabayaan ang ating pagtitipon, gaya ng ugali ng iba, kundi palakasin ang loob ng isa't isa, lalung-lalo na kapag inyong nakikita na papalapit na ang Araw.”*** Nakakalungkot, na ang ilan na mga nakarating sa karanasan ng isang ipinakong buhay, ay nanlamig sa kanilang mga puso dahil sa isang pagkatisod. Nagsimula silang maghanap ng pagkakamali sa kanilang simbahan at ibang mga kristiyano, o sila ay natisod sa pamamagitan ng isang bagay na nangyayari sa simbahan. Pagkatapos ay sasabihin nilang, “Hindi na kami pupunta pa sa simbahan, sa bahay nalang kami sasamba sa Panginoon.” Napakamapanganib nito.

Binigyan ako ng Diyos ng isang ilustrasyon noong ako ay nasa Silangang Aprika tungkol sa bagay na ito ng pagiging hiwalay sa katawan ni Cristo. Nakita ko ang isang tumpok ng kahoy na umaapoy at lahat ng mga piraso ng kahoy na ito pinananatili ang bawat isa na nag-iinit at umaapoy. May iilang mga sanga na nasa labas ng tumpok ng kahoy, at habang ako ay nakatingin, ang mga piraso na ito ng kahoy ay napakabilis na namatay; ngunit ang mga naipon sa tumpok ay nagpatuloy sa nagniningas na pag-apoy.

Naglagay ang Banal na Espiritu sa aking puso ng isang malakas at malinaw na mensahe. Kung ihihiwalay natin ang ating sarili mula sa Iglesiya at mula sa pakikisama sa isa’t isa, tayo ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

mamamatay. Ang ating apoy ay mapupugnaw. Kapag tayo ay pinagningas ng pag-ibig ni Cristo, ito ay nagpapatuloy sa pamamagitan ng mga kapatiran. Sinasabi sa atin ni Apostol Pablo na "palakasin ang isa't isa: lalong lalo na kapag inyong nakikita na papalapit na ang Araw."

Ngayon ang "araw" na iyan ay papalapit na talaga. Nakikita natin ang mga bagay sa Israel na bumabalik na sa dati, at ang mga kaguluhan sa Europa upang ihanda ang daan para sa sampung kaharian at sa Anticristo. Matinding kadiliman ang darating sa buong mundo at kailangan nating dumaing sa Panginoon na ang mga relasyon natin sa ating mga kapatiran ay palakasin. Kung kaya tayo ay inutusan na palakasin at paalalahanan ang isa't isa araw-araw. Hindi tayo makakatayo sa mga oras na ito kung wala ang lakas ng ating mga kapatiran.

### *Ang Ikaapat na Babala- 10:26-39*

### ***<u>Ang mga Panganib ng Sinasadyang Pagkakasala at Pagtalikod</u>***

**10:26-27** ***"Sapagkat kung sinasadya nating magkasala, matapos nating tanggapin ang lubos na pagkakilala sa katotohanan, ay wala ng natitira pang alay para sa mga kasalanan, kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom, at isang naglalagablab na apoy na tutupok sa mga kaaway."***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Habang tinitingnan natin ang Diyos bilang isang maawain na Diyos, dapat din nating isaalang-alang na Siya ay isang hukom. Kailangan nating balikan ang batas upang maintindihan kung ano ang sinasabi ni Pablo dito. Sa Exodo 34:6 Nagpakita ang Diyos kay Moises at sinabi, “Ang Panginoon ay isang Diyos na puspos ng kahabagan at mapagpala, hindi magagalitin, at sagana sa wagas na pag-ibig at katapatan. Ngunit sa talatang 7 ay sinabi niya, “na nag-iingat ng wagas na pag-ibig para sa libu-libo, nagpapatawad ng kasamaan, ng pagsuway, at ng kasalanan, ngunit sa anumang paraan ay hindi ituturing na walang sala ang may sala; na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak, at sa mga anak ng mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi.”

Ang Panginoon ay isa ring hukom. At hindi natin dapat kalimutan ang aspetong ito ng Kanyang kalikasan. May ilang bilang ng klasikong halimbawa sa Salita ng Diyos ng mga taong nagkasala at hindi nakasumpong ng dako ng pagsisisi.

Si Saul ay hindi nakasumpong ng pagsisisi makaraan ang ilang taon na pagtanggi sa Salita ng Diyos. Hinanap ni Esau ang pagsisisi patungkol sa pagkawala ng kanyang pagkapanganay, ngunit hindi niya ito nasumpungan. Kahit pa umiyak siya ng maraming mapapait na mga pagluha. Sina Saul, Esau at Judas ay tumangis lahat. ngunit hindi sila naipanumbalik. Walang ipinakitang awa sa kanila. Marahil, palaging may dahilan kung bakit ang Diyos ay nagpapakita ng awa sa ilan ngunit hindi sa iba. Sa paghusga mula sa pananaw ng isang tao, si Haring David ay nakagawa ng mas malaking kasalanan

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

kaysa kay Saul, ngunit si David ay may kakaibang uri ng puso. Ang kanyang espiritu ay bagbag sa Panginoon. Siya ay muling tinanggap at siya ay magiging hari sa Milenyo.

Parehong ipinagkanulo ni Judas at Pedro ang Panginoon, ngunit ang isang pagkakanulo ay inisip na at ang isa ay dahil sa takot; at mapait na nanangis si Pedro. Ang unang bagay na sinabi ng anghel sa mga kababaihan sa libingan ay humayo at sabihin sa mga alagad at *kay Pedro* na si Cristo ay nabuhay mula sa mga patay (Mc. 16:5-7). May isang napakalaking pagkakaiba sa pagitan ni Judas at Pedro. Ang kanilang mga puso ay lubusang magkaiba. Dapat mag-ingat tayo ng husto na huwag tayong magkasala nang sinasadya. Si Haring David ay natalo ng isang pagkakamali ngunit ang kasalanan ni Saul ay pinag-isipan. Ginawa niya ito upang panatilihin ang parangal ng mga tao. Sinuway niya ang utos ng Diyos na patayin ang lahat ng mga Amalekita. Ang kay Judas ay pinag-isipang pagkakanulo, habang si Pedro ay natalo ng kanyang kahinaan. May malaking pagkakaiba. Sinabi ni Apostol Judas sa 1:22 “At ang ibang nag-aalinlangan ay inyong kahabagan.” Dito natin mauunawaan kung paano gumagawa ang awa ng Diyos.

May isang pastor na minsang dumaing sa Diyos at sinabi, “O Diyos, ipagkaloob Mo po sa akin ang iyong kahabagan.” Ang kaagad ay sinabi ng Diyos: “Ang habag ay sa Akin lamang. Aking kahahabagan ang ibig Kong kahabagan.” May pagkakaiba ang lahat sa daigdig sa pagitan ng isang tao na nahuli sa isang mahinang kalagayan, at isang tao na ang puso ay nakatungo sa kasamaan. Hindi ko binibigyang katuwiran ang kasalanan, pakiusap huwag sana kayong magkamali ng pag-intindi

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

sa akin, ngunit kailangan nating ipakita ang kaibahan sa pagitan ng dalawa. Kapag may sinasadyang kasalanan, wala nang magiging alay pa.

**10:28-29** ***"Ang sumuway sa kautusan ni Moises, sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi, ay walang awang namamatay. Gaano pa kayang higpit na parusa sa akala ninyo, ang nararapat sa kanila na yumurak sa Anak ng Diyos at lumapastangan sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kanila, at umalipusta sa Espiritu ng biyaya?"*** Tingnan ang mga salitang ito— "Sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kanila." Maaari lamang itong tumukoy sa isang mananampalataya. Ang limang mga babala sa Hebreo ay para sa mga mananampalataya, hindi sa sanlibutan. Hindi tayo dapat tumalikod ng kusa sa Diyos at alipustahin ang Espiritu ng biyaya.

**10:30** ***"Sapagkat kilala natin ang nagsabi, "Akin ang paghihiganti, ako ang gaganti." At muli, "Huhukuman ng Panginoon ang kanyang bayan."*** Ang Panginoon ang hahatol, hindi lamang ng sanlibutan, kundi pati ng Kanyang bayan! Sinabi ni Apostol Pedro na ang paghuhukom ay dapat magsimula sa sambahayan ng Diyos. Kaya nga, kailangan nating patuloy na dumaing, "O, Diyos, linisin Mo ako!" Ang Panginoong Jesu-Cristo Mismo ay nagpahayag, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang bawat nagkakasala ay alipin ng kasalanan. Ang alipin ay walang palagiang dako sa sambahayan" (tingnan sa Jn. 8:34-35). Ang lalaki o babae na nagpapatuloy sa pagkakasala ay hindi makapanatili sa bahay magpakailanman. Paulit-ulit kong nakita ito sa buong panahon ng aking buhay. Mapupuno na ang ating mga simbahan kung ang lahat ng tumanggap kay Cristo ay nanatili, ngunit

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

marami ang hindi. Marami ang hindi buong sikap na iningatan ang kanilang mga puso at sila’y tumalikod, gaya ng tinuran ni Pedro, tulad ng isang aso sa sarili nitong suka. Bumalik sila sa polusyon ng sanlibutang ito, at ito at tumutukoy rin sa ilang mga mangangaral.

Partikular na binanggit ni Pedro ang mga tagapaglingkod ng pagpapalaya na nangako ng kalayaan sa iba habang sila sa kanilang mga sarili ay nakagapos sa kasamaan. Isinalarawan niya sila sa ganitong paraan sa Ikalawang Pedro 2:15: “Iniwan nila ang daang matuwid at naligaw sila.” Ang mga ito ay ang mga tagapaglingkod na minsan nang nasa daan ng katuwiran ngunit naligaw. “Ang mga ito’y mga bukal na walang tubig, [nangangahulugang iniwan sila ng Espiritu] mga ulap na tinatangay ng unos. Sa kanila'y inilaan ang pusikit na kadiliman. Sapagkat sila'y nagsasalita ng mga kayabangang walang kabuluhan, at nang-aakit sila sa pagnanasa ng laman sa pamamagitan ng kahalayan sa mga nakatakas mula sa mga namumuhay sa kamalian. Sila'y pinapangakuan nila ng kalayaan, gayong sila mismo'y mga alipin ng kabulukan; sapagkat sinuman ay inaalipin ng anumang lumupig sa kanila” (2 Ped. 2:17-19). May mga tagapaglingkod na nangangaral ng kalikuan, at inaakit ang mahihinang mga banal na minsan nang nakatakas mula sa mga bagay na ito.

Ang ating mga ministeryo ay hindi makapaglilligtas sa atin. May mga nakilala akong mangangaral na nangaral ng apoy sa impiyerno at asupre. Masigasig silang nangaral, ngunit alam ba ninyo kung bakit ganun katindi ang kanilang pangangaral? Ito ay upang subukan na iligtas ang kanilang mga sarili. Iniisip nila na kapag nangaral sila ng tungkol sa katuwiran ay ililigtas sila ng kanilang pangangaral.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ngunit sinabi ni Apostol Juan, “Mga munting anak, huwag kayong padaya kanino man. Ang gumagawa ng katuwiran ay matuwid, gaya niya na matuwid” (1 Jn. 3:7).

“Sapagkat kung pagkatapos na sila'y makatakas sa mga karumihan ng sanlibutan sa pamamagitan ng pagkakilala sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, ay muli silang napasabit sa mga ito at nadaig, ang huling kalagayan nila ay mas masama kaysa nang una. Sapagkat mas mabuti pa sa kanila ang hindi nakaalam ng daan ng katuwiran, kaysa, pagkatapos na malaman ito ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila” (2 Ped. 2:20-21).

Si John Bunyan ay ipinakilala sa isang panaginip sa isang *tagapagpaliwanag* sa *Pilgrim’s Progress.* Ipinakita sa kanya ng tagapagpaliwanag ang isang napakalaking kulungan kung saan ang isang binata ay nakaupong nanlulumbay, at may malalalim na buntong-hininga. Sinabihan ng tagasalin si John Bunyan na tanungin ito ng ilang mga katanungan. Kaya nagtanong si John Bunyan, “Bakit nasa kulungan ka?” sumagot ang binata, “Ako ay dating mananampalataya na nakatakas sa pagnanasa ng sanlibutan, at sa lahat ng sinasabi ng iba pa ay namuhay ng isang matuwid na buhay.” Siya ay maaaring nakapagtipon mula sa kanyang patotoo na nakapagdala siya ng iba sa Panginoon sa mga unang taon ng kanyang Kristiyanong karanasan. Ngunit may nangyari. Nagsimula siyang makinig muli sa mga dati niyang kaibigan at nakisawsaw sa kasalanan. Siya ay nadaig at ibinalik sa pagkaalipin. Ang kanyang walang hanggang kapalaran ay ang umupo sa kulungang iyon at kailanman ay hindi na mapapakawalan pa. Ito ay higit pa sa isang drama. Ang mga bagay na ito ay tunay na totoo. Huwag

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

tayong padaya kaninuman. Ang mga nakasisindak na babalang ito sa Hebreo ay binanggit ng lahat ng mga Apostol at ng Panginoon Mismo.

**10:31** ***"Isang kakilakilabot na bagay ang mahulog sa mga kamay ng Diyos na buháy."*** Ang mga ito ay nakasisindak na mga babala. O, dumaing tayo sa Diyos na tayo ay maingatan sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, at dumaing tayo sa Diyos na tayo ay laging mahugasan sa pamamagitan ng dugo ni Cristo. Tayo ay patuloy lamang na nahuhugasan sa pamamagitan ng dugo ni Cristo kung tayo ay lumalakad sa liwanag, sa katotohanan. Sa gayon tayo ay magkakaroon ng pakikisama sa Ama at sa Kanyang Anak.

**10:32-34** ***"Subalit alalahanin ninyo ang mga nakaraang araw, na pagkatapos na kayo'y maliwanagan, ay nagtiis kayo ng matinding pakikipaglaban na may pagdurusa, na kung minsan ay hayagang inilalantad sa pag-alipusta at pag-uusig, at kung minsan ay nagiging mga kabahagi ng mga nagdaranas ng gayon. Sapagkat kayo'y nahahabag sa mga bilanggo, at tinanggap ninyo nang buong galak ang pagkasamsam sa inyong mga ari-arian, palibhasa'y inyong nalalamang mayroon kayong isang pag-aaring higit na mabuti at tumatagal."***

Ang mga Hebreong Kristiyano ay lumalayo sa Panginoon. Sa mga panahon ng *revival* ang mga tao ay pumupunta sa Iglesiya, ngunit may panahon ng pagsubok at marami ang mga lumalayo. "Subalit alalahanin ninyo ang mga nakaraang araw, na pagkatapos na kayo'y maliwanagan, ay nagtiis kayo ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

matinding pakikipaglaban na may pagdurusa, na kung minsan ay hayagang inilalantad sa pag-alipusta at pag-uusig" sinasabi ni Pablo sa mga Judiong mananampalataya na ito na alalahanin ang panahon nang una nilang natagpuan si Cristo bilang kanilang Tagapagligtas. Ang kanilang mga puso ay punong-puno ng pag-ibig at kasigasigan para kay Cristo; gayundin, sila ay may matinding pagkahabag kay Pablo noong siya ay nasa bilangguan at nakatanikala. Nakahanda silang kumpiskahin ang kanilang mga paninda at maitakwil mula sa iba pa nilang mga kapatid na Judio upang makilala sila na kasama ng Panginoong Jesu-Cristo at ng Kanyang bilanggo, na si Apostol Pablo.

Ang mga Hebreo ay nakahandang magdusa ng labis, dahil nalalaman nila sa kanilang mga puso na sila ay magkakaroon ng isang mas mahusay at isang pangmatagalang kayamanan sa langit. Si Cristo Mismo ay nagsabi. "Ang sinumang magbigay ng kahit isang basong tubig sa isang propeta, ay tatanggap ng gantimpala ng isang propeta" (Mt. 10:41-42).

**10:35** ***"Kaya't huwag ninyong itakuwil ang inyong pagtitiwala na may dakilang gantimpala."*** Nabanggit na namin ang karanasan ng isang kabataang babae na dinala sa langit sa isang pangitain. Sa langit ay nakita niya na may mga gantimpala kahit sa mga pakikipagkamay, mga pagngiti, at sa maliliit na gawa ng kabutihan. Maiisip mo ba ang kung gaano kalaki ang mga gantimpala para sa mga banal ng Hebreo dahil sa lahat ng kanilang mga pagdurusa para kay Cristo! Kabalintunaan lamang, na bagama't nagdusa sila ng labis para sa kanilang patotoo, ay nakahanda na silang talikuran ang lahat.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Ito ang dahilan kung bakit hinihimok sila ni Pablo na huwag itapon ang kanilang matibay na paniniwala na siyang magbibigay sa kanila ng kamangha-manghang mga gantimpala!

**10:36 *“Sapagkat kailangan ninyo ng pagtitiis, upang kapag inyong nagampanan ang kalooban ng Diyos ay tanggapin ninyo ang pangako.”*** Kinailangang maghintay ni Abraham ng mahabang panahon at kinailangan niyang gumawa ng mga bagay sa paraan ng Diyos bago niya makuha ang mga pangako. Ang malalaking mga gantimpala ay hindi ibinibigay ng basta-basta na lamang sa kaharian ng Diyos. Ganito rin sa natural. Ang mapagmahal na ama ay nagbibigay sa kanyang anak ng maliliit na bagay lang muna sa simula. Naghihintay siya hanggang sa ang kanyang anak ay maging husto sa gulang bago niya ibigay sa kanya ang mahahalagang mga bagay. Hindi mo kailanman bibigyan ang maliit mong anak na babae ang isang mamahaling kwentas na perlas, hindi ba? Bibigyan mo siya ng maliliit na mga pekeng perlas. Gayundin sa mga Kristiyano. Hindi tayo binibigyan ng Diyos ng mga mamahaling bagay hanggang sa tayo ay naging matapat sa maliliit, at natural na mga bagay sa buhay.

“Sapagkat kailangan ninyo ng pagtitiis, upang kapag inyong nagampanan ang kalooban ng Diyos ay tanggapin ninyo ang pangako.” Kahit na isinasagawa natin ang kalooban ng Diyos, kailangan pa rin nating magkaroon ng pagtitiis na maghintay hanggang sa panahon na ng Diyos na ibigay sa atin ang isang pangako. Sinasabi sa Kawikaan 20:21, “Ang mana na madaling nakuha sa pasimula, sa katapusan ay hindi mapagpapala.” Si Saul ay mabilis na itinaas at pinagkalooban ng kaharian, ngunit

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

naging mapanganib ang kanyang katapusan. Si Solomon rin, naging hari sa edad na labinsiyam, ngunit ang katapusan niya ay kahapis-hapis. Sa kaibahan, ang mga naging mabagal at nagbayad ng halaga para sa ministeryo ay siyang karaniwang nagiging matatag at nagkakaroon ng pangmatagalang karangalan. Si Moises ay gumugol ng apatnapung taon sa ilang at naging isa sa mga ilawang nabanggit sa Pahayag 11:4. Siya at si Elias ang dalawang saksi na nakatayo sa kanan at kaliwang kamay ng Panginoon. Ang dalawang lalaki na ito ay nagbayad ng napakamahal na halaga para sa ministeryo, at kasama na rito ang mahahabang panahon ng pagkaantala at pagiging tigang.

**10:37-38** ***"Sapagkat "sa sandaling panahon, ang siyang dumarating ay darating, at hindi maaantala. Ngunit ang aking matuwid na lingkod ay mabubuhay sa pananampalataya. Ngunit kung siya'y tumalikod, ang aking kaluluwa ay hindi malulugod sa kanya."*** Inihahanda ni Pablo ang daan para sa susunod na kabanata kung saan ay kabanata ng pananampalataya. "Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." Ito ay sipi mula sa Habakuk 2:4. Nabubuhay tayo sa biyaya ng Diyos, sa awa ng Diyos, at sa pananampalataya ng Diyos. Samakatuwid, kailangan nating magkaroon ng isang tuloy-tuloy na pakikipag-ugnay kay Cristo upang magkaroon ng pagpapahid at maging matagumpay.

*"Ngunit kung siya'y tumalikod, ang aking kaluluwa ay hindi malulugod sa kanya."* Matapos makamit ang isang karanasan kay Cristo, palaging naroon ang panganib ng pagtalikod. May mga nakilala akong tao na tumanggap ng bautismo ng Espiritu Santo at pagkatapos ay naikompromiso nila ang katotohanang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

iyon. Ang iba na mga ginamit na sa pangangaral ay tumalikod sa Panginoon. Ang iba pa na ginamit ng Diyos upang pagalingin ang may sakit at gumawa ng mga himala ay nahulog sa tabi ng daan. Marami akong nakilala na umatras at hindi na pinahintulutan ang daloy ng Banal na Espiritu dahil mas pinahalagahan nila ang parangal ng mga tao kaysa sa parangal na nagmumula sa Diyos. Hindi sila nakahandang tiisin ang pagdusta na kasama sa isang bagong karanasan sa Diyos. Ngunit naging matagumpay si Pablo na ipahayag ang kanyang sarili at ang mga kasama niya:

**10:39 *“Ngunit tayo'y hindi kabilang sa mga umuurong kaya't sila'y napapahamak, kundi kabilang sa mga may pananampalataya kaya't naliligtas*.”** Ipagkaloob nawa sa atin ng Diyos ang Kanyang biyaya na maging mga tao na patuloy na nagpapatuloy. Baka may mag-isip na naabot na niya ang lahat ng mayroon ang Diyos, Nais kong tapusin ang seksyon na ito sa pagtingin sa Unang Corinto 2:9. “Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at hindi narinig ng tainga, at hindi pumasok sa puso ng tao, ay ang mga bagay na inihanda ng Diyos para sa kanila na nagmamahal sa kanya.” Sinasabi ni Pablo na ang Diyos ay may higit pang nakalaan para sa atin kaysa sa maaaring maisip natin. Kaya nga, kailangang magkaroon ng masigasig na pagpapatuloy upang makilala ang Panginoon ng lalong higit pa.

Ang buhay ay isang takbuhin. Habang tumatanda ka, kailangan mong tumakbo ng mas matulin. Sa isang pang-malayuang takbuhin, nagsisimula ka sa isang marahang ritmo, ngunit habang papalapit ka

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

na sa duluhang poste ay kailangan mong dagdagan ang iyong bilis. Samakatuwid, habang tumatanda ka, ay mas lalo mong kailangan na mag-aral at magpatuloy sa Panginoon.

Ipinagpatuloy ni Pablo sa Unang Corinto 2:10: “Ngunit ang mga ito ay ipinahayag sa amin ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu; sapagkat sinisiyasat ng Espiritu ang lahat ng mga bagay, maging ang malalalim na mga bagay ng Diyos.” Ang talatang ito ay nakasaad sa kasalukuyang patuloy na pagkilos. Nangangahulugan ito na ang Banal na Espiritu ay patuloy na naghahanap ng mga bagay ng Diyos at inihahayag ang mga ito sa atin. Sinasabi sa atin ng Daniel 12:4 na sa huling mga araw ang kaalaman ay lalago. Ang mga siyentipiko ay patuloy na sumusuri at naghahanap, at nagsisikap na malampasan ang mga hadlang tungo sa mga bagong larangan ng pagkatoto. Kung ito ay totoo sa natural, at sinabi ni Pablo na una sa natural pagkatapos ay sa espirituwal, tiyak na sa mga huling araw na ito ang Diyos ay nakapaglaan ng pinakamabuting kapahayagan hanggang sa huli. Siya ay may higit na kaalamang ibabahagi sa Kanyang Iglesiya kaysa sa maisip natin.

Nangako si Jesus na gagabayan tayo ng Banal na Espiritu sa lahat ng katotohanan. Sinabi Niya na kukunin ng Banal na Espiritu ang mga bagay na pag-aari Niya at ihahayag ang mga ito sa atin. Kaya nga, sa mga pangakong ito sa ating isipan, dapat tayong manalangin: “O Banal na Espiritu, napakabagal kong umintindi. Pakibuksan po Ninyo ang inyong Salita sa akin.” May isang napakagandang panalangin sa Awit 119:18 kung saan ang Salmista ay nananaghoy: “Buksan mo ang aking mga mata upang makita ko, ang kahanga-hangang mga bagay sa kautusan mo.” Sa tuwing

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

bubuksan natin ang Bibliya, dapat ay palagi tayong lumapit na may paggalang, humihingi ng tulong ng Banal na Espiritu. At habang binubuksan ng Panginoon ang Kanyang Salita, tayo ay lalong mababago tungo sa isang may sapat na gulang na anak na lalaki at babae ng Kataas-taasan at magdudulot sa Kanya ng labis na kagalakan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# *Bahagi 10*

## 11:1-40 – ANG PATOTOO NG PANANAMPALATAYA

**11:1-2** ***“Ngayon, ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita. Tunay na sa pamamagitan nito ang mga tao noong una ay tumanggap ng patotoo.”*** Ang pananampalataya ay isang katiyakan; ito ay isang bagay na nasasalat. Sinasabi ni Apostol Pablo sa Efeso 2:8 na ang pananampalataya ay hindi sa ating mga sarili, ito ay isang kaloob ng Diyos. Samakatuwid, kapag binibigyan tayo ng Diyos ng pananampalataya mararamdaman natin ito, at alam nating nasa puso natin ito. Ang pananampalataya ay katiyakan ng mga bagay na inaasahan. Marahil ay maaari nating ipakahulugan ito sa ibang pangungusap at sabihin na ang pananampalataya ay ang *kasiguruhan*

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

na ating matatanggap ang mga bagay na ating inaasahan sapagkat ang pananampalataya ay palaging nagdudulot ng kung saan ito ibinigay.

Ang Diyos ay nagbabahagi sa atin paminsan-minsan ng isang *partikular* na pananampalataya para sa partikular na mga pangangailangan. Hindi Niya tayo binibigyan ng isang *kumot* ng pananampalataya na sumasaklaw sa lahat ng bagay ng sabay-sabay. Nagbibigay Siya ng isang partikular na pananampalataya. Una sa lahat, binibigyan Niya tayo ng pananampalataya para sa kaligtasan. Pagkatapos ay ibinabahagi Niya ang pananampalataya sa atin upang tanggapin ang Bautismo ng Banal na Espiritu. Ang pananampalataya ay ipinagkakaloob din sa atin upang makilala natin ang Panginoon bilang Ang Tagapagkaloob ng lahat ng ating mga pangangailangan. Makikita natin sa kabuuang patotoo ng pananampalataya sa kabanatang ito na ang mga kalalakihan nung una ay tumatanggap ng pananampalataya para sa espesipikong mga layunin. Sa katunayan, tumanggap sila ng pananampalataya upang ganapin ang kalooban ng Diyos. Ang pananampalataya ay katiyakan; ito ay ang katibayan ng mga bagay na ating inaasahan ay magaganap. Sa pamamagitan ng pananampalatayang ito—ang pananampalataya ng Diyos—na ang mga matatanda, patriarka, propeta, at kalalakihan mula sa una ay nakatanggap ng isang magandang ulat.

**11:3** ***“Sa pananampalataya ay nauunawaan natin na ang mga sanlibutan ay nilikha sa pamamagitan ng salita ng Diyos, anupa't ang mga bagay na nakikita ay nagmula sa mga***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***bagay na hindi nakikita."*** Ang pananampalataya ay ibinigay upang maunawaan natin ang paglikha. Sa ngayon ay nariyan ang lahat ng uri ng mga teorya tungkol sa ebolusyon, ngunit sa maingat, at bukas ang kaisipan na pagsusuri ay makikita natin na ang ebolusyon ay imposible sa agham. Kahit mula sa teorya ng DNA ay walang katuturan para sa ebolusyon na kahit isaalang-alang man lamang. Ang buong sansinukob na ito ay napakahusay na nakaayos at ito ay gumagalaw sa ilalim ng kontrol ng isang Banal na Katauhan. Ito'y sa pamamagitan ng pananampalataya na nauunawaan natin ang paglikha; at ito'y sa pamamagitan rin ng pananampalataya na naiintindihan natin na mayroong isang Banal na Persona at isang mapagmahal na Diyos. Sa pamamagitan ng pananampalataya tayo ay maaaring maging mga lalaki at babae na may layunin, alam kung saan tayo nagmula at kung saan tayo patungo.

Ang Diyos ang nagbibigay sa atin ng mahalagang bagay na ito na tinatawag na *pananampalataya;* ang pananampalataya ay isang daang porsyento na banal. Gayunpaman, sinasabi sa atin ni Apostol Pablo na hindi lahat ng mga tao ay may pananampalataya (2 Tes. 3:2). Kapag ang mga tao ay nawalan ng pananampalataya, sila ay nahuhulog sa matitinding pagkakamali. Sa kanyang aklat na pinamagatang "Mga Pangitain ng Langit at Impiyerno," inalala ni John Bunyan ang kwento ng panahon na dinala siya ng Panginoon sa impiyerno at nakilala niya ang isa sa mga nangungunang tagapagturo ng ebolusyon na nabuhay bago sa kanyang panahon. Tinanong siya ni John Bunyan, "Ikaw ba ang dakilang tao na sumulat ng isang aklat ng ebolusyon, na sinusubukang iwaksi ang palagay na may isang Diyos?" Sumagot ang lalaki, "Sa lupa ako ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pinapurihan, ngunit sa impiyerno isa ako sa mga pinakamababang nilalang.” Kahit ang mga demonyo ay hinamak siya na sinasabing, “Paano mo nagawang paniwalaan ang ganyang teorya?”

Nakakalungkot man, ang mga sumuporta sa mga panlilinlang na ito ay magkakaroon ng isang kahila-hilakbot na karanasan kapag dumaan sila sa buhay na ito tungo sa impiyero at walang hanggan. Tinanong ni John Bunyan ang iba pa sa impiyerno, “Pinaniwalaan ba talaga ninyo ang inyong mga ateistikong teorya? Kinilala nila, “Sinubukan naming hikayatin ang iba, ngunit hindi namin magawang himukin ang aming mga sarili.” Hindi nila mapaniwala ang kanilang mga sarili sapagkat sa sangkatauhan ay may isang konsiyensya na palaging sumisigaw laban sa mga ganitong kawalang-kabuluhan.

**11:4** ***“Sa pananampalataya si Abel ay nag-alay sa Diyos ng higit na dakilang handog kaysa kay Cain. Sa pamamagitan nito siya'y pinuri bilang matuwid at ang Diyos ang nagpapatotoo sa pamamagitan ng pagtanggap sa kanyang mga kaloob. Patay na siya, gayunma'y nagsasalita pa sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya.”*** Tayo ngayon ay nakarating sa pananampalataya na nagbibigay ng kakayahan sa atin upang maghandog ng isang mas mahusay na alay. Ang hain na ito ay inihandog ni Abel, ngunit sa katotohanan ito ay nagsimula kay Adan. Nang magkasala si Adan, dinamitan siya ng Diyos ng mga balat ng mga hayop, nangangahulugan na kinakailangang matigis ang dugo para matubos ang isang tao. Ipinapalagay, na ang mga ito ay mga balat ng tupa o mga kordero, isinasalarawan ang Kordero ng Diyos na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

mamamatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan. Lubos itong nauunawaan ni Cain. Ngunit nang ang dalawang magkapatid ay dumating upang maghandog ng isang hain sa Diyos, inihandog ni Cain ang mga bunga ng kanyang sariling mga kamay, na talaga namang kasuklam-suklam sa Diyos.

Si Abel, sa kabilang banda, ay naghandog ng ilan sa kanyang kawan, at ang kanyang alay ay tinanggap ng Diyos. Tinawag itong "isang mas mahusay na hain." Naging saksi ang Diyos sa gawaing ito na siya ay isang matuwid. Ang handog ni Abel ay sa pamamagitan ng pananampalataya. May pananampalataya siya sa dugo. Si Abel ay lumapit sa Diyos sang-ayon sa mga tuntunin ng Diyos, ngunit si Cain ay lumapit sa sarili niyang mga tuntunin. Sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, ng pakikipag-ugnayan, na ating malalaman kung aling mga hain ang gagawin, at sa pamamagitan lamang ng pananampalataya na tayo ay binigyang-kakayahan na maihandog ang mga ito. Ngayon ay nakarating tayo sa tinatawag natin na "nililipat na pananampalataya"

**11:5** ***"Sa pananampalataya si Enoc ay dinalang paitaas anupa't hindi na niya naranasan ang kamatayan. "Hindi na siya natagpuan, sapagkat siya'y kinuha ng Diyos." Sapagkat bago siya dinalang paitaas, pinatotohanan na ang Diyos ay nalugod sa kanya."*** Si Enoc ay isang uri ng mga dadalhin paitaas at hindi na makakaranas ng kamatayan sa mga huling araw. Ang Pahayag 12:5 at nangungusap patungkol sa espesyal na grupong ito na tinawag na ang anak na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

lalaki. Ito ay ang pangkat ng mga debotong mananampalataya na dinala sa langit at hindi na makikita ang kamatayan. Ang buhay ni Enoc ay nagbigay sa atin ng mga kwalipikasyon para mapabilang sa mapalad na grupong ito. Siya ang tao na lumakad kasama ang Diyos at kinaluguran ang Diyos. Ang Panginoong Jesus ay nagsabi na dapat tayong manalangin upang mabilang tayo na karapat-dapat na makatakas sa mga bagay na darating sa lupa (Lu. 21:36). Ngayon tayo ay nasa talata anim na, na siyang kapantay ng ikalawang talata. Sa ikalawang talata sinabi sa atin na ang matatanda ay nakakuha ng magandang ulat sa pamamagitan ng pananampalataya, ngunit sa talata anim ay binigyan tayo ni Pablo ng babalang ito:

**11:6** ***"At kung walang pananampalataya ay hindi maaaring kalugdan ng Diyos, sapagkat ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at siya ang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa kanya."*** Pananampalataya lang ang tanging daan upang matanggap ang pagsang-ayon ng Diyos; ang ating sariling mga gawa ay hindi sapat, gaya ng natutunan natin sa buhay ni Cain. Hindi natin dapat hangarin na bigyang-lugod ang Panginoon sa pamamagitan ng mabubuting gawa, bagaman mahalaga ang mga ito. Ang isang buhay ng pananampalataya (na pinaniniwalaan ang Diyos sa Kanyang salita) ang tunay na nakalulugod sa Kanyang puso.

Kailangan din nating mapagtanto na ang buong layunin ng panalangin ay upang *tumanggap*. Ito ay upang magawa ang isang bagay. Kapag lumapit tayo sa Panginoon at sabihin ang ating kahilingan

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

sa Kanya, dapat nating paniwalaan ang mga salita ni Cristo sa Lucas 11:9-10. Sinabi Niya na ang lahat ng humihiling (at patuloy na humihiling) ay tatanggap. Kaya nga, dapat tayong kumapit hanggang sa matanggap natin ang hinihiling natin. Ang Diyos ay tagapagbigay-gantimpala, hindi doon sa mga naghahanap sa Kanya, kundi doon sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya. Dapat tayong maging matiyaga sa pananalangin at patuloy na manalangin hanggang sa makuha natin ang kasagutan.

**11:*7 “Sa pananampalataya si Noe, nang mabigyan ng Diyos ng babala tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita, ay pinakinggan ang babala at gumawa ng isang daong para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan. Sa pamamagitan nito ay hinatulan niya ang sanlibutan, at siya'y naging tagapagmana ng katuwirang ayon sa pananampalataya.”*** Marahil ito ay maaaring tawagin na “pananampalataya upang makagawa ng isang arka.” Ito ay isang napakapambihirang sitwasyon dahil noong panahon ni Noe ay hindi pa kailanman umuulan sa lupa. Tila parang mga hamog lamang o ambon ang nagdidilig sa lupa (Gen. 2:6). Gayunpaman si Noe ay kinailangang tumanggap ng pananampalataya mula sa Diyos upang maniwala na magkakaroon ng isang pandaigdigang pagbaha. Madalas ay makikita natin na ang mga bayaning ito ng pananampalataya ay kinailangang maniwala sa mga bagay na kailanman ay hindi pa nangyari dati. Sila ay mga tagapagpauna ng kung ano ang gustong gawin ng Diyos sa mga huling araw na ito. Si Enoc ay tumanggap ng pananampalataya upang ilipat, at si Noe at gumawa ng isang arka dahil naniwala siya sa isang pandaigdigang pagkagunaw na darating. Naghanda siya

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ng isang arka na siyang naging tagapagpanatili ng sangkatauhan. Ang arka ay simbolo ng isang dako ng kanlungan. Ang ating tahanan, halimbawa, ay dapat maging kublihan mula sa mga unos. Sila ay kailangang maliliman ng presensiya ng Diyos at matakpan ng dugo ni Cristo.

Naalala ko ang kwento ng isang ginang na tapat na nanalangin sa kanyang lasenggong asawa. Isang gabi habang ang kanyang asawa ay pasuray-suray na pauwi ng bahay, nagsimula itong makarinig ng mga boses ng demonyo na nagsasabing, “Sa amin ka; ikaw ay kabilang sa amin; at kukunin ka namin.” Habang hinahabol siya ng mga demonyo, nagsimula siyang tumakbo nang mas mabilis. Gayunpaman, ang mga espiritu ay mas nakakakilos ng mas matulin at kasabay niya pa rin sila hanggang sa makarating sila sa tarangkahan ng kanilang hardin. Pagkatapos ay sinabi nila, “hindi kami makakapasok dito, dahil ang bahay at hardin na ito ay natatakpan ng dugo.” Ang lalaking ito at nangapa-kapa sa kanyang paglakad mula sa hardin hanggang sa bahay at nasumpungan ang kanyang asawa. Pagkatapos siya ay napaluhod at dumaing sa Diyos para sa kaligtasan. Ang kanyang tahanan ay naging isang kanlungan mula sa mga unos ng buhay at mula sa mga kaaway dahil sa mga panalangin at makadiyos na katangian ng kanyang asawang babae. Gawin din nating maging *arka ng kaligtasan* ang ating mga tahanan.

**11:8** ***“Sa pananampalataya si Abraham, nang tawagin, ay sumunod upang pumunta sa isang lugar na kanyang tatanggapin bilang pamana; at siya'y pumunta na hindi nalalaman ang kanyang pupuntahan.”*** Maraming mga bagay ang gusto kong sabihin tungkol sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

napakapambihirang mag-asawa na ito na nagngangalang Abraham at Sarah. Ang unang bagay ay tungkol sa kanilang pagkatawag. Si Abraham ay nagmula sa Ur ng Caldeo na kung saan ay isang napakalaking lungsod malapit sa Babilonya, at malinaw na napakayaman niyang tao. Sinasabi ng Kasulatan na siya ay “pumunta na hindi nalalaman ang kanyang pupuntahan.” Ang talatang ito ay nangangailangan ng kaunting pagpapaliwanag. Sa Genesis 11:31 nakita natin na ang kanyang ama na si Terah ay sumama sa kanya.

Sinabi ng kanyang ama, “Pumunta tayo sa lupain ng Canaan.” Ang Ur ay napakalayo sa Canaan. Upang makarating mula Ur patungo hanggang sa lupain ng Canaan ay nangangailangan ng isang malinaw na direksiyon mula sa Diyos. Hindi siya maaaring pumunta na lamang kahit saan. Partikular na sinabi sa kanya ng Diyos na pumunta sa lupain ng Canaan, kahit na hindi Niya eksaktong sinabi kung saan sa Canaan. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi ni Pablo na “siya'y pumunta na hindi nalalaman ang kanyang pupuntahan.”

Kapag sinabi sa atin ng Diyos na humayo, mahalagang tanungin natin Siya kung *saan!* Kung tayo ay tinawag na maging misyonero, hindi lamang natin sasabihin na, “Ako ay tinawag na maging isang misyonero.” Ang isang misyonero ay may isang partikular na bansa kung saan siya ay tinawag, at dapat siya rin ay may isang tukoy na lugar sa bansang iyon upang kanyang magiging tirahan. Kaya unawain natin na si Abraham ay may kamalayan sa bansa ng kanyang pagkatawag.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**11:9-10** ***"Sa pananampalataya siya'y dumayo sa lupang pangako na tulad ng sa ibang lupain, at nanirahan sa mga tolda na kasama sina Isaac at Jacob, na kapwa mga tagapagmana ng gayunding pangako. Sapagkat siya'y umaasa sa lunsod na may mga kinasasaligan, na ang nagplano at nagtayo ay ang Diyos."*** Ang parehong mga pangako na ibinigay kay Abraham ay ipinasa kina Isaac at Jacob. Si Abraham ay nasiyahan nang umakyat at bumaba sa lupaing iyon at manirahan sa mga tolda sapagkat ang kanyang mga mata ay nakatuon sa isang walang hanggang gantimpala at isang walang hanggang lungsod. Marahil ay nagkaroon si Abraham ng isang pangitain ng Bagong Jerusalem sa langit.

**11:11-12** ***"Sa pananampalataya, maging si Sarah na isang baog ay tumanggap ng kakayahang magkaanak, bagaman lipas na sa tamang gulang, palibhasa'y itinuring niyang tapat ang nangako. Kaya't mula naman sa isang lalaki na parang patay na, ay isinilang ang mga inapo na kasindami ng mga bituin sa langit, at gaya ng di mabilang na mga buhangin sa tabi ng dagat."*** Sina Abraham at Sarah ay may parehong pagkatawag at parehong layunin. Napakahamahalagang magkaroon ng isang kasama na may parehong pagkatawag. Ito ang isa sa mga bagay na binigyang-diin ng Panginoon sa aking asawa bago pa man kami magkita. Nangako ang Diyos sa kanya na siya ay bibigyan Niya ng isang kasama na may katulad na pangitain at pagkatawag. Napakahalagang mapagtanto na hindi lamang tayo tinawag na mag-asawa ng isang mananampalataya. Hindi, dapat ang mapangasawa natin ay ang may kaparehong pangitain. Kung ikaw ay babae, ikaw ay dapat na maging katuwang sa iyong lalaki. Kung ikaw ay tinawag na

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pumunta sa isang direksyon at siya sa ibang direksyon, magkakaroon ng maraming kabiguan sa iyong buhay. Kaya nga, ang asawa na pinili ng Diyos para saiyo ay isang mananampalataya na may parehong pagkatawag, pangitain, at mga pangako kagaya mo.

Kailangang maniwala ni Sarah sa Diyos upang matanggap ang banal na kalakasan upang maglihi nang siya ay nalipasan ng edad ng panganganak. Ang mga pangako na ginawa kay Abraham ay nakasalalay kay Sarah. Sinabi ng Diyos kay Abraham na ang tagapagpamana ay magmumula sa sarili niyang balakang at mamanahin ang mga pangako. Siyempre pa, ang mga pangako na ginawa ng Diyos sa atin ay matutupad rin sa ating mga espirituwal na anak. Mayroong pangako sa mga baog sa Isaias 54:1,3: *“Umawit ka, O baog… Sapagkat ikaw ay kakalat nang malayo sa kanan at sa kaliwa; at aangkinin ng iyong lahi ang mga bansa, at patitirahan ang mga bayang giba.”* Ang ating mana ay nasa ating espirituwal na binhi, ang ating mga espirituwal na anak. Samakatuwid, si Sarah ay isang mahalagang bahagi ng katuparan ng mga pangako ng Diyos kay Abraham.

Si Sarah ay isa sa pitong baog na kababaihan sa Salita ng Diyos. Ang pitong mga babae na ito ay sina: Sarah, Rebeca, Raquel, Ana, ang Ina ni Samson, Elizabeth, at Maria. Ang mga babaing ito ay pansamantalang naging baog, ngunit lahat sila ay nagsilang ng isang natatanging anak na lalaki. Ipinanganak ni Sarah si Isaac; ipinanganak ni Rebeca si Jacob; ipinanganak ni Raquel si Jose; Ipinanganak ni Ana si Samuel; Ipinanganak ng asawa ni Manoah si Samson; at ipinanganak

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ni Elizabeth si Juan Bautista. At si Maria, mangyari pa ay isinilang ang Anak ng Diyos. Pinangungunahan ng Diyos ang Kanyang mga anak sa espirituwal na pagkabaog kung saan tayo ay susubukan at patutunayan. Dito sa lugar na ito ng kahinaan at tila walang pagkabunga na ating matatanggap ang pananampalataya upang kakalat nang malayo sa kanan at sa kaliwa. Ang Diyos ay magsisilang mula sa atin ng isang espirituwal na binhi na magmamana ng lahat ng Kanyang ipinangako sa atin.

**11:13-14** ***"Ang lahat ng mga ito ay namatay sa pananampalataya na hindi tinanggap ang mga pangako, ngunit mula sa malayo ang mga iyon ay kanilang natanaw at binati. Kanilang ipinahayag na sila'y pawang mga dayuhan at manlalakbay sa ibabaw ng lupa, sapagkat ang mga nagsasabi ng gayong mga bagay ay nagpapakilalang sila ay naghahanap ng sariling bayan."*** May isang katotohanan na napakahalaga rito, at ito ang katotohanan na ang mga banal sa Lumang Tipan ay hindi nakapasok sa kaganapan ng mga pangako ng Diyos. Ang katuparan ng mga pangakong ito ay nakalaan para sa atin, gaya ng makikita natin sa mga talata 39-40.

Si Haring David ay may kapahayagan na ang Leviticong pag-aalay at paghahandog ay isang bagay na hindi hinihingi ng Diyos. Siya ay may kaunawaan na ang tunay na bagay na hinahangad ng Diyos ay ang pagsunod, hindi ang hain. Hinahangad ng Diyos na ang isang tao ay makikinig at tutugon mula sa puso para sa Kanyang mga salita. Inaasam Niya ang isang lalaki at babae na ang puso ay nasa Kanyang kautusan. Si David ay nabubuhay sa panahon ng Lumang tipan, ngunit

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

niyakap niya ang pangako ng Bagong Tipan na pagkakaroon ng isang bagong puso. Ang mga naunang banal ay "napaniwala sa [mga pangako] at niyakap ang mga ito, at ipinahayag na sila'y pawang mga dayuhan at manlalakbay sa ibabaw ng lupa, sapagkat ang mga nagsasabi ng gayong mga bagay ay nagpapakilalang sila ay naghahanap ng sariling bayan."

Ang bansa na hinahanap ni Abraham ay hindi lamang ang pisikal na lupain ng Canaan; ito ay ang makalangit na bansa. Samakatuwid, tayo rin ay dapat panghawakan ang mga bagay na nasa langit at magkaroon ng kaisipang panlangit. Sinasabi ng Colosas 3:1-2: "Kung kayo nga'y muling binuhay na kasama ni Cristo, ay hanapin ninyo ang mga bagay na nasa itaas, na kinaroroonan ni Cristo, na nakaupo sa kanan ng Diyos. Ituon ninyo ang inyong pag-iisip sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa mga bagay na nasa ibabaw ng lupa." Dapat nating hanapin ang mga bagay na makalangit at mamuhay sa liwanag ng kaluwalhatian ng langit dito sa lupa. Ito ang ginawa nina Abraham at Sarah.

**11:15** ***"Kung kanilang naalala ang kanilang pinanggalingan, nagkaroon sana sila ng pagkakataong makabalik."*** Sa talatang ito tayo ay nagkaroon ng isa sa pinakanakasisindak na mga babala ng Salita ng Diyos. Ito ay isang tukso na nakita ko ang bilang ng mga tao na nagpadaig dito sa panahon ng aking buhay at ministeryo.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Kung tayo ay ipadadala ng Diyos bilang mga misyonero sa isang dayuhang lugar, dapat tayong matuto na makuntento doon. Kung magsisimula tayong ihambing ang lugar na iyon sa ating sariling-bayan, at patuloy tayong maghahangad, at mananalangin na tayo ay makabalik na sa ating tahanan, inihahanda natin ang ating mga sarili para sa Diyos na magbukas ng isang pintuan para sa atin upang makabalik. Ngunit sa paggawa nito, mawawala natin ang ating gantimpala at mawawala ang ating putong.

Bago mismo ako pumunta sa pagmimisyon sa unang pagkakataon, narinig ko ang isang kabataang Ingles na nagsabi kong paano siya naging isang misyonero sa ibang dako ng Europa, ngunit pagkatapos ay nanatili na pagkabalik sa Inglatera. Siya ay nasa kanyang mga dalawampu pa lamang. Nagpatotoo siya na palaging niyang inaasam na makabalik na sa Inglatera habang siya ay nasa pagmimisyon. Sabi niya: “Nagbukas ang Diyos ng daan para sa akin na makabalik, ngunit alam ko na hindi na ulit ako makakabalik sa pagmimisyon. Hindi na ako pahihintulutan ng Diyos na bumalik.” Sasabihin ko saiyo ito: talagang may nagawa sa akin iyon. Nagpapasalamat ako sa Diyos na pinahintulutan Niya akong marinig ang patotoong iyon. Nagkaroon ito ng matinding epekto sa aking buhay. Tiniyak kong hindi ako babalik sa bahay nang wala sa oras at mawala ang aking korona.

**11:16** ***“Ngunit sila ay nagnanais ng isang higit na mabuting lupain, samakatuwid ay ang makalangit. Kaya't ang Diyos ay hindi nahihiyang tawaging Diyos nila, sapagkat kanyang***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

***ipinaghanda sila ng isang lunsod."*** Ang lungsod na tinutukoy ni Pablo dito ay ang Sion, ang makalangit na Jerusalem. Ito ay isang katotohanan na ipahahayag ni Pablo sa mga susunod na kabanata.

**11:17-19** ***"Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang subukin si Abraham, ay kanyang inihandog si Isaac. Siya na tumanggap ng mga pangako ay handang maghandog ng kanyang bugtong na anak, na tungkol sa kanya ay sinabi, "Kay Isaac ay tatawagin ang iyong binhi." Itinuring niya na maging mula sa mga patay ay maaaring buhayin ng Diyos ang isang tao, at sa matalinghagang pananalita, siya'y muli niyang tinanggap."*** Maaari natin itong tawagin na "ang pagsubok sa ating pananampalataya." Ang ating kusang-loob na paghahandog ng kung ano ang pinakamahalaga sa atin ang nagpapasiya kung tayo ba ay makakarating sa mga pangako ng Diyos. Susubukin ng Panginoon ang bawat isa sa atin upang tingnan kung ano ang higit nating minamahal—ang ministeryo o Siya. Darating ang panahon na hihilingin sa atin ng Diyos na ibalik ang pagkatawag at ministeryo na Kanyang ibinigay sa atin. Ang "sakripisyo" na ito ay naging makatotohanan sa akin maraming taon na ang nakalipas sa Pransiya.

Ang Pransiya ang unang bansa kung saan ako ay tinawag. Makalipas ang maraming taon na nakadestino ako roon, tumungo ako sa Switzerland dahil ang Diyos ay nagbukas ng pintuan para sa akin na makapagministeryo doon. Nang sinubukan kong bumalik sa Pransiya, ako ay pinatigil sa hangganan ng isang inspektor na kumuha ng aking pasaporte at sinabing, "Dapat kang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

sumama sa akin.” Mahigpit siyang nagtanong, “Sino ka?” Nang sumagot ako, “Ako ay isang pastor!” ang kanyang mukha ay bumagsak. Pagkatapos ay sinabi niya: “Kung gayon, ano ang nagawa mo?” Ang pangalan mo ay nakalagay sa lahat ng hangganan sa Pransiya, at kami ay may mga tagubilin na huwag kang pahintulutan na makapasok.”

Tinawagan ng inspektor ang lokal na pamahalaan tungkol sa aking kalagayan, at sinabi sa kanya, “Palayain mo siya, ngunit kailangan niyang pumirma sa isang salaysay na kailanman ay hindi na siya muling babalik pa sa bansa.” Napaisip ako kung ano ang nangyari, kaya nagtanong-tanong ako, nalaman ko na hindi lamang ako tinanggihan sa pagpasok sa Pransiya, kundi ako rin ay permanenteng pinatalsik ng lalaki na pinag-aplayan ko ng pang-residenteng bisa.

Pagkaraan ng ilang sandali pagkatapos nito, pumunta ako sa isang pagtitipon kung saan ay sinimulan akong kausapin ng Panginoon patungkol sa ilang mga bagay sa aking buhay. Habang ipinapahayag ko ang mga pangangailangan sa aking buhay, naramdaman ko ang tubig ng Espiritu sa buo kong pagkatao, na naglilinis sa akin. Matapos ang bagong pakikipagtagpo sa Diyos at sariwang paglilinis, nakatanggap ako ng isang sulat mula sa isang opisyal ng gobyerno sa Pransiya na nagsasabing, “Isang bisa ang naghihintay sa iyo.” Sa hangganan, dumaan ako sa parehong hangganang poste papunta sa Pransiya at ang parehong inspektor ang nakabantay. Nang makita niya ako, nakaakma na sana siyang sunggaban ako ulit, ngumiti lamang ako sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

kanya at ikinaway ang sulat na ito sa kanyang harapan. Mabigat sa kalooban, sinabi niya sa akin sa Pranses “O, dumaan ka na ginoo!”

Gusto ko lamang sabihin ito—sinubukan ako ng Diyos nang mga panahong iyon. Alam ko na sinabi ng Panginoon, “Tinawag kita sa Pransiya at may pamana Ako para sa iyo sa Pransiya.” Nang mga panahong iyon, kinailangan kong isuko ang lahat ng ito ng kusang-loob at hindi na kailanman makikita pang muli ang Pransiya. Pinatutunayan ng Diyos ang aking puso. Pagkatapos kong gumawa ng panibagong pagtatalaga sa Diyos, nakatanggap ako ng sulat na nagsasabing maaari na akong bumalik sa bansa.

Pinukaw ng Diyos ang Britanong Konsehal Heneral na magreklamo tungkol sa paraan kung paano ako pinakitunguhan ng opisyal, lalo na’t ako ay isang pastor. Sinabi niya ito sa gobernador at galit na galit ang gobernador dahil ang sitwasyong ito ay maaaring makaapekto sa mga ugnayan sa pagitan ng Inglatera at Pransiya. Pinagsabihan ng gobernador ang lalaking nagpatalsik sa akin mula sa bansa at pinapirma siya sa isang sulat na makakapunta ako sa Pransiya at manirahan doon hangga’t nais ko. Isang katiyakan ito, na kayang baguhin ng Diyos ang mga isipan ng mga pamahalaan. Gayunpaman, nais ng Diyos na baguhin muna ang aking puso at gumawa ng isang malalim na gawain ng biyaya sa akin upang unahin ko ang Panginoon sa aking buhay gaya ng ginawa ni Abraham. Kinailangan kong magkusang-loob na isuko ang aking pagkatawag sa Pransiya bago mabuhay na mag-uli ang pagkatawag na iyon.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Kinailangang isuko ni Abraham ang kanyang anak na si Isaac. Kinailangan niyang maniwala na muling bubuhayin ng Diyos si Isaac, sapagkat na kay Isaac ang lahat ng kanyang mga pangako. Darating ang panahon sa ating buhay na kakailanganin nating isuko ang ating pagkatawag sa Diyos. Sa puntong iyon, mapagtatanto natin na hindi tayo makakapagpatuloy malibang ibalik ito ng Diyos.

**11:20** ***"Sa pananampalataya, binasbasan ni Isaac sina Jacob at Esau tungkol sa mga bagay na mangyayari."*** Sa talatang ito makikita natin "ang pananampalataya ng pagpapala" kung saan ay pinagpala ni Isaac si Jacob at Esau tungkol sa mga bagay na darating. May isang tiyak na pagpapahid ng pananampalataya na nagbibigay-daan sa atin na ipatong ang ating mga kamay sa mga tao at magbigay ng isang propetikong salita para sa kanila tungkol sa kung ano ang nais ng Diyos para sa kanilang mga buhay. Ang propetikong balabal ay nagaganap sa pamamagitan ng pananampalataya.

**11:21** ***"Sa pananampalataya, si Jacob nang mamamatay na ay binasbasan niya ang bawat isa sa mga anak ni Jose, at sumamba sa ibabaw ng kanyang tungkod*."** Ang pagsamba na ito ay nagmula sa pananampalataya. Sa kalagayang ito, pananampalataya ang naniwala na gagawin ng Diyos ang mga pangako sa pamamagitan ni Jose at ng kanyang mga anak. Ang pananampalatayang ito ang nagbigay inspirasyon sa pagsamba na dumaloy mula kay Jacob.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**11:22** ***"Sa pananampalataya, nang malapit nang mamatay si Jose ay binanggit niya ang tungkol sa paglikas ng mga Israelita, at nagbilin tungkol sa kanyang mga buto."*** Maaaring maging kakaiba ito, ngunit mayroon tayong "pananampalataya sa paglibing" sa kwentong ito ni Jose. Nakipag-usap ako minsan sa ilang mga tagapaglingkod tungkol sa kung gaano kamahal ang magpalibing sa Amerika. Sinasabi ng mga tagapaglingkod na "Sapat na para sa akin ang isang kahon, sa langit rin naman ako pupunta. Bakit pa magsasayang ng pera?" Sasang-ayon na sana ako sa pangkalahatang pinag-uusapan. Pagkatapos ay nagsalita ang Banal na Espiritu ng napakalinaw sa aking puso: "O, kung gayon ay bakit mahalaga para kay Jacob na mailibing sa kanyang mana? At bakit napakahalaga para kay Jose na mailibing sa kanyang mana kung hindi mahalaga na kung saan ka ililibing?" Iiwan ko na lamang sa inyo ang kaisipang iyan para pagnilayan. Ang "Pananampalataya sa paglibing" ay ang mailibing sa lugar kung saan ay itinalaga ng Diyos para sa atin.

Nang namatay ang kilalang misyonero sa Aprika, si David Livingstone, ang kanyang katawan ay dinala sa Westminster Abbey sa Inglatera at inilibing doon, ngunit ang kanyang puso ay inilibing sa Aprika. Doon inilibing ang kanyang puso dahil ibinigay ni Dr. Livingstone ang kanyang buhay para sa Aprika at ito ang lupain ng kanyang mana. Buong puso niyang niyakap ang lupain ng kanyang pagka-ampon at kailanman ay hindi nagreklamo tungkol sa kanyang paligid o nangulila para sa Inglatera. Ito ang palatandaan ng isang *tunay* na misyonero.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**11:23** ***"Sa pananampalataya, nang ipanganak si Moises ay itinago siya ng tatlong buwan ng kanyang mga magulang, sapagkat kanilang nakitang maganda ang bata, at hindi sila natakot sa utos ng hari."*** Narito ang "pananampalatayang maitago." May iba pang mga kalagayan sa Salita ng Diyos kapag itinatago ng Diyos ang mga tao upang protektahan sila. Sa Jeremias 36:26 itinago ng Diyos ang propeta. Nais nating paniwalaan ang Diyos na itatago tayo sa mga panahon ng kahirapan (cf. 1 Hari18:4). May ilang bilang ng mga pangako sa Kasulatan na tayo ay itatago ng Panginoon sa mga panahon ng paghuhukom kung ang ating pamumuhay ay nakalulugod sa Kanya. Ang banal na pag-iingat na ito ay nagmumula sa pananampalataya.

**11:24-26** ***"Sa pananampalataya, nang nasa hustong gulang na si Moises ay tumangging siya'y tawaging anak ng anak na babae ni Faraon, na pinili pa ang mapasama sa kaapihan ng bayan ng Diyos, kaysa magkaroon ng pansamantalang kasiyahan ng kasalanan. Kanyang itinuring na malaking kayamanan ang magdusa alang-alang kay Cristo, kaysa sa mga kayamanan ng Ehipto, sapagkat kanyang pinagtutuunan ng pansin ang gantimpala."***

Sa mga talatang ito ipinapakita sa atin ni Apostol Pablo ang "pananampalatayang pumili," sapagkat sinasabi nito na sa halip ay pinili ni Moises "ang dumanas ng pagdurusa kasama ang bayan ng Diyos kaysa sa tamasahin ang kasiyahan ng kasalanan sa panandaliang panahon." Kung minsan ay kailangan natin ang pananampalataya upang makagawa ng tamang pagpipili sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

buhay. Maraming beses ang mga tamang pagpipili ay mahal at masakit, ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya mauunawaan natin na ang *gantimpala* ay higit na mas mahalaga kaysa sa *halaga*.

**11:27 *“Sa pananampalataya ay iniwan niya ang Ehipto, at hindi natakot sa poot ng hari, sapagkat siya ay matiyagang nagpatuloy na tulad sa nakakakita sa kanya na hindi nakikita.”*** Ito ang “pananampalataya upang talikuran.” Minsan ay kailangan nating magkaroon ng pananampalataya upang talikuran ang sarili nating bayan, sarili nating lupain, at kahit na ang ating mga magulang upang makapunta kung saan tayo tinatawag ng Diyos. Dapat tayong magkaroon ng pananampalataya mula sa Diyos upang talikuran ang mga bagay na ito. Ang ilang mga tao ay walang ganyang uri ng pananampalataya at hindi kayang talikuran ang kanilang mga mahal sa buhay kapag sinasabi sa kanila ng Diyos.

**11:28 *“Sa pananampalataya'y itinatag niya ang paskuwa at ang pagwiwisik ng dugo, upang huwag silang galawin ng Mamumuksa ng mga panganay.”*** Mayroon ding pananampalataya upang ipagdiwang ang Paskuwa. Ito ang pananampalataya para sa kaligtasan. Ang pananampalataya sa kaligtasan ay makikita sa Efeso 2:8: “Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos.” Kailangan nating magkaroon ng pananampalataya sa kaligtasan upang maiangkop ang gawain ng katubusan ni Cristo sa krus at upang maiangkop ang Kanyang nagliligtas na biyaya. Si

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Cristo ay namatay para sa buong sangkatauhan, at bagaman marami ang naniniwala na may isang Diyos, sila ay hindi ipinanganak na muli malibang makatanggap sila ng pananampalataya upang yakapin ang Tagapagligtas.

**11:29** ***“Sa pananampalataya'y tinahak nila ang Dagat na Pula na tulad sa tuyong lupa, ngunit nang tangkaing gawin ito ng mga Ehipcio ay nalunod sila.”*** Pagkatapos ay may pananampalataya upang tawirin ang Dagat na Pula. Si Moises ay may pananampalataya na dalhin ang mga anak ni Israel sa kabilang ibayo ng Dagat na Pula. Kinakatawan nito ang pananampalataya na kailangang mabautismuhan (cf. 1 Cor. 10:2). Sa pananampalataya tayo ay bumababa sa tubig ng bautismo, ipinakikilala kasama ang kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo, at umaahon na may bagong kalakasan upang makalakad sa bagong buhay (Rom. 6:3-5).

Ang bautismo sa tubig ay isang pundasyon ng katotohanan (Heb. 6:1-2); kung wala ito, walang may kakayahan na makapagpatuloy sa mas malalalim na katotohanan at mga karanasan sa Diyos, kagaya ng pagpasok sa loob ng tabing. Ang bautismo sa tubig ay isang napakahalagang hakbang ng pagsunod sa buhay Kristiyano. Kung paanong si Cristo ay binautismuhan sa tubig upang tupdin ang lahat ng katuwiran, gayundin dapat tayo (Mt. 3:15).

**11:30** ***“Sa pananampalataya'y gumuho ang pader ng Jerico, pagkatapos na malibot sa loob ng pitong araw.”*** Ang Jerico ay isang kuta ng kaaway. Minsan ay kailangan nating makatanggap

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ng pananampalataya mula sa Diyos upang makita ang mga kuta ng kaaway na babagsak sa harapan natin. May susi sa paglupig sa Jerico. Sa loob ng anim na araw kinailangan nilang magmartsa paikot sa lungsod, isang beses sa bawat araw, at sa ikapitong araw kinailangan nilang magmartsa paikot sa lungsod ng makapitong beses, na umabot sa kabuuan ng labing tatlong mga ikot.

Bibigyan din tayo ng Diyos ng isang espesyal na susi para sa ating partikular na sitwasyon na magpapabagsak sa mga puwersa ng kaaway. Minsan ang susi ay literal na maglakad paikot sa isang gusali, ngunit sa ibang mga pagkakataon maaaring ito ay iba pa. Dapat makarinig tayo mula sa Diyos hinggil sa susi para sa ating paglaya. Walang mga pangunahing susi sa kaharian ng Diyos. Bawat labanan ay nangangailangan ng isang bagong plano ng digmaan. Ito ang dahilan kung bakit kailangan nating magkaroon ng isang sensitibong puso na kayang marinig ang Panginoon kapag Siya ay nangungusap sa atin.

**11:31** ***"Sa pananampalataya si Rahab, na nagbibili ng aliw, ay hindi napahamak na kasama ng mga sumuway, sapagkat payapa niyang tinanggap ang mga espiya."*** Sa talatang tatlumpu't-isa mayroon tayong "pananampalatayang mapangalagaan sa panahon ng pagkawasak." Ang Jerico ay nasira, ngunit si Rahab na isang patutot ay nagkaroon ng pananampalataya na mapangalagaan. Ang mga paghuhukom ay darating sa sanlibutan, at

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

kailangan nating pumasok sa bahaging ito ng pananampalataya kung saan tayo ay tatanggap ng pananampalataya sa Diyos na maligtas mula sa mga paghatol at pagkawasak (cf. Zeph. 2:1-3).

**11:32** ***"At ano pa ang dapat kong sabihin? Sapagkat kukulangin ako ng panahon kung isasalaysay ko pa ang tungkol kina Gideon, Barak, Samson, Jefta, David, Samuel, at sa mga propeta."*** Sa mga huling talata ng Hebreo kabanata labing-isa ay isang listahan ng iba pang mga bayani ng pananampalataya. Si Gideon ay tinawag na isang "magiting na mandirigma" sa Hukom 6:12. Siya ay higit na nakilala sa paglalagay ng balat ng tupa sa harap ng Panginoon sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang ulat ng kanyang buhay ay ibinigay sa Hukom mga kabanata anim hanggang walo.

Nawasak ni Barak ang mga masasamang hukbo ni Sisera sa kanyang pagtanggap ng direksyon mula kay Deborah ang propetisa, sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang buhay ni Barak ay nakatala sa Hukom mga kabanata 4-5. Iniangkop ni Samson ang pananampalataya upang ipakita ang napakatinding kalakasan ng Diyos (Huk. 13-16). Sa pamamagitan ng pananampalataya bumangon si Jefta mula sa kanyang pinagmulan bilang isang anak sa labas at naging isang tagapagpalaya sa kanyang mga kapatiran na mga nagsitanggi sa kanya noong bata siya. Ang salaysay na ito ay makikita sa Hukom kabanata 11-12.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ang buhay ni David ay naitala mula sa Unang Samuel kabanata 16 hanggang sa Ikalawang Samuel kabanata 24. Siya ay pinaka-kilala sa pagpatay kay Goliath. Ito ay nangangailangan ng matinding pananampalataya, subalit ang pananampalataya ni David ay makikita sa maraming iba pang pamamaraan. Pagkatapos ay nariyan ang isang dakilang propeta na si Samuel, na ang malinis na buhay at ministeryo ay naging sanhi sa buong bansa na magnais sa Diyos. Si Samuel at Moises ay magkasamang iniugnay bilang mga dakilang tagapamagitan (cf. Aw. 99:6, Jer. 15:1).

**11:33-34** ***"Na ang mga ito, sa pamamagitan ng pananampalataya'y lumupig ng mga kaharian, naglapat ng katarungan, nagtamo ng mga pangako, nagpatikom ng mga bibig ng mga leon, pumatay ng bisa ng apoy, tumakas sa mga talim ng tabak, lumakas mula sa kahinaan, naging makapangyarihan sa digmaan, nagpaurong ng mga hukbong dayuhan."*** Sa mga talatang ito ay nakikita natin ang kaloob ng pananampalataya na kayang magpakilos ng kabundukan. Nasa ibaba sa mga talata 35-38 ay ang isang pagpapakita ng bunga ng pananampalataya na nagdudulot sa atin na magtiis.

**11:35-38** ***"Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli. Ang iba'y pinahirapan at tumangging tumanggap ng paglaya upang makamit nila ang higit na mabuting pagkabuhay na muli. Ang iba'y nagtiis ng pagkalibak at paghagupit, at maging ng mga tanikala at pagkabilanggo. Sila'y pinagbabato hanggang mamatay, nilagari, pinagpapatay sa tabak, sila'y naglibot na may suot na balat ng mga tupa***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***at kambing, mga naghihirap, pinag-uusig, inaapi (na sa mga iyon ay hindi karapat-dapat ang sanlibutan). Sila'y nagpalabuy-laboy sa mga ilang, sa mga kabundukan, sa mga yungib, at sa mga lungga sa lupa."***

Pagkatapos mula rito ay sumusunod ang sampung tiyak na mga napakatinding paghihirap na tiniis ng mga anak ng pananampalataya sa mga talata 35-38.

***Sampung napakatinding paghihirap na tiniis ng mga anak ng pananampalataya:***

**1.** *Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli.* (Ibig sabihin nito ay nakita muna nila ang kanilang mga mahal sa buhay na namatay.)
**2.** Ang iba'y pinahirapan at tumangging tumanggap ng paglaya upang makamit nila ang higit na mabuting pagkabuhay na muli.
**3.** Ang iba'y nagtiis ng pagkalibak at paghagupit.
**4.** Nagtiis sila ng mga tanikala at pagkabilanggo.
**5.** *Sila'y pinagbabato hanggang mamatay, nilagari.* (Si Isaias ay pinagputol-putol ni Haring Manases.)
**6.** *Sila'y tinukso.* (Sa mga pagtukso ay may pananampalatayang ibinigay sa atin upang magtiis.)
**7.** Marami ang pinatay sa tabak.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**8.** Sila’y naglibot na may suot na balat ng mga tupa at kambing.
**9.** *Sila’y mga naghihirap, pinag-uusig, inaapi* (sa panahon ng Maccabeans sila ay pinag-uusig ni Antiochus Epiphanes IV, na isang simbolo ng darating na Anticristo na siya ring uusig sa mga Kristiyano.)
**10.** Sila'y nagpalabuy-laboy sa mga ilang, sa mga kabundukan, sa mga yungib, at sa mga lungga sa lupa.

Ang mga ito ang sampung mga aspeto ng pagdurusa kung saan ang mga banal sa unang panahon ay tumanggap ng pananampalataya upang magtiis. Kaya nga, maging masigasig tayo at mapalakas na anuman ang ating pagdaanan, tayo ay mapapanatili ng kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya!

**11:39** ***“At ang lahat ng mga ito, bagaman pinuri dahil sa kanilang pananampalataya, ay hindi nila tinanggap ang ipinangako.”*** Ano ang pangako? Ito ang pumasok sa loob ng tabing at makarating sa kasakdalan. Ito ay upang makapasok sa mga pangakong ginawa ng Diyos sa Panahon ng Iglesiya.

**11:40** ***“yamang naghanda ang Diyos ng lalong mabuting bagay para sa atin, upang huwag silang gawing sakdal na hiwalay sa atin.”*** Ang mga banal sa Lumang Tipan ay hindi ginawang sakdal (o kumpleto). May natitira pa para sa atin na isang kapahingahan na papasukin. Ang Diyos

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ay gumawa ng buong pagkakaloob para sa mananampalataya ng Bagong Tipan upang makapasok sa loob ng tabing at makarating sa kasakdalan. Pasalamatan natin ang Diyos sa mga kahanga-hangang patotoo ng mga nauna sa atin at nawa ay mapagkunan natin sila ng lubos na kalakasan para sa atin sa oras ng ating mga pangangailangan. Tandaan, na ang mga bayaning ito ng pananampalataya ay tumanggap ng pananampalataya mula sa Diyos upang isakatuparan ang isang tiyak na layunin at gawin ang kalooban ng Diyos. Saglit nating suriin ngayon itong mga napakalakas na mga gawa ng pananampalataya!

## *ANG MGA GAWA NG PANANAMPALATAYA*

1. Ang Alay ng Pananampalataya (Abel - 11:4)
2. Ang Paglakad ng Pananampalataya (Enoc - 11:5)
3. Ang Gawa ng Pananampalataya (Noe - 11:7)
4. Ang Pagsunod sa Pananampalataya (Abraham - 11:8)
5. Ang Lakas ng Pananampalataya (Sarah - 11:11)
6. Ang Pagsubok sa Pananampalataya (Abraham - 11:17)
7. Ang Pagpapala (o balabal) ng Pananampalataya (Isaac - 11:20)
8. Ang Pagsamba sa Pananampalataya (Jacob - 11:21)
9. Ang Tagumpay ng Pananampalataya (Jose - 11:22)

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**10.** Ang Desisyon ng Pananampalataya (Moises at kanyang mga magulang - 11:23-24)
**11.** Ang Pinagmulan ng Pananampalataya (11:27)
**12.** Ang Pagtitiis ng Pananampalataya (Moises - 11:27)
**13.** Ang Kapangyarihan ng Pananampalataya (11:28-38)

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# *Bahagi 11*

## 12:1-13 – ANG PAGTITIIS NG PAG-ASA

Ang Kabanata Labing dalawa ay maaaring hatiin sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay pinamagatang "Ang Pagtitiis ng Pag-asa" sa mga talata 1-13. Pagkatapos ay mayroon tayong ikalimang babala ni Pablo sa mga talata 14-29. Tingnan natin ang talatang isa.

**12:1** ***"Kaya't yamang napapalibutan tayo ng gayong kakapal na bilang ng mga saksi, itabi natin ang bawat pabigat at ang pagkakasalang madaling bumibitag sa atin, at tumakbo tayong may pagtitiis sa takbuhing inilagay sa harapan natin."*** Napapalibutan tayo ng gayong kakapal na bilang ng mga saksi. Ang ulap ay isang bagay na nasa itaas ng mundo, at ito ay tumutukoy sa hukbo ng mga anghel na nakapalibot sa atin. Ang mga nakabukas ang kanilang espirituwal na mga mata ay alam na tayo ay napapalibutan ng mga anghel. Bawat anak ng Diyos ay may sariling personal na anghel. Ang pamahalaan ng sanlibutang ito ay ipinagkatiwala sa mga kamay ng mga anghel. Ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

mga anghel ay nasa lahat ng dako. Maaaring isipin na si Satanas ay nasa lahat rin ng dako, ngunit siya ay walang kapangyarihan na mapasalahat ng dako nang minsanan. Gayunpaman, mayroon siyang maraming nahulog na mga anghel sa ilalim ng kanyang kapamahalaan.

Nang mapalibutan si Eliseo ng kaaway sa burol ng Dothan, hiniling niya sa Panginoon na buksan ang mga mata ng nag-aalala niyang batang alipin. Sinabi ni Eliseo, “Huwag kang matakot, sapagkat ang mga kasama natin ay higit kaysa mga kasama nila.” Nang binuksan ng Panginoon ang mga mata ng kabataan nakita niya na napapaligiran sila ng mga kabayo at karwaheng apoy (tingnan ang 2 Hari 6:13-17). Ito ay isang mahalagang katotohanan. Dapat nating mapagtanto na may mga anghel sa lahat ng dako at sila ay nagmamatyag sa atin.

Para sa kadahilanang ito sinasabi ng Apostol na dapat nating isantabi ang lahat ng mga pasanin at kasalanang ito upang tumakbo sa isang takbuhin. Ang sinumang tumatakbo sa isang takbuhin ay dapat alisin sa kanyang sarili ang anumang mga posibleng kabigatan at magsuot ng napakagaan upang siya ay makatakbo nang walang hadlang. Marami sa mga ginagawa natin sa buhay ay hindi kinakailangan! Ang mga ito ay pabigat at pasanin na hindi natin kailangang batahin. Samakatuwid, dapat nating itanong sa Panginoon sa pananalangin kung aling mga bagay ang dapat nating isantabi upang makatakbo tayo sa takbuhin nang walang sagabal.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Pagkatapos ay sinabi ni Pablo*, “at ang pagkakasalang madaling bumibitag sa atin.”* Ang isang nakakabitag na kasalanan ay madalas na isang kasalanan na naipasa pababa mula sa ilang mga henerasyon. Ito ay isang bagay na tila hindi natin maiwawaksi. Ngunit kung tayo ay lalapit sa Panginoon, wawasakin Niya ang bawat tanikala. Makasusumpong tayo ng pagpapalaya kay Cristo mula sa kasalanan na bumabagabag sa atin sa loob ng maraming mga taon. Hindi natin dapat isipin na dahil sa ito ay naipasa pababa mula sa iba’t ibang henerasyon ay hindi na ito masisira. Maaari itong masira! Mayroon tayong posibilidad ng ganap na pagkalaya kay Cristo.

*“Tumakbo tayong may pagtitiis sa takbuhing inilagay sa harapan natin.”* Sa totoo lang, ang takbuhin ay tinatakbo nang may isang tiyak na ritmo. Ang isang dalubhasang mananakbo ay walang pagsambulat at pagsibad ng buong lakas; inaayon niya ang bilis ng kanyang sarili. Ganito kung paano tumatakbo sa takbuhin ng buhay ang isang banal na ganap sa gulang—may isang kaayon na ritmo.

**12:2 *“Pagmasdan natin si Jesus na siyang nagtatag at nagpasakdal ng ating pananampalataya, na dahil sa kagalakang inilagay sa kanyang harapan ay tiniis niya ang krus, hindi inalintana ang kahihiyan, at siya'y umupo sa kanan ng trono ng Diyos.”*** Si Cristo ang ating kataas-taasang huwaran. Hindi lamang sinimulan ni Jesus ang takbuhin, natapos din Niya ito.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Dapat nating sundan ang mga tao na naging matagumpay. Nilikha tayo sa paraan na kailangan natin ng isang huwaran. Gaya ng sa sekular na buhay, ganun din naman sa espirituwal na buhay. Tayo ay napapalakas ng mga huwaran. Siguruhing hindi mo sinusubukan na itulad ang iyong sarili sa maling mga bayani.

*"Na dahil sa kagalakang inilagay sa kanyang harapan ay tiniis niya ang krus."* Narito ang susi sa tagumpay. Paano nagwagi ang Kapitan ng ating kaligtasan sa digmaan? Nagwagi Siya dahil nakita Niya sa mga makalangit na lugar. Napagmasdan Niya ang walang hanggang kagalakan na naghihintay sa Kanya doon. Napakamahalagang magkaroon ng isang kapahayagan ng walang hanggan at maging makalangit mag-isip. Inaayos ng mga kaisipang panlangit ang ating pag-iisip at ating mga kilos. Ako ay pisikal na namatay; alam ko kung ano ang katulad ng mamatay. Ang anghel ng Panginoon o ang Panginoon Mismo ay darating para sa iyo at ikaw ay maglalakbay ng napakabilis papuntang langit. Bago pa tumawid sa ilog sa langit, makikita mo ang iyong buong buhay na nakalatag sa harapan mo sa mga larawan. Pagkatapos ay ipapakita saiyo ang layunin ng Diyos sa iyong buhay, at makikita mo kung ikaw ba ay nagkulang o natamaan mo ang marka ng Diyos para sa iyong buhay.

Samakatuwid, dapat nating mapagtanto na si Jesus may marka na dapat tamaan—ang krus. Alam Niya kung ano ang Kanyang mithiin. Ngunit paano Siya nagkaroon ng lakas upang magtagumpay? Nakapagtiis Siya sapagkat nagkaroon Siya ng sulyap sa walang hanggan. Sa pagpunta Niya sa krus

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

at tinubos ang milyun-milyong mga tagasunod Niya, nakita Niya ang walang hanggang kagalakan na magiging Kanya.

Nagbigay ito ng kakayahan kay Cristo na hamakin (o balewalain) ang kahihiyan. Sinabi ni Pablo na ang mga pagtitiis sa panahong kasalukuyan ay hindi karapat-dapat maihambing sa kaluwalhatiang mahahayag (Rom. 8:18). May kahihiyang titiisin sa Kristiyanong buhay. Ang mundo ay pagbubuhos ng paghamak sa buhay ng isang Kristiyano, gaya ng pagbuhos nito ng paghamak sa buhay ni Cristo. Madalas tayong alimurahin, at kutyain sa mga pamantayan na ating sinusunod. Nakakalungkot, na ang mga pagkutya ay hindi lamang nanggagaling sa mundo; ito ay nagmumula rin sa ibang mga mananampalataya na hindi lumalakad ng matuwid.

Pagkatapos ng krus, si Cristo ay “naupo sa kanan ng trono ng Diyos.” Gaano natin ka kailangan na magkaroon ng isang pagsulyap sa kung ano ang nakalaan para sa atin. Nakita ko sa mga pangitain ang ilan sa mga trono ng mga mananagumpay (Pah. 20:4) at o, sulit na sulit ang lahat, mga minamahal, upang makamit ang kung ano ang inilaan ng Diyos para sa iyo.

O, anong walang hanggang kagalakan! O, upang makita ang Kanyang kamangha-manghang mukha, upang makita ang kaibig-ibig na ngiti at marinig ang mga salitang iyon, “Magaling! Mabuti at tapat na alipin. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon.” Magiging sulit ang lahat kapag nakita natin si Jesus. Kaya nga, dapat ay patuloy nating pagbulayan si Cristo bilang Isa na nagpasimula ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

takbuhin, at nagtapos rin. Sinimulan natin ang takbuhin, ngunit ang kabuuang layunin ng pagsisimula ng takbuhin ay upang tapusin ito. Hindi gaanong mahalaga kung paano natin sisimulan ang takbuhin, kundi kung paano natin ito tatapusin.

**12:3** ***"Isaalang-alang ninyo siya na nagtiis ng gayong pagsalungat ng mga makasalanan laban sa kanyang sarili, upang kayo'y huwag manghina o manlupaypay."*** May isang mabangis na labanan tayong kinakaharap na karaniwang nasa ating isipan. Ang mga tao ay nakikipagtalo sa atin, at ang ilan sa kanilang mga argumento ay talagang kapani-paniwala. Tila ang mga ito ay makatuwiran, ngunit sila ay mapanlinlang. Hindi ako nangungusap sa mga di-mananampalataya. Ang tinutukoy ko ay ang ilan sa Iglesiya na napaka-mapang-akit sa paglalahad ng mga doktrina na nagiging sanhi sa mga tao na mamuhay sa mababang pamantayan ng mataas na pagkatawag ni Cristo.

Ang ilan ay nagtatalo: "Ang mahalaga lamang ay makarating tayo sa langit! Binayaran na ni Cristo ang lahat at wala na tayong magagawa. Hindi natin kailangang mamuhay ng isang banal na buhay. Ang lahat ng mga bagay na ito ay ligalismo lamang at pagkaalipin." Ngunit ang dapat lamang nating gawin ay basahin ang Aklat ng Hebreo! Ang buong tema ng Hebreo ay kabanalan at kasakdalan at makapasok sa loob ng tabing. Sinasabi ng Mangangaral 11:3 na sa dakong binagsakan ng puno, ay doon ito mahihiga. Sinasabi ni Solomon na ang espirituwal na kalagayan ng isang taong namatay ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ang kung paano siya mananatili sa walang hanggan. O, nawa ay magkaroon tayo ng “masaganang pagpasok (o marangyang pagtanggap) sa kaharian ng langit” gaya ng sinasabi ni Pedro.

**12:4** ***“Sa inyong pakikipaglaban sa kasalanan, hindi pa kayo humantong sa pagdanak ng inyong dugo.”*** Maraming beses akong nasa mga kumperensiya kung saan ang ibang mga tagapaglingkod ay inaatake ako mula sa pulpito. Ang ilan ay sinalungat ako dahil sinabi ko na ang Anticristo ay darating, at nakipagtalo sila na walang Anticristo. Kung gayon, kakailanganin mong alisin ang maraming mga talata sa Bibliya upang patunayan ang puntong iyan. Subalit alam mo, ang pakikinig sa kanila ay talagang nakakaapekto sa iyo. Ito ay isang masamang espiritu na umaatake sa iyo sa pamamagitan nila, at sinisimulan nitong atakihin ang iyong isipan. Ang iyong isip ay napapasailalim sa isang makapal na ulap at makakaramdam ka ng matinding tensiyon.

May ibang nagsasabi na matatanggap mo ang bautismo ng Espiritu Santo kapag ikaw ay ipinanganak na muli, ngunit iyon ay hindi rin naayon sa Salita ng Diyos. Sa Gawa 19:1-2 tinanong ni Pablo ang mga disipulo sa Efeso, “Tinanggap ba ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y nanampalataya?” iyon ay isang katanungan sa banal na kasulatan. Dito ay ang mga mananampalataya sa Efeso na hindi pa nababautismuhan ng Banal na Espiritu. Ang iba ay nang-iindorso at nanghihikayat ng diborsyo at muling pag-aasawa, at ang mga kontradiksiyon na ito ay naglalaban sa iyong isipan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ito ang nangyari kay Jesus sa Hardin ng Getsemani. Napakatindi ng pagtukso at salungatan sa Kanyang isipan na ang daluyan ng dugo sa kanyang isip ay pumutok at ang malalaking patak ng dugo ay dumaloy sa Kanyang mukha. Sinabi ni Apostol Pablo na hindi pa tayo nakakarating sa dakong iyon kung saan ang ating isipan ay pumutok mula sa kagipitan ng salungatan at pagpupunyagi laban sa kasalanan.

**12:5** ***"At inyong nilimot ang iniaral na ipinakikipagtalo sa inyong tulad sa mga anak, Anak ko, huwag mong waling bahala ang parusa ng Panginoon, O manglupaypay man kung ikaw ay pinagwiwikaan niya."*** (ADB1905) Sumisipi si Pablo mula Kawikaan 3:11-12. Hindi pa tayo nakipagpunyagi laban sa kasalanan hanggang sa punto na ang ating isipan ay sumuko. Gayunpaman, tayo ay dinidisiplina sa pamamagitan ng ibang mga sitwasyon sa buhay, dahil tayo ay sinusuri at sinusubukan ng Diyos. Kukunin ba natin ang madaling paraan? Susuko na ba tayo? Ang mga gantimpala sa langit ay napakadakila; kaya nga, ang mga pagsubok at ang mga kwalipikasyon ay dapat pantay na kasing dakila. kung ganun, kailangan nating dumaan sa lahat ng kinakailangang pagsaway. Sa talata anim ay sinasabi sa atin ni Pablo kung sino ang dinidisiplina.

**12:6** ***"Sapagka't pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig, At hinahampas ang bawa't tinatanggap na anak."*** (ADB1905) Ang pinarurusahan at hinahampas ay mabibigat na salita! May mga pagkakataon na iisipin mong babagsak ka habang ang Panginoon ay nagpaparusa at namamalo; ngunit isaalang-alang kung sino ang Kanyang pinaparusahan at pinapalo—ang mga

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

iniibig Niya. Ang ilang mga Kristiyano ay ipinangangaral ang hindi balanseng doktrina ng kasaganaan. Naniniwala sila na sa sandaling tinanggap mo si Cristo, ang lahat ay magiging maayos. Hindi ka magkakaroon ng mga problema at mga pagsubok o anupaman. At kung nagkaroon ka man, ito ay dahil wala kang alam sa Salita ng Diyos o nagkukulang ka sa pananampalataya.

Isang minamahal ang nagsabi na kung nalaman at naunawaan lamang ni Apostol Pablo ang doktrina ng kasaganaan, hindi sana siya nagdusa. Sa paano pa man, ay nagdududa ako na tatanggapin ni Pablo ang "bagong paliwanag" na ito. Oo, posible ang magkaroon ng isang madaling buhay Kristiyano, ngunit hindi tayo magkakaroon ng korona sa huli. Ang Panginoon ay hindi nagsasanay ng mahihina ang loob na mga Kristiyano. Hinahayaan Niya silang gawin ang sarili nilang paraan at hindi Siya nakikitungo sa kanila. Ngunit ang mga minamahal Niya, ay pinarurusahan at pinapalo Niya.

**12:7 *"Kung nagbabata kayo ng pagtutuwid, ang Diyos ay siyang gumagawa sa inyo bilang mga anak. Sapagkat alin bang anak ang hindi itinutuwid ng kaniyang ama?"*** (SND) Sa panahon ng ating pagsasanay, kailangan nating magtiis; hindi tayo dapat sumuko. Kahit sa mga palakasan ay may mga matitinding pagsasanay, kasama ang pagkatuksong sumuko bago pa man pumunta sa lugar upang maglaro. Narito ang kondisyon upang makarating sa mga pangako ng Diyos: "kung nagbabata kayo ng pagtutuwid." Kung patuloy tayong dumaing sa ating Ama sa Langit para sa biyaya upang magtiis, sa gayon "ang Diyos ay siyang gumagawa sa inyo bilang mga anak; sapagkat alin bang anak ang hindi itinutuwid ng kaniyang ama?"

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**12:8** ***“Ngunit kung kayo ay hindi dinidisiplina, na siyang naranasan ng lahat, kung gayon kayo'y mga anak sa labas, at hindi mga tunay na anak.”*** Totoong-totoo na marami ang mga anak sa labas sa ating panahon at henerasyon. Nakakamangha ang porsiyento. Napakaraming mga pamilya na walang ama bilang ulo ng tahanan. Marami ang mga pinabayaan at hinayaang maglagalag ayon sa gusto nila. Ito ay isang katakot-takot na kalagayan at ang bunga sa kanilang mga buhay ay nakapangingilabot. Ngunit ayaw nating maging kagaya ng mga batang ito na walang disiplina at pinabayaan. Nais nating makilala ang ating Ama at sanayin Niya. Sinasabi ni Pablo na magagawa nating maging mga anak sa labas ang ating mga sarili sa pamamagitan ng ating sariling mga gawa kung tatanggihan natin ang pagtutuwid ng ating Ama sa langit. Kung ang isang mananampalataya ay paulit-ulit na tumanggi sa pagtutuwid mananatili siyang hindi nagbabago. Bilang resulta ay sasabihin ng Ama sa kanya, “Hindi mo tangan ang Aking wangis; ikaw ay hindi Ko anak.”

**12:9** ***“Bukod dito, tayo'y nagkaroon ng mga ama sa laman upang tayo'y disiplinahin, at sila'y ating iginagalang. Hindi ba dapat na tayo'y lalong pasakop sa Ama ng mga espiritu upang tayo'y mabuhay?”*** Napakaraming mga tao ang tumatanggi sa pagpaparusa ng Diyos; at dahil tinatanggihan nila ang pagpaparusa ng Diyos, sila ay nilampasan upang hindi sila makapagpatuloy sa buhay Kristiyano. Kaya nga, dapat nating isaalang-alang sandali ang Levitico 26:40-42.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

“Subalit kung ipahahayag nila ang kanilang kasamaan at ang kasamaan ng kanilang mga ninuno, sapagkat sila'y nagtaksil laban sa akin, at sapagkat sila'y lumakad ng laban sa akin, kaya't ako'y naging laban sa kanila, at sila'y aking dinala sa lupain ng kanilang mga kaaway; subalit kung magpapakumbaba ang kanilang mga pusong hindi tuli, at magbayad sa kanilang kasamaan; ay aalalahanin ko ang aking tipan kay Jacob.” Nais kong maglabas ng isang tiyak na katotohanan dito. Kapag tinanggap natin ang pagsasaayos ng Diyos kung saan ay ang lunas at buhay, sa gayon tayo ay magiging mga kandidato para sa Kanyang mga pagpapala.

Kapag tayo ay pinarurusahan at pinapalo ng Diyos, kung tatanggapin natin ang mga pagsubok na pinadadaanan Niya sa atin, sa gayon ay aalalahanin ng Diyos ang Kanyang tipan at ibabalik sa atin ang Kanyang mga biyaya. Dadalhin Niya tayo sa loob ng tabing. Ngunit nakita ko ang ilang mga tao na paulit-ulit na tinatanggihan ang pagsasaayos ng Diyos. Sinabi nila: “Hindi ko pahihintulutan ang aking pamilya na mapasailalim sa mga kondisyon na ito. Gusto ko ng isang tiyak na pamantayan ng pamumuhay para sa aking pamilya. Hindi ko hahayaan ang aking asawa at mga anak na dumaan sa mga paghihirap na ito.” Kung kaya, pinipilit nila ang kanilang mga sarili na makalabas mula sa mga pagsubok. Sa paggawa nito umiikot sila sa mga layunin ng Diyos at nagsisimulang maglagalag. Kapag ibinaling natin ang isang binging tainga sa Diyos, ang banal na pagpapatnubay ay tumitigil, at pinipili nating magsarili na lamang.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

O, kung gaano kahalagang mapagtanto na dapat nating ilagay ang lahat sa altar ng pag-aalay. kailangan nating isuko ang ating mga karapatan sa Diyos. May isang pagkakataon na ako at aking asawa ay kinailangang maglakad sa mga kalye sa taglamig na walang pera at pagkain. Napakadali para sa amin na kunin ang telepono at sabihin sa aming mga kaibigan at kamag-anak at ibang mga Kristiyano ang aming mga pangangailangan, at maaaring kilabutan pa sila. Maaari sana nilang ibigay sa amin ang lahat ng aming kailangan. Gayunpaman, sa natatanging sitwasyon na ito, sinabi ng Panginoon "Huwag mong gagawin iyan, dahil kung gagawin mo, aalisin mo ang iyong sarili sa Aking pagsubok." Kung magrereklamo ka at susubukang baguhin ang iyong kalagayan, sasabihin Niya, "Labas ka na; hindi na ako makikialam sa iyo." Kailangan nating tanggapin ang ating mga kalagayan na itinalaga ng Diyos. Nakita ko ang mga tao na tumanggi sa pagdidisiplina, at ang resulta ay nilampasan sila.

**12:10** ***"Sapagkat tayo'y kanilang dinididisiplina nang maikling panahon ayon sa kanilang minamabuti, ngunit dinididisiplina niya tayo alang-alang sa ikabubuti natin, upang tayo'y makabahagi sa kanyang kabanalan."*** Ito ang natatanging paraan upang tayo ay maging kabahagi ng kabanalan ng Diyos—sa pamamagitan ng pagpaparusa at pagpapalo. Ito ay hindi kaaya-ayang yugto ng ating buhay; napakasakit nito. Ngunit ang pagpapala na susunod ay napakalaki.

**12:11** ***"Subalit ang lahat ng disiplina sa kasalukuyan ay tila hindi kanais-nais kundi masakit, subalit sa hinaharap ay magdudulot ng mapayapang bunga ng katuwiran sa mga nasanay sa***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

***pamamagitan nito."*** Si Apostol Pablo ay isang halimbawa ng mahabang pagtitiis (cf. 1 Tim.1:16). Ngunit kinikilala rin niya na ang pagpaparusa ay maaaring napakahirap tiisin. Si Apostol Pablo ay nagpapakita na napakamatagumpay ngunit dapat nating obserbahan ang ilang iba pang mga talata tungkol sa kanya. Sinabi niya, halimbawa sa Ikalawang Corinto 1:8 na "nawalan ng pag-asang mabuhay." Iyon ay hindi paglalayag sa mapayapang tubig hindi ba? "Subalit sa hinaharap ay magdudulot ng mapayapang bunga ng katuwiran sa mga nasanay sa pamamagitan nito." Mga minamahal, magiging sulit ang lahat ng ito kapag nakita natin ang gantimpala sa lahat ng ating mga kabalisahan.

May isang pagkakataon sa aking buhay na ako ay lubhang nagkasakit. Ako ay nakaratay sa higaan halos ilang linggo. Ang tanging nagawa ko lamang ay mahiga roon at tumingin sa bintana, ang tanging nakikita ko ay ang isang malaking puno. Napakatatag nito at nang humihip ang hangin laban dito, ang puno ng kahoy ay hindi natinag. Ang Panginoon ay nangusap sa aking puso at sinabi: "kung mababata mo ang panahon na ito ng paghihirap, gagawin kitang katulad ng punong ito." Nang mga sandaling iyon ako ay labis na mahina! Inaalagaan ako ng aking mahal na asawa at tila parang hindi na ako kailanman makakabangon pa sa higaan na iyon! Sa takdang panahon ay pinalaya ako ng Diyos mula aking paghihirap, ngunit sa mga panahon na iyon ay gumawa ito ng kalakasan sa akin. Ang mahihigpit na pagsubok na ito ay nagdulot ng "mapayapang mga bunga ng katuwiran sa mga nasanay sa pamamagitan nito." Kailangan nating makapagsanay sa mga pagpaparusa at mga pagpapalo.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Marami ang mga sumusuko kapag sila ay nasa ministeryo. Maraming mga tao ang nag-iisip na ang buhay ng isang tagapaglingkod ay madali lamang ngunit hindi iyon ang katotohan. Nang ang isang maliit bata ay tinanong ng isang guro sa paaralan kung ano ang hanapbuhay ng kanyang ama, sinabi niya, “O, ang tatay ko ay hindi nagtatrabaho; siya ay isang mangangaral.” Ngunit ang maliit na bata ay walang konsepto ng ministeryo. Kung ang ministeryo ay pangangaral lamang, ang tungkulin ng isang pastor ay makukumpleto pagkatapos ng pangangaral tatlong beses sa isang linggo. Subalit ito ay higit pa roon. Ang ministeryo ay pagtitiis sa mga kagipitan. Ito ay pagbabayad ng halaga upang magawang maging kawangis ni Cristo at saka pangungunahan ang iba sa parehong landasin. Ito ay isang dalawampu’t apat na oras ng trabaho, tinitiyak ko sa iyo, dahil kahit natutulog ka, ikaw ay kakausapin ng Diyos. Kung kaya, tayo ay pinayuhan ni Pablo sa talata labing-dalawa, na sinasabing:

**12:12** ***“Kaya’t itaas ninyo ang mga kamay na nanghihina at muling palakasin ang mga tuhod na nanlulupaypay.”*** May mga pagkakataon na napapagod na tayo ng husto na tinatanong natin kung makakaya pa ba nating magtiis ng isang araw pa. Sa panahon ng mahabang, mabibigat na pagsubok ni Job, sinabi ng Diyos kay Job, “Tumayo ka riyan at magpakalalaki” (tingnan sa Job 38:8 MBB). Gayunpaman, nangangako ang Diyos na tayo ay bibigyan ng sapat na lakas para sa ating mga araw.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**12:13** ***"at gumawa kayo ng matuwid na landas para sa inyong mga paa, upang huwag malinsad ang pilay, kundi bagkus ay gumaling."*** Ito ay isang mahalagang katotohanan. Ang mga pagsubok ay inilaan upang tayo ay mapabuti, hindi pumait. Ngunit kung tatanggihan nating tanggapin ang mga ito nang may tamang saloobin, maaari nila tayong paalisin sa daan o wasakin pa tayo. Ngayon ay sinisimulan ni Pablo ang ikalimang babala, kahit na humantong na siya rito. Ang ikalimang babala ay maaaring ibuod katulad nito: "Mag-ingat sa kasalanan at pagtanggi kay Jesus." Dadalhin tayo nito mula sa mga talata labing-apat hanggang dalawampu't siyam.

### *Ang Ikalimang Babala - 12:14-29*

### ***Mag-ingat sa Kasalanan at Pagtanggi kay Jesus***

**12:14** ***"Pagsikapan ninyong magkaroon ng kapayapaan sa lahat at ng kabanalan na kung wala nito'y walang sinumang makakakita sa Panginoon."*** Tayo ay inutusan na mamuhay nang mapayapa na kasama ang lahat ng mga tao, ngunit upang magawa ito, dapat muna tayong magkaroon ng kapayapaan sa sarili nating mga puso. Ang kapayapaan ng Diyos ay dapat maghari sa ating buhay. Dapat ay magkaroon tayo ng kapayapaang iyon. Ang kapayapaan ng Diyos ay literal na isang reperi gaya ng sinasabi ng Colosas 3:15 "At maghari (o maging isang reperi) sa inyong puso ang kapayapaan ni Cristo." Ang kapayapaan ng Diyos ang nagpapahiwatig kung tayo ba ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

nakagapos o hindi. Ito ay katulad ng isang reperi. Tayo ay may kapayapaan sa Diyos hangga't pinahihintulutan natin ang Diyos na ituwid tayo (Rom. 5:1).

Kung paanong ang isang *printer* ay nag-aayos at nagtutuwid ng tamang puwang sa gilid ng isang pahina, gayundin itinutuwid ng Diyos ang ating mga buhay. Hangga't tayo ay umaayon sa gawain ng Espiritu at pinapahintulutan ang Diyos na baguhin tayo ayon sa Kanyang wangis, may kapayapaan tayo ng Diyos. Subalit kung tatanggihan natin kung ano ang sinasabi ng Diyos, mawawala natin ang kapayapaan at titigil tayo sa paglago. Ang kapayapaan at kasiyahan ay napapanatili ng isang masunuring buhay. Kung tinatanggihan natin kung ano ang sinasabi ng Diyos sa ating mga puso, ang paninibugho, galit at pag-aaway ang mamamayani sa ating mga buhay. At kung ang mga kasamaang ito ay yayabong sa kalooban, hindi tayo magkakaroon ng mapayapang relasyon sa iba o maaari man lamang na tayo ay maging banal.

Ginagawa tayong mga nakikibahagi sa Kanyang kabanalan sa pagtitiis natin sa mga banal na pagpaparusa. Samakatuwid, kailangan nating sundan (o pakanasain) ang kabanalan upang maging banal. Ang kabanalan ay hindi lamang dapat maibilang sa atin. Hindi lamang tayo dapat mabilang o ibinilang na banal. Tayo ay dapat magkaroon ng ibinahaging kabanalan upang maging kabahagi ng Kanyang kabanalan. Nangangailangan ito ng panahon. Ang kabanalan ay nagiging sakdal sa ating mga buhay habang tayo ay nililinis mula sa mga diyus-diyosan at habang patuloy nating iginagalang ang Panginoon sa panahon ng ating mga pagsubok at hindi nagmamatigas (2 Cor. 7:1).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Walang taong makakakita sa Panginoon kung walang kabanalan. Ang puntong ito ay ginawang napakalinaw sa pamamagitan ng isang pahayag na sinabi ni propeta Balaam sa Bilang 24:17. Kanyang ipinahayag sa udyok ng Banal na Espiritu: “Aking pagmamasdan siya, ngunit hindi sa malapit.” Sinasabi ni Balaam na makikita lamang niya ang Diyos sa langit mula sa malayo.

Napakalawak ng langit. Ang isang tao ay maaaring nasa langit ngunit wala pa rin sa presensiya ng Panginoon. May isang batang babae mula sa Zaire, halos labing-anim na taong gulang na siya ng binigyan ng Diyos ng ilang mga pambihirang pangitain ng langit. Isa sa mga pangitain ay dinala siya sa harap ng trono ng Diyos. Ang Panginoon ay nangusap sa kanya at sinabi, “Hindi lahat ng mga Kristiyano ay makakapunta sa aking trono sa langit dahil sa mga diyos-diyusan sa kanilang mga puso.”

Nasindak sa kapahayagan, ang kabataang babae ay humayo sa pangangaral at pagtuturo tungkol dito kahit saan. Gumawa ng malaking epekto ang kanyang patotoo na siya ay naimbitahan para sa isang pakikipanayam sa pambansang radyo at telebisyon. Madalas sa mga ganitong palabas, mayroon na silang ibang tao roon na may mga salungat na pananaw. Kaya pinili nila ang Kardinal Arsobispo ng Zaire na mapasa-ere kasama ang kabataang babae. Sa panahon ng pakikipanayam sinabi ng komentarista sa Kardinal Arsobispo, “Tama ba para sa mga Kristiyano na magkaroon ng mga diyos-diyusan?” tumugon siya: “Tama lang na magkaroon ng maliliit, hindi malalaki.” Kung kaya ang komentarista ay bumaling at tinanong ang batang babae, “At anong masasabi mo?” Matibay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

niyang binigyan ng diin, “Ang mga Kristiyano ay hindi dapat magkaroon ng anumang diyos-diyusan.” Ang komentarista ay sumagot sa dalagita, “Sa totoo lang, naniniwala ako na *ikaw* ang tama dahil nakita mo si Jesus at ang Kardinal ay hindi.”

**12:15** ***“Pakaingatan ninyo na baka ang sinuma'y mahulog mula sa biyaya ng Diyos; baka may ilang ugat ng kapaitan ang sumibol at bumagabag sa inyo at mahawa nito ang marami.”*** Ang talatang labing-lima ay ang isa sa pinaka-nakamamanghang mga talata sa Salita ng Diyos dahil ipinapakita ng talatang ito kung bakit nagagawa ng ilan at ang iba ay nabibigo. Ang talatang ito ang susi sa kung tayo ba ay magtatagumpay o mabibigo. Ang isang pagsubok ay alinman sa gawin tayong mabuti o mapait, ngunit nasa atin ang pagpipili. Ang tanong ng buhay ay ito—mananahan ba tayo sa biyayang nagtataglay ng buhay ni Cristo sa oras ng ating kabalisahan, o tatanggihan natin ang biyaya, patitigasin ang ating mga puso at magiging mapait? Ang biyaya ay laging nakalaan kapag tayo ay nasa mga oras ng kagipitan (Heb. 4:16, 2 Cor.12:9) at ang Kanyang biyaya ay laging sapat.

Paano tayo tumutugon sa isang pagsubok? Ano ang ating pagtugon sa kahirapan? Tandaan, ang mga pagsubok ay pinahihintulutan ng Diyos (maliban na lamang, siyempre, kung ang ating mga pagsubok ay sariling kagagawan o napunta tayo sa maling kalagayan dahilan sa sarili nating kamang-mangan). Ang mga pagsubok ay pinahihintulutan at itinatalaga ng Diyos para sa ating promosyon. Sa pagsubok ang maaaring saloobin natin ay: “Hindi ito patas.” Maaari nating sabihin,

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

"Panginoon, pakiusap tama na. Sawa na ako." O "Hindi ko dapat pinagdadaanan ito, titigil na ako." Subalit kung ito ang magiging pagpapasya natin, ang katigasan kung gayon ay papasok sa ating puso at tayo ay magiging mapait. Maraming mga Kristiyano ang natisod at nasaktan dahil sila ay hindi lubusang umasa sa biyaya ng Panginoon sa kanilang mga pagsubok! Hindi nila nakuha ang pananaw ng Diyos sa sitwasyon, ni humugot man lang sila ng biyaya ng Diyos upang mapanatili sila sa kanilang mga kahirapan. Kung kaya, hindi nila nagawang dumaan sa apoy na may maayos na kaisipan at nagkulang sila ng banal na pagkaunawa sa kung ano ang nangyayari.

Ang mga nabibigo sa isang pagsubok at nagiging mapait ay ang mga tumatanggi sa nakalaang biyaya ng Diyos. Tinutulan nila ang biyaya, kinalinga ang sama ng loob, at balak nilang hawaan ang iba. Ito ang nakakatakot na bagay tungkol sa sama ng loob. Ito ay isang ugat na sumisibol sa isang tao na may hinanakit at ikinakalat niya ito sa maraming iba pa. Marami ang nadudungisan sa pamamagitan ng kapaitan ng isang pusong nasaktan. Ang Salita ng Diyos ay hindi kailanman nagtuturo sa atin na tayo ay may karapatan na masaktan. Ang tanging karapatan natin ay ang dalhin ang sama ng ating loob sa Diyos at tumanggap ng bahagi ng Kanyang biyaya upang maitaguyod tayo sa ating kapinsalaan. Ang nasaktang puso, kapag pinabayaan, ay magiging labis na masama. Kapag ang isang lalaki o babae ay nasaktan, hahantong ito sa pagkapoot at pagkakanulo sa iba (Mt. 24:10). Isa sa mga pagkalinlang ng nasaktang kapatid na lalaki (Kaw. 18:19) o babae ay naniniwala sila na sila ay may karapatang masaktan at ipangalat ang kanilang hinanakit sa iba. Ngunit ito ay ganap na kontradiksiyon sa pinakadiwa ng Banal na Kasulatan. Ang Hebreo 12:15 marahil ay isa sa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

pinakamahalagang talata sa Salita ng Diyos. Ipinapakita nito sa atin kung paano tayo magtagumpay, at ipinapakita rin nito sa atin kung bakit ang ilan ay nabigo, at kung bakit ang ilan ay tumalikod sa pamamaraan ng Diyos.

**12:16** ***"Tiyakin ninyong walang sinuman sa inyo na maging gaya ni Esau na mapakiapid, o lapastangan, na kapalit ng isang pinggang pagkain ay ipinagbili ang kanyang sariling pagkapanganay."*** Si Esau ay walang paggalang sa mga sagrado at pangwalang-hanggang mga bagay. Wala siyang pangmatagalang pangitain. Nabuhay lamang siya sa pangkasalukuyang mga pagkagana. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi ng Kasulatan na hinamak niya ang kanyang pagkapanganay (Gen. 25:34). Dahil dito, ang Diyos ay walang respeto para kay Esau.

**12:17** ***"Nalalaman ninyo na pagkatapos, nang nais niyang magmana ng pagpapala, siya'y itinakuwil sapagkat wala na siyang natagpuang pagkakataon upang magsisi, bagama't pinagsikapan niya iyon na may pagluha."*** Si Esau ay isa sa mga taong hindi pinili ng Diyos na pakitaan ng awa. Ang kanyang kapatid na si Jacob ay mandaraya. Si Jacob ay maraming mga katangian na hindi gaanong kahanga-hanga. Bakit kung gayon, nagawa ni Jacob hanggang sa huli ngunit si Esau ay hindi? Si Jacob ay may paggalang sa kabayaran. Gustong-gusto niya ang mga pagpapala ng Diyos ngunit napunta siya rito sa maling paraan. Sa dahilang iyon, kinailangan siyang pangunahan ng Diyos sa maraming mabibigat na pagsubok at sakit ng kalooban upang ituwid ang baluktot niyang kalikasan upang siya ay maging karapat-dapat sa mga pangako ng Diyos. Ngunit si

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Esau ay isinuko ang pagkapanganay at, bagama't sa huli ay "hinanap niya ito nang may pagluha," hindi na ito maibabalik pa. Minsan kapag tumawid kana sa linya hindi kana makakabalik pa.

**12:18-21** ***"Sapagkat hindi pa kayo lumapit sa bundok na nahihipo, sa apoy na nagliliyab, sa kadiliman, sa kapanglawan, at sa unos, sa tunog ng trumpeta, at sa tunog ng mga salita na ang nakarinig ay nakiusap na huwag nang magsalita pa sa kanila ng anuman. Sapagkat hindi nila matiis ang iniuutos na, "Maging isang hayop man ang tumuntong sa bundok ay pagbababatuhin." At kakilakilabot ang nakikita kaya't sinabi ni Moises, "Ako'y natatakot at nanginginig."*** Ngayon ay binago ni Apostol Pablo ang paksa at bumalik sa Paglalakbay ng Israel. Ipaghahambing niya ang dalawang bundok—ang bundok ng Sinai at ang Bundok ng Sion.

*"Sapagkat hindi pa kayo lumapit sa bundok na nahihipo, sa apoy na nagliliyab, sa kadiliman, sa kapanglawan, at sa unos, sa tunog ng trumpeta, at sa tunog ng mga salita na ang nakarinig ay nakiusap na huwag nang magsalita pa sa kanila ng anuman."* Dito sa Bundok Sinai hindi kayang pakinggan ng mga anak ni Israel ang tinig ng Diyos. "Kung ang isang hayop ay madikit sa bundok, dapat ninyong batuhin at sa pamagitan ng sibat ay inyong tuhugin."

"At kakilakilabot ang nakikita kaya't sinabi ni Moises, "Ako'y natatakot at nanginginig." Ang bundok na iyon ay ang pisikal na bundok ng Sinai, subalit sa espirituwal ito ay kumakatawan sa Pentecostes. Maaaring isipin natin na ang pagpapala ng Pentecostes ay napakamaluwalhati na kailanman ay hindi

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

tayo magkakaroon ng anumang mga pagsubok gaya ng naranasan nila sa Bundok ng Sinai. Ngunit hindi ako sigurado riyan, dahil kapag tinanggap natin ang bautismo ng Espiritu Santo, ito ay nagbubukas sa atin sa espirituwal na daigdig sa isang ganap na panibagong antas. Pagkatapos kong matanggap ang bautismo sa Banal na Espiritu ang aking mga mata ay nabuksan at nakita ko ang malalaking demonyo na nakapalibot sa akin. Mukha silang mababangis. Ang bautismo sa Espiritu Santo ay kamangha-mangha ngunit ito ay nagbubukas sa espirituwal na daigdig, at kailangan nating lumakad nang may matinding kapakumbabaan. Sinasabi sa atin ni Apostol Pablo na ang ating mga pakikipaglaban ay hindi sa laman at dugo kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapamahalaan at mga kapangyarihan sa dako ng kalangitan. Gusto kong tiyakin sa inyo na mas malakas sila kaysa sa atin, at tayo ay mas may kapangyarihan lamang sa kanila kapag tayo ay pinahiran, lumalakad sa kapakumbabaan, at tayo ay kumikilos sa Espiritu at may kaisipan ng Panginoon.

Naalala ko ang isang pangyayari nang ang isang anghel ay pumasok sa aking silid sa London sa Inglatera. Siya ay isang napakagandang anghel, at una kong naisip na siya ay isang anghel ng Diyos, hanggang sa lumingon siya at sinakal ako sa leeg. Nagpupumiglas ako upang makawala sa kanya, tumagos sa kanya ang aking mga kamay at wala akong magawa. Ang tanging nagawa ko lamang ay sumigaw, “Jesus” sa aking espiritu, at pagkatapos ay iniwan niya ako. Wala akong mga ilusyon; mas malakas sila kaysa sa atin, ngunit kapag tayo ay naka’y Cristo at tayo ay kumikilos kay Cristo, tayo ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

may kapangyarihan sa kanila. Sinasabi ko ang lahat nang ito, upang sabihin na maaaring magkaroon ng ilang mga nakakatakot na mga karanasan na may kaugnayan sa Pentecostes na karanasan.

Ang Bundok ng Sinai ay kumakatawan sa bautismo ng Banal na Espiritu. Ang Sinai ay nasa ilang sa paglalakbay ng Israel. Wala ito sa lupain ng kaluwalhatian. Hindi Sinai ang huling destinasyon ng Israel, ni sa atin man. Ang kapahingahan ay nasa kabilang panig ng Jordan sa lupang pangako. Pagkaraan na ang mga Israelita ay makapagtapos mula sa ilang at nakatawid sa Jordan, may mga natitira pang bilang ng mga digmaan na dapat mapanalunan, at mga kaaway na dapat itaboy. Di naglaon ay nalupig nila at nasakop ang Bundok ng Sion, ang huling muog sa lupain ng Canaan. Dito kung saan pinili ng Diyos na panatilihin ang Kanyang presensiya. Ito ay Kanyang kapahingahan magpakailanman.

Ito ang bundok kung saan tayo ay tinawag. Ito ang destinasyon ng ating espirituwal na paglalakbay. Huwag tayong magkampo sa paligid ng Bundok Sinai at sa bautismo ng Banal na Espiritu. Tayo ay magpatuloy sa kasakdalan. Ang kasakdalan ay nasa loob ng tabing. Ang nasa loob ng tabing ay katumbas ng Bundok ng Sion, sapagkat dito namamahinga ang kaban ng kaluwalhatian at ang dako ng lahat ng iba pang mga pagpapala.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

| *Hindi* **kayo lumalapit sa*:*** | **Kayo ay lumalapit sa:** |
|---|---|
| *Sinai* na nahihipo<br>Apoy na nagliliyab<br>Kadiliman<br>Kapanglawan<br>Unos<br>Tunog ng trumpeta<br>Tunog ng mga salita | Bundok ng Sion<br>Lunsod ng Diyos na buhay<br>Makalangit na Jerusalem<br>Di-mabilang na mga anghel<br>Masayang pagtitipon<br>Kapulungan ng mga panganay<br>Diyos na Hukom ng lahat<br>Mga espiritu ng mga matuwid na pinasakdal<br>Kay Jesus na tagapamagitan ng bagong tipan<br>Dugong iwinisik na nagsasalita ng lalong mabuti kaysa dugo ni Abel |

**12:22-23** ***“Subalit kayo'y lumapit sa Bundok ng Zion, at sa lunsod ng Diyos na buhay, sa makalangit na Jerusalem, at sa mga di-mabilang na mga anghel, sa isang masayang***

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

***pagtitipon, at sa kapulungan ng mga panganay na nakatala sa langit, at sa Diyos na Hukom ng lahat, at sa mga espiritu ng mga matuwid na pinasakdal."*** Ito ang bundok kung saan tayo ay tinawag, ang Bundok ng Sion. Ang bundok na ito ay nasa Bagong Jerusalem sa langit. Bagaman ang langit ay napakalawak, may isang lungsod at sa lungsod ay ang Bundok ng Sion. Ang Kordero, ang Panginoong Jesu-Cristo, ay nananahan sa Bundok ng Sion (Pah. 14:1). Gayundin, ang mga taong pinakamalalapit sa Kanya ay naninirahan sa banal na bundok kasama Niya (Pah. 14:1-5). Dito ay mayroong hindi mabilang na hukbo ng mga anghel.

Nakubkob ni David ang makalupang burol ng Sion sa Jerusalem. Pagkatapos magtayo ng tolda at inilagay ang kaban ng tipan sa burol ng Sion, nagtanong siya, "Sinong aakyat sa bundok ng Panginoon?" (Aw. 24:3-5,15:1-5). Inilista ng Banal na Espiritu ang mga kwalipikasyon na kinakailangan para sa pag-akyat sa espirituwal na talampas, at manahan roon. Ang Bundok ng Sion kung gayon, ay isang kaharian ng Espiritu kung saan tayo ay tinawag. Ito rin ay isang literal na dako sa langit.

Ang mga naninirahan sa Bundok ng Sion ay ang Kordero Mismo at ang "di-mabilang na hukbo ng mga anghel." Ito rin ang tahanan ng mga panganay. Sa orihinal na Griyego, ang *panganay* ay maramihan. Ang mga panganay ay binibigyan ng dalawang bahagi. Nangangahulugan ito na ang mga karapat-dapat na mapunta sa Bundok ng Sion kasama ng Kordero ay ang mga hindi nagbenta ng kanilang pagkapanganay gaya ng ginawa ni Esau. Sa bundok na ito ay ang mga lalaki at babae

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

na ang mga espiritu ay ginawang sakdal. Gaano natin kailangang magsumamo sa Diyos na ang ating mga espiritu ay maging sakdal.

**12:24 *“At kay Jesus na tagapamagitan ng bagong tipan, at sa dugong iwinisik na nagsasalita ng lalong mabuti kaysa dugo ni Abel.”*** Sinasabi sa atin ni Pablo sa Unang Timoteo 2:5 na may isang tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang Taong si Cristo Jesus. Ang Kanyang dugo ay “nagsasalita ng lalong mabuti kaysa dugo ni Abel.” Si Abel ay idineklara na matuwid sa pamamagitan ng dugo ng isang tupa na kanyang inialay, ngunit salamat sa Diyos, mayroon tayong mas mabuting alay. Nasa atin ang dugo ni Cristo na makapagdadala sa atin sa loob ng tabing.

**12:25 *“Pag-ingatan ninyong huwag itakuwil ang nagsasalita; sapagkat kung hindi nakatakas ang mga nagtakuwil sa nagbabala sa kanila sa lupa, lalo pa tayo kung tatalikuran natin ang nagbabala buhat sa langit!”*** Muli ay may babala na kapag nagsasalita ang Diyos, ay dapat natin Siyang pakinggan at sundin. “Sapagkat kung hindi nakatakas ang mga nagtakuwil sa nagbabala sa kanila sa lupa.” Ito ay tumutukoy sa mga anak ni Israel sa kanilang paglalakbay sa ilang nang magsalita sa kanila ang anghel at hindi sila sumunod, kung kaya sila ay pinatay. “Lalo pa tayo kung tatalikuran natin ang nagbabala buhat sa langit!” hindi natin dapat talikuran ang Panginoon, gaya ni Jonas na tumalikod sa Panginoon. Sa kaawaan ay hinarap ng Diyos si Jonas na ipinanumbalik Niya ito sa kanyang katinuan at pinahintulutan siyang tapusin ang kanyang ministeryo. Ngunit sino ang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

may gustong pumasok sa tiyan ng isang balyena upang matutunan ang aral na iyon? Hindi lahat ng tumatanggi sa Diyos ay pinanunumbalik sa Kanya. Alalahanin si Esau.

**12:26** ***“Sa pagkakataong iyon niyanig ng kanyang tinig ang lupa. Subalit ngayo'y nangako siya na sinasabi, “Minsan pang yayanigin ko, hindi lamang ang lupa, kundi pati ang langit.”*** Naiintindihan natin mula sa Aklat ng Pahayag na ang mga bituin ng langit ay mahuhulog. “Mga Bituin” sa kontekstong iyon ay tumutukoy kay Satanas at sa kanyang mga anghel na mahuhulog mula sa langit sa mga huling araw na ito. Magkakaroon ng malaking pagyanig sa langit at lupa.

**12:27** ***“Ngayon ang salitang, “Minsan pa,” ay nagpapahiwatig ng pag-aalis ng mga bagay na niyanig, gaya ng mga bagay na ginawa, upang manatili ang mga bagay na hindi nayayanig.”*** Gusto kong sabihin ito, magkakaroon ng isang matinding pagyanig sa mga bansa at nasisimulan na nating makita ito ngayon. Magkakaroon ng matinding pagyanig sa lahat ng dako. Magkakaroon ng “isang pagtalikod,” gaya ng sinabi ni Pablo, sa batas at kaayusan, at nagsisimula ng makita natin ito ngayon (2 Tes. 2:3). Ang mga nasa tao ay mabibigo. Tanging ang mga nasa Diyos lamang ang mananatili. Kaya’t kailangang bigyan ng babala ang mga hindi nangangaral ng kabanalan. Ang mga tao ay tila nakakatakas sa mga bagay ngayon, ngunit kapag ang Diyos ay nagsimula na sa pagyayanig, ang pagyayanig ay darating rin sa Iglesiya. Ang mga Iglesiya sa lahat ng dako ay yayanigin at yayanigin at yayanigin, at tanging ang mga totoo lamang ang mananatili.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

**12:28 *“Kaya't yamang tinanggap natin ang isang kahariang hindi mayayanig, magkaroon tayo ng biyaya na sa pamamagitan nito ay makapaghahandog tayo sa Diyos ng kalugud-lugod na paglilingkod, na may paggalang at takot.”*** Ang kaharian ng Diyos ay walang hanggan. Ito ay hindi mayayanig o makikilos. Kaya nga, dapat nating ipamuhunan ang lahat ng ating oras at pag-aari sa mga bagay na mananatili magpakailanman.

*“Magkaroon tayo ng biyaya na sa pamamagitan nito ay makapaghahandog tayo sa Diyos ng kalugud-lugod na paglilingkod, na may paggalang at takot.”* Ito ang sinubukan nating bigyan ng diin sa aklat na ito. Dapat tayong magpatuloy sa Diyos at lumapit nang buong tapang sa trono ng biyaya upang tayo ay makatanggap ng biyaya mula sa Diyos sa oras ng ating pangangailangan. Ang biyaya ay sangkap. Ito ay nagbibigay-buhay. Ito ay ibinibigay sa mga mapagpakumbaba sa espiritu. Ang biyaya ang tanging bagay na nagbabago sa atin at nagpapanatili sa atin. Ang biyaya ay nagbibigay rin ng kakayahan. Tanging sa pamamagitan lamang ng pagbibigay kakayahan ng Diyos na makapaglilingkod tayo sa Kanya nang katanggap-tanggap at may makadiyos na pagkatakot.

**12:29 *“Sapagkat ang Diyos natin ay isang apoy na tumutupok.”*** Ayon sa Unang Corinto 3:13, ang lahat ng ating mga gawa ay susubukin sa apoy. Ilang taon na ang nakalipas ang kaibigan namin ay nagkaroon ng isang pangitain ng langit. Sa pangitain ay may isang pila sa langit at ang lahat ng nasa pilang ito ay may hawak na malalaking salansan ng mga gawa sa kanyang kamay. Ang mga ito ay kumakatawan sa mga gawain na kanilang natapos sa lupa. Habang nakatingin ang aming

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

kaibigan sa pangitain na ito, nakita niya ang isang ebanghelista na lumapit na may malaking kumpiyansa bitbit ang isang buong salansan ng mga gawa sa anghel sa pasukan. Magiliw na ngumiti ang anghel, kinuha ang mga gawang iyon, at inilagay ang mga ito sa apoy. Nakapagtataka na ang tanging natira sa apoy ay isang napakaliit na tumpok. Iyon na lamang ang naiwan sa ebanghelista. Karamihan sa mga gawa niya sa buhay ay naging abo. Pagkatapos ng ebanghelista, Nakita niya ang isang minamahal na matandang ginang na lumapit sa anghel. Ang kanyang mga gawa ay hindi halos kasing laki ng sa ebanghelista ngunit nang kunin ng anghel ang mga gawang iyon at inilagay sa apoy, ang lahat ng mga ito ay natira. Ang maliit na ginang ay may mas pangmatagalang bunga na madadala sa walang hanggan kaysa sa ebanghelista.

Ito ang dahilan kung bakit kailangan nating maging maingat na ang lahat ng ating mga ginagawa ay gawa sa ginto, pilak at mamahalagang bato. Ito ay kumakatawan sa mga banal na gawain na makatatagal sa apoy. Subalit kung ang ating mga gawa ay gawa sa kahoy, dayami at pinaggapasan, silang lahat ay masusunog. Maraming tao ang gumugugol ng kanilang oras sa pagtatrabaho para kay Jesus, ngunit kadalasan ay ginagawa nila ito sa sarili nilang paraan, hindi sa pamamaraan ng Diyos, at ito ay kahoy, dayami at pinaggapasan. Dumaing tayo sa Kanya na ang lahat ng ating ginagawa sa buhay ay magmumula sa Diyos, hindi sa ating sarili, at na ito ay manatili magpakailanman.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

# *Bahagi 12*

## 13:1-25 – PAG-IBIG AT MABUBUTING GAWA

**13:1** ***“Ipagpatuloy ninyo ang pag-iibigang magkakapatid.”*** Ang *Ipagpatuloy* ay isang susing salita rito. Gusto kong manatili sa salitang “ipagpatuloy” ng isang saglit. Madalas ay may kagawiang mag-isip na naabot na natin ang ating patutunguhan at hindi na natin kailangan pang magpatuloy. Sa ganitong kadahilanan kailangan nating magkaroon ng nagpapatuloy na pangitain. Sinasabi ng Kawikaan 29:18 “Kung saan walang [nagpapatuloy na] pangitain ang mga tao ay napapahamak [o nagpapabaya ang taong bayan].” Dapat ay wala sa ating mga puso ang pakiramdam na tayo ay nakarating na. (Pah. 3:17). Kapag nangyari ito, nakarating na tayo sa isang tiyak na kalagayan sa landas ng Diyos para sa ating mga buhay, ngunit hindi natin alam na marami pang milyahe ang kailangang lakbayin.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Ibig kong kunin ang kaisipan ni Pablo sa Filipos 3:14 ng pagpapatuloy tungo sa mithiin, para sa gantimpala ng dakilang pagtawag ng Diyos kay Cristo Jesus. Ano ang mithiin at gantimpala na ating ipinagpapatuloy? Ito ay ang magkaroon ng isang mahusay na muling pagkabuhay at upang maging malapit kay Cristo hangga't maaari sa kawalang-hanggan. Si Apostol Pablo, ang guro ng Iglesiya, ay nagpahayag sa Filipos 3:11, "upang aking makamit sa anumang paraan ang muling pagkabuhay mula sa mga patay." Tinutukoy niya dito ang unang pagkabuhay na mag-uli. Hindi lahat ng Kristiyano ay ibinibilang na karapat-dapat para makasama sa muling pagkabuhay na ito bago ang Milenyo (Pah. 20:4-6). Pagkatapos ay nagpatuloy siya sa talata 12: "Hindi sa ito'y aking nakamit na, o ako'y sakdal na; kundi nagpapatuloy ako upang iyon ay aking maabot, kung paanong ako ay inabot din ni Cristo Jesus." Si Pablo ay dalawampu't walong taon nang Kristiyano, ngunit siya ay umaabot pa rin sa isang bagay.

Ang isa pang mahalagang nilalaman ng Filipos 3:10 ay ito—isinulat ito ni Pablo anim na taon lamang bago siya maging martir. Ang kanyang mga huling salita sa Ikalawang Timoteo 4:6-7 ay: "Tungkol sa akin, ako'y ibinuhos na tulad sa inuming handog, at ang panahon ng aking pagpanaw ay dumating na. Nakipaglaban ako ng mabuting pakikipaglaban, natapos ko na ang aking takbuhin, iningatan ko ang pananampalataya." Ito ay isinulat ilang linggo lamang bago ang kanyang pagkamartir. Anim na taon bago ang kanyang pagkamartir, hindi pa niya naaabot. Hindi niya *ganap* na matutupad ang mga layunin ng Diyos sa kanyang buhay. Kung ganun iyon kay Apostol Pablo, sigurado akong totoo ito sa atin. Kailangan nating magpatuloy hanggang sa pinakadulo. Kailangan nating *magpatuloy* upang

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

matamo ang gantimpala at makuha ang lahat ng mayroon ang Diyos para sa atin. (Tingnan ang Juan 8:31-32).

**13:2** ***“Huwag ninyong kalimutan ang magpatulóy ng mga dayuhan, sapagkat sa paggawa nito ang iba ay nakapagpatulóy na ng mga anghel nang hindi nila namamalayan.”*** Marami akong kilala na mga taong nakaranas ng pagministeryo mula sa mga estranghero, at sa kalaunan ay napagtanto na ang mga estranghero na iyon sa katunayan ay mga anghel. Naalala ko ang isang pangyayari sa New Zealand nang ang isang kaibigan naming pastor ay nagkaroon ng isang pagdalaw ng anghel sa isa sa kanyang mga gawain sa kanyang simbahan.

Habang ang mga tao ay dumarating para sa kalagitnaan ng pang-lingguhang gawain, napansin ng pastor ang isang estranghero na lumalakad papasok. Kaagad sa kanyang espiritu napagkilala niya na ito ay isang anghel ng Diyos. Naisip niyang ang pinakamagandang gawin ay hayaang magpatuloy ang gawain gaya ng dati at tingnan na lang kung ano ang mangyayari. Naghintay ang pastor hanggang sa matapos ang mga kapatiran sa pagbibigay ng kanilang mga patotoo. Pagkatapos ay sinabi niya sa bisita, “Ginoo, ibig mo bang ibigay ang iyong patotoo?” ang anghel ay tumayo at sinabi: “Pinupuri ko ang aking Panginoon. Ang Panginoon ay nasa dakong ito at pupunuin ng Panginoon ang dakong ito.” At pagkatapos siya ay naupo. Tuwang-tuwa ang puso ng pastor. Halos hindi siya makapaghintay hanggang sa matapos ang gawain dahil ibig niyang tanungin ang anghel sa ilan pang bilang ng mga mahahalagang katanungan.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Nang natapos na ang gawain, at sa buong kabaitan na kayang gawin ng pastor, nagawa niyang makalampas sa kongregasyon at makarating sa taong ito. Nasa isip niya ang ilang mga katanungan na nais niyang itanong. Ngunit ng humarap siya sa lalaking iyon na ngumiti ng napakabait sa kanya, ang mga katanungang iyon ay naalis sa kanyang isipan. Hindi na nagawang sabihin ang mga ito at napagtanto niya sa puntong iyon na ang Diyos ang may ganap na kontrol. Kalaunan ay ipinaliwanag niya: “Nang ayaw sagutin ng anghel ang ilang mga katanungan, hindi ko sila nagawang itanong. Nawala sila sa isip ko.”

Ang anghel ay tinanong ng isang grupo ng mga kapatiran sa simbahan kung saan siya pupunta. Sumagot lang siya ng, “Sa hilaga.” Sumagot sila, “O, sa hilaga rin kami nakatira; ihahatid ka namin.” Sumagot siya, “Hindi na, salamat, papunta ako ng India.” Ang nakapagtatakang bagay ay ang mula roon kailangan mong pumunta sa timog upang makarating sa paliparan upang pumunta sa India. Medyo nalito ng kaunti ang mga kalalakihan sa sinabi nito. Pagkatapos ay inanyayahan nila itong magpalipas ng gabi sa kanilang tahanan. Lubos na nagpasalamat sa kanila ang estranghero at sumakay na ito sa kotse, labis naman ang kalungkutan ng pastor na umasang nagkaroon pa sana ng maraming oras kasama ang makalangit na mensaherong ito.

Ang anghel ay pumunta sa bahay kung saan ang mga kabataang ito ay magkakasamang nakatira. Nang inalok nila ito ng higaan, sinabi niya, “Hindi na, salamat, sa labas na lamang ako sa ilalim ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

mga puno na ginawa ng aking Panginoon.” Nagkataon na ang mga kalalakihang ito ay nagising bandang mga alas-kwatro ng umaga at dumungaw sila sa bintana upang tingnan kung naroon pa ang bisita nila. Nandoon nga siya, nakaluhod at sumasamba, batid niyang siya ay pinagmamasdan nila mula sa bintana. Lumingon siya sa kanila, kumaway at nawala. Noon lang napagtanto ng mga kalalakihan kung sino ang kanilang inasikaso. Ang aktuwal na tema ng Hebreo 13:2 ay mabuting pakikitungo. Hindi lamang natin nalalaman kung sino ang ating pinakikitunguhan bilang ating bisita.

**13:3** ***“Alalahanin ninyo ang mga bilanggo na parang kayo'y nakabilanggong kasama nila; ang mga inaapi na parang kayo na rin sa katawan.”*** Kapag ang mga miyembro ng kongregasyon ay nagdurusa, dapat tayong dumaing ng mataimtim sa Diyos na para bang tayo ang nasa kalagayan nila. Sa ilang mga bansa kung saan may pag-uusig at ang mga miyembro ng kongregasyon ay dinadala bilang bilanggo, dapat tayong mamagitan para sa kanila at manalangin na sila ay palayain. Si Pablo mismo ay nakagapos at nakakulong.

Ngayon ay binabanggit ni Pablo ang iba’t ibang mga paksa gaya ng natural na ginagawa ng isang tao sa dulo ng isang liham. Maaaring ito na ang kanyang huling pagkakataon ng pakikipag-usap sa mga kapatirang Judio na ito, at nais niyang banggitin ang ilang bagay na napakahalaga. Nagsimula siya sa kahalagahan ng kadalisayan ng pagsasamang mag-asawa.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**13:4** ***"Maging marangal sa lahat ang pag-aasawa, at huwag dungisan ang higaan, sapagkat ang mga nakikiapid at ang mga mangangalunya ay hahatulan ng Diyos."*** Itinatag ng Diyos ang kasal, at ito ay marangal sa Kanyang paningin. Sa ganitong kadahilanan mismo, hahatulan Niya ang bawat isa na lalabag sa sagradong tipan ng pag-aasawa sa mga mapangalunyang pakikipagrelasyon at nakikitungo nang may kataksilan sa diborsyo.

**13:5** ***"Umiwas kayo sa pag-ibig sa salapi at kayo'y masiyahan na kung anong mayroon kayo, sapagkat sinabi niya, "Sa anumang paraan ay hindi kita iiwan, o pababayaan man."*** Narito ang isang bahagi ng ating buhay na kailangan nating bantayan nang Mabuti. Ang Unang Timoteo 6:10 ay nagbabala, "Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na ang ilang nagnasa rito ay napalayo sa pananampalataya at tinusok ang kanilang mga sarili ng maraming kalungkutan."

Maliwanag, na pinahihintulutan ng Diyos ang Kanyang bayan na maging mayaman sa ilang mga pagkakataon. Si Abraham ay napakayaman. Gayundin si Job, David, at iba pa. Binigyan ng Diyos ang ilang mga hari ng malaking kayamanan. Ang puhunan ay isang pangangailangan sa kaharian ng Diyos upang maipamahagi sa mga pangangailangan ng Iglesiya sa ilalim ng patnubay ng Banal na Espiritu. Hindi ang pera mismo ang panganib. Ang *pag-ibig* sa salapi ang mapanganib. Ang pera ay nagiging diyos-diyusan kapag ito ang naging mithiin natin.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Hindi pera ang tunay na usapin. Maraming mga mahihirap na tao ang maaaring magkaroon ng matinding pagnanasa sa salapi. Ngunit para sa isang multimilyonaryo, maaaring hindi magiging isyu ang kaperahan. Maaaring gusto lamang niyang maging isang daluyan para sa Diyos na dumaloy upang matugunan ang pangangailangan ng iba. Tandaan natin na hindi ang halaga ng pera, kundi ang pag-ibig sa salapi ang mapanganib. Tayo ay susubukin ng Diyos sa lahat ng mga bagay na ito. Sinabi ni Pablo na "ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking pakinabang" (1Tim.6:6). Masiyahan na tayo sa anumang sitwasyon natin masumpungan ang ating mga sarili. (Fil. 4:11-12). Ito ang tema ng Hebreo 13:5.

**13:6** ***"Kaya't panatag nating masasabi, "Ang Panginoon ang aking katulong; hindi ako matatakot: Anong magagawa sa akin ng tao?"*** Narito muli ang kaisipan na ang Panginoon ang may kontrol. Ang kaaway ay may limitasyon lamang, gaya ng sa pagsubok kay Job. Pinahihintulutan ng Diyos ang tao na gumawa ng ilang bagay, ngunit hindi tayo matatakot sa maaaring gawin ng tao sa atin sapagkat hindi tayo nag-iisa. Ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng bagay, at nangako Siya na kailanman ay hindi tayo iiwan ni pababayaan. Siya ay palagi nating kasama.

**13:7** ***"Alalahanin ninyo ang mga namumuno sa inyo, silang nagsalita sa inyo ng salita ng Diyos; tingnan ninyo ang kinalabasan ng kanilang pamumuhay, tularan ninyo ang kanilang pananampalataya."*** Dahil ang Diyos ang naglalagay ng mga lider sa Kanyang Iglesiya, ang kanilang mga tungkulin ay dapat igalang. Ang katotohanang ito ay hindi lamang binanggit sa talata pito, kundi

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

ito ay sinabi rin sa mga talata labingpito at dalawampu't apat (1Tes. 5:12-13). Ang dumadaloy sa kabuuan ng Bagong Tipan ay ang kaisipan ng kaayusan at pamamahala sa Iglesiya. Isang katiyakan na mayroong pamunuan sa sinagoga ng mga Judio. Sa katunayan, may isang punong tagapamahala sa sinagoga. Ito ay naisalin sa Iglesiya. Marapat na may isang ulo sa bawat kongregasyon, at iyon ay ang pastor. Hindi maaaring magkaroon ng maraming namumuno. Sa ilalim ng pastor ay ang mga nakatatanda at pagkatapos ay ang mga diakono.

Tayo ay inutusan dito ni Pablo na "Alalahanin ninyo ang mga namumuno sa inyo, silang nagsalita sa inyo ng salita ng Diyos; tingnan ninyo ang kinalabasan ng kanilang pamumuhay, tularan ninyo ang kanilang pananampalataya." Noong bata pa ako, mataas ang pagpapahalaga namin sa mga nakatatanda. May pakiramdam ng paggalang dahil nakikita namin sa kanila ang mga bunga ng kanilang makadiyos na pamumuhay. Naalala ko ang sinasabi ng mga nakababatang henerasyon, "Sana nasa animnapu na kami." Iniisip nila na sa edad na iyon ay ligtas na sila at hindi na tatalikod pa. Sa Iglesiya ngayon ay may kawalang-katatagan. Ang mga kabataan ay naghahanap ng katatagan. Ito ang dahilan ng paghanga nila, gaya ng ginawa namin noong kabataan namin, sa mga mas matatanda. Naiisip namin noon sa mga mas matatanda sa amin, "O, nagawa na nila; ayos na sila." Mabuting tingnan ang mga matatatag na nakatatanda sa ating simbahan. Ang mga nakatatanda, silang mga namumuno sa inyo, ay karaniwang mga may edad na tao. Sila ay nahubog na sa daan ng katuwiran sa pamamagitan ng isang mahabang buhay ng tamang pagpapasya. Dapat isaalang-alang ng mga Iglesiya ang matatandang tao upang maging mga nakatatanda dahil may isang katiyakan na nagawa

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

na nila ang isang bagay. Sila ay mga halimbawa at mensahe sa mga kabataan na posibleng magtagumpay sa isang Kristiyanong buhay.

**13:8** ***"Si Jesu-Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman."*** Si Cristo ang ating modelo ng katatagan. Siya ang Isa na hindi nagbabago, at dapat ay ganun din tayo. Kung paano tayo kahapon, dapat ganun din tayo ngayon at maging ganun din tayo bukas, maliban sa tayo ay tumatanda. Ang kagandahan ng pananatili sa landas ng Diyos ay na sa bawat hakbang na ating gagawin, ay nasa landas pa rin tayo at mas malapit tayo sa tunguhin. Ito ang kahanga-hangang bagay tungkol kay Jesu-Cristo: Siya ay walang pagbabago at maaasahan. Sa talata siyam makikita natin ang isa sa mga dahilan kung bakit nagkakamali ang mga tao. Ito ay dahil palagi nilang binabago ang kanilang mga doktrina. Lumilihis sila mula sa isa patungo sa isa pa.

**13:9** ***"Huwag kayong padala sa sari-sari at kakaibang mga turo, sapagkat mabuti na ang puso ay patibayin ng biyaya; hindi sa pamamagitan ng mga pagkain, na di pinakinabangan ng mga tumupad ng mga iyon."*** Ang ating puso, ating buhay, at ating mga damdamin ay pinagtibay nang may biyaya, hindi dahil sa pag-iwas mula sa ilang mga uri ng pagkain. Ang pag-iwas mula sa ilang mga pagkain ay hindi nagbabago ng ating kalikasan. Ang pagkakaroon ng pakikipagtagpo sa Diyos at pagtanggap ng kaloob ng Kanyang biyaya ang nagbabago sa atin. Sa Iglesiya ng Bagong Tipan, marami ang nabahala sa mga karne at pagkain.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

Paano natin makikilala ang totoong doktrina mula sa mali? Makikilala natin sa pamamagitan ng pag-aaral ng katotohan. Ang mga teler ng bangko ay sinanay na pag-aralan ang isang totoong pera upang matukoy nila ang peke. Sa mga panahon ng pilak na dolyares, ang punong teler ay sinabihan na turuan ang mga nakababatang mga baguhan na kunin ang pilak na dolyar at hayaan itong mahulog ng paulit-ulit hanggang sa ang tunog ng isang pilak na dolyar ay maikintal sa kanilang mga isipan. Pagkatapos ay malalaman na nila ang peke. Sasabihin ko sa inyo ito: kailangan nating maging matatag na nakaugat sa katotohanan ng Salita ng Diyos. Kung ang isang doktrina ay totoo, ito ay makikita mula sa Genesis hanggang sa Pahayag. Ang Doktrina, pagkatapos ng lahat, ay katotohanan. Ang katotohanan ay hindi naiiba sa Salita ng Diyos.

Patuloy na binalaan ni Pablo ang kanyang mga naturuan laban sa pagkakamali. Sinabi niya sa Efeso 4:14, "Tayo'y huwag nang maging mga bata, na tinatangay-tangay ng mga alon at dinadala-dala ng bawat hangin ng aral, sa pamamagitan ng pandaraya ng mga tao, sa pamamagitan ng kanilang mga katusuhan sa paraang mapandaya." Ang mga bata ang mga tinatangay-tangay, hindi ang mga may sapat sa gulang. Ang mga kabataan kay Cristo at nagtagumpay sa masama ay hindi natatangay. Ang mga kulang sa gulang ang nadadala ng mga maling doktrina. Nakakalungkot lang, na ang kulang sa gulang na Kristiyano ay maaaring nasa anumang edad.

Nagbabala ang Diyos ilang taon na ang nakaraan sa Estados Unidos na may isang tiyak na maling doktrina ang darating sa Iglesiya. Ang mga nakarinig ng nababala ay nag-ingat at naghintay. May

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

isang nagtanong, “Paano natin malalaman kung ito ay tama o mali?” May ilang paraan upang matukoy kung ito ba ay tama o mali. Ito ay makikita mula sa Genesis hanggang sa Pahayag upang maging mali. Ngunit ang isa pang paraan upang hatulan ang doktrina ay ito —maghintay lamang at tingnan kung sino ang nahahatak papunta dito. Sila lang din palagi, ang mga mahihina, na yumayakap sa mga maling katuruan.

Maraming taon na ang nakalilipas, nagkaroon ng pagtatalo sa isang Kolehiyo sa Bibliya tungkol sa isang doktrina na medyo may mali. Nang sinipi ko ang isang talata na nagpabulaan ng katuruang ito, sinabi ng isa sa mga tagapagtaguyod ng doktrinang iyon akin, “Pakiusap huwag mong sipiin ang talatang iyan; sinisira nito ang doktrina ko.” Naisip ko sa aking sarili: Kung ang isang talata ay makakapagpatisod ng iyong doktrina, tiyak na may isang bagay na talagang mali sa doktrina. Kapag ang isang doktrina ay totoo, walang kasulatan ang kayang sumalungat dito. sinasabi ni Pablo sa atin na “subukin ninyo ang lahat ng mga bagay; panghawakan ninyo ang mabuti” (1 Tes. 5:21). Samakatuwid, subukin ninyo ang inyong mga pinaniniwalaan. Ang mga disipulo sa Berea ay tinawag na “marangal” dahil sinasaliksik nila ang Kasulatan araw-araw upang tingnan kung ang isang katuruan ba ay totoo o hindi (Gawa 17:11).

**13:10** ***“Tayo ay may isang dambana, na kung saan ang mga naglilingkod sa tabernakulo ay walang karapatang kumain.”*** Noong panahon na sumusulat si Pablo sa mga Hebreo, ang templo ni Herodes ay nakatayo pa rin. Ang pag-aalay sa templo ay nagpapatuloy pa rin sa panahon niya. Higit

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

sa lahat, si Cristo at ang bagong tipan ay tinanggihan ng Jerusalem. Kaya nga, sila ay hindi naging karapat-dapat na makibahagi sa lahat ng mga espirituwal na pagpapala sa makalangit na mga dako na inihanda ni Cristo.

**13:11** ***“Sapagkat ang katawan ng mga hayop na ang mga dugo'y dinadala ng pinakapunong pari sa santuwaryo para sa kasalanan ay sinusunog sa labas ng kampo.”*** Ang mga ritwal ng Kautusan ay nagpatuloy hanggang A.D. 70 nang ang templo ay nawasak sa pagsalakay ng Roma. Si Pablo ngayon ay gumuguhit ng isa pang analohiya mula sa Lumang Tipan. Ang bangkay ng mga hayop na inialay sa altar para sa kasalanan ay dinala sa labas ng kampo, gayundin naman, si Jesus ay nagdusa sa labas ng kampo.

**13:12** ***“Kaya si Jesus man ay nagdusa sa labas ng pintuan ng lunsod upang gawing banal ang mga tao sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo.”*** Sa madaling salita, si Jesus ay ipinako sa labas lamang ng mga tarangkahan ng Jerusalem, hindi kalayuan mula sa kung saan ang mga bangkay na mga inalay ay itinatapon. Ito ay isang mahalagang katotohanan. Kung susunod tayo kay Jesus, darating ang panahon sa ating mga buhay na tayo ay dadalhin rin sa labas ng kampo. At ano ang kampo? Ang kampo ay ang Iglesiya! Maraming beses ang mga mananampalataya ay nahaharap dito pagkatapos nilang matanggap ang bautismo sa Espiritu Santo. Ang kanilang mga simbahan na hindi naniniwala sa karanasang iyon ang nag-aalis sa kanila sa kanilang samahan. Marami akong nakilalang mga pastor na pinaalis sa kanilang denominasyon dahil dito. Subalit, kung susunod tayo kay Jesus,

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

darating ang panahon sa ating buhay na kakailanganin nating magdusa sa labas ng kampo. Sa paggawa nito, sumusunod tayo sa mga yapak ng ating Panginoon at magkakaroon tayo ng Kanyang kaluwalhatian.

**13:13** ***“Kaya't puntahan natin siya sa labas ng kampo na dala ang kanyang kahihiyan.”*** Binabata ng katotohan ang kahihiyan nito! Kapag nakatanggap tayo ng bagong katotohanan, magkakaroon din tayo ng kadustaan. Maaari nating tanggihan ang bagong katotohanan upang mapanatili ang ating mga kaibigan, o pipiliin nating ilagay sa labas ng walang kampo ng ibang mga mananampalataya. Napakarami nang kapag nahaharap sa ganitong mahirap na kalagayan ay mas pinipili ang makikompromiso at maging lihim na disipulo katulad ni Nicodemo, na nanatili sa loob ng kampo. Nilinaw nang maigi ni Apostol Pablo kung saan siya nakatayo. Sinabi niya, “Kaya't puntahan natin siya sa labas ng kampo na dala ang kanyang kahihiyan.” Dito kung saan naroroon si Cristo, sa labas ng kampo.

Nagkaroon ako ng ganitong sitwasyon sa aking buhay bilang isang kabataang Kristiyano. Nasa isang simbahan ako kung saan maraming mga kabataan, at lahat kami ay umaapoy para sa Diyos. Marami ang nakasumpong kay Cristo bilang kanilang Tagapagligtas. Tuwing linggo ng gabi kami ay may gawaing pang-kabataan pagkatapos ng karaniwang gawain. Ang regular na gawain ay nagsisimula ng alas-sais, at umaasa kaming matatapos ito ng alas-siyete para makalabas kami sa mga lansangan at makapagdala ng mga tao papasok. Sinasabi sa Lucas 14:23 na pilitin silang pumasok, at literal naming

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

pinapalibutan ang mga kabataan sa kalsada at dinadala sa simbahan para sa pang alas-otsong gawain.

Marami ang mga naligtas at pagkatapos ay tinutulungan nila kaming magpatotoo sa iba. Gayunpaman, dumating ang panahon na kinailangan kong pumili, dahil ayaw tanggapin ng simbahang ito ang bautismo ng Espiritu Santo. Ang ilan na nakatanggap ng bautismo ng Espiritu Santo ay nakikompromiso upang makapanatili sa simbahan, ngunit ang mga kaloob ng Espiritu ay hindi nahahayag roon. Ako ay nabautismuhan sa Espiritu Santo, at napagtanto ko na ako ay tinatawag ng Diyos na magpatuloy sa Kanya. Napakahirap, ngunit kailangan kong umalis sa simbahang iyon na lubos kong minahal at pumunta sa isang Pentecostal na simbahan kung saan halos walang mga kabataan. Kung hindi ko ginawa ang desisyon na iyon, hindi sana ako nakapagpatuloy sa Diyos. Kaya't tanggapin natin ang biyaya mula sa Diyos upang makapagpatuloy kasama si Jesus, at batahin ang Kanyang kadustaan.

**13:14** ***"Sapagkat dito'y wala tayong lunsod na magtatagal, ngunit hinahanap natin ang lunsod na darating."*** Ang "lungsod na magtatagal" na tinutukoy ni Pablo ay ang Bagong Jerusalem sa langit. Ito ang dahilan kung bakit dapat nating ituon ang ating pagmamahal sa mga bagay na nasa itaas, hindi sa mga bagay sa lupa (Col. 3:2). Dapat lamang tayong mamuhunan sa mga bagay na mananatili magpakailanman, at mag-ipon para sa ating mga sarili ng "mga kayamanan sa langit" (Mt. 6:19-21).

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

Magtayo tayo sa di-nakikita at huwag masyadong maghangad sa kahit na lehitimong mga bagay sa buhay na ito.

**13:15 *"Kaya't sa pamamagitan niya ay maghandog tayong patuloy ng alay ng pagpupuri sa Diyos, samakatuwid ay ng bunga ng mga labi na nagpapahayag ng kanyang pangalan."*** Sinabi ni Apostol Pedro na dapat tayong mag-alay ng mga espirituwal na handog na kasiya-siya sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo (1 Ped. 2:5). Ang espirituwal na mga hain na ating inaalay ay higit na mas mahalaga sa paningin ng Diyos kaysa sa pagpatay ng mga hayop. Isa sa mga hain na iyon ay ang alay ng papuri. Ang papuri ay nagiging isang "hain" kapag tayo ay napapagod o nasa ilalim ng kagipitan, ngunit ang mismong mga hain na iyon ay nagdadala ng kagaanan mula sa ating mga pasanin. Ang mga awitin ng pagpupuri ay isang espirituwal na hain. Ang pag-awit ng awitin ng Panginoon, pagsasalita sa ibat' ibang wika, at pag-awit sa ating mga puso ay mga espirituwal na hain na kalugod-lugod sa Diyos. Ang pagbibigay ng pasasalamat ay nagpapanatili sa ating mga espirituwal na balon na hindi mabarahan habang tinatanggap natin sa pananampalataya ang mga kahirapan na dumarating sa ating mga buhay. Ang pagpupuri at pagpapasalamat ay magkasama.

**13:16 *"Huwag ninyong kaliligtaan ang paggawa ng mabuti at ang pamamahagi, sapagkat ang Diyos ay nalulugod sa mga gayong handog."*** Narito ang iba pang mga handog na ninanais ng Diyos—ang gumawa ng mabuti at maging masagana sa mabubuting gawa. Ang ibig sabihin ng "makipag-usap" ay magbahagi sa iba. Isa sa mga pinakadakilang sakripisyo na magagawa natin ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

ang magpakain at damitan ang mahihirap, at magmalasakit sa mga nangangailangan. Ito ay mga praktikal na hain, at pinaaalalahanan tayo ng Diyos na huwag kalimutan ang mga ito.

**13:17** ***"Sumunod kayo at pasakop sa mga namumuno sa inyo, sapagkat sila'y matamang nagbabantay alang-alang sa inyong mga kaluluwa bilang mga mananagot. Hayaang gampanan nila ito na may kagalakan at hindi nang may hapis, sapagkat kung ganito'y hindi ito magiging kapaki-pakinabang sa inyo."*** Sinabihan tayo ngayon na "sumunod" sa mga namamahala sa atin. Sa talatang pito ay sinabing "alalahanin" sila na mga namumuno sa atin. Napakahalagang sumunod at makipagtulungan sa ating mga tagapanguna sapagkat sila ay may pananagutan sa ating mga kaluluwa. Kaya nga, may panahon sa ating mga buhay na kailangan nating magpasakop sa mga may awtoridad sa atin. Marahil darating ang panahon na ikaw ay isa ng pastor o tagapangasiwa, at aanihin mo ang iyong itinanim na may kaugnayan sa pagpapasakop. Kung tayo ay naging masunurin sa ating mga lider, tayo ay bibigyan ng Diyos ng mga tao na magiging masunurin sa atin. Sa kabilang banda, kung tayo ay palaging lumalaban at nagagalit sa pamunuan, maaaring mauwi tayo sa pagpapastol sa isang maliit na grupo ng mga mapaghimagsik.

**13:18** ***"Idalangin ninyo kami, sapagkat kami'y naniniwalang kami ay may mabuting budhi, na nagnanais na mabuhay na marangal sa lahat ng mga bagay."*** Dito ay makikita natin ang kababaang-loob ni Apostol Pablo. Ang kababaang-loob ay maaaring ipakahulugan bilang "pagka-asa." Sinabi niya, "sapagkat kami'y naniniwalang kami ay may mabuting budhi." Si Pablo ay palaging may

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

patuloy na pagtuon sa Panginoon upang matiyak na ang kanyang budhi ay malinis sa harap Niya. Hindi siya nagtitiwala sa sarili niyang puso. Siya ay lubos na nakaasa sa Diyos para sa liwanag upang malaman ang kanyang puso (1 Cor. 4:3-5). Gusto niyang malaman kung paano siya nakikita ng Panginoon. Ninanais niya ang isang budhi na malinis sa Diyos at sa tao sa lahat ng bagay (Gawa 24:16). Maging maingat tayo na ang lahat ng ating ginagawa ay tama sa harap ng Diyos at ng tao dahil iyon ay kalugod-lugod sa paningin ng Diyos. Dapat ay buong ingat tayong maging matapat.

**13:19** ***“At ako'y lalo pang nakikiusap sa inyo na inyong gawin ito, upang ako'y madaling maibalik sa inyo.”*** Si Apostol Pablo ay nakakulong at nais niyang maibalik sa iglesiya. Kaya nga, hinihiling niya sa kanila na manalangin nang mataimtim para sa kanya, na siya ay makabalik sa kanila.

**13:20-21** ***“Ngayon, ang Diyos ng kapayapaan na bumuhay mula sa mga patay sa ating Panginoong Jesus, ang dakilang pastol ng mga tupa, sa pamamagitan ng dugo ng walang hanggang tipan, nawa'y gawin niya kayong ganap sa bawat mabuting bagay upang magawa ninyo ang kanyang kalooban, at gawin sa atin ang nakakalugod sa paningin niya, sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, na sa kanya ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen.”*** Ang Diyos ay may maraming katawagan. Isa sa mga ito ay *Jehovah Shalom*—ang Panginoon na ating kapayapaan. Siya ng Diyos ng Kapayapaan. “Ngayon, ang Diyos ng kapayapaan na bumuhay mula sa mga patay sa ating Panginoong Jesus, ang dakilang pastol ng mga tupa, sa pamamagitan ng dugo ng

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

walang hanggang tipan, nawa'y gawin niya kayong ganap sa bawat mabuting bagay.” Dapat nating maunawaan na ang kasakdalan ay nauugnay sa pagkilala sa Diyos bilang Diyos ng kapayapaan.

Ang talatang ito ay hindi isang nakahiwalay na kasulatan. Sinasabi ng Unang Tesalonica 5:23, “Pakabanalin nawa kayong lubos mismo ng Diyos ng kapayapaan; at ang inyong espiritu at kaluluwa at katawan ay ingatang buo, na walang kapintasan sa pagdating ng ating Panginoong Jesu-Cristo.” Kaya, ang kapayapaan ng Diyos ay nauugnay sa pagpapakabanal at kasakdalan. Samakatuwid, sa katunayan, walang pagpapakabanal, walang tunay na kabanalan, at walang totoong kasakdalan malibang tayo ay pinamamahalaan ng Diyos ng kapayapaan.

Sinabi ni Pablo sa Filipos 4:6 “Huwag kayong mabalisa sa anumang bagay.” Hindi natin makakamit ang kasakdalan kung tayo ay nagdadala ng maraming mga alalahanin at kung tayo ay nababalisa sa lahat ng oras. Ang mga isterya, pagkamatakutin, pamumuna, pagkaligalig, at galit ay bunga ng pagkabalisa. Ngunit ang kapayapaan ang susi sa pagpapakabanal, kabanalan, at kasakdalan. Bakit totoo ito? Totoo ito dahil tinatanggap ng kapayapaan ang lahat ng bagay, at ang kapayapaan ang namamahala sa lahat ng bagay.

Makikita natin ito kapag tiningnan natin ang buhay ng Panginoong Jesu-Cristo. Nang ang unos ay nagngangalit sa Dagat ng Galilea, ano ang Kanyang sinabi? Hindi Niya sinabing, “Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos inuutusan kita na manahimik.” Hindi, sinabi lamang Niya, “Pumayapa ka,

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

tumahimik ka!” Pinatatahimik ng kapayapaan ang kaaway, at ang mga pagkahumaling ng ating kaluluwa, at dinadala ng kapayapaan sa ilalim ng pagpapasakop ang lahat ng ating mga hangarin. Samakatuwid, nauunawaan natin na ang daan sa kabanalan, bagama’t ito ay sa pamamagitan ng pagdurusa at pagpaparusa at pagpapalo, ay sa pamamagitan rin ng *kapayapaan.*

Gayundin sa Hebreo 12:14 mapapansin mo na ang kapayapaan at kabanalan at magkaugnay. Sinasabi ni Pablo, “Pagsikapan ninyong magkaroon ng kapayapaan sa lahat at ng kabanalan.” Ang kapayapaan at kabanalan at magkaugnay sa Hebreo 12:14, Unang Tesalonica 5:23, at mula sa Hebreo 13:20. “Ang Diyos ng kapayapaan ay gawin kayong sakdal.” Samakatuwid, kailangan nating pumasok sa karanasan ng Filipos 4:6-8 bilang pintuan sa kasakdalan at kabanalan. Ito ang pintuan ng kapayapaan.

Ano ang iyong larawan ng kapayapaan? Ang isang mahusay na pintor ay minsang hiniling na magpinta ng isang paglalarawan ng kapayapaan sa isang kanbas. Inakala ng mga nag-atas sa kanya na siya ay magpipinta ng isang magandang tanawin na may sikat ng araw at mga bulaklak na tumutubo at marahil mga bata na naglalaro. Sa halip ay pinili niya ang kakaibang bagay. Nagpinta siya ng isang nagngangalit na unos na may humahagupit na hangin, bumubuhos ang ulan, at ang mga puno ay nababaluktot ng bagyo. Pagkatapos sa gitna ay mayroon siyang maliit na maya na masayang humuhuni sa isang sanga. Iyon ang kanyang pagkakilala ng kapayapaan. Iyon, sa katunayan, ay totoong kapayapaan. Sapagkat kapag ang bagyo ay nasa paligid mo, ikaw ay may banal na kasiyahan

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

sa iyong puso, ikaw ay may kapahingahan sa iyong isip at espiritu, at ikaw ay magkakaroon ng isang awit sa iyong puso.

**13:22** ***"Mga kapatid, ngayon ay nananawagan ako sa inyo na inyong pagtiisan ang aking salita ng pangaral, sapagkat sa pamamagitan ng iilang mga salita ay sumulat ako sa inyo."*** Kung ito ay isang maiksing liham, hindi ko alam kung ano ang hitsura ng kanyang mahahabang mga sulat, subalit ganun pa man, marami siya inilagay sa isang napakaliit na patlang, hindi ba? Ang Hebreo ay isang napakagandang aklat. Ipinapakita nito sa atin ang daan patungo sa dakong kabanal-banalan, sa loob ng tabing. Ipinapakita nito sa atin ang susi sa kabanalan. Ipinapakita nito sa atin ang daan sa tagumpay. Ngunit naroon din ang limang nakasisindak na mga babala sa Hebreo. Ito ang mga babala na kailangan nating pag-ingatan, dahil gaya ng sinabi rin ni Apostol Pablo sa Unang Corinto 10:12, "Kaya't ang nag-aakalang siya'y nakatayo ay mag-ingat na baka siya'y mabuwal." Dapat ay palaging nasa puso natin ang kaisipan na "O Diyos, ngunit para sa Iyong biyaya at awa ay hindi ko gagawin ito." Tayo ay iniingatan ng kapangyarihan ng Diyos.

Kung gayon, kanino ibinibigay ng Diyos ang biyaya upang maingatan? Siya ay nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba. Nais nating humiling sa Diyos na bihisan tayo ng espiritu ng kababaang-loob upang palagi tayong magkaroon ng Kanyang pabor at presensiya. Hoseas 13:1 ay isang kahanga-hangang kasulatan: "Nang magsalita ang Ephraim, ay nagkaroon ng panginginig; siya'y nagpapakalaki sa kaniyang sarili sa Israel; nguni't nang siya'y magkasala tungkol kay Baal ay namatay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved. 

siya." (ADB1905) Si Efraim ang punong tribo ng Hilagang Israel, ngunit ng mga panahong ito ay lubhang mga nagsipagtalikod. Nang magsalita ang Efraim, ay nagkaroon ng panginginig, ng may pagsisisi at pagkatakot sa Panginoon, itinaas siya ng Diyos.

Si Efraim ay itinaas bilang pinakamabunga sa lahat ng mga tribo sa isang pagkakataon, "nguni't nang siya'y magkasala tungkol kay Baal," nang pinahintulutan niya ang idolatriya na pumasok sa kanyang puso at hindi na niya iningatan ang kanyang puso ng buong sikap, namatay siya. Ito ay totoo rin sa buhay ni Haring Saul. Itinaas siya ng Panginoon noong siya ay maliit sa kanyang sariling mga mata, ngunit itinakuwil siya nang siya ay naging mapagmataas at mayabang, at nang itinaas niya ang kanyang sarili.

Nakakalungkot man, ngunit magkakaroon ng maraming mga magsisipagtalikod sa impiyerno. Gaya ng nabanggit ko kanina, maraming taon na ang nakalipas ako ay nagpapastor sa isang simbahan sa kanlurang bahagi ng Estados Unidos. Ang asawa ng isang diakono ay nanaginip kung saan siya ay dinala sa langit. Siya ay labis na nagulat nang makita niya kung sino ang nasa langit at kung sino ang hindi nakarating. Marami sa kanyang mga kakilala ay hindi nakarating sa langit. Ibinahagi niya ang kanyang patotoo sa simbahan. O, kung gaano tayo dapat mag-ingat upang makamit ito.

Hindi ko malilimutan ang pagkamatay ng isang babae na nasa simbahan ding ito. Kararating ko pa lamang sa simbahan at magiging bagong pastor doon. Pagdating ko sa simbahan, ang babaeng ito ay

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

nasa ospital na at ako ay sinabihan na dalawin siya. Siya ay nasa banig na ng kamatayan. Kami ng aking asawa ay pinipintasan na niya, at kung ano ang aming pinaninindigan. Ang babaeng ito ay palaging naroon upang idagdag ang kanyang tinig ng pamimintas. Subalit siya ay naging superindente ng Panlinggong-pag-aaral sa loob ng napakaraming taon. Ang nag-iisang pagkakataon na nakilala ko siya, sa totoo lang, ay sa banig ng kanyang kamatayan, dahil hiniling sa akin na dalawin siya. Habang ako ay naroon sa kanyang silid sinubukan kong ipanalangin siya, ngunit may pader, at hindi ako makalusot. Pagkatapos ay ipinakita sa akin ng Espiritu ang mga tao na siyang pader. Ang ibang mga miyembro sa kongregasyon sa katunayan ay sinasalungat ang aking pananalangin para sa kanya. Kinailangan ko na lamang na iwan ito ng ganoon.

Ang nangyari, namatay siya makalipas ang ilang oras, at ng gabing iyon ang kanyang espiritu ay dumating sa akin. Napagtanto ko, na hindi siya nakarating sa langit. Sumangguni ako sa Panginoon at nagtanong, “Bakit ako dinalaw ng kanyang espiritu, Panginoon?” Sinabi Niya: “kapag ang isang tao ay namatay at nakakita sila ng isang tao na may liwanag sa kanila, sila ay katulad ng mga gamu-gamo na naaakit sa liwanag. Gayunpaman, hindi sila maaaring makibahagi sa liwanag na iyon.” Kaya marahil pagkatapos sabihin ang lahat ng ito ay dapat nating pagbulayan ang talata dalawampu’t dalawa at “pagtiisan ang salita ng pangaral.”

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**13:23 *"Nais kong malaman ninyo na ang ating kapatid na si Timoteo ay pinalaya na; at kung siya'y dumating agad, kasama ko siyang makikita kayo."*** Muli dito ay maliwanag na si Pablo ang sumulat ng liham na ito dahil sina Pablo at Timoteo ay para ng mag-ama.

**13:24 *"Batiin ninyo ang lahat ng mga namumuno sa inyo at ang lahat ng mga banal. Kayo'y binabati ng mga nasa Italia."*** Mariing binigyang-linaw ni Pablo na ang mga may katungkulan ng nakatatanda at diakono ay nakakatanggap ng isang bagay na napaka-espesyal. Sinabi ni Pablo sa Unang Timoteo 3:13, "Sapagkat ang mga nakapaglingkod nang mabuti bilang mga diakono ay nagtatamo para sa kanilang sarili ng isang mabuting katayuan, at ng malaking pagtitiwala sa pananampalataya kay Cristo Jesus."

Ang mga nakatatanda at mga diakono na nagawa ng mabuti ang kanilang mga tungkulin ay bumili para sa kanilang mga sarili ng isang mahusay na antas, ibig sabihin ay isang walang hanggang katayuan. Kaya nga, kapag tayo ay tumatanggap ng mga responsibilidad sa simbahan, tayo ay bumibili para sa isang mahusay na antas at gayundin ng katapangan dahil bawat tungkulin ay may isang tiyak na pagpapahid, isang tiyak na balabal. Pagkatapos ay sinabi ni Pablo, "Kayo'y binabati ng mga nasa Italia." Ipinapakita ng malinaw na si Pablo ay sumusulat mula sa Italia.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.

**13:25** ***"Ang biyaya'y sumainyo nawang lahat. Amen."*** Walang duda na biyaya ang ninanais natin at kailangan. Bilang pagtatapos, ibig kong ituon ang ating pansin sa paksa ng biyaya sa Roma 5:17b. "Ang tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at kaloob ng pagiging matuwid ay lalo pang maghahari sa buhay sa pamamagitan ng isa, si Jesu-Cristo." Ang biyaya ang tanging bagay na nagbabago sa atin, nagpapanatili sa atin, at nagbibigay-kakayanan sa atin.

May mabigat na pagbibigay-diin sa biyaya sa liham na ito ni Pablo sa mga Hebreo. Kaya nga, kailangan nating buksan ang ating mga puso at mamuhay sa paraan na matatanggap natin hindi lamang ang biyaya ng Diyos, kundi "ang masaganang biyaya" at ang Kanyang kaloob ng katuwiran upang tayo ay maghari sa buhay na ito at gayundin sa buhay na darating. Maraming salamat, at Pagpalain kayo ng Diyos, at nawa ang Sulat na ito ay tunay na maging sa lahat ng nilalayon ng Banal na Espiritu para sa Kanyang bayan sa bawat henerasyon.

Copyright © Brian J. Bailey, 1995. All rights reserved.